ResearchGate

See discussions, stats, and author profiles for this publication at: https://www.researchgate.net/publication/340598671

# Ang Himagsikang Pilipino nang 1896-1899 sa Pampanga (The 1896-1899 Philippine Revolution in Pampanga)

**Thesis** · May 2018

DOI: 10.13140/RG.2.2.14189.33764

CITATIONS
0

READS
15,237

1 author:

Ian Christopher Alfonso
National Historical Commission of the Philippines

**6** PUBLICATIONS **1** CITATION

SEE PROFILE

**Some of the authors of this publication are also working on these related projects:**

Philippine Revolution in Pampanga View project

All content following this page was uploaded by Ian Christopher Alfonso on 13 April 2020.

The user has requested enhancement of the downloaded file.

**Unibersidad ng Pilipinas**

# ANG HIMAGSIKANG PILIPINO NANG 1896-1899 SA PAMPANGA

Ian Christopher B. Alfonso
**Masterado ng Sining sa Kasaysayan**

**Tagapayo:**

**Ricardo Trota Jose, Ph.D.**
**Departamento ng Kasaysayan**
**Unibersidad ng Pilipinas Diliman**

**Mayo 2018**

Klasipikasyon ng Tesis:
**F**
*Ang tesis na ito ay bukas sa publiko.*

____________________________
Lagda ng Mag-aaral

____________________________
Lagda ng Tagapayo

# UNIVERSITY PERMISSION

I hereby grant the University of the Philippines a non-exclusive worldwide, royalty-free license to reproduce, publish and publicly distribute copies of this thesis or dissertation in whatever form subject to the provisions of applicable laws, the provisions of the UP IPR policy and any contractual obligations. As well as more specific permission marking the Title Page

Specifically, I grant the following rights to the University:

a) To upload a copy of the work in the theses database of the college/school/institute/department and in any other databases available on the public internet:
b) To publish in the college/school/institute/department journal, both in print and electronic or digital format and online; and
c) To give open access to above-mentioned work, thus allowing "fair use" of the work in accordance with the provision of the Intellectual Property Code of the Philippines (Republic Act No. 8293), especially for teaching, scholarly or research purposes.

**Ian Christopher B. Alfonso**
25 May 2018

# DECLARATION

I hereby declare that this thesis/dissertation titled “Ang Himagsikang Pilipino nang 1896-1899 sa Pampanga” has been written by me in its entirety. I attest that this is my original work not previously submitted for any degree or diploma program in any other university.

I further attest that I have acknowledged all sources I have used in this thesis.

**Ian Christopher B. Alfonso**
25 May 2018

# APPROVAL SHEET

This thesis titled "Ang Himagsikang Pilipino nang 1896-1899 sa Pampanga," in partial fulfilment of the requirements for the degree of Master of Arts (M.A.) in History, is hereby accepted.

**Ricardo Trota Jose, Ph.D.**
Adviser

Accepted in partial fulfillment of the requirements for the degree of Master of Arts (M.A.) in History.

**Maria Bernadette Abrera, Ph.D.**
Dean

## Abstrak

Sa pamamagitan nang muling pagkonsulta sa mga batis historikal at paggamit sa mga bagong tuklas pang batis mula sa loob at labas ng bansa, sinikap ng pag-aaral na ito na isulat ang kasaysayan ng Himagsikang Pilipino nang 1896-1899 sa lalawigan ng Pampanga. Inunawa ng pag-aaral na ito ang iba't ibang pagtugon ng mga Pampango sa hamon at kondisyon ng panahon mula 1896-1899. Nariyan ang pagpapanatili sa *status quo* (pananatiling tapat sa Espanya at pagsuporta sa kampanya nito laban sa mga kalaban ng pamahalaan, i.e., ang mga manghihimagsik at Gabinista-Santa Iglesia) na katumbas ng pagprotekta sa interes ng mga *principal* (*elite*) na mamumuhunan at panginoong maylupa; ang pagdadalawang-isip, na halos maituturing nang "kawalang simpatya," ng maraming mason at liberal na Pampango sa madugong paglaban sa pamahalaang Espanyol bago ang 1 Hunyo 1898, at kung paano napasukan ng idea ng kalayaan ang lipunang Pampango mula sa mga lalawigang nakapaikot sa Pampanga, na pawang nagsisipaghimagsik na simula noong 1896; at ang pananalig ng mga maralita, magsasaka, at aping Pampango sa mga mistiko at *principal* na sina "El Rey" Gavino Cortez at Felipe "Apung Ipi" Salvador ng mga kapatirang relihiyoso na Gabinista at Santa Iglesia na nangakong maghahatid ng ginhawa, kalayaan, at pagbabago. Lahat ng ito ay nakaapekto nang lubos sa tinakbo ng mga sumunod na yugto sa kasaysayan ng Bayan noong ika-20 dantaon—ang panahon sa pagitan ng Digmaang Pilipino-Amerikano at kaligaligan ng mga Huk sa Pampanga—tulad ng pagkampi ng mga sundalong Macabebe ng Pampanga sa mga Amerikano at ang papel nila sa pagpapabagsak sa liderato ni Pangulong Emilio Aguinaldo; ang paglaban ng Santa Iglesia sa mga Amerikano at puwersang Pilipino hanggang bitayin si Apung Ipi noong 1912; ang pangunguna ng mga uring manggagawa at magsasaka ng Pampanga tungo sa katarungang panlipunan sa Pilipinas sa ilalim ng beterano ng Himagsikan na si Pedro Abad Santos ng San Fernando, Pampanga at *protégé* nito na si Luis Taruc ng San Luis, Pampanga (itong huli ay nakita ng mga magsasaka na reinkarnasyon ni Apung Ipi); at ang pakikiisa ng mga Pampango, Macabebe man o mga uring *principalia* o mga Huk, sa tuluyang paglaya ng Bayan mula sa mga Hapon at mga Amerikano.

***Abstract***

*By revisiting various historical sources and maximizing the newly found documents here and abroad, this study endeavors to write the history of the Philippine Revolution of 1896-1899 in the province of Pampanga. The study analyzes the characteristics of Pampangos' responses to the challenge and condition of time from 1896-1899: the preservation of the status quo (remain loyal to Spain and support its campaign against the enemies of the government, i.e., the revolutionaries and the Gabinista-Santa Iglesia) which was tantamount to protecting the interest of the businessmen and landlords who belonged to the* principalia *(elite) class; the ambivalence, bordering to "lack of sympathy," of the Pampango masons and liberals to the bloody struggle against the Spaniards before 1 June 1898, and how the idea of freedom penetrated Pampango society from the neighboring provinces, already in unrest since 1896; and the faith of the poor, farmers, and aggrieved Pampangos to mystics and* principales *"El Rey" Gavino Cortes and Felipe "Apung Ipi" Salvador of the religious brotherhoods, Gabinista and Santa Iglesia, who promised to bring prosperity, freedom, and change. All these had significant effect to the succeeding events in the 20$^{th}$-century Philippine history—the period between the Philippine-American War and the Huk unrest in Pampanga—like the Macabebes siding with the Americans and the fall of President Emilio Aguinaldo; Santa Iglesia fighting the Americans until Apung Ipi was executed in 1912; Pampango laborers and peasants championing social justice in the Philippines under the leadership of veteran of the Revolution, Pedro Abad Santos of San Fernando, Pampanga, and his protégée, Luis Taruc of San Luis, Pampanga, the latter saw by the peasants as the reincarnation of Apung Ipi; and the Pampangos joining the quest for the freeing the country either from the Japanese or the Americans, be they Macabebe or the elites or the Huks.*

# PASASALAMAT

Ang pag-aaral na ito ay nakinabang sa biyaya ng demokratisasyon sa mga batis historikal *online*, handog sa sangkatauhan ng iba't ibang artsibo, aklatan ng mga unibersidad, at kabutihang loob ng mga inapo't kaanak ng mga historikal na personalidad na sangkot sa paksa at panahon ng pag-aaral na ito. Ang mga sumusunod na aklatan ang pinanggalingan ng mga batis na nasuyod sa pamamagitan ng Google Books, The Internet Archives, at sa mismong *digital library* nila: Biblioteca Nacional de España, U.S. Library of Congress, Brown University Library, Harvard University Library, Lilly Library ng Indiana University, New York Public Library, Universidad Complutence de Madrid, at University of Michigan Digital Library. Habang ang mga sumusunod naman ay mga artsibo at aklatan na pinagkuhanan ng mga pisikal na batis: Archives of the University of Santo Tomas, Archivo de la Provincia Agustiniana de Filipinas, Archivo General de Indias, Archivo General Militar de Madrid, Archivo Histórico Nacional, Center for Bulacan Studies ng Bulacan State University, Center for Kapampangan Studies ng Holy Angel University, Minalin Museum and Library, National Archives of the Philippines, National Library of the Philippines, Serafin D. Quiason Resource Center ng National Historical Commission of the Philippines, University of the Philippines Diliman Main Library, University of Santo Tomas Miguel de Benavides Library, Aklatang Mario Feir, at Koleksyong Edward delos Santos.

Kinasangkapan lamang ako na maisulat ang pag-aaral na ito—kung maituturing mang ambag sa karunungan—kaya't nararapat lamang na buksan ito sa sinuman at magamit ng ninuman na nais tuklasin ang nakaraan o itama't dugtungan ang anumang kakulangan nito. Ang pag-aaral din na ito ay pinondahan gamit ang buwis ng Bayan sa pamamagitan ng *research grant* mula sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining at ng suportang teknikal sa pananaliksik ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas, kaya't nararapat lamang magamit ito ng ating mga kababayan. Para sa Komisyong Pangkasaysayan, nais kong magpasalamat sa dati kong dibisyon, ang Research, Publication and Heraldry Division, lalo na sa dati kong hepe na si Alvin R. Alcid, sa Supervising History Researcher na si Cielito G. Reyno, Senior History Researcher na si Mona Lisa Q. Lauron, mga kasamahan kong History Researcher, Juan Paolo M. Calamlam, Ferdinan Gregorio, Christy Ann Molina, Mark Reinere Policarpio, sa aming Admin Aid na si Osmelia C. Mangaoil, sa Tagapangasiwa ng aming Serafin D. Quiason Resource Center na si Diana Galang at mga kasama nito na sina Rolly Dineros, Anthony Canlas, at Reyman Guevarra. Akin ding pinasasalamatan ang aming Tagapangulo Dr. Rene R. Escalante, Patnugot Tagapagpaganap Ludovico D. Badoy, mga katuwang na Patnugot Tagapagpaganap na sina Carminda R. Arevalo at Veronica Dado, sa aking kasalukuyang hepe na si Gina C. Batuhan ng Historic Sites and Education Division, aking superbisor sa Historic Education and Commemoration Section na si Eleanor Samonte, at sa aming mga Curator na sina Bettina Ariola ng Museum of Philippine Social History at Christian Melendrez ng Museo ng Katipunan.

Ipinagpapasalamat ng inyong lingkod ang pagbibigay pahintulot ng Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies sa Holy Angel University na magamit ko ang pag-aaral na nasimulan na sa kanila noong 2010 upang gawing tesis—at ito iyon.

Nagpatuloy pa rin ang suportang teknikal ng Center sa pamamagitan ng pagsama sa inyong lingkod sa mga *field work* sa Pampanga, paghahanap ng mga maidadagdag na batis, at pagpopondo sa pagsasalin sa mga batis na nakasulat at nalalibag sa wikang Espanyol. Lubos ang aking pasasalamat sa mga taong bumubuo sa Center: sa pangulo ng unibersidad na si Dr. Jose Ma. Calingo, pangalawang pangulo ng unibersidad at Direktor ng Center na si Robert P. Tantingco, mga konsultant ng Center na sina Alex R. Castro, Dr. Lino L. Dizon, at Lord Francis D. Musni, kawani ng Center na si Myra P. Lopez, maging sa mga dati kong kasama sa Center na ngayo'y nasa iba't ibang larangan na na kanilang tinahak kalaunan: Joel P. Mallari, Leonardo Calma, at Ria U. Navarro.

Pinasasalamatan ko rin ang mga tagapagsulong ng Aralin at Wikang Kapampangan na sina Tita Nancy Lagman-Tremblay na sinamahan ako noong 2012 sa pagberipika sa ruta ng pagtakas ng hukbo, sibilyan, at kapariang Espanyol patungong Macabebe, Pampanga mula sa Minalin, Pampanga sa pamamagitan ng mga ilog. Binigyan din ako ni Tita Nancy ng iba't ibang datos lokal mula sa koleksyon niya at ng kaniyang lolong manghihimagsik na si Cristino Lagman, at iba pang importanteng mga kuwento, lalo na tungkol sa kanilang matandang bahay na pinagkutaan ni Hen. Ricardo Monet, Comandante ng hukbong Espanyol sa Gitna at Hilagang Luzon. Kay Michael Raymond "Mike/Siuala ning Meangubie" Pangilinan na siyang nagbigay sa akin ng mahahalagang kuwento, kapaniwalaan, at perspektiba ng mga magsasaka na ipinasa sa kaniya ng mga lolo at lola niya sa Magalang, Pampanga. Kay Ma'am Erlita P. Mendoza na nagtiwala at sumubok sa tatag ng mga argumento ko patungkol sa muling pagsulat sa kasaysayan ng Himagsikan sa Pampanga.

Ipinapaabot ko rin ang lubos na pasasalamat kina Ramon Valmonte, Mario Feir, Felice P. Sta. Maria, Dr. Jaime B. Veneracion, Jim Richardson, Dr. Emmanuel F. Calairo, Dr. Fernando Santiago, Jr., Vic Romero, Dr. Vicente B. Villan, at Dr. Noel V. Teodoro. Kay Roilingel Calilung na siyang dahilan kung bakit nakapalagayang loob ko ang mga tagapamahala ng Dibisyong Filipiniana at Rare Books ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas na sina Bb. Rosette Crelencia, Bb. Venus Ibañez, at Bb. Jennifer Dimasaca, dahil na rin sa malimit na pag-imbita sa akin na maging tagapagsalita sa mga *workshop* at lektura hinggil sa mga *librarian*. Gayundin kay Erick Dasig Aguilar, ang kaibigan kong umaani ng panalo sa Palanca, sa paglalaan ng ginintuan niyang panahon na ayusin ang gamit ko ng Filipino.

Sa aking tagapayo na si Dr. Ricardo T. Jose na nagtiyaga at nagtiwala sa may-akda. Maging sa mga dating guro at naging kasapi ng panel na sina Dekana Ma. Bernadette G. Abrera, Dr. Maria Luisa T. Camagay, at Dr. Gonzalo A. Campoamor II.

Sa mga kaibigan na sina Michael Charleston "Xiao" Chua, Jonathan Balsamo, Kaye Bundang, Hobee Sy, Kerby Alvarez, Ros Costelo, Mark Cajes, John Paul Abellera, Bryan Boy C. Cortez, Paul Mark Bero, at Mary Jane Samson.

Sa aking mga magulang na sina Ernesto at Ruperta Julieta at nakababatang kapatid na si Gillan, munting pagdakila sa pangalan ng ating pamilya.

**I. C. B. A.**

## TALAAN NG MGA NILALAMAN

**UNANG KABANATA: PANIMULA** **1**
A. Suliranin ng Pag-aaral 4
B. Paksa at Layon ng Pag-aaral 7
C. Saklaw at Limitasyon 8
D. Metodolohiya ng Pag-aaral 9
E. Balangkas Konseptuwal 20
F. Pagsusuri sa mga Kaugnay na Pag-aaral 24
    a. Historyograpiya ng Himagsikan at ng Pampanga 24
    b. Ang Kasalimuotan ng Himagsikan bilang Pangyayari at Proseso 43
G. Potensyal na Ambag sa Pag-aaral 47

**IKALAWANG KABANATA: HISPANISADONG PAMPANGA** **49**
A. Sino ang mga Pampango? 49
B. Pagpapatahimik sa Pampanga (1571-1603) 58
C. Pamimihasa sa mga Pampango 65
D. Pagsilaw sa mga Pampango ng Titulo at Karangalan 75
E. Paglapad ng Papel ng mga Pampango sa Kolonya 77
    a. Papel Militar 77
    b. Papel Politikal 80
    c. Papel Simbahan 82
    d. Papel Ekonomiko 84

**IKATLONG KABANATA: PAGHARAP NG LIPUNANG PAMPANGO SA LIBERALISMO** **89**
A. Mga Pampango sa Politikang Imperyal, 1812 92
B. Pagsibol ng mga Pampangong Liberal 94
C. Reaksyon ng mga Prayle sa mga Pampangong Liberal 96
D. Pagpunla ng Liberalismo sa Pampanga 99
E. Papel ng mga Pampango sa Kilusang Reformista 103
    a. Valentin Ventura 105
    b. Iba pang Pampangong Liberal sa Europa 111
F. Pampanga bilang Nangungunang Liberal na Lalawigan 117
G. Pagpurga sa mga Liberal ng Pampanga 124

**IKAAPAT NA KABANATA: PAMPANGA SA PAGSIKLAB NG HIMAGSIKAN AT ANG PAGKILOS NG MASANG PAMPANGO, 1896-1897** **129**
A. Pagsuyod sa mga Liberal ng Pampanga 129
B. Ang Pampanga sa Gitna ng Himagsikan, Agosto-Nobyembre, 1896 134
C. Kawalan ng Balangay ng Katipunan sa Pampanga 139
D. Presyur sa Paligid ng Pampanga 141
E. Manghihimagsik o Biktima ng Opresyon? 147

F. Mistisismo sa Pampanga at ang Pag-usbong ng Gabinismo at Santa Iglesia 153
a. Pagiging Buhay ng Mistisismo sa Pampanga 160
b. Mga Kulto 163
c. Di-Katolikong Tradisyon ng mga Magsasaka 165
d. Iba Pang Kaalamang Bayang Pampango Kaugnay ng Gabinismo at Santa Iglesia 166
G. Pampanga bilang Sentro ng Hukbong Espanyol 178
H. Riot sa Bacolor, Agosto, 1897 188
I. Unang Engkuwentro ng Katipunan sa Pampanga, Setyembre, 1897 190
J. Pagtunton ng Pampanga sa Landas ng Himagsikan 193

**IKALIMANG KABANATA: MGA PAMPANGO LABAN SA MGA ESPANYOL, 1898 196**
A. Paghahanap ng Pampanga sa Isang Lider 196
B. Pagbitay kay Cortes at Paggapos kay Salvador 200
C. Unang Pag-atake ng mga Pampango sa mga Espanyol 203
D. Ikalawang Pag-atake ng mga Pampango sa mga Espanyol 206
E. Realisasyon sa Impluwensiya ng Gabinista/Santa Iglesia 208
F. Pagkilala ni Salvador sa Unang Himagsikan 213
G. Pananalig ng mga Espanyol sa Pampanga 214
H. Pagtakas sa Pamilya ng Gobernador-Heneral sa Pampanga 217
I. Muling Pag-aaklas ng mga Pampangong Voluntario 220
J. Planong Paglisan ng mga Espanyol sa Pampanga 221
K. Pagbangon ng mga Bayan ng Pampanga para sa Himagsikan 225
L. Pagtakas sa Macabebe 235
M. Ang Santa Iglesia at Pagtakas ng mga Espanyol Patungong Macabebe 237
N. Paghabol ng mga Pampango sa mga Espanyol 241
O. Habag ng mga Pampango sa mga Espanyol 244

**IKAANIM NA KABANATA: ANG MGA PAMPANGO SA ILALIM NG KAAYUSAN NG PAMBANSANG KOMUNIDAD, 1898 252**
A. Alang-alang sa Pambansang Komunidad 252
B. Dalawang Pampanga 255
C. Pangmamaliit kay Hizon 256
D. Huling mga Sandali ng mga Espanyol sa Pampanga 266
E. Kapalaran ng mga Nakatakas na Espanyol 271
F. Maduming Politika ng Himagsikan sa Pampanga 274
G. Pagbaligtaran ng Uring Principalia sa Pampanga 278
H. Tuluyang Pagkasira ng Pangalan ng Macabebe 284
I. Patuloy na Pagpurga ng Uring Principalia sa Santa Iglesia 287
J. Pampanga tungo sa Pagsilang ng Isang Republika 296

**IKAPITONG KABANATA: KONGKLUSYON** **298**
A. Rekomendasyon ng Pag-aaral 321

**BIBLIOGRAPIYA** **330**

## TALAAN NG MGA LARAWAN

**38** Bantayog ni Rizal sa Poblacion, Macabebe, Pampanga (itinayo, 1919) bago tanggalin sa pedestal na ito sa tapat ng munisipyo at ilipat sa ibang lugar noong bandang 2009.
**39** Bantayog ng "King of Macabebe" (1934) sa Poblacion, Macabebe, Pampanga.
**40** Panandang marmol na dating nakalagay sa pedestal ng bantayog ng "King of Macabebe." Nawala na ito nang pagpalitin ng puwesto ang "King of Macabebe" at si Rizal sa Poblacion, Macabebe, Pampanga noong 2009.
**44** Pantaleon Villegas.
**54** Mga maginoo (kadatuan, *principal*) ng Luzon, mula sa Boxer Codex (ca. 1590).
**56** Ilustrasyon ng mga Olandes sa bangkang pandigma na *caracoa*, 1602.
**61** Miguel Lopez de Legazpi, obra ni Baltasar Giraudier mula sa *Ilustración Filipina*, 15 Hunyo 1860.
**68** Watawat at uniporme ng tropang Pampango sa hukbong Espanyol, 1780.
**69** Uniporme ng sundalong Pampango at Bulakenyo sa hukbong Espanyol, 1780.
**74** Cruz Laureada de San Fernando.
**88** Mag-asawang Pampango, mula sa *The Philippine Costumes* ni Pitoy Moreno.
**101** Sagisag ng Bacolor, Pampanga noong panahon ng mga Espanyol.
**104** Mula kaliwa: Juan Luna, Jose Rizal, at Valentin Ventura.
**107** *La Solidaridad*.
**114** Jose Alejandrino.
**115** Francisco Liongson.
**116** Ang magkapatid na Jose (kaliwa) at Eugenio Blanco y Leyson (kanan). Ayon kay Celia Blanco, apo sa pamangkin ni Eugenio (85 taong gulang na nang kapanayamin noong 25 Pebrero 2012), *composite painting* ito ng dalawa (hinango sa dalawang magkaibang larawan), obra ni L. M. Santuangco, isang lokal na pintor ng Sta. Rita, Macabebe.
**120** Jose Rizal, mula sa Koleksyong Alfonso Ongpin.
**121** *Artist's rendition* ng imahen ni Tiburcio Hilario.
**122** Cecilio Hilario.
**123** Maximino Hizon, mula sa *Graphic*, 27 Nobyembre 1929.
**127** Antonio Consunji.
**128** Ceferino Joven.
**133** Agapito Conchu.
**135** Emilio Aguinaldo.
**146** Felipe Salvador.
**170** Kabayanan ng Magalang, 1935.
**173** Isabelo de los Reyes.
**174** Pedro Serrano Laktaw.
**175** Mariano Ponce.
**182** Felix Galura.
**183** Juan Crisostomo Soto, kasama si Isidro Joven.
**186** Ricardo Monet (kaliwa).
**195** Francisco Makabulos.

## TALAAN NG MGA MAPA

**142** Pag-aalsa sa Hermosa
**144** Detalye ng mapa ng Pampanga noong 1900 na nagpapakita sa lokasyon ng San Roque at Dalayap, San Luis, Pampanga.
**152** Teritoryo ni Gavino Cortes at Felipe Salvador, 1887-1896

## UNANG KABANATA

## PANIMULA

"Walang totoong paghihimagsik na nangyari sa loob ng Pampanga" ("…*no real internal revolution had taken place in Pampanga*").[1] Ito ang mabigat na pahayag ng kinikilalang historyador ng Pampanga na si John Alan Larkin sa kaniyang kontrobersyal na aklat na *The Pampangans: Colonial Society in a Philippine Province* (1972). Tinaasan na ito ng kilay ng ilang maiimpluwensiyang Kapampangang Pampangong iskolar. Bagaman, ayon sa panunuya ng Kapampangang Tarlakenyong historyador na si Lino L. Dizon, maging sila na bumatikos kay Larkin ay wala ring naiambag na bago sa historyograpiya ng Himagsikang Pilipino nang 1896-1899 sa Pampanga gamit ang mga primaryang batis.[2] Gayunpaman, ani ni Dizon, ang disertasyon ni Larkin, na naging aklat na *The Pampangans*, ay masasabing "mas maka-Pilipino" at "mas maka-Kapampangan" pa kumpara sa ibang "mga obra na isinulat" ng mga Pampango.[3]

Hindi naman masisisi si Larkin kung sa kaniyang basa ay walang naiambag ang Pampanga sa kilusang panghimagsikan bago ang 3 Hunyo 1898—ang petsa na sinasabi niyang "*almost all Pampangan local histories treat… as the beginning of the revolution*

---

[1] John Alan Larkin, *The Pampangans: Colonial Society in a Philippine Province* (Berkeley, Los Angeles, London: University of California Press, 1972), 126.

[2] Lino L. Dizon, "Notes on the Kapampangan Revolutionary Movement." *Singsing* 6:1 (2012), 98.

[3] *Ibid*., 97.

*against Spain*" (kinikilala halos ng mga kasaysayang lokal… na simula ng paghihimagsik laban sa Espanya) o ang petsa kung kailan pinabagsak ng mga Pampango ang pamahalaang Espanyol sa kabesera ng Pampanga noon na Bacolor—taliwas sa alam ng marami na isa ang Pampanga sa walong lalawigan na unang naghimagsik laban sa mga Espanyol noong Agosto, 1896.

Ipinanawagan ni Larkin noong 1996—taon ng senternaryo ng Himagsikang Pilipino—na kailangang balikan ang mga nangyari sa Pampanga mula 1896 hanggang 1899 upang maunawaan ang papel ng mga Pampango noong Himagsikan:

> It is not for a foreigner to talk about the deeper meaning of the Philippine revolution or its role in the construction of nationalism... I can only suggest that what happened in Pampanga needs to be examined in all its complexity in order to be useful to the national debate.[4]
>
> (Hindi dapat isang dayuhan [na tulad ko] ang tumalakay sa malalim na kahulugan ng himagsikang Pilipino o ang papel nito sa pagbuo sa nasyonalismo... Ang maimumungkahi ko lamang ay kailangang suriin nang maigi ang kasalimuotan ng mga nangyari sa Pampanga [noong Himagsikan] na magiging kapaki-pakinabang sa talastasang pambansa.) (Akiin ang salin.)

Ang tesis na ito ng inyong lingkod ay pagtugon sa hamon ni Larkin. Magkaiba man ang lumabas na resulta at sa ilang mga detalye, nagkakaisa naman ang pag-aaral na ito at ng kay Larkin sa dalawang bagay: una, masalimuot ang naging pagtugon ng mga Pampango sa Himagsikan; at, ikalawa, may pangangailang mabigyang mukha ang pagkilos ng mga maralita at ordinaryong Pampango sa panahong iyon.

---

[4] John A. Larkin, "Pampanga Views the Revolution," sa *The Philippine Revolution and Beyond*, pinamatnugutan ni Elmer A. Ordoñez (Maynila: Philippine Centennial Commission; National Commission for Culture and the Arts, 1998), Tomo II, 599.

Sa kabila ng presensiya ng malaking bilang ng mga liberal (na pawang mga miyembro ng naghaharing uri o *principalia*) sa Pampanga noong ika-19 na siglo, noon lamang 19 at 22 Pebrero 1898, sa magkatabing bayan ng Apalit at Macabebe, Pampanga, naglakas-loob ang mga Pampango na salakayin ang mga Espanyol. Kumpara sa mga lalawigan na ang paghihimagsik noong 1896 ay pinangunahan ng mga liberal, ang pag-aalsa na iyon sa Apalit at Macabebe ay pinangunahan ng mga boluntaryong sundalong Pampango ng Apalit na nanumpa ng katapatan sa Espanya noong una, at ng mga naghihimutok na maralitang miyembro ng mga relihiyosong kapatirang ang tawag ay Santa Iglesia at Gabinista. Hindi naimpluwensiyahan ng Katipunan ang mga pag-aalsang sa Apalit at Macabebe; ni wala itong naging malinaw na kaugnayan sa *mainstream revolution*. Sa mga petsa ring iyon, agad na nasawata ang pag-aalsa sa Apalit at Macabebe. Muling lumaban ang Santa Iglesia at Gabinista noong Hunyo 1898 sa panawagan na rin ni Hen. Maximino Hizon, isang liberal, mason, kasapi ng La Liga Filipina, Katipunero, at deportado mula sa Mexico, Pampanga, sa mga Pampango na labanan ang mga Espanyol noong 1 Hunyo 1898—ang petsa na ipinroklama ang kalayaan ng Pilipinas sa plasa ng Mexico.

Sa kabilang banda, taliwas ang mga petsa ng pag-aalsa sa Apalit at Macabebe at ang proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas sa plasa ng Mexico, sa alam ng marami na petsang 3 Hunyo 1898, na pinaniniwalaang simula ng paglaban ng mga Pampango sa mga Espanyol. Gayundin, marami ang magugulat sa malaking kabalintunaan na sa Macabebe nagsimula ang isa sa unang paglaban ng mga Pampango sa mga Espanyol—bilang ang bayan na ito ay tiningnan sa kasaysayan, sa mahabang panahon, bilang kontra

sa paghihimagsik at maigting na kaalyado ng mga mananakop. Nakapagtataka rin na hindi nababanggit ang mga petsang iyon (i.e., 19 at 22 Pebrero 1898, 1 Hunyo 1898), sa kasaysayang lokal ng Pampanga.

Higit sa pagtingin bilang isang pangyayari, kailangang tingnan ang Himagsikan sa Pampanga bilang isang panahon kung saan may tunggalian sa pagitan ng aping populasyon at namumuno rito (Espanyol man o kapwa Pampango). Kinakailangang masinsing suriin ang mga batis at pag-ingatan ang pagbasa sa desisyon at aksyon ng iba't ibang tauhan noong Himagsikan. Gayundin, kailangang masinop ang mga batis upang muling sulatin ang kasaysayan ng Himagsikan sa lalawigan.

## A. Suliranin ng Pag-aaral

Suliranin ng pananaliksik na ito ang kakulangan ng pag-aaral hinggil sa Himagsikan sa Pampanga gamit ang mga primaryang batis. Sa kaniyang preliminaryong sarbey sa mga batis hinggil sa historyograpiya ng Himagsikan sa Pampanga noong 2013, inilarawan ni Dizon na mayroon pang 'baul ng mga batis historikal hinggil sa pakikibaka para sa kalayaan (sa Pampanga) ang hindi pa natutuklasan sa mga sinupan at aklatan' ("A treasure trove of historial documents on the struggle for independence remains undiscovered in archives and libraries").[5] Dagdag pa niya:

---

[5] Dizon, "Notes," 98.

> It could be stated that the treatment of Larkin on the Philippine Revolution, as bewailed by Kapampangan scholars, was indeed meager. "Ala ya pa king kalingkingan" ("cannot compare even to the little finger," as a Kapampangan is wont to say); what he presented was just the tip of the iceberg.[6]
>
> (Maaaring sabihin na ang pagtingin ni Larkin sa Himagsikang Pilipino [sa Pampanga], na ikinalungkot ng mga Kapampangang iskolar, ay totoong kakarampot. Ayon nga sa kasabihang Kapampangan, "Ala ya pa king kalingkingan" [wala pa sa kalingkingan, gaya nga ng malimit sabihin ng mga Kapampangan]; ang kaniyang ipinakita ay kamunti pa lamang.)

Gayunpaman, hindi makakailang pinasigla ng mga kritisismo at opinyon ni Larkin ang kasalukuyang diskusyon at debate hinggil sa Himagsikan sa Pampanga. Patunay dito ang mismong pagsulat sa tesis na ito.

Kaugnay din ng kakulangan ng pag-aaral sa Himagsikan sa Pampanga ay ang mga *monolitikong paglalahat*[7] (monolithic generalization) tungkol sa ginampanang papel ng mga Pampango sa kasaysayan ng Himagsikang. Nariyan ang pagbilang sa Pampanga bilang isa sa mga unang lalawigan na nag-aklas laban sa Espanya noong simula ng Himagsikan, at ang *pagbabansag* (*stereotyping*) sa mga Pampango, lalo na sa mga taga-Macabebe, na *taksil* at *dugong aso* (labis-labis na katapatan na maikukumpara na sa isang aso sa amo nito).

Taglay-taglay ng monolitikong paglalahat na iyon ang pagturing sa mga Pampango bilang *matatapat* sa Espanya, na isang *colonial construct* ng mga Espanyol at identidad na pilit pinanatili ng maraming miyembro ng uring *principalia* sa Pampanga

---

[6] *Ibid*.

[7] Mula sa "*monolithic generalizations*" na terminong binaggit ni Padre John Schumacher, SJ sa "Recent Perspectives on the Revolution," *Philippine Studies* 30:4 (Ika-4 na Kwarter 1982), 445/445-92.

noong Himagsikan upang maging pantabing sa higit nilang pakay: protektahan ang interes nila sa negosyo at ari-arian. Dito umusbong ang *voluntarios Pampangos* o mga boluntaryong Pampango sa ilalim ng hukbong Espanyol na mga uring *principalia* at prayle ang nag-organisa, nagsustento, at nanguna, upang sawatahin ang sinumang babangga sa *status quo* (i.e., sistemang kolonyal). Samantala, ang pagturing naman sa mga Pampango bilang taksil ay *revolutionary construct*. *Makabebe* ang termino rito ng mga manghihimagsik noong una, na mariing kinondena ni Apolinario Mabini sa artikulo niyang "Seamos Justos" ('Maging Makatarungan Tayo') noong 4 Nobyembre 1899. Inilarawan ni Mabini ang pagtawag ng "makabebe" sa mga nagbaligtaran sa Amerikano bilang "totoong diperensya o malaganap na pagkaligaw ng bait" ("*una verdadera o aberración mental epidémica*").[8] Ikinalat naman ito bilang *post-colonial construct* ng mga intelektuwal tulad ng Pampangong historyador na si Mariano Henson[9] at nasyonalistang historyador na si Teodoro Agoncillo.[10] Nag-anak pa ito ng iba't ibang interpretasyon na ipinakalat ng ilang Amerikano tulad ng sundalong si William Sexton,[11] intelektuwal na si H. Otley Beyer,[12] at manunulat na si Arthur Stanwood Pier[13] na

---

[8] Apolinario Mabini, *La Revolucion Filipina* (Maynila: Bureau of Printing, 1931), Tomo II, 108; Apolinario Mabini, *The Philippine Revolution* (Maynila: National Historical Institute, 2002), 92-3.

[9] Mariano A. Henson, *The Province of Pampanga and Its Towns (A.D. 1300-1955)* (Angeles, Pampanga: Mariano A. Henson, 1955).

[10] Teodoro Agoncillo, *The History of the Filipino People*, eighth edition (Lungsod ng Quezon: Garotech Publishing, 1990), 115. Basahin ang paliwanag ni Agoncillo sa Renato D. Tayag, *Recollections & Digressions* (S.l.: Philnabank Club, 1985), 156-7.

[11] William Thaddeus Sexton, *Soldiers in the Sun: An Adventure in Imperialism* (Harrisburg, Pennsylvania: The Military Service Pub., Co., 1939), 163.

[12] H. Otley Beyer, *Early History of Philippine Relations with Foreign Countries, Especially China* (Manila: National Printing, 1948), 13.

[13] Arthur Stanwood Pier, *American Apostles to the Philippines* (Maynila: The Philippine Club, 1950), 20.

nagsabing Aztec o Yaqui (depende sa babasahing libro o batis) di umano ang mga Macabebe kaya wala silang damdaming maka-Pilipino. Magpahanggang-ngayon ay wala pa ring batis-historikal na makapagpapatunay na nakarating nga sa Pilipinas ang mga Aztec o Yaqui, o 'di kaya'y nanirahan o humalo sila sa populasyon ng mga Pampango, partikular sa bayan ng Macabebe; wala ring opisyal na antropolohikal at lingwistik na pag-aaral na makapagsasabing may dugong Aztec o Yaqui ang mga Pampango sa Macabebe o ang *variety* ng wikang Kapampangan sa bayang iyon ay may bahid ng wika ng mga nasabing katutubo ng Amerika Sentral. Sa kontemporaryong panahon, ipinakalat ni Floro Mercene[14] ang *post-colonial construct* na iyon.

Suliranin ding nakikita ng pag-aaral na ito ang pagbibigay ng papel sa mga ordinaryong Pampango bilang mga *historical agent* ng Himagsikan sa Pampanga, tulad ng mga magsasaka, manggagawa, at maralita, na pawang mga kasapi hindi ng Katipunan kundi ng dalawang kapatirang relihiyoso, ang Gabinista at Santa Iglesia.

**B. Paksa at Layon ng Pag-aaral**

Layon ng pag-aaral na ito na maisulat ang kasaysayan ng Himagsikang Pilipino nang 1896-1899 sa Pampanga gamit ang mga bagong primaryang batis at muling pagbasa sa mga naging batis na ng mga unang nagsipag-aral. Papaksain naman ng pag-aaral na ito ang pag-unlad ng pagkilos ng mga Pampango tungo sa paglaya at pagsasarili ng Pilipinas.

---

[14] Floro L. Mercene, *Manila Men in the New World: Filipino Migration to Mexico and the Americas from the Sixteenth Century* (Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2007), 134-5.

Sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga katanungang:

a. Bakit walang malaking pagkilos sa Pampanga noong simula ng Himagsikang 1896, sa kabila ng dami ng mga liberal doon?
b. Bakit popular sa mga ordinaryong Pampango, partikular sa mga maralita at magsasaka, ang mga kapatirang relihiyoso at ano ang nag-udyok sa kanila na labanan ang mga Espanyol?
c. Bakit bumaliktad ang mga Pampangong sundalo sa hukbong Espanyol?
d. Paano nakibagay sa isa't isa ang dalawang magkatunggaling puwersa ng mga Pampango—ang puwersa ng masa at puwersa ng oligarkiya ng maykaya at edukado—sa ilalim ng Pamahalaang Panghimagsikan?

**K. Saklaw at Limitasyon**

Ang tuon ng pag-aaral na ito ay ang panahon sa pagitan ng pagkatuklas ng Katipunan noong 19 Agosto 1896 at pagkatatag ng República Filipina noong 23 Enero 1899.

*Pampango* ang ginamit na pantukoy sa lipunan at mamamayan ng Pampanga na saklaw ng pagtalakay. Ang *Kapampangan* ay pangalan ng etnisidad sa Gitnang Luzon na hindi lamang limitado sa Pampanga kundi saklaw ang malaking parte ng Tarlac at ilang

bahagi ng Bataan, Bulacan, at Nueva Ecija. Naiba ang mga Kapampangan ng Pampanga (tatawaging *Pampango* sa pag-aaral na ito) sapagkat ang mga Kapampangan ng Nueva Ecija (partikular sa Cabiao at Gapan) at ng Tarlac (katimugang hati ng lalawigan) ay mas maagang sumama sa Himagsikang Pilipino sa pangunguna ng mga Kapampangang heneral na sina Mariano Llanera at Pantaleon Valmonte ng Cabiao at Gapan, Nueva Ecija (itong huli ay tubong Macabebe din ang ninuno), at Francisco Makabulos Soliman ng La Paz, Tarlac (tubong Lubao, Pampanga din ang ninuno).

**D. Metodolohiya ng Pag-aaral**

Pananaliksik historikal ang metodolohiya ng pag-aaral na ito. Minamahalaga ng pag-aaral na ito ang ambag ng mga pangunahing aklat hinggil sa kasaysayang lokal ng Pampanga na may pagtalakay at pagdiskurso sa Himagsikan sa lalawigan tulad ng *The Province of Pampanga and Its Towns* ni Henson (1955), *The Pampangans* ni Larkin (1972), at ang *A Shaft of Light* (1996) at *The Pampangos* (1999) ni Rafaelita Hilario-Soriano. Nakaimpluwensiya nang malaki ang naturang tatlong aklat sa paghiraya ng mga Pampango sa papel ng kanilang mga ninuno sa kasaysayan ng Himagsikang Pilipino nang 1896-1899. May kabagalagan man sa pagtanggap sa historyograpiya ng Pampanga, *pambihira* ang pagdalumat at pagtalakay sa papel ng mga magsasaka at maralitang Pampango sa takbo ng Himagsikan sa Pampanga ng mga aklat na *Pasyon and the Revolution* ni Reynaldo Ileto (disertasyon 1974, isinaaklat 1979), *Luzon at War* ni Milagros Guerrero (disertasyon 1977, isinaaklat 2015). Sa muling pagbasa sa mga

primaryang batis ng limang may-akdang ito, sinikap ng pag-aaral na ito na bigyang hugis ang kasaysayan ng Himagsikan sa Pampanga at inunawa bakit may kaiklian ang pagtalakay ni Henson sa Himagsikan sa lalawigan; bakit nasabi ni Larkin na puno ng kasalimuotan ang pakikisangkot ng mga Pampango sa Himagsikan; bakit pinabubulaanan ni Soriano ang puna ni Larkin sa papel ng mga Pampango sa Himagsikan; at bakit kailangang bigyang puwang sa kasaysayan ng Himagsikan sa lalawigan ang mga Pampangong magsasaka at maralita na minaliit at kinutya dahil kakaiba at kakatwa lamang ang pananampalataya at liderato nila, na siyang ambag nina Ileto at Guerrero.

Hindi sapat na tuntunin at suriin ang paggamit sa mga primaryang batis ng limang may-akda na nabanggit. Sa pagbibigay hugis sa kasaysayan ng Himagsikan sa Pampanga, kinailangan ng pag-aaral na ito na maglatag ng sariling tuklas na mga primaryang batis, na maaaring labas na sa pag-aaral partikular nina Larkin (hinggil sa sosyo-ekonomikong kasaysayan ng Pampanga), Ileto (hinggil sa popular na pagkilos ng masang Pilipino noong ika-19 at ika-2- siglo, at isa lamang sa mga iyon ay ang mga magsasaka at maralitang Pampango), at Guerrero (na tungkol sa politika ng mga naghaharing uri at masa noong nagsisimula pa lamang ang Pilipinas na maging bansa) para ilangkap sa kanilang mga pag-aaral. Pangunahin sa ginamit na mga primaryang batis sa pag-aaral na ito ay ang mga liham, kautusan, ulat, at *hojas de servicio* (katitikan ng paglilingkod) mula sa Philippine Revolutionary Records (PRR) ng National Library of the Philippines (NLP), na siyang naghawan ng landasin ng pag-aaral na ito sa kung ano ang pinakamalapit na paglalarawan sa nagyari sa nakaraan (*verisimilitude*) na katatampukan ng reaksyon, pagtingin, pagtugon, at pagkilos ng mga Pampango noong panahon at sa

ilalim ng Himagsikan. Lubhang napakahalaga rin ng mga opisyal na ulat ng pamahalaang Espanyol bilang mga primaryang batis, kaya't sinamantala ng pag-aaral na ito ang mga *informes* (mga ulat) sa Cuerpo de Vigilancia de Manila (CVM) ng National Archives of the Philippines (NAP) at ang *photocopy format* nito sa National Historical Commission of the Philippines (NHCP) Serafin D. Quiason Resource Center (SDQRC, dating NHCP Data Bank).[15] Nakatulong ng malaki ang *digitization project* ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) sa CVM para ma-*access* ito ng may-akda nang mabilis nang hindi na ginagalaw pa ang mga orihinal na nasa NAP (na ilang taon nang nakasara dahil sa hindi pa rin matiyak na paglalagakan ng milyon-milyon dokumentong Espanyol mula sa NLP). Nakita rin ng may-akda ang importansya ng mga ulat at gunita (*memoirs*) ng mga prayle, sundalo, at opisyal ng pamahalaang Espanyol sa Himagsikan upang maipanlaman sa mga detalye ng kasaysayan ng Himagsikan sa Pampanga at ng paghihimagsik ng mga Pampango, na dalawang magkaibang diskurso rito sa pag-aaral. Makikita ang mga ulat at gunitang ito karamihan sa NHCP SDQRC, University of the Philippines Diliman Main Library (UPDML) Filipiniana Section, at sa mga *digital collection* ng Brown University Library, University of Michigan Library, Harvard University Library, Stanford University Libraries, Universidad Complutence de Madrid, Biblioteca Nacional de España, at New York Public Library sa pamamagitan ng The Internet Archive at Google Books, tulad ng *La Insurrección en Filipinas y Guerra Hispano-Americana en el Archipiélago* ni Manuel Sastron (1919) at *Filipinas por España: Narración Episódica de la Rebelión en el Archipiélago Filipino* ni Emilio Revertér Delmas (1897). May mga hindi pa nailalathalang gunita na ginamit ang pag-

[15] Ito na ang pangalan ng NHCP Data Bank mula noong 16 Marso 2018, sa karangalan ng yumaong dating tagapangulo ng NHCP, Serafin D. Quiason ng Angeles, Pampanga.

aaral na ito, tulad ng sa medikong si José Romero Aguilar ("Rendicíon de Marianas Capitulacíon de Manila viaje Agaña-Cavite-Manila-Agaña. 20 de Junio-17 de Septiembre de 1898") sa kapahintulutan ng apo nitong si Federico Galan ng Madrid (at napaunlakan nito ang pakiusap ng may-akda na makuhanan ng litrato ang Calle de Voluntarios Macabebe sa Madrid), at ng kay Gob. Hen. Basilio Agustin sa kapahintulutan ng kaapo-apuhan nitong si Aurora Bas ng Madrid (na nagkaloob pa ng litrato ng pamilya Agustin sa may-akda). Kinonsulta rin ng may-akda ang mga dokumentong may kinalaman sa Himagsikan sa Pampanga na nakasinop sa Servicio Histórico Militar ng Archivo General Militar de Madrid (AGMM, sa tulong ng NHCP History Retrieval Project) at Archivo Historico Nacional, kapwa sa Madrid.

Bagaman may kritisismo sa awtoridad at metodolohiya ng paglikom ng impormasyon at ng pagsulat, sinundan ng pag-aaral na ito ang halimbawa ni Larkin na pakinabangan ang mga detalyeng may saysay sa Historical Data Papers (HDP). Ipinakita ni Larkin kung paano maingat na mapili ang mga detalye mula sa mga ambag na iyon ng mga lokal na pamahalaan at ng mga guro na nagkakasaysay dahil sa *corroboration* ng mga primaryang batis. Paraan din ito ng pagbibigay puwang sa mga piping saksing ordinaryong Pampango, na aktibo pa sa lipunan nang unang ipananawagan ni Gob. Hen. William Cameron Forbes noong 1911 sa mga pamahalaang lokal na magpadala ng mga materyal-historiko sa Philippine Museum and Library (ngayo'y NLP) sa bisa ng Executive Order No. 2 noong 26 Enero 1911,[16] at matatanda na nang makapanayam ng mga guro mula 1951 hanggang 1953 alinsunod sa Executive Order No. 486 ni Pangulong

[16] Cf. Mellie Leandicho Lopez, *A Handbook of Philippine Folklore* (Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2006), 16.

Elpidio Quirino noong Disyembre 1951.[17] Bagaman mayroong nakasinop na 1911 HDP ng Pampanga sa Luther Parker Collection (LPC) ng UPDML Special Collection, hindi ito ginamit ni Larkin; sa halip, sa kung anumang kadahilanan, ang nagamit lamang ni Larkin ay ang 1953 HDP na magagamit ninuman sa pamamagitan ng *microfilm format* na nasa NLP Multimedia Section. Iyon nga lamang, walo lamang sa dapat na 22 HDP ng Pampanga (batay sa bilang ng mga bayan ng lalawigan noong 1953) ang may *microfilm format*: Masantol, Minalin, San Fernando, San Luis, San Simon, Sta. Ana, Sta. Rita, at Sto. Tomas. Nagkataon naman na may orihinal na kopya ang NHCP SDQRC ng ilang 1953 HDP ng Pampanga-—ang tanging mga HDP na mayroon ang NHCP. Kinumpirma ni Anne Rosette G. Crelencia, kasalukuyang hepe ng NLP Rare Books and Manuscripts Section,[18] na kapamilya ng mga nasa NLP ang mga 1953 HDP ng Pampanga na nasa NHCP SDQRC. Kapwa hindi maipaliwanag ng NHCP at ng NLP kung bakit napunta sa NHCP ang mga HDP ng Pampanga. Batay sa tatak ng HDP ng Pampanga sa NHCP SDQRC, National Historical Institute (NHI) pa ang NHCP at tinatawag pang Data Bank ang SDQRC ay nasa NHCP ang naturang mga HDP. Dalawang tomo ang HDP ng Pampanga sa NHCP SDQRC: ang tomo ng Angeles na may buong pamagat na "Report on the Historical Data of the Town of Angeles" (RHDTA sa mga talababa ng pag-aaral na ito) na kinabibilangan, sa katunayan, hindi lamang ng Angeles kundi ng HDP ng Apalit, Arayat, Bacolor, Floridablanca, at Guagua; at ang tomo ng Mabalacat na may buong pamagat na "History and Cultural Life of the Municipality of Mabalacat in the

[17] Cf. Erlita P. Mendoza, "Revisiting the Historical Data Papers (HDP) on Microfilm as Source of Kapampangan History." *Alaya: Kapampangan Research Journal* 1 (October 2003), 47.

[18] Personal na komunikasyon, NLP, 20 Marso 2018.

Province of Pampanga" (HCLMMPP sa mga talababa) na binuo ng mga HDP ng Mabalacat, Macabebe, at Magalang.

Ayon kay Erlita P. Mendoza, ang ipinasa ng mga guro sa NLP noong 1953 ay pangatlo o pang-apat na sapin na ng makinilyadong kopya ng HDP na nasa *onion-skin* na papel, kaya malabo ang rehistro ng mga HDP nang ginawan ang mga iyon ng *microfilm format*. Kung susuriin, masasabing ang makinilyadong kopya ng 1953 HDP ng Pampanga na nasa pag-iingat ng NHCP SDQRC ang masasabing unang sapin.[19] Malaking tulong sa pag-aaral na ito ng 1911 HDP ng Pampanga sa LPC dahil kinukumpirma ng mga datos lokal na ito ang mga detalye na mababasa sa mga primaryang batis. Pinakamahalaga rito ang ipinasang ulat ng Pamahalaang Bayan ng Minalin, Pampanga dahil ang nakapirma mismo ay ang *municipal president* (katumbas ng *mayor* or punongbayan ngayon) noon ng Minalin na si Cristino Lagman, na siya ring pinuno ng mga manghihimagsik sa Minalin noong Hunyo 1898.

Ang pinakinabangan ni Larkin sa LPC ay pawang mahahalaga rin: ang mga tinawag niyang *notebook* na nakolekta ng Thomasite na si Luther Parker noong 1911 para sa isinusulong nito noon na *municipal history* ng Pampanga (termino ni Parker sa alam natin ngayon na *local history*[20]). Sa mga *notebook* sa LPC, partikular na ginamit ni Larkin ang mga *notebook* ng Bacolor, Betis, at Guagua para sa *The Pampangans*. Elegante ang sulat-kamay ng mga *notebook.* Nakasulat ang mga iyon sa wikang

[19] Mendoza, "Revisiting," 48.

[20] Luther Parker, "Gats and the Lakans." *Philippine Magazine*, Enero 1931, 504.

Kapampangan at Espanyol, kaya't hindi malayong mga uring *principalia* o naghaharing-uring pamilya sa mga naturang bayan ang mga may-akda.

Sinusuportahan naman ng di pa nailalathalang gunita ni Jose Gutierrez David, kalauna'y hukom ng Korte Suprema ng Pilipinas, ang mga detalye sa mga Bacolor *notebook* ng LPC. Nakasinop ito sa Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies ng Holy Angel University (JDNCKS). Nasaksihan ni David kapwa ang Himagsikan at ang pakikibakang sosyal noong ika-20 siglo. Gayundin, ginamit sa pag-aaral na ito ang ilang detalye ng panayam ni Filipinas Espiritu-Pineda sa ama ni David na si Eduardo, isa sa mga manghihimagsik ng Pampanga. Nasa tesis-masterado ito ni Pineda noong 1956 na "United States Military Rule Over Pampanga Province, Republic of the Philippines During the Period 1898-1901" sa UP Diliman.

Bukod sa mga HDP at sa LPC na nasa UPDML at NLP, pinakinabangan din sa pag-aaral na ito ang ibang batis lokal, tulad ng mga ibinahaging gunita ng matatanda sa Apalit, Pampanga na naidokumento ng mediko at pilantropong si Vicente Catacutan noong 1968 hinggil sa mga pangyayari noong Himagsikan;[21] at ang isa pang hindi nailalathalang kasaysayan ng exodus ng mga Espanyol sa Pampanga noong 16 Hunyo 1898 na naisulat sa "The Battle of Sta. Catalina," akda ng isang nagngangalang Ambrosio

[21] Retirado na si Dr. Catacutan, sa propesyon at sa espiritwal na aspekto ng buhay. Siya ngayon ay nasa Caryana Monastery sa Mabalacat, Pampanga at doon na nais mamalagi sa nalalabi ng kaniyang buhay. Pinasyalan namin siya ni Robby P. Tantingco, Direktor ng Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies ng Holy Angel University, noong 29 Oktubre 2017. Nabanggit ni Dr. Catacutan na nakasulat ang mga nakolekta niyang gunita mula sa ilang matatanda ng Apalit. Nakasinop ang mga iyon sa kaniyang aklatan sa Apalit, ngunit hindi na niya maibibigay sa akin, gustuhin man niya, sapagkat patakaran sa pagpasok sa Caryana ang iwan ang lahat ng mga materyal na bagay sa labas ng monasterio kapalit ng pamamalagi doon.

Flores noong bandang 1950. Nakasinop sa Minalin Museum and Library ang orihinal na kopya, at nagkakopya ang inyong lingkod nang mag-*field work* ako noong 2012 kasama si Nancy Lagman-Tremblay, apo ng manghihimagsik na si Cristino Lagman ng Minalin.

Isyu man ang katumpakan ng kronolohiya at aktuwal na taon ng mga pangyayari noong Himagsikan sa mga lokal na batis, magagawa pa ring iakma ang mga ito sa kronolohiya ng Himagsikan sa Pampanga, na inilatag ng pag-aaral na ito gamit ang mga primaryang batis—isang problema na ayon kay Bruce Cruikshank ay dapat maging mapanuri ang isang mag-aaral ng kasaysayan kung gagamit ng HDP.[22] Maganda ang paliwanag dito ni Mendoza:

> The HDP-Pampanga Papers reveal [the] framework of fact, rather than the fact itselt… This means that the entries are treated as minutiae, or details, that make up the composite of what may turn out as "fact" or a verifiable statement of truth. These minutiae become the lead or the hint, the detail to suggest the meandering path to the fact itself.[23]
>
> (Ipinapakita ng mga tala ng Pampanga sa HDP ang balangkas ng katunayan, sa halip na katunayan lamang… Ibig sabihin, tinitimbang bilang maliit na bahabahagi na bubuo sa isang bagay na titingnan bilang "katunayan" o isang pahayag na maging makatotohanan. Ang katiting na mga detalyeng iyon ay kayang magpatotoo o magpahiwatig[;] ang detalye na kayang dalhin ang palikolikong landasin nito patungo mismo sa "katunayan.")

Halimbawa, nagbigay ang 1953 HDP ng Minalin ng dalawang taon—1896[24] at 1899[25]—para sa Labanan sa Sta. Catalina na nangyari sa Sitio Tabun, Sta. Catalina, Minalin,

---

[22] Bruce Cruikshank, "The Historical Data Papers as a Source of Filipiniana." *Bulletin of American Historical Collection* 1:2 (1973), 14-23.

[23] Mendoza, "Revisiting," 50.

[24] National Library of the Philippines (NLP), "Minalin Historical Data Papers (HDP)," *Historical Data Papers*, Reel No. 52, 58.

gayong sa mga primaryang batis, nangyari ito noong 14-15 Hunyo 1898. Isa pa'y ang pagtugis sa San Simon, Pampanga ng mga Espanyol kay Felipe Salvador, pinuno ng Santa Iglesia, na iniugnay ng HDP (ng San Simon) sa panahon na malapit nang bumagsak ang mga Espanyol; bagaman ayon sa primaryang batis, nangyari ang pagtugis noong 12 Pebrero 1898, apat na buwan bago tuluyang lisanin ng mga Espanyol ang Pampanga.[26] Naitala naman sa HDP ng Santo Tomas na noong 1882, nilabanan ng kumandante ng Santa Iglesia na si Vicente Dayrit ng San Fernando ang mga Espanyol sa San Matias, bayan ng Santo Tomas,[27] ngunit ang tumpak na petsa ayon sa mga primaryang datos ay 14 Hunyo 1898. Gayundin, sang-ayon sa HDP ng Apalit, taong 1887 nang tugisin ng mga awtoridad na Espanyol ang mga "Gavinistas"—na pinanggalingang grupo ng Santa Iglesia[28]—bagaman sa opisyal na ulat ito ay noong Enero 1888 (1887 ang taon na inorganisa ni Gavino "Rey Gavino" Cortes sa Apalit ang Gabinista). Dagdag pa, 1896 ang itinala sa HDP ng Apalit na taon ng pagkakabitay ni "Aring Gavino" Cortes, ngunit sa opisyal na ulat, ito ay dapat 4 Pebrero 1898.[29]

Isyu rin sa HDP ang kalituhan ng mga tala sa mga termino: nariyan ang pag-uugnay sa *Katipungol* (katawagan sa Katipunan na mababasa sa HDP ng Santa Ana[30]) sa pag-aalsa sa Apalit noong 19 Pebrero 1898, na sa katunaya'y mga Santa Iglesia, ayon sa

---

[25] *Ibid*., 6.

[26] NLP, "San Simon HDP," *Historical Data Papers*, Reel No. 52, 4.

[27] NLP, "Santo Tomas HDP," *Historical Data Papers*, Reel No. 52, 25.

[28] National Historical Commission of the Philippines, "Angeles HDP," *RHDTA*, 6.

[29] *Ibid*.

[30] NLP, "Santa Ana HDP," *Historical Data Papers*, Reel No. 52, 81.

mga primaryang batis;[31] at ang paggamit ng salitang *insurrecto* bilang pantawag ng matatandang Pampango kapwa sa mga lumaban (i.e., manghihimagsik) sa mga Espanyol at sa mga tulisan.[32]

Mainam din na gamitin ang mga lokal na batis dahil binibigyang detalye pa ng mga ito ang mga pangyayari sa mga primaryang batis at ang mga naisulat na. Halimbawa, nababanggit sa mga talang Espanyol tulad ng kina Delmas at Sastron na inatake ng mga Espanyol ang kuta ni Hen. Francisco Makabulos sa Kamansi, Magalang, na nasa may paanan ng Bundok Arayat; ngunit hindi nababanggit ang bakuran ni Doña Florentina Pascual sa San Nicolas, Magalang bilang himpilan ng mga Espanyol nang umatake ang mga ito mula Setyembre hanggang Nobyembre 1897.[33]

Gayong maliwanag ang nakapagganyak sa mga manghihimagsik na labanan ang mga Espanyol, salat pa rin ang historyograpiya ng Himagsikan sa Pampanga sa tinig, diwa, haraya, at karanasan ng mga ordinaryong mamamayan at magsasaka. Kaya't liban sa mga primaryang batis, ginamit din ng pag-aaral na ito ang mga nakolektang kaalamang bayan (*folklore*) sa Pampanga gamit ang dalawang-tomong aklat ni Isabelo de los Reyes na *El Folk-Lore Filipino*, ang artikulo nina Pedro Serrano Laktaw at Mariano Ponce na "EL Folk-Lore Pampango" at "El Folk-Lore Bulaqueño" (kapwa nasa ikalawang tomo ng aklat na *El Folk-Lore Filipino*), ang 1911 at 1953 HDP, ang personal kong karanasan sa

[31] NHCP, "Apalit HDP," *RHDTA*, 74.

[32] NLP, "Santa Ana HDP," 19, 25.

[33] NHCP, "Magalang HDP," *HCLMMPP*, 47.

mga mistiko ng Pampanga, at ang kumpirmasyon sa mga mistikong gawain at kapaniwalaan ng mga Pampango bunga ng pakikipanayam ng inyong lingkod sa mga historyador na sina Lino L. Dizon ng Center for Tarlaqueño Studies at Michael Raymond Pangilinan ng City College of Angeles. Sinuri sa disertasyon ni Dizon sa UP Diliman na "Nascent Philippine Studies in the Life and Labor of Jose Felipe Del-Pan (1821-1891)" (2008) ang ambag ng Espanyol na si Jose Felipe Del-Pan sa pag-usbong ng Araling Pilipino kung bakit nagkainteres ang mga iskolar tulad nina de los Reyes (na *protege* ng nasabing Espanyol), Laktaw, Ponce, at Jose Rizal sa pag-aaral ng kaalamang bayan.[34] Habang si Pangilinan naman, bagaman mula sa marangyang angkan ng Angeles at Magalang, ay lumaki sa matatandang mistiko sa Magalang. Sa ganito'y nakasalamuha ni Pangilinan ang iba pang mistiko. Di kalauna'y naging tagapagsulong siya ng pag-aaral sa mga di-Katolikong elemento sa kaugalian at kaalamang lokal ng mga Pampango, na halos mga magsasaka. Ang pagkahilig ni Pangilinan sa kaalamang bayan ng Pampanga ang dahilan kung bakit mas nais niyang makilala bilang Siuala ding Meangubie (Tinig ng mga Yumao). May mga elemento ang nakaraan na hindi nahuli ng mga batis na ginagamit sa pagsulat ng kasaysayan, ngunit mahalaga sa pagunawa sa nakaraan nang may lapit sa talagang nangyari. Nariyan ang di pangkaraniwang mga kapaniwalaan ng mga magsasakang tagasunod ng Gabinista at Santa Iglesia na tiningnan ng mga sumulat ng mga batis noong panahon ng mga Espanyol at Amerikano bilang kamangmangan at *herejia* o labas sa katuruan ng simbahan. Ayon kay Pangilinan, inabutan at kinalakhan pa niya sa mga magsasaka sa Magalang, Arayat, at Candaba ang mga elementong heretikal sa mata ng simbahan ngunit mahalaga upang masilip ng nabuhay pang bahagi ng

[34] Lino L. Dizon, "Nascent Philippine Studies in the Life and Labor of Jose Felipe Del-Pan (1821-1891)" (Disertasyon: Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2008).

matandang kulturang Pampango. Patunay ang tesis na ito kung paano matutulungan ng dokumentasyon sa mga kaalamang bayan ang pag-unawa sa nakaraan gamit ang disiplina ng kasaysayan.[35]

## E. Balangkas Konseptuwal

Uminog ang pag-aaral na ito hinggil sa kasaysayan ng Himagsikang Pilipino sa Pampanga sa iba't ibang naging tugon ng mga Pampango sa idea ng paghihimagsik at sa naging aksyon ng mga Espanyol kontra rito. Lumundo naman ang pag-aaral sa pagkilos ng mga Pampango upang tuluyang labanan ang mga Espanyol at ipagwagi ang paghihimagsik. Ang pagkilos ng mga Pampango sa loob ng Pampanga noong panahon ng Himagsikan—sa pagitan ng araw na natuklasan ng mga Espanyol ang Katipunan noong 19 Agosto 1896 at sa araw na nagbagong bihis na ang Pamahalaang Panghimagsikan bilang Republika ng Pilipinas noong 23 Enero 1899—ay mahahati sa tatlong salik: salik panlabas, salik etniko, at salik praktikal.

Walang panloob na puwersang panghimagsikan, tulad ng Katipunan, ang nabuo sa Pampanga upang labanan ang mga Espanyol. Sa **salik panlabas**, ipinapakita kung bakit kinailangan ang impluwensiya at presyur mula sa labas ng Pampanga upang kumilos nang paunti-unti ang mga Pampango na labanan ang mga Espanyol sa sarili

[35] Nakapanayam ng may-akda si Pangilinan tungkol sa matatandang paniniwala at kaalaman ng mga magsasakang Pampango doon sa Imerex Hotel at Museo of Philippine Social History sa Lungsod ng Angeles matapos ilektura ng inyong lingkod ang bahagi ng tesis na ito noong 28 Marso 2018.


nilang lalawigan. Kabilang dito ang paghimok ng mga taga-Gapan at Cabiao, Nueva Ecija sa mga taga-Arayat na sumama sa pag-atake sa San Isidro Factoria, noo'y kabisera ng Nueva Ecija, noong 2 Setyembre 1896, sa pamumuno ng dalawang lahing Kapampangang sina Mariano Llanera ng Cabiao at Pantaleon Valmote ng Gapan (orihinal na tubong Macabebe ang angkan); ang paghimok ng mga taga-Bataan sa mga taga-Lubao, Pampanga na sumali sa pag-atake sa Simbahan ng Hermosa noong 17 Nobyembre 1896; ang pagkakaroon ng mga Pampangong magsasaka at maralita ng isang lider mula sa Baliuag, Bulacan sa katauhan ni Felipe Salvador na tumayo't dumamay sa kanila matapos silang atakihin sa San Luis, Pampanga habang nagdiriwang ng kapaskuhan noong 24 Disyembre 1896; ang pag-udyok ni Hen. Francisco Makabulos, pinuno ng Katipunan sa Tarlac, sa mga Pampango ng Mabalacat, Angeles, at Magalang na sumama sa Himagsikan hanggang Nobyembre 1897; at ang presensiya ng mga manghihimagsik ng Hagonoy, Bulacan sa Masantol at Macabebe. Batid ng mga Espanyol ang konseptong ito, kaya't minobilisa nila ang mga Pampango na pigilan ang paglaganap ng diwa ng Himagsikan sa Pampanga. Nariyan ang pagtatatag ng Comandancia General de las provincias del Centro y Norte de Luzon sa Kumbento ng San Fernando, Pampanga noong Disyembre 1896 at ang paglitaw ng Voluntarios Pampangos noong Enero 1897 na sumawata sa mga puwersa ng Hagonoy at ni Makabulos, at sa inosenteng Santa Iglesia.

Sa Pampanga, hindi mga liberal o mga maykaya ang unang nakatikim ng armadong kampanya ng mga Espanyol noong Himagsikan, kundi ang Santa Iglesia. Nagdiriwang lamang sila ng kapaskuhan sa San Luis noong 1896 nang atakihin sila bigla ng mga Espanyol. Ayon sa ulat ng mga Espanyol, may 2,500 Santa Iglesia sa San Luis,

habang kulang-kulang isang libo ang nasawi at sugatan sa kanila. Sa **salik etniko**, ipinapakita na kumilos lamang ang Santa Iglesia nang kampihan sila ng mga miyembro ng Voluntarios de Apalit, na malamang sa malamang, kaibigan ng at/o kaya ay may kaanak sa Santa Iglesia. Isang pag-aaklas ang isinagawa ng Voluntarios de Apalit at Santa Iglesia laban sa mga Espanyol noong 19 Pebrero 1898 sa Apalit; at tatlong araw ang makalipas ay sa Macabebe. Nagmula ang Santa Iglesia sa relihiyosong kapatirang Gabinista. Itinatag ni Gavino Cortes ang Gabinista sa Tabuyoc, Apalit noong 1887. Si Cortes ay dating *cabeza de barangay* sa Apalit; samakatuwid ay miyembro ng uring *principalia*. Noong 1888, binuwag ng mga Guardia Civil ng Pampanga, Bulacan, at Nueva Ecija ang Gabinista; at ipinatapon sa Jolo si Cortes, matapos siyang koronahan sa Tabuyoc bilang hari ng Pampanga. Noong 1894, muling inorganisa ni Salvador ang Gabinista bilang *Santa Iglesia*. Noong 4 Pebrero 1898, binitay sa San Fernando si Cortes, na ikinamuhing lalo ng mga taga-Apalit. Ito ang unang pag-aalsa ng mga Pampango laban sa mga Espanyol na nataon namang panahon ng Himagsikan.

Sinikap ng mga Espanyol na ipanumbalik ang kaayusan at pakikiisa sa mga Pilipino noong 1898, dahil nagpahayag ang Espanya ng pakikidigma sa Estados Unidos. Bahagi ng taktika ng pamahalaang Espanyol ang iparamdam na sinsero ito sa mga Pilipino. Nariyan ang pagpapakawala sa mga bilanggong politikal ng Himagsikan sa bisa ng kasunduan sa Biak-na-Bato at ang pagpapatira sa Macabebe sa pamilya ng Gobernador-Heneral. Ang hindi alam ng mga Espanyol, ang tatlong deportado na mga Pampangong liberal na pinabalik nila sa Pampanga—sina Maximino Hizon ng Mexico, Jose Bañuelos ng San Fernando, at Mariano Alejandrino ng Arayat—ay unti-unti nang

nagmobilisa sa mga Pampango na maghimagsik sa mga Espanyol mula Pebrero hanggang Mayo 1898. Sa **salik praktikal**, ipinapakita na sinamantala ni Hizon ang pagiging aburido ng mga Espanyol sa Pampanga at iprinoklama niya ang kalayaan ng Pilipinas sa Mexico noong 1 Hunyo 1898. Nang mapansin na walang nangyari kay Hizon, unti-unting nakiisa sa kaniya ang iba pang mga bayan ng Pampanga. Sumunod ang pagbaligtad ng mga Pampangong *voluntario* (liban sa Voluntarios de Macabebe), at ang pagsuporta ng Santa Iglesia kay Hizon, sa kabila ng kaapihan at pangmamaliit sa kanila ng mga manghihimagsik dahil sa kaibhan ng paniniwala at liderato nila.




*Balangkas konseptwal ng pagkilos ng mga Pampango sa loob ng kanilang lalawigan noong Himagsikang Pilipino nang 1896-1899*

**F. Pagsusuri sa mga Kaugnay na Pag-aaral**

*Historyograpiya ng Himagsikan at ng Pampanga*

Ayon kay Larkin, nalimitahan ang historyograpiya ng Pilipinas ng monolitikong pagtingin sa pagkabansa ng Pilipinas.[36] Kulang ang historyograpiya, ani niya, sa pagsaalang-alang sa talagang nangyari sa mga kanayunan noong panahon ng Himagsikan. Sa madaling sabi, problema ang "nasyonalista" sa nasyonalistang balangkas kung ilalapat sa kasaysayan ng Pampanga dahil limitado at komplikado ang papel ng mga Pampango sa pagbubuo ng bansang Pilipino mula 1896 hanggang 1899. Sa madaling sabi, walang maipagmamapuring pagkilos sa loob ng Pampanga, na maihahanay sa dakilang mga Labanan sa Talisay, sa Binakod, sa Cacarong o sa Noveleta bago ang Hunyo 1898. Mapapansin ito sa aklat ni Mariano Henson na *The Province of Pampanga and Its Towns*, na nagsimula lamang ang pagtalakay sa Himagsikan sa pinaniniwalaang unang pagkilos ng mga Pampango laban sa mga Espanyol noong 3 Hunyo 1898 sa Bacolor nang mag-aklas ang Voluntarios de Bacolor sa pamumuno ni Felix Galura.

Kung may mga pag-aaral at nasusulat man tungkol sa mga "Pampango" sa Himagsikan, mas pumapatungkol ang mga ito sa mga Macabebe. Pinakabago sa mga pag-aaral na ito ang tesis masterado ni Renato Pelorina noong 2005 na pinamagatang "Ang Pagbabalik-tanaw sa mga Macabebe sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano

---

[36] John Alan Larkin, "The Place of Local History in Philippine Historiography." *Journal of Southeast Asian History* 8:2 (Setyembre 1967), 306-17.

(1898-1908): Isang Historiograpikal na Pagsusuri,"[37] at ang aklat ni Dennis Edward Flake na *Loyal Macabebes: How the Americans Used the Macabebe Scouts in the Annexation of the Philippines* noong 2009.[38]

Hindi man nagbigay nang malalim na pagsusuri tungkol sa kasaysayan ng Himagsikan sa Pampanga, lumitaw naman sa mga aklat na *A Shaft of Light* (1991)[39] at *The Pampangos* (1999)[40] ni Rafaelita Hilario Soriano, apo ng manghihimagsik na si Tiburcio Hilario, ang ginampanan ng mga historikal na personalidad na Pampango noong Himagsikan, mapa loyalista man (tulad ni Eugenio Blanco ng Macabebe) at manghihimagsik (tulad ni Tiburcio Hilario). Kaya't ganoon na lamang ang galak ng edukador na si Bro. Andrew Gonzalez, apo ng kinatawan ng Pampanga sa Kongreso sa Barasoain, Bulacan na si Dr. Joaquin Gonzalez ng Apalit, sa pagtalakay ni Soriano sa Himagsikan. Sa tingin ni Gonzalez, natalakay ni Soriano ang Himagsikan sa Pampanga gamit ang pananaw "ng mga Pampangueño" at hindi ng sa "pananaw ng mga Tagalog."[41] Pinuri rin ni Gonzalez ang pagkalantad ni Soriano sa mga batis, lalo na sa mga kuwento ng mga kaanak tulad ng ama nitong si Zoilo Hilario.

---

[37] Renato Pelorina, "Ang Pagbabalik-tanaw sa mga Macabebe sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano (1898-1908): Isang Historiograpikal na Pagsusuri" (Tesis Masterado, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2005).

[38] Dennis Edward Flake, *Loyal Macabebes: How the Americans Used the Macabebe Scouts in the Annexation of the Philippines* (Lungsod ng Angeles: Holy Angel University Press, 2009).

[39] Rafaelita Hilario Soriano, *A Shaft of Light* (Quezon City: Rafaelita Hilario Soriano, 1996).

[40] Rafaelita Hilario Soriano, *The Pampangos* (Quezon City: Kayumanggi Press, 1999).

[41] Andrew Gonzalez, "Introduction," sa Rafaelita Hilario Soriano, *The Pampangos* (Quezon City: Kayumanggi Press, 1999), i.

Samantala, sa disertasyon ni Larkin na pinamagatang "The Evolution of Pampangan Society: A Case Study of Social and Economic Change in the Rural Philippines" (New York University, 1966; naging aklat na *The Pampangans* noong 1972), nababanggit ang mabibigat na pahayag niya tungkol sa Himagsikan sa Pampanga: walang nangyaring totoong Himagsikan sa loob ng Pampanga dahil hindi lapat sa lalawigan ang mga problemang panlipunan at pampulitika ng mga Tagalog na salik sa pagsiklab ng Himagsikan ("…*no real internal revolution had taken place in Pampanga. The social and political problems of the Tagalogs did not apply there* [Pampanga]").[42] Sa pag-aanalisa ni Larkin sa mga pangyayari sa Pampanga mula 1896 hanggang 1899, dala lamang ng mga nangyari at presyur mula sa labas ang naging pag-usbong ng paghihimagsik sa Pampanga. Dagdag pa niya, ni hindi kumilos ang mga Pampango upang salungatin ang mga problemang nagtulak sa mga Tagalog na maghimagsik; tulad ng mapaniil na patakaran ng mga prayle sa administrasyon ng mga lupain dahil wala namang hasyenda ang mga Agustino at Rekoletong prayle sa Pampanga. Tumugon lamang di umano ang mga Pampango sa Himagsikan dahil pinuwersa sila, ito man ay "may pagsang-ayon o wala," tulad ng mga *kasamak* (*tenant*) sa lupa nina Hizon sa Mexico at Alejandrino sa Arayat. (Ganito rin ang ginawa ng mga Blanco sa Macabebe: ginamit nila ang mga trabahador sa bukid upang labanan ang mga manghihimagsik at buuin ang Voluntarios de Macabebe.) Sa huli, pagprotekta sa sariling interes at sa kagustuhang mabuhay ang nagbunsod sa mga Pampango na magpabago-bago ang lagay:

> The Pampangans reacted to each phase of the revolution according to their own self-interest and need for survival. At times their interest coincided

[42] Larkin, *The Pampangans*, 126.

> with the aims of a broader Filipino nationalism and at times not. Pampanga's leaders, though in favor of moderate reform of the Spanish colonial regime, backed down on the issue of complete independence. Yet once the Spaniards were eliminated from contention, a native government loomed as the best alternative. Finally, when Aguinaldo's government failed to hold the country, Pampanga accepted the stability offered by the Americans.[43]
>
> (Tumugon ang mga Pampango sa bawat yugto ng himagsikan ayon sa kanilang sariling interes at pangangailangang makaraos. May pagkakataong umangkas sila sa layon ng isang malawakang nasyonalismong Pilipino, ngunit ito'y hindi sa lahat ng pagkakataon. Bagaman pabor sa ilang pagbabago sa pamamahala ng mga Espanyol, tutol ang mga pinuno ng Pampanga sa kalayaan. Ngunit nang mawala ang mga Espanyol, nakita namang mainam na kapalit ang pamamahala sa sarili. At, nang mabigo si Aguinaldo na panghawakan ang bansa, tinanggap naman ng Pampanga ang alok ng mga Amerikano na katatagan.)

Ayon pa kay Larkin, ang pinagdaanan ng Himagsikan sa Pampanga ay nakabatay sa pakikililim ng konserbatibong tradisyon ng mga panginoong maylupa (ng uring *principalia*) sa sinumang awtoridad na titiyak sa kanilang seguridad at ari-arian. "Wala silang pinapanigang ideolohiya," ani ni Larkin, mapa-rehimeng Espanyol man, Aguinaldo, o Amerikano. Sa kabilang banda naman, nagamit ng nasa kapangyarihan ang pangangailangan ng mga Pampangong *principal* (katiwasayan at kaayusang panlipunan) upang makuha ang suporta nito. Nagmungkahi rin si Larkin ng periodisasyon ng Himagsikan sa Pampanga: una, panahon ng propaganda; ikalawa, ang pagsiklab ng Himagikan hanggang maitatag ang Republika ng Pilipinas; at ikatlo, ang pagtatanggol sa Republika ng Pilipinas at ang pagtatatag sa Pamahalaang Sibil ng Pampanga sa ilalim ng Estados Unidos noong 1901.

Sa tesis-masterado ni Pilipinas Espiritu-Pineda na "United States Military Rule Over Pampanga Province, Republic of the Philippines during the Period 1898-1901"

---

[43] *Ibid*.

(Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1956), naging motibasyon sa maraming Pampangong *principalia* ang dala-dalang pagbabago o reporma sa lipunan ng liberalismo at nasyonalismo *nang hindi humihiwalay sa Espanya*:

> Ang nasyonalismo para sa kanila (Pampangong *principalia*) ay nangangahulugan na ninanasa nila ang mga pagbabago at pinuspos sila nito (nasyonalismo) ng kanaisang makamit ito, ngunit ninanasa rin nilang manatiling tapat sa Espanya.[44]

Halimbawa nito ang propagandistang si Jose Alejandrino, mula sa uring *principalia* ng Arayat, na niyakap ang kaisipan ng kaibigang si Rizal tungkol sa kawalang saysay ng paghihimagsik.[45] Kung paniniwalaan ang sinulat ni Alejandrino sa kaniyang gunita na *La Senda del Sacrificio* (1949), sumali pa rin si Alejandrino sa Katipunan noong 1895[46] at siya ang naatasan na kumausap kay Antonio Luna na sumama sa Katipunan, batay na rin sa payo ni Rizal. Tumanggi si Luna dahil, di umano, hindi pa napapanahon ang isang himagsikan.[47] Nang sumiklab na ang Himagsikan, si Alejandrino pa ang nagsabi kay Edilberto Evangelista, dating kaeskuwela sa Ghent, na "maliit ang pag-asa na magtatagumpay ang Himagsikan."[48] Ngunit nahikayat din ni Evangelista si Alejandrino na sumama sa Cavite, at kalauna'y naglingkod kay Aguinaldo. Tulad din ng inisyal na saloobin ni Alejandrino ang saloobin ng iba pang Pampangong liberal mula sa uring

---

[44] Filipinas Espiritu-Pineda, "United States Military Rule Over Pampanga Province, Republic of the Philippines during the Period 1898-1901" (Tesis Masterado: Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1956), 47.

[45] Jose Alejandrino, *The Price of Freedom (La Senda del Sacrificio): Episodes and Anecdotes of Our Struggles for Freedom*, salin sa Ingles ni Jose M. Alejandrino (Maynila: José Alejandrino, 1949), 2.

[46] *Ibid*., 4, 103. Sina Moises Salvador at Mamerto Natividad ang tumanggap kay Alejandrino sa Katipunan.

[47] *Ibid*., 103-4.

[48] *Ibid*., 17-8.

*principalia*, tulad ng magkapatid na Agustin at Eugenio Blanco ng Macabebe na numero unong kontra sa Himagsikan.

Samantala, hindi naman naging katanggap-tanggap kay Soriano ang mga pahayag ni Larkin hinggil sa Himagsikan sa Pampanga. Sa aklat niyang *A Shaft of Light*, ipinahayag ni Soriano:

> But why does Larkin expect the masses to administer the towns that time? It must be acknowledged that during the more than 300 years of Spanish occupation of the Philippines, no universal education was provided for the common man, not even at the elementary level. Only families with means could provide for their children's education.[49]
>
> (Ngunit bakit aasahan ni Larkin na mga masa ang magpatakbo sa mga bayan noon [Himagsikang Pilipino]? Kailangang maintindihan na sa loob ng 300 taong pananakop ng mga Espanyol sa Pilipinas, hindi nabigyan ng edukasyong panlahat ang mga ordinaryong tao, kahit man lang antas elementarya. Tanging ang mga maykaya lamang ang nakapagbigay ng edukasyon sa kanilang mga anak.)

Nakakita naman ng pagkakataon si Larkin na sagutin ang paratang sa kaniya ni Soriano sa International Conference on the Centenary of the Philippine Revolution ng National Centennial Commission noong 1996. Binasa niya roon ang "Pampanga Views the Revolution: Imagination and Memory of a Time of Suffering and Sacrifice". Ayon kay Larkin:

> What inspired a return to this subject was a recent comment by Rafaelita Hilario Soriano, historian and descendant of Pampanga's Republican Governor Tiburcio Hilario, that I "despised" the educated elite of Pampanga

[49] Soriano, *A Shaft*, 267.

> who led the revolution in the province. Her remark surprised me, since I had not intended to pass any such judgement. I sought, instead, just to point out that this elite did not represent the only sentiments of the people of the province toward the revolution and its goals.[50]
>
> (Ang nag-udyok sa akin na balikan ang paksang ito [Himagsikan sa Pampanga] ay ang komentaryo kamakailan ni Rafaelita Hilario Soriano, historyador at inapo ng Republikanong Gobernador ng Pampanga na si Tiburcio Hilario, na di umano'y aking "hinamak" ang mga edukadong principalia ng Pampanga, na nanguna sa himagsikan sa lalawigan. Ikinagulat ko ang kaniyang pahayag dahil hindi ko nais maglabas ng ganoong paghuhusga. Akin lamang ipinahayag na hindi kinakatawan ng mga uring principalia na ito ang sentimyento ng probinsya sa himagsikan at ang tunguhin nito.)

Damay din sa mga pinatamaang Pampango ni Larkin mula sa uring *principalia* ang lolo ni Gonzalez (Joaquin), kaya't hindi na dapat pagtakhan kung bakit itinuring niya ang *The Pampangos* ni Soriano na "nagtama" sa "makitid na pag-unawa" (*limited views*) ng *The Pampangans* ni Larkin.[51] (Sinadya kaya na tapatan ni Soriano ang pamagat ng aklat ni Larkin?)

Nanindigan naman si Larkin sa kaniyang pag-aanalisa sa Himagsikan sa Pampanga:

> …for a majority, loyalty to the republic took second place to their need to protect themselves, their families, and their way of life from the insecurity and violence that threatened their world, and they accepted whichever power governed the province at a particular time… (That was why) a substantial number of the elite of the province, landholders and professionals from the towns, joined the government of Aguinaldo, sending him financial and other kinds of aid…[52]

[50] Larkin, "Pampanga Views," 590.

[51] Gonzalez, "Introduction," *ibid*.

[52] Larkin, "Pampanga Views," 591.

> (...sa nakararami, pangalawa lamang ang katapatan sa republika sa pagprotekta nila sa kanilang mga sarili, pamilya, at pamumuhay mula sa banta at gulo na gumigimbal sa kanilang mundo, at tinanggap lamang nila kung sino ang nasa kapangyarihan sa probinsya sa bawat panahon... [Kaya't...] ilang elite, maylupa at propesyonal mula sa iba't ibang bayan ng probinsya ang sumama sa pamahalaan ni Aguinaldo, na nagpadala ng tulong pinansyal at iba't ibang anyo ng ayuda...)

Kinwestyon naman ni Larkin ang tila pag-iitsupwera ni Soriano sa mga itinuring nitong "ignorante" noong Himagsikan sa Pampanga:

> Thus, according to her, only the elite had the ability and, therefore the right, to lead the province and the country.[53]
>
> (Kaya't, ayon sa kanya [Soriano], tanging mga mayayaman lamang ang may kakayahan at, kung gayon, ang may karapatan na pamunuan ang probinsya at ang bansa.)

Hindi na ito nakakagulat dahil tangay-tangay pa rin ni Soriano ang pag-itsupwera sa mga Santa Iglesia sa kasaysayan, tulad ng pagpurga sa mga iyon ng mga Espanyol, ng mga uring *principalia*, at ng mga pinuno ng Himagsikan sa Pampanga noong 1898-1899.

Kulang sa pag-unawa sa *kasalimuotan* ng Himagsikan sa Pampanga ang nakita pa ni Larkin na suliranin ng mga naisulat nina Henson at Soriano (at ang *La Senda del Sacrificio* ni Alejandrino):

> What is common to the works of Alejandrino, Henson, and Soriano is their unwillingness to acknowledge the complexity of the revolution in Pampanga. They exhibit little symphaty for the Capampangan noncombatants trying to survive the war in their midst... Furthermore, the three authors either ignore or disparage the role and the aims of the poor in the struggle. They belong to the landholding class, and the tenant-landlord confrontations in the province from the

[53] *Ibid.*, 599.

> 1920s to the 1960s dissuade them from acknowledging any positive or active part played by the likes of Felipe Salvador or Pedro Abad Santos. *Those with power have thus tried to shape the collective memory of the revolution in Pampanga.*[54]
>
> (Kung ano ang pagkakatulad ng mga sinulat nina Alejandrino, Henson, at Soriano, iyon ay ang kawalan nila ng pagkilala sa *kasalimuotan* ng rebolusyon sa Pampanga. Wala silang simpatya sa mga karaniwang Kapampangang hindi lumaban, na nagsikap mabuhay sa kasagsagan ng digmaan... Gayundin, binalewala o hinamak ng tatlong may-akdang ito ang gampanin at layunin ng mga maralita sa pakikibaka. Galing sila sa uri ng mga maylupa, at ang mga komprontasyon sa pagitan ng mga kasama at amo sa lalawigan mula 1920 hanggang 1960 ang pumigil sa kanila na kilalanin ang ano mang maganda o aktibong papel na ginampanan nina Felipe Salvador o Pedro Abad Santos. *Silang may kapangyarihan ay tinangkang hubugin ang kolektibong memorya ng rebolusyon sa Pampanga*.) (Akin ang diin)

Sa disertasyon nina Ileto at Guerrero na *Pasyon and Revolution* (Cornell University, 1974) at *Luzon at War* (University of Michigan, 1977), iginiit nila na *dapat* maging integral na parte ng Himagsikan sa Pampanga ang kilusang sosyal ng Santa Iglesia. Ayon kay Guerrero:

> I shall also try to show that these movements (i.e., the Pansacula, Santa Iglesia, Guardia de Honor and Colorum), which have been labelled as "messianic" movements were in fact integral and structural parts of the national struggle.
>
> We do not know the peasants well enough. Their attitudes and participation in the Revolution have been taken for granted as to give the impression that they are nothing more than mere numbers to be counted, incapable of giving expression to their needs and aspirations.[55]
>
> (Ipakikita ko rin [tinutukoy niya ay ang kaniyang disertasyon] na ang mga kilusang ito [i.e., Pansacula, Santa Iglesia, Guadia de Honor, at Colorum], na binansagang mga kilusang "mesayaniko," sa katunayan ay mahahalaga at kabahagi ng pambansang pakikibaka [Himagsikang Pilipino].
>
> Hindi natin gaanong alam ang mga magsasaka. Ang pagtingin at bahagi nila sa Himagsikan ay binalewala, na nagbibigay impresyon na sila'y mga bilang lamang [at] walang kakayahan na bigyang buhay ang kanilang pangangailangan at nasa.)

---

[54] *Ibid*.

[55] Milagros C. Guerrero, *Luzon at War: Contradictions in Philippine Society, 1898-1902* (Lungsod ng Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2015), 182-3.

Tulad ng puna ni Larkin sa paraan ng pag-analisa ng mga historyador ng Pampanga, ibinulalas ni Guerrero ang ganito:

> This attitude… [that they were] "savage mobs"…, "bandits" and "fanatics" was an aspect of the typical and unreconstructed Spanish view that only the members of the socioeconomic elite (ilustrados, caciques, local and superprincipalia) were capable of spearheading a nationwide, politically sophisticated revolutionary movement.[56]
>
> (Ang pagtingin na ito... na "mababalasik na masa"..., "bandido" at "panatiko" [ang mga tulad ng Santa Iglesia]... ay dalumat ng tipikal at kulang-kulang na pananaw ng mga Espanyol na tanging mga miyembro lamang ng sosyo-ekonomikong elite [ilustrado, cacique, lokal, at superprincipalia] ang may kakayahang pangunahan ang isang pambansa at sopistikadong politikal na kilusang mapanghimagsik.)

Sa disertasyon ni Ileto, malinaw niyang tinalakay na aktibo na ang Santa Iglesia sa Pampanga bilang kapatirang relihiyoso sa pamumuno ni Cortez ng Apalit mula pa noong 1887, at ipinagpatuloy ito ni Salvador bilang Santa Iglesia noong 1894. Mula sa pagiging kapatirang relihiyoso, napilitan itong humawak ng armas noong Pebrero 1898 hanggang noong 1910. Marami itong tagasunod sa mga bayang agrikultural mula sa paanan ng Bundok Arayat hanggang sa wawa ng Ilog Pampanga—Apalit, San Simon, San Luis, Santo Tomas, Santa Ana, Candaba, at Macabebe.[57]

Mabigat naman ang pahayag ni Guerrero tungkol sa pag-itsepwera sa papel ng Santa Iglesia sa kasaysayan ng paggiit sa isang pambansang komunidad mula noong Himagsikang Pilipino hanggang Digmaang Pilipino-Amerikano: "ang itanggi ang

---

[56] *Ibid*., 183-4.

[57] Reynaaldo C. Ileto, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1979), 263-5.

kaugnayang ito ay tila pagkakait na rin natin sa masa ng kanilang aktibong partisipasyon sa kasaysayan ng Himagsikan."[58]

Hindi man isinali sa kabanata hinggil sa Himagsikan, para kay Larkin, kritikal ang papel ng Santa Iglesia sa mga sumunod na nangyari sa Pampanga sa pagtuntong ng rehimeng Amerikano. Ayon sa kaniya: "ang Santa Iglesia ang kauna-unahang kilusan na naitala sa kasaysayan ng Pampanga na nakapanghimok ng pambihirang bilang ng mga tagasunod," na lubhang ikinabahala kapwa ng mga Pampangong *principalia* at Amerikano. Malakas ang dating ni Salvador sa mga maralitang Pampango: "Pumili sila ng bagong lider, isang mistiko na isa sa mga *ipinangako ay pagpapamahagi ng lupa*" (akin ang diin).[59] Ang pangakong iyon ni Salvador ay kasabay niyang namatay noong 1912 (taon kung kailan siya binitay), na siya ring tuluyang ikinalansag ng Santa Iglesia. *Ngunit* hindi ito nangangahulugang naglaho na rin ang lakas ng loob ng mga magsasakang Pampango na lumaban sapagkat "sa kauna-unahang pagkakataon," ani ni Larkin, "isang samahan ng mga magsasaka ang tumanggi sa pamumuno at pagsuporta ng mga maylupang uri na tatangay sa kanila sa panahon ng pagbabago at depresyong ekonomiko." Naakit ng ideolohiyang sosyalismo ang mga ordinaryong Pampango, at ilan sa mga ito ay dating miyembro ng Santa Iglesia.

Napansin ni Brian Fegan ang katangian ng sosyalismo na mayroon sa Gitnang Luzon, partikular sa Pampanga: "Ang mga miyembrong magsasaka ay may pinagsamang

---

[58] Guerrero, *Luzon at War*, 185.

[59] Ileto, *Pasyon*, 238.

(*syncretic*) katutubong pananaw na Marxismo (*folk-Marxist ideas*), na nakuha nila mula sa nakagawian na nila na pananaw-katutubong-Katolisismo (*folk-Catholic ideas*).”[60] Nagmungkahi naman si Ruth Thor Carlson ng alternatibong pananaw: may bahid pa rin ng Santa Iglesia ang kilusang sosyal sa Luzon dahil ang turing nila kay Luis Taruc, lider sosyalista, ay *reinkarnasyon* ni Salvador. Ayon kay Carlson:

> To appreciate the powerful appeal Luis Taruc’s message held among peasants, however, we must engage more than his political philosophy. His message resonated in part because Taruc was regarded by many to be the reincarnation of the turn-of-the-century revolutionary and mystic, Felipe Salvador. To date, this facet of the Huk Supremo’s identity has remained unexplored by scholars—likely because it is not mentioned in either of his two published autobiographies, *Born of the People* (1953) and *He Who Rides the Tiger* (1967), and because Taruc himself found the belief somewhat troubling and embarrassing.[61]
>
> (Upang mapahalagahan ang malakas na dating ng panawagan ni Luis Taruc sa mga magsasaka, kailangan nating tumawid pa sa kaniyang pilosopiyang politikal. Naging katanggap-tanggap ang panawagan ni Taruc dahil kinilala siya ng marami bilang reinkarnasyon ng manghihimagsik at mistiko sa pagpapalit ng siglo, si Felipe Salvador. Hanggang sa ngayon, ang katangiang ito ng Supremo ng Huk ay isa pang masukal sa mga iskolar—malamang marahil sa hindi nabanggit man lang sa dalawang sariling talambuhay (ni Taruc), ang *Born of the People* [1953] at *He Who Rides the Tiger* [1967], at dala na rin na ang paniniwalang ito ay nakakabagabag at nakakahiya para sa kaniya.)

Nakapanayam mismo ni Carlson si Taruc hinggil dito noong 1996.

Ngunit ang mga Macabebe ay may ibang pinagdaanang proseso kumpara sa lahat ng mga Pampango noong ika-20 siglo. Ang pagpapatayo ng mga Macabebe ng

[60] Brian Fegan, “The Social History of a Central Luzon Barrio,” sa *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations*, pinamatnugutan nina Alfred W. McCoy at Ed. C. De Jesus (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982), 107.

[61] Keith Thor Carlson, “Born Again of the People: Luis Taruc and Peasant Ideology in Philippine Revolutionary Politics,” *Histoire Sociale* 41:82 (Nobyembre 2008), 426-8/417-58.

monumento ni Rizal noong 1919 at ng “King of Macabebe” (sa alaala ng lider ng Macabebe na lumaban sa mga Espanyol sa Labanan sa Bangkusay noong 1571) noong 1934 ay matitinding manipestasyon ng pagyakap nila sa diwa ng nasyonalismo at pakikiisa sa pagbubuo at pagsusulong sa pambansang komunidad. Para kay Larkin, ang paggunita ng mga Pampango kay Rizal (i.e., sa pamamagitan ng mga selebrasyon, parada, at monumento, ay hindi politikal kundi kultural); samakatuwid, simbolikal na modelo, at ito ay matinding kontradiksyon ng isang lipunang maka-Espanyol.[62] Maaaring totoo ito sa kaso ng pagpapatayo sa bantayog ni Rizal sa Macabebe, ngunit hindi sa kaso ng bantayog ng “King of Macabebe,” na mas *paglilinis* sa pangalan ang motibo: dala ito ng *indignasyon* sa mga Macabebe ng mga Pilipino bilang mga taksil sa Himagsikan. Masasabing kabalintunaan ang mga monumentong ito sa Macabebe. Ngunit kailangang makita ang malakas na mensahe ng pagpapatayo sa mga istrukturang ito: na hindi kaiba ang Macabebe sa mga Pilipino. Sa huling digmaan nilang sinalihan, ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, napakaraming Macabebe ang lumaban sa mga Hapon, kapwa sa panig ng pamahalaan-Amerikano at sa Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon (Hukbalahap). Ito ang huling pagkakataon nilang maisalba ang dangal nila, ng kanilang bayan, at ng mga susunod sa kanila.

May alternatibong pagtingin naman si Teodoro Agoncillo sa papel ng mga Pampango sa Himagsikan—mga Macabebe lang naman ang naiiba, dahil, di umano, mga bayarang sundalo (mersenaryo) ang mga ito at hindi katutubo sa Pilipinas kundi mga Yaqui Aztec ng Mexico para magkaroon ng diwa ng pambansang komunidad. *Macabebe*

---

[62] Larkin, *The Pampangans*, 183.

*phenomenon* ang tawag dito ng peryodistang Pampango na si Renato "Katoks" Tayag na naglabas ng komentaryo hinggil kay Agoncillo:

> Some months before he passed away, Teodoro Agoncillo and I were at the National Library office of Director Serafin Quiason with group of writers. I engaged him in conversation on the subject of the Macabebes.
>
> "You know," he remarked at one point, "they are different from other Pampangos. I believe they are descended from the Mexicans." To this Abe Cruz, one of the writers, nodded in approval.




Bantayog ni Rizal sa Poblacion, Macabebe, Pampanga (itinayo, 1919) bago tanggalin sa pedestal na ito sa tapat ng munisipyo at ilipat sa ibang lugar noong bandang 2009. IAN CHRISTOPHER B. ALFONSO




Bantayog ng “King of Macabebe” (1934) sa Poblacion, Macabebe, Pampanga. RUSTON BANAL




Panandang marmol na dating nakalagay sa pedestal ng bantayog ng "King of Macabebe." Nawala na ito nang pagpalitin ng puwesto ang "King of Macabebe" at si Rizal sa Poblacion, Macabebe, Pampanga noong 2009. IAN CHRISTOPHER B. ALFONSO

> How Agoncillo arrived at this conclusion, I have no way of knowing. But after he made this statement, I came across the first mention of the Macabebes in Philippine history. This was at the Battle of Bankusay in May 1571 (sic, Hunyo).[63]
>
> (Ilang buwan bago siya mamatay, ako at si Teodoro Agoncillo ay nasa tanggapan ni Serafin Quiason [isang Pampango] sa Pambansang Aklatan, kasama ang [isang] grupo ng mga manunulat. Nakausap ko siya hinggil sa mga Macabebe.
>
> "Alam mo," banggit niya, "kaiba sila sa lahat ng mga Pampango. Naniniwala ako na nagmula sila sa mga Mexicano." Tinanguan ito ni Abe Cruz [na Pampango rin], isa ring manunulat.
>
> Wala akong alam kung bakit nagkaroon ng ganitong konklusyon si Agoncillo. Ngunit makaraan ang pahayag niyang ito, natuklasan ko ang unang pagkakabanggit sa Macabebe sa kasaysayan ng Pilipinas. Ito ay sa Labanan sa Bangkusay noong Mayo 1571 [sic, Hunyo]).

Iginiit ni Tayag na imposibleng mula sa Mexico ang mga Macabebe, dahil sila ang *unang* mga katutubo sa bahaging ito ng mundo na nagdeklara ng digmaan sa mga Espanyol noong 3 Hunyo 1571, sa kabila ng pag-abandona sa kanila ng mga Tagalog. Pinamunuan ng "Hari" ng mga Macabebe ang 2,000 mandirigmang Muslim ng Macabebe at Hagonoy (itong huli ay sa Bulacan na ngayon), na ang layon ay palayasin ang mga Espanyol—ngunit sinadya ng mga Espanyol na hindi pangalanan ang "Hari" sa mga dokumento. Tinanggihan ng nasabing "Hari" ang alok na pakikipagkaibigan ng mga kinatawan ni Miguel Lopez de Legazpi at sinabihan silang: "Hatiin nawa ng araw ang aking katawan at tuluyan na akong ikahiya ng kababaihan sa puntong makipagkaibigan ako sa inyo." Mahigit 2,000 sundalo ang pinamunuan ng "Hari" na sumalakay sa mga Espanyol sa Look ng Maynila. Lulan sila ng 40 *caracoa*, mga dambuhalang sasakyang pandagat na ginamit sa pakikidigma sa Timog-Silangang Asya. Dahil sa pumuputok na armas (*harquebus*) ng mga Espanyol at tulong ng mga kaalyadong mandirigmang Bisaya, natalo ang mga taga-Macabebe at taga-Hagonoy, at napatay sa laban ang "Hari." Itinuring siyang pinakamatapang sa kapuluan, at ang pagkatalo niya ang nagpalakas ng

[63] Renato D. Tayag, *Recollection & Digressions* (S.l.: Philnabank Club, 1985), 156-7.

loob sa mga Espanyol na tuluyang sakupin ang Luzon.[64] Siya ang pinarangalan ng Macabebe sa monumento nito na "King of Macabebe" noong 1934.

Sa pag-aaral naman ng Thomasite na si Luther Parker sa lipunang Pampango noong 1911, ganito niya inilarawan ang bayan ng Macabebe:

> The Pampanga[n]s have had one town that has remained loyal to constituted authority through three hundred years, the renowned town of Macabebe. There is a popular misconception... [that] the Macabebes [are] a distinct tribe different from the Pampangans. This is not true. In fact the Macabebe is the true Pampangan since it is quite likely that the town… was one of the original towns founded on the bay by the first settlers in Pampanga.
>
> The Macabebes were noted as fighters even before the settlement of Pampanga..., fine and loyal and brave body of oriental troops as can be found in all the East.[65]
>
> (May isang bayan ang mga Pampango na naging tapat sa namamahalang awtoridad sa loob ng tatlong daang taon [rehimeng Espanyol], ang kilalang bayan ng Macabebe. May malaganap na miskonsepsyon, na ang mga Macabebe... ay ibang *tribo* kaysa mga Pampango. Hindi ito totoo. Ang katunayan nito, mga Macabebe ang tunay na Pampango dahil malamang sa malamang... sila ang isa sa mga unang bayan… na itinatag sa baybay-dagat ng mga unang nanirahan sa Pampanga.
>
> Ang mga Macabebe ay kilalang mga mandirigma bago pa man itatag ang Pampanga [bilang probinsya ng mga Espanyol]..., matitino, matatapat, at matatapang na pangkat ng hukbong oryental katulad ng iba pang matatagpuan sa Silangan.)

Kung hindi mga Pampango ang tinutukoy na "taksil" at "dugong aso", mga Macabebe ang tumatanggap sa mga naturang insulto.[66] Kaugnay naman ng problemang

---

[64] Tingnan ang Ian Christopher B. Alfonso, *The Nameless Hero: Revisiting the Sources on the First Filipino Leader to Die for Freedom* (Lungsod ng Angeles: Holy Angel University Press, 2016).

[65] Luther Parker, "Some notes in Pampanga, 1911." *Luther Parker Collection*, Box No. 2, Folder No. 43, Document No. 248, pp. 7-8, University of the Philippines Diliman Main Library Special Collection.

[66] Tingnan ang Tonette Orejas, "Macabebe Stigma: The fight to remove 'dugong aso' tag," *Philippine Daily Inquirer*, 10 Hunyo 2014.

ito ang kuro-kuro ni Larkin na nang dahil "hindi nakisama sa hangarin [ng Himagsikang Pilipino] at iba ang tinahak[,] binalewala o itinuring na mga taksil" sa kasaysayan ang mga Pampango.[67] Kaya't problema rin ang pag-unawa sa kalagayan ng Macabebe at kung paano ito mabibigyan ng puwang sa kasaysayan ng Himagsikan sa Pampanga at ng Pilipinas nang may imparsyalidad.

*Ang Kasalimuotan ng Himagsikan bilang Pangyayari at Proseso*

Gamit bilang halimbawa ang mekanismo at daynamiks ng Himagsikan sa Bikol, ayon kay Padre John Schumacher, SJ, may "*distinct character*" ang Himagsikan sa labas ng Maynila na kailangang pagtuunan ng pansin sa historyograpiya ng Himagsikan.[68] Ayon pa sa kaniya, kapansin-pansin sa mga pag-aaral tungkol sa kasaysayang panlipunan ng mga lalawigan ang "sapat na patunay na may iba't ibang dahilan, epekto, at karakter ang Himagsikan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas, na bubuwag sa mga *monolitikong paglalahat* na parating nangingibabaw" (akin ang diin).[69] Nais makita ni Schumacher ang "malinaw na kasalimuotan" ng Himagsikan at "ano pa ang kailangang gawin upang mabuo ang komprehensibong larawan nito."[70] Kung ilalatag naman ang "natatanging

---

[67] Larkin, "Pampanga views," 599.

[68] Cf. John N. Schumacher, "Foreword," sa *The Philippine Revolution in the Bicol Region*, ni Elias M. Ataviado, unang tomo (Lungsod ng Quezon: New Day Publishing, 1998), iii.

[69] Schumacher, "Recent Perspectives," 445.

[70] *Ibid*., 445-6.



Pantaleon Villegas. USC CEBUANO STUDIES CENTER

karakter" na ito ng Himagsikan sa mga lalawigan, makikita ang kasalimuotan na naobserbahan ni Larkin, sa kaso ng Pampanga. Sa pangungusap naman ni Resil Mojares, "sa lahat ng lagay ng himagsikan, ito [Himagsikang Pilipino] ay isang pangyayari na masalimuot at malabo,"[71] kaya't hindi nag-iisa ang Pampanga na may masalimuot na mekanismo at daynamiks.

Tulad sa Pampanga, ang Himagsikan sa Cebu ay may kasalimuotan din. Pinaslang mismo ng mga manghihimagsik sa Carcar, Cebu ang kanilang pinuno na si Pantaleon Villegas, alyas Leon Kilat, noong 8 April 1898, limang araw matapos ideklara ang paghihimagsik ng mga Cebuano laban sa mga Espanyol. Pagtataksil ang agad na idinikit sa insidenteng ito, na ayon kay Phoebe Zoe Maria U. Sanchez, ay isang padalos-dalos na pagtataya. Sa pag-aaral ni Sanchez, sapin-sapin ang mga isyu sa likod ng pagpatay kay Leon Kilat, na mauugat, ayon sa kaniya, sa *kalabuan ng himagsikan* sa mga Cebuano at ang dala-dala nitong diwa ng pamayanang pambansa:

> Walang duda na ang pananaw ng tunay na kalayaan ay siyang nag-uudyok kay Heneral Villegas na manghimagsik. Ngunit sayang lamang at *hindi lubos na naiintindihan ang kanyang pakay* at siya'y pinaslang mismo ng kanyang mga kasamahan sa pinakahayop na pamamaraan.[72] (Akin ang diin)

[71] Resil B. Mojares, "Reiventing the Revolution: Sergio Osmeña and Post-Revolutionary Intellectuals in the Philippines," *Philippine Quarterly of Culture and Society* 24:3/4 (Setyembre/Disyembre 1996), 269/269-86.

[72] Phoebe Zoe Maria U. Sanchez, "Ang Pagtataksil ng mga Carcaranon sa Rebolusyon," *Daluyan* 9:1-4 (2000), 357-8.

Paliwanag pa ni Sanchez, ang "pakikibaka upang marating ang kalayaan ay isang mabigat na tungkulin at isang mahabang proseso na hindi kakayanin ng iilan lamang."[73] May kaugnayan dito ang dalumat ni Francis Gealogo sa *kalayaan-bilang-proseso*. Gamit ang diwa ng kalayaan nina Rizal, Bonifacio, at Mabini, ayon kay Gealogo:

> ...when Jose Rizal, Andres Bonifacio, and Apolinario Mabini talked about freedom, they did so from the perspective of freedom as a complete, indivisible concept: a process, condition, and value all merged into one, that could be effected only through the collective enterprise of the people.[74]
>
> (...sa pagdalumat nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, at Apolinario Mabini ng kalayaan, hinugot nila ito mula sa dalumat na ang kalayaan ay isang buo at hindi mabibiyak na diwa: ito ay pinagsasama-sama bilang isang proseso, kondisyon, at pagpapahalaga na iiral lamang sa kolektibong pagsusulong ng mga tao.)

Kakambal ng prosesong ito ang *panahon*: panahon upang makibagay, tanggapin, at tangkilikin ang pangkalahatang pagbabago, na siyang pinakaesensya ng himagsikan—ang ganap na pagbaklas sa kaayusang umiiral, i.e., kaayusang kolonyal. *Pagbabagong puri* ang termino rito ni Mabini. Ang *mga panahong* ito ay napagkait sa mga Pilipino sapagkat isang linggo't kalahati lamang mula nang itatag ang República Filipina (Malolos, Bulacan, 23 Enero 1899), sumiklab naman ang Digmaang Pilipino-Amerikano (Sta. Mesa, Maynila, 4 Pebrero 1899). Kung kaya't hindi tahasang masasabing naunawaan na ng marami noon ang diwa ng pagiging bansa, o nagkaroon nga ng isang "pambansang pagkamulat" (*national awakening*) noong mga huling taon ng ika-19 na

---

[73] *Ibid*., 358.

[74] Francis A. Gealogo, "Freedom as a process, condition, and value," sa Maria Serena I. Diokno, pat., *A Sense of Nation: The Birthright of Rizal, Bonifacio, and Mabini* (Maynila: National Historical Commission of the Philippines 2016), 83.

siglo. Malaki rin ang epekto ng biglang pagpasok sa eksena ng Estados Unidos sa paglaganap ng diwa ng Himagsikang Pilipino.

Sa pag-aaral ni Volker Schult sa naging galaw ng Himagsikan sa Mindoro, dayuhan ang ideya ng kalayaan at Himagsikan para sa mga taga-Mindoro. Tinawag ni Schult na *imported revolution* ang Himagsikan dahil mga taga-labas ang nagpasok nito sa Mindoro[75]—isang nagngangalang Juan Naguit ng Cavite ang nanguna sa pagsiklab ng Himagsikan doon noong 22 Mayo 1898. Dahil sa lapit ng Mindoro sa Batangas, nakatulong ang mahigit 1,000 Batangueñong manghihimagsik sa pagkubkob sa Calapan, kabisera ng Mindoro, noong 1 Hulyo 1898.[76] Tanging *principalia*, na may kanikaniyang mga tagasunod, lamang ang naengganyo na yakapin ang Himagsikan. Hindi ito popular sa ordinaryong mamamayan sa Mindoro dahil sa kawalan ng anumang maaaring maging dahilan upang labanan ang mga Espanyol. Tulad ng karanasan ng mga taga-Mindoro sa Himagsikan, sa labas ng Pampanga nanggaling ang pagkilos laban sa Espanya.

## G. Potensyal na Ambag sa Pag-aaral

Dalawa ang nakikitang ambag ng pag-aaral na ito: ang pagsulat sa kasaysayan ng Himagsikan sa Pampanga at ang pagtitistis sa proseso ng pagiging bahagi ng mga Pampango ng isang pambansang komunidad. Inaasahan na kahit papaano ay makatulong

---

[75] Volker Schult, "Revolution and War in Mindoro, 1898-1903." *Philippine Studies* 41:1 (Unang Kwarter 1993), 77/76-90.

[76] *Ibid*., 79.

ang pag-aaral na ito na mabigyang konteksto ang desisyon ng ilang mga Pampango na protektahan ang interes ng Espanya, at ang kabalintunaan naman nito, na isa di umano ang Pampanga sa unang mga lalawigang lumaban sa mga Espanyol noong Himagsikang 1896. Sa kabila ng kakumplikaduhan, kinakailangang maipaliwanag nang maayos sa kasalukuyang henerasyon ng mga Pilipino ang proseso ng pagiging bansa, at ito'y hindi madali.[77]

[77] Maganda ang repleksyon ni Niels Mulder sa estado ng pagtuturo sa mga paaralan sa bansa ng "pambansang komunidad" sa nagdaang limampung taon. Ayon sa kaniya: "Marahil ay kasangkapan ang mga paaralan ng propaganda... ng paglikha ng isang pambansang komunidad mula sa pagkakaiba-iba ng 7,107 pulo at 111 wika at kultura." Cf. Niels Mulder, "The Ideology of Philippine National Community," *Philippine Studies* 46:4 (Ika-4 na Kwarter 1998), 477/477-91.

# IKALAWANG KABANATA

# HISPANISADONG PAMPANGA

Bago ang Himagsikang 1896, kilala ang mga Pampango dahil sa mahabang kasaysayan nito ng pagiging masunurin at matapat sa mga Espanyol. Sa katunayan, dalawang dekada bago ang Himagsikan, puring-puri pa ng Espanyol na mamamahayag na si Jose Felipe Del-Pan ang mga Pampango bilang "*los leales compañeros en nuestras desgracias y en nuestras glorias*" ('matapat na kasama sa aming mga kasamaang-palad at aming mga tagumpay').[1] Tila may tono pa ng pag-asa si Del-Pan na manatili pa rin ang mga Pampango na matatapat na sakop ng Espanya sa panahong punong-puno ng krisis politikal sa imperyong Espanya dahil sa diwa ng liberalismo, kalayaan, demokrasya, republikanismo, pagkakapantay-pantay, at karapatang pantao.

## Sino ang mga Pampango?

Mga Espanyol na ang tumawag ng "Pampango" sa mga katutubo ng Luzon na nasa hilagang Look ng Maynila. *Demonym*[2] ito na hinango sa lugar na kung tawagin ay

---

[1] Jose Felipe Del-Pan, "Una Vista al P. Juan de Capas y as sus Aetas en 185…" *Revista de Filipinas* 1:1 (1875), 300.

[2] Termino ito na pantukoy sa palasak na pagkakakilanlan sa mga mamamayan ng isang teritoryo.

"Pampanga," isang *geopolitical unit* sa Luzon na binuo ng mga Espanyol matapos itatag ang Lungsod ng Maynila noong 1571. Walang kahulugan ang "Pampanga" sa wikang Kapampangan—ang tanggap na tawag ng mga Pampango sa kanilang wika—sapagkat kurapsyon ito ng mga Espanyol[3] sa salitang "Capangpangan,"[4] ang matandang pangalan ng Pampanga na lumitaw sa mga talang Espanyol. "Pook ng mga pampang" ang literal na ibig sabihin ng Capangpangan,[5] at ang anyong semantikal nito ay tipikal sa Kapampangang

---

[3] Ang "Capangpangan" bilang sinaunang anyo ng pangalang "Pampanga" ay unang iminungkahi ng mga iskolar na sumulat sa kasaysayan ng mga lalawigan ng Filipinas sa *Census of the Philippine Islands* noong 1903: "The Pampangan occupy the rich central valley of Luzón, the flood plain of the Río Grande de la Pampanga. *The ancient form of this name is Capangpangan*, which is composed of the word pangan [*sic*], 'bank of the rivers,' the prefix *ca* or *ka*, signifying a place, and the suffix *an*, which means multitude, the whole meaning 'where there are a great many river banks,' a natural designation for this region when we consider the innumerable esteros and river mouths which cross the lower part of this province facing the north of Manila bay." Ito rin ang paliwanag ng historyador na si Padre Miguel Bernad, SJ: kurapsyon ang "Pampanga" ng "Capampangan" na ang ibig sabihin ay "*region of cliffs or river-gorges; and it was along these rivers that the principal villages were located, some of which were fortified*." Cf. U.S. Bureau of the Census, *Census of the Philippine Islands, 1903* (Washington, DC: U.S. Bureau of the Census, 1905), Tomo I, 450; Miguel A. Bernad, *The Christianization of the Philippines: Problem and Perspectives* (Manila: The Filipiniana Book Guild, 1972), 111-2.

[4] Ang pinakamaagang batis na nagbabanggit sa pangalang "Capampangan" ay may petsang 1572. Tatlong beses na binanggit ang pangalang "Capanpanga" (sic): una, bilang *provincia* na may "maraming ilog na pinamamayanan ng mga tao;" pangalawa, bilang *provincia* ng mga katutubo na nagtungo sa Maynila upang ipaalam sa mga Espanyol na may bihag silang dalawang kababayan ng mga ito (isang Fleming at isang Vizcayano), at sa mga ito sila "natutong gumawa ng kanyon;" at pangatlo, *provincia* na ayaw pasakop, lalo na ang mga Moro ng Betis na "ayaw makipagkaibigan sa mga Espanyol." Cf. "Conquest of the Island of Luzón, Manila, 20 April 1572," sa *The Philippine Islands 1493-1898* pinamatnugutan nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909), Tomo 3, 157, 160, 162.

[5] Ayon kay Padre Diego Bergaño, OSA noong 1732, "Capangpañgan" ang tawag ng mga katutubo ng lalawigang ito sa Pampanga dahil 'marami itong pampang at mga ilog' ("*y así llaman esta prov. porque está en lugar de muchas orillas, de muchos rios*"). Cf. "Pangpang," Diego Bergaño, *Vocabulario de la Lengua Pampanga en Romance* (Maynila: Imprente de Ramirez y Giraudier, 1732/1860), 172.

*toponymy*[6] (e.g., Cabalantian,[7] Caputatan,[8] Cabanatuan[9]). Naitala naman sa huling habilin ng isang *mapia*[10] o naghaharing uri/kadatuan/nobilidad na si Pansomun (Fernando Malang Balagtas ang binyagang pangalan) noong 1589 ang mga pamayanang saklaw ng Capangpangan: halos nakakalat sa bahaging delta ng Rio Grande de la Pampanga sa Gitnang Luzon na binubuo ngayon ng mga lalawigan ng Pampanga, Bulacan, at Nueva Ecija.[11] "Capangpangan" din ang tawag sa pangunahing ilog na dumadaloy dito na kalauna'y nakilala bilang Rio Grande de la Pampanga.[12]

Sa kasalukuyan, *Kapampangan* ang tanggap na tawag sa mga Pilipinong nagsasalita ng naturang wika sa Gitnang Luzon. Ang mga Kapampangan ay matatagpuan hindi lamang sa Pampanga kundi maging sa Dinalupihan at Hermosa, Bataan; sa Lungsod

---

[6] *Toponymy* ang pag-aaral sa mga pangalang lugar.

[7] Nangangahulugang pook ng mga *balanti* (*Homonoia riparia*) na isang uri ng bakawan na ginagamit bilang pangkulay, i.e., itim. Cf. US Bureau of the Census, *Census of the Philippine Islands, 1903* (Washington: US Bureau of the Census, 1905), Tomo 4, 122-3; Peter Hanelt Institute of Plant Genetics and Crop Plant Research, pat., *Mansfeld's Encyclopedia of Agricultural and Horticultural Crops* (Germany: Springer, 2001), Tomo 1, 1197.

[8] Nangangahulugang pook ng mga punong *putat* (*Barringtonia racemose*) na ginagamit bilang gamot. Cf. Eduardo A. Quisumbing, *Medicinal Plants of the Philippines* (Lungsod ng Quezon: Katha Publishing Company, 1978), 650-1.

[9] Nangangahulugang pook ng mga punong *banato* (*Mallotus philippensis*) na ginagamit bilang pangkulay, i.e., pula. Cf. Quisumbing, *Medicinal Plants of the Philippines*, 521; Umberto Quattrocchi, *CRC World Dictionary of Plant Names* (Florida: CRC Press LLC, 2000), Tomo 3, 1600.

[10] Cf. "Ap-pia" at "Dayi," Bergaño, *Vocabulario*, 21, 89.

[11] Cf. Ian Christopher B. Alfonso, "Revisiting the Sources of the Founding of an Early Spanish Town: The Case of Calumpit, Bulacan." *Journal of Philippine Local History and Heritage*, 1:1 (Pebrero 2015), 92-104/79-125.

[12] Miguel de Loarca, "Relacion de las Yslas Filipinas, Arevalo, June, 1582." Sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 5, 102.

ng Tarlac, Bamban, Capas, at Concepcion, Tarlac; at sa Cabiao, Nueva Ecija.[13] Hindi na bago ang pagtawag ng mga katutubong ito sa sarili nila bilang Kapampangan. Naitala ng leksikograpong si Padre Diego Bergaño, OSA noong 1732 ang kasabihang "*eres soverbio, Pablasangdayacang Capampangan*" (sic, *pablasang daya kang Kapampangan*) na ang ibig sabihin ay "mayabang ka, palibhasa dugong Kapampangan ka."[14] Mga taga-labas din ang tumatawag sa mga Kapampangan ng Pampangueño at Pampangan, bagaman sa mga dokumentong historikal noong panahon ng mga Espanyol, *Pampango* ang pantawag sa kanila.[15] Sa pag-aaral na ito, *Pampango* ang ginamit upang ipantukoy sa mga Kapampangan ng Pampanga.

Dahil inabutang nananampalataya ng Islam, *Moro* (Muslim) ang pangkalahatang tawag sa mga Pampango at Tagalog sa mga tala ng mga Espanyol noong una.[16] Sa *Boxer Codex* (ca. 1594) kakatwang nabanggit ang mga Tagalog at Moro bilang hiwalay na mga katutubo ng Luzon. Kung babasahin ang tala sa *Boxer Codex* tungkol sa mga Moro, kulturang Tagalog ang inilalarawan. *Bagaman*, napansin mismo ng sumulat ng *codex* na iba ang wika ng mga Moro ng Luzon sa mga Tagalog.[17] Wala nang maaaring tukuyin pang

---

[13] Tingnan ang bagong dokumentasyon sa wikang Kapampangan sa Komisyon sa Wikang Filipino, *Atlas ng mga Wika ng Filipinas* (Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2017), 95.

[14] Bergaño, *Vocabulario*, 87.

[15] Komisyon sa Wikang Filipino, *Atlas*, *ibid*.

[16] "Conquest of the Island of Luzón," 141; Miguel Lopez de Legazpi, "Letter to Felipe II, 25 July 1570" sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3, p. 109.

[17] Cf. George Bryan Souza at Jeffrey S. Turley, mga pat., *The Boxer Codex: Transcription and Translation of an Illustrated Late Sixteenth-Century Spanish Manuscript Concerning the Geography, Ethnography and History of The Pacific, South-East Asia and East Asia* (Leiden: Koninklijke Brill, 2016), 83 (transkripsiyong Espanyol), 362 (saling Ingles).

*Moro* ang Boxer Codex na malapit sa Tagalog kundi ang mga Pampango. Isa pang napansin ng sumulat ng *codex* na kaibahan ng mga Moro sa mga Tagalog ay ang mga karakter ng panulat na mayroon sila (*Tienen çiertos carat*[*er*]*es que les sirven de letras con los quales escriuen lo que quieren. Son de muy diferente echura de los demas*




Mga *maginoo* (kadatuan, *principal*) ng Luzon, mula sa Boxer Codex (ca. 1590). LILLY LIBRARY, INDIANA UNIVERSITY

*que sauemos hasta oy*).[18] Kung ikukumpara sa *baybayin* ng mga Tagalog[19] at iba pang panulat, iba ang *stroke* ng *kulitan*[20] ng mga Pampango: matalim, payak, mabilis.[21] Ang kapayakan ng kasuotan ng kababaihang Moro ng Luzon kumpara sa makukulay at magarbong pananamit ng kababaihan sa Bisaya ay napuna rin ng sumulat ng *Boxer Codex*—repleksiyon ng pananamit ng mga Pampango na ayaw ng matitingkad na kulay tulad ng maliwanag na dilaw at kahel.[22] Panahon ni Gob. Hen. Luis Perez Dasmariñas (1593-1596) tinatayang sinulat ang *Boxer Codex*; bagaman sa isang ulat tungkol sa kaniyang panahon noong 1609, ginagamit na ang *demonym* na Pampango.[23] Tinawag na lamang silang Pampango kalaunan upang hindi mapagkamali sa kalapit pangkat katutubo nila, i.e., Tagalog. Magkaiba man ang wika, inabutan ng mga Espanyol ang mga Pampango at Tagalog na magkakaugnay sa maraming bagay tulad sa politika, gawi, pananamit, komersyo, at pananampalataya.

---

[18] *Ibid*.


[19] Cf. "A, B, C" sa Domingo de los Santos, *Vocabulario de la Lengua Tagala* (Maynila: Imprenta Nueva de D. Jose Maria Dayot, 1794/1835), 2; "A, B, C" sa Pedro de San Buenaventura, *Vocabulario de la Lengua Tagala* (Pila, Laguna: Thomas Pinpin y Domingo Loag, 1613), 1, 627.

[20] Cf. "Culit" sa Bergaño, *Vocabulario*, 83.

[21] Tingnan ang paghahanay at paghahambing sa mga katutubong panulat sa Filipinas sa Cipriano Marcilla y Martín, *Estudio de los Antiguos Alfabetos Filipinos* (Malabon: Tipo-litografia del Asilo de Huérfanos, 1895), Talahanayan Blg. 6: Antiguos Alfabetos Filipinos.

[22] Cf. Souza at Turley, mga pat., *The Boxer Codex*, 85 (Esp.), 364 (Eng). Naririnig ko sa aking ama (na taal na taga-Macabebe) noong bata kami ang mga katagang "*Bala Bisaya kayu*" o 'parang Bisaya kayo,' sa tuwing bibili ang nanay namin (na isang Bikolana) ng maliliwanag na damit tulad ng dilaw at kahel o kung magsusuot kami ng mga iyon sa misa o lakad. Paliwanag ni Dr. Vicente Villan (sa isa sa aming huntahan noong 2012), masasayang kulay ang dilaw at kahel para sa mga Bisaya.

[23] Cf. Juan Manuel dela Vega, "Expedition to the Province of Tuy, 3 July 1609" sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 14, 282.




Ilustrasyon ng mga Olandes sa bangkang pandigma na *caracoa*, 1602. GETTY RESEARCH INSTITUTE

Mga 50 taon bago dumating ang mga Espanyol sa Luzon, may tala na ang mga Portuges tungkol sa mga mandirigma at mangangalakal na taga-Luzon na tinawag nilang mga "Luçoes" (Luzoes). Hango ang *Luçoes* sa pangalan ng Luzon, na orihinal na tumutukoy sa mga pamayanang Tagalog at Pampango na nakapaligid sa Look ng Maynila, kabilang ang Mindoro na tinawag namang "maliit na Luzon" [24] ng mga Espanyol.[25] Sa teorya ni William Henry Scott:

> The fact that Macabebe was able to attack Legazpi's fleet with forty *karakoas* only two weeks after he landed in Manila also suggests that Kapampangans may have been among the "Luzones"...[26]
>
> (Ang katotohanan na nagawang umatake ng Macabebe sa hukbo ni [Gobernador-Heneral Miguel Lopez de] Legazpi, lulan ng apatnapung karakoa (sasakyang pandigma ng mga Malay) ay nagpapahiwatig na kabilang marahil ang mga Pampango sa mga "Luzones"…)

---

[24] Ang pangalang "Luzon" ay orihinal na tumutukoy sa mga pamayanan na nakapaligid sa Look ng Maynila at isla ng Mindoro. Pinatotohanan ito sa dalawang ulat ng mga Espanyol noong 1570: "malaking Luzon" ang tawag sa isla kung saan matatagpuan ang tanyag na Maynila; "maliit na Luzon" naman ang Mindoro. Cf. Hernando Riquel, "Act of Taking Possession of Luzon, 6 June 1570," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3, p. 105; "Relation of the Voyage to Luzon, 1570," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3, p. 74.

[25] Ang pinakamalapit na maaaring pinaghanguan sa pangalang Luzon ay ang salitang Kapampangan na "lusung" o pag-abante tulad sa digmaan ("*Ir adelante, puramente*"). Ito rin ang akto ng paglalakad sa baha o sa mababaw na parte ng ilog o dagat. May kaugnayan naman ito sa Tagalog na "lusong" na tumutukoy sa paglundag mula sa mataas patungo sa ibaba. Maaaring may kaugnayan ang salita sa salitang ugat ng "Tagalog" na "alog" o mababaw na bahagi ng anyong tubig. Kung papansinin ang topograpiya ng mga pamayanan sa paligid ng Look ng Maynila, malapit ang mga ito sa katubigan. Cf. "Lusung," Bergaño, *Vocabulario*, 153; Ivan de Noceda at Pedro de San Lvcar, *Vocabulario de la Lengua Tagala* (Maynila: Imprenta de la Compañía de Iesvs, 1754), 328.

[26] William Henry Scott, *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society* (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1994), 244.

*Caracoa* ang tawag sa mga dambuhalang sasakyang pandagat na pandigma na laganap sa Ternate at Moluccas. Kaya nitong maglulan ng 100 hanggang 200 katao. Simbolo ito ng pagiging makapangyarihan ng isang komunidad.[27]

**Pagpapatahimik sa Pampanga (1571-1603)**

Sa unang tatlong dekada ng mga Espanyol sa Luzon (1571-1603), sinikap munang patahimikin ng mga Espanyol ang mga Pampango, na "pinakatanyag sa pagiging napakamakapangyarihan"[28] at ang "pinakapaladigma."[29] Madali namang napasunod ang mga Pampango dahil napaslang ng mga Espanyol sa Labanan sa Bangkusay noong 3 Hunyo 1571 ang pinuno ng mga taga-Macabebe na itinuring nilang "ang pinakamatapang sa kapuluan,"[30] na kahit si Lakan Dula ng Tondo ay hindi napigilan. Sa malaong ulat ni Gob. Hen. Francisco de Sande noong 1577, napansin niya na napasuko nila ang mga katutubong nanlaban tulad ng mga Pampango dahil "nawalan na sila ng pinuno na kanilang titingalain."[31] Walang paglaban na nangyari sa Macabebe matapos ang Labanan sa

[27] Simbolo ang *caracoa* ng kapangyarihan sa dagat at ang anumang pamayanan na mayroon nito ay may kakayahang manalakay. Cf. Fe Mangahas, Ma. Bernadette Abrera, at Carlos Tatel, "Paglinang ng Kabihasnan at Bayan," sa *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*, pinamatnugutan nina Jaime B. Veneracion at Ferdinand C. Llanes (Maynila: National Historical Commission of the Philippines; Lungsod ng Quezon: ADHIKA ng Filipinas, Inc., 2012), 25-6.

[28] "Conquest of the Island of Luzón," 162.

[29] Gaspar de San Agustin, *Conquistas de las Islas Filipinas* (Maynila: San Agustin Museum, 1698/1998), 550-1.

[30] *Ibid*.

[31] Francisco de Sande, 1577," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4, 106.

Bangkusay, at agad kinilala ng mga Muslim doon ang kapangyarihan at lakas ng mga Espanyol, lalo na ang *harquebus* (baril).[32] Ngunit hanggang maaari, iniwasan ni Legazpi na magkaroon ng gulo sa pagitan ng mga Espanyol at katutubo. Para kay Legazpi, madaling mabilog ang ulo ng mga katutubo, dahil di umano, makakaya silang masakop ng mga Espanyol sa pamamagitan lamang ng balat-kayong pakitang tao at kabutihan.[33]

Nang pumanaw si Legazpi noong 1572, hindi napigilan ang kalupitan ng mga sundalo at opisyal na Espanyol lalo na sa mga Pampango. Noong 1584, sinamantala ng mga Pampango ang sigalot sa hanay ng mga sundalong Espanyol sa Pampanga[34] (na nag-aaway-away dahil sa pa-suweldo). Dahil dito, sa loob lamang ng dalawang araw, nakabuo ng malaking puwersa ang mga aping Pampango, sa ilalim ng dalawang di pinangalanang pinuno.[35] Iyon nga lamang, naunsyami ang pag-aalsa dahil ikinanta ng isang babaeng katutubo ang plano sa asawa nitong Espanyol.[36] Ayon sa ulat, kayang guluhin ng puwersang ito ng mga Pampango ang Luzon kaya't pinatatag ng mga Espanyol ang depensa sa Maynila. Ayon kay Morga, pinarusahan ng pamahalaang kolonyal ang mga tao sa likod ng plano.[37]

---

[32] Tungkol sa *harquebus*, cf. Francisco de Sande, "Relation and Description of the Phelipinas Islands, 8 June 1577," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4, 105.

[33]Miguel Lopez de Legazpi, "Relation of the Filipinas Islands and of the Character and Condition of Their Inhabitants, Cebu, ca. 1569." sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3, 59-60.

[34] Rojas, "Letter to Felipe II," 270-1.

[35] Juan de Ledesma, "Letter to Felipe II from Various Officials, Manila, 24 June 1586," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 6, 238.

[36] Cf. Sinibaldo de Mas, *Informe sobre el Estado de las Islas Filipinas en 1842* (Madrid : s.n., 1843), tomo 1, 51.

[37] Morga, *Sucesos*, 22.

Noong 1588, pinatunayan ng Pampangong *principalia*—mga miyembro ng kadatuan o nobilidad—sa mga Espanyol na "wala silang digmaan sa mga Espanyol upang




Miguel Lopez de Legazpi, obra ni Baltasar Giraudier, mula sa *Ilustración Filipina*, 15 Hunyo 1860.
BIBLIOTECA NACIONAL DE ESPAÑA

magbanta laban sa mga ito, at gayundin *may mabuti silang hari*."[38] Panahon iyon ng pag-imbita ng ibang pinuno ng Luzon sa mga Pampango para pabagsakin ang mga Espanyol. Nakilala iyon sa kasaysayan bilang ang "Sabwatan sa Tondo." Sa Pampanga, tanging ang *principal* lamang ng Candaba na si Dionisio Capulong ang sumuporta sa plano dahil anak siya ng inaping si Lakan Dula at kapatid ng isa sa utak ng plano, si Magat Salamat (na ayon sa kasaysayang lokal ng Hagonoy ay sinaunang pinuno ng naturang bayan at maaaring ito ang tinutukoy na anak ni Lakan Dula na nasangkot sa Labanan sa Bangkusay noong 1571[39]). Ipinatapon siya ng apat na taon sa di nabanggit na lugar at pinagmulta ng 12 taes ng ginto.[40]

Malaking bagay naman para sa mga Pampango ang utos ni Haring Felipe III na ipatanggol sila mula sa pag-atake at pamumugot ng ulo ng mga Zambal. (Zambal ang pangkalahatang tawag ng mga Espanyol sa mga katutubo ng kabundukan sa kanlurang Pampanga [i.e., Kabundukang Zambales], kabilang ang mga Aeta.) Bago dumating ang mga Espanyol, malimit na ang hidwaan ng mga Pampango at Zambal.[41] Dahil pinilay ng mga Espanyol ang militaristikong buhay nila, pinangambahan ng mga Pampango ang pagsalakay ng mga Zambal mula sa kabundukan. Nakita ng mga Espanyol ang pangangailangan noong 1586 na magtayo ng tanggulan sa Pampanga, partikular sa Lubao,

---

[38] Santiago de Vera, "Conspiracy against the Spaniards, 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 7, 103.

[39] Cf. NLP, "Hagonoy HDP," *Historical Data Paper*, Reel No. 12, 1.

[40] *Ibid*., 107.

[41] Miguel Lopez de Legazpi, "Relation of the Filipinas Islands and of the Character and Condition of Their Inhabitants, Cebu, ca. 1569," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3, 61.

na nasa paanan lamang ng Zambales.[42] Apektado ng pananalakay ng mga Zambal ang agrikultura sa Pampanga kaya't ganoon na lamang ang pagbibigay pansin sa seguridad ng Lubao. Mismong si Haring Felipe III na ang nag-utos kay Gob. Hen. Gomez Perez Dasmariñas na magtayo ng tanggulan sa Pampanga noong 1589.[43] Malala na ang sitwasyon ng seguridad sa Pampanga noong 1597 nang dalawang *alcalde mayor* na ng lalawigan ang napaslang ng mga Zambal. Ipinag-utos na ni Gob. Hen. Francisco de Tello na pasukin ng mga Espanyol ang kabundukan. Idineklara ni Tello na tapos na ang kampanya sa Zambales noong 1598 nang madakip ang pinuno ng mga Zambal na nagngangalang Casillan at makubkob ang kuta nito.[44] Naisip din ng pamahalaang Espanyol na gawing alipin ng mga Pampango ang mga Zambal. Ayon sa mga Pampango, titiisin na lamang nila ang trabaho sa bukid kaysa sa magkaroon ng kasamang Zambal dahil baka mapugutan lamang sila ng ulo.[45]

Lumaki lalo ang puso ng mga Pampango para sa hari dahil sa mga prayle. Ipinaramdam ng mga prayle sa mga Pampango na makatarungan ang hari, sa kabila ng kalunos-lunos nilang sitwasyon sa kamay ng mga *encomendero* at *alcalde mayor*. Unti-unting nagpatupad ang hari ng reporma sa pamamahala sa Pampanga tulad ng pagbuwag sa mga sobra-sobrang *alcaldia* o tanggapan ng *alcalde mayor* at unti-unting pagkumberta

---

[42] Santiago de Vera, "Memorial to the Council: Memorandum of the various points presented by the General Junta of Manila to the Council, so that in regard to each the most advisable reform may be instituted, 1586," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 6, 183.

[43] "Instructions to Gomez Perez Dasmarinas, August 9, 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 7, 156,

[44] "Letter from Francisco Tello to Felipe II, Manila, June 17, 1598," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 10, 160.

[45] Fernando de los Rios Coronel, "Memorial, y Relacion para sv Magestad, 1621," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 19, 280.

sa mga *encomienda* bilang *realenga* o *encomienda* ng hari (dahil sa kawalan ng mga tagapagma). Ang mga natirang *encomendero* sa Pampanga ay napuwersang sundin ang kautusan ng Real Audiencia noong 7 Disyembre 1598 na nagsasabing hindi dapat pumalya ang pagtustos ng Pampanga ng mga manok, baboy, at itlog sa Maynila tuwing buwan ng Abril, Mayo, at Hunyo.[46] Lalo itong pinagtibay ng *Recopilacion de las Leyes de Indias* noong 1618.[47] Ang loob ng mga Pampango ay wala sa mga *encomendero*, kundi sa hari—bagay na pinanatiling nag-aalab ng mga prayle sapagkat kalaban din nila sa interes ang mga sundalo at iba pang Espanyol na opisyal. Partikular na isyu ng mga pari ang bigong pagtustos ng mga *encomendero* sa mga gawaing pang-ebanghelisasyon.[48] Gayundin, hindi nakatutok ang mga binyagang Pampango sa gawaing relihiyoso, tulad ng pakikinig sa doktrina ng simbahan bago tanggapin ang sakramento ng binyag dahil aburido sila sa mga ipinapagawa ng mga sundalo at opisyal.[49]

Sinakyan ng mga opisyal at prayle ang epektong sikolohikal ng pagharaya ng mga Pampango na *mahalaga* sila sa hari. Nagbunga ito ng ibayong sigla sa mga Pampango, na sinundan ng mataas na produksyon ng pagkain sa Pampanga, hanggang sa ituring na ang lalawigan bilang “ang pinakaimportate sa lahat” ng nasa Pilipinas.[50]

---

[46] “Ordinances Enacted by the Audiencia of Manila,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 11, 293-6.

[47] Real y Supremo Consejo de las Indias, *Recopilacion de Leyes de los Reinos de las Indias* (Madrid, Viuda de D. Joaquín Ibarra, 1791), Tomo I, 388.

[48] Cf. “Royal Decree Regulating the Foundation of Monasteries, Aranjuez, 13 May 1579,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4, 142.

[49] Domingo de Salazar, “Affairs in the Philippine Islands,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 5, 212, 217.

[50] “Description of the Philippinas Islands, Manila, 1618,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 18, 96.

**Pamimihasa sa mga Pampango**

Dumating ang pagkakataon na hindi lamang panustos ang kayang ihandog ng mga Pampango sa hari: pati lakas at buhay nila, kung kinakailangan.[51] Noong 1603, nanawagan si Gob. Hen. Pedro Bravo de Acuña sa mga *alcalde mayor*, kabilang ang Pampanga, na magmobilisa ng mga katutubong tutulong sa pagpapahupa ng pag-aalsa ng mga Tsino sa Maynila. Pinakiusapan din ni Acuña, partikular ang mga Pampango, na padalhan lagi ng bigas at iba pang panustos ang Maynila bilang paghahanda sa pag-aalsa.[52] Kulang-kulang 4,000 sundalong Pampango ang naorganisa: 1,500 dito ay inarmasan ng *harquebus*—ang armas na pumatay at ipinantakot sa kanilang mga magulang at kaanak noong 1571.[53] Miyembro ng *mapia* o *principalia* ang itinalagang maging pinuno nila, dahil malaki ang inaasahan sa kanila ng lipunang Pampango bilang sila'y mga inapo ng mga bayani at mandirigma. Ayon kay Padre Bergaño, kakambal ng salitang *mapia* ang mga salitang *micap-pia* ('taong minatapang gawin ang kinakatakutan'), at *picaspian* o *picap-pia* ('ginawa nang buong katapangan'). Bago matapos ang 1603, nagapi ng magkasamang puwersang Espanyol at mga katutubo ang malaking bilang ng mga Tsino mula Maynila hanggang Batangas. Ito ang unang pagkakataon na humawak muli ng armas ang mga Pampango at sumabak sa labanan mula noong Labanan sa Bangkusay.

---

[51] "Description of the Philippinas [sic] islands, Manila, 1618..." *ibid.*

[52] Morga, Sucesos, 219.

[53] Bernardino Maldonado, "Letter from Bernardino Maldonado to Felipe III," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 34, 131, 134.

Ayon sa ulat ni Acuña, ipinagmamalaki ng mga Pampango ang pagiging bahagi nila ng hukbong kolonyal pagkat ang labang iyon ay para sa hari.[54] Kinilala rin ni Acuña ang papel ng mga prayle sa Pampanga upang mahimok ang mga Pampango na suportahan ang kampanya ng Espanya laban sa mga Tsino. Isang nagngangalang "Don Guillermo" ang *maestre de campo* o pinuno ng mga Pampangong sundalo, ang kauna-unahang lider militar ng Pampanga na naitala sa kasaysayan.[55]

Sa loob ng tatlong dekada, laman ng mga ulat ng mga opisyal ng Espanyol sa hari tungkol sa kondisyon ng Pilipinas ang tapang, giting, at husay sa pakikipaglaban ng mga Pampango. Noong 1620, kasama sa repormang iminungkahi ni Fernando de los Rios Coronel, *procurator-general* (punong tagausig) ng Pilipinas, kay Haring Felipe IV ang pagtrato nang maayos sa mga Pampango.[56] Inilarawan din ni Coronel ang katangiang ipinakita ng mga Pampango, na tinaglay nila hanggang sa huling mga araw ng mga Espanyol sa Pilipinas: katapatan sa hari ng Espanya.[57] Ipinarating pa ni Coronel kay Felipe IV kung gaano kakritikal ang papel ng mga Pampango sa tagumpay ng mga Espanyol laban sa mga Tsino; aniya, ikapupuksa ng mga Espanyol kung nakuha ng mga Tsino ang suporta ng mga Pampango. Sa katunayan, sa ulat ni Bartolomé Leandro de Argensola noong 1609, hinimok ng mga Tsino ang mga Pampango na labanan ang mga Espanyol ngunit tumanggi

[54] "Letter from Pedro de Acuña, Manila, December 18, 1603," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 12, 160-1.
[55] Fernando de los Rios Coronel, "Reforms Needed in the Philippines, 1619-1620," sa Blair at Robertson, *The Philippine Islands*, Tomo 18, 341.

[56] *Ibid*.

[57] *Ibid*., 341-342.

sila. Ayon pa kay Argensola, mas nanaisin pa di umano ng mga Pampango na puksain ang mga Tsino.

Bilib na bilib[58] si Acuña sa mga Pampango kaya siya mismo ang nakiusap na pasamahin ang mahuhusay manandata, ng *harquebus* at *musket*, sa Pampanga upang ipagtanggol ang himpilang Espanyol na itatatag sa Ternate (sa Indonesia ngayon).[59] Matapos ang Pag-aalsang Tsino ng 1603, ibinaling ni Acuña ang kaniyang pansin sa pangarap niyang ekspedisyon, bago pa man maunahan ng mga Olandes ang mga Espanyol: ang marating ang Ternate at Moluccas. Bunga ito ng pagsanib sa Espanya ng imperyo ng Portugal (1580-1640) na siyang may sakop sa Ternate at Moluccas. Iniatang naman sa Gobernador-Heneral ng Pilipinas ang pamamahala sa mga nasabing teritoryo.[60] Opisyal na tinanggap ni Acuña ang utos ng hari na sakupin ang mga nasabing isla noong 20 Setyembre 1605.[61] Sa Villa de Arevalo (Panay)—ang lupain ng *dating* kaaway ng mga Tagalog at Pampango, ang mga Bisaya—binuo ni Acuña ang nasabing ekspedisyon.[62]

Tinatayang may 344 Pampango at Tagalog sa ilalim ng mga katutubong pinuno na sina Guillermo Palaot (*maestro de campo* ng mga katutubo) at mga kapitang sina Francisco Palaot, Juan Lit, Luis Lont, at Agustin Lont. Idagdag pa rito ang 620 sundalong Pampango

---

[58] Maldonado, "Letter from Bernardino, 134.

[59] Consejo de las Indias, "The Terrenate Expedition, 5 and 15 August 1606," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 14, 173; Pedro Bravo de Acuña, "Letters from Pedro de Acuna to Felipe III, 1605," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 14, 53-4.

[60] Bartolomé Leonardo de Argensola, "Conqvista de las islas Malvcas, 1609" sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 16, 229-30.

[61] *Ibid*., 286.

[62] Morga, *Sucesos*, 228, 239.




Watawat at uniporme ng tropang Pampango sa hukbong Espanyol, 1780. ARCHIVO GENERAL DE INDIAS




Uniporme ng sundalong Pampango at Bulakenyo sa hukbong Espanyol, 1780.
ARCHIVO GENERAL DE INDIAS

at Tagalog, at 649 tagasagwan. Ayon sa ulat, kusa silang sumama sa ekspedisyon gamit ang sariling salapi, patunay na kabilang sa uring *principalia* ang mga ito.[63]

Para sa uring *principalia* ng Pampanga, habol nila ay ang karangalan na mapabilang sa hukbo ng hari at ang kaakibat pang pribilehiyo kung maging *sargento mayor*, *maestro de campo*, at kapitan pa sila ng mga sundalong Pampango: eksempsiyon sa pagbabayad ng tributo at sa iba pang gawain (ligtas maging ang mga anak nilang babae, asawa, at ina).[64] Upang makamit ang mga pribilehiyo, ang mga *principal* ay kinakailangang mag-organisa ng maraming Pampangong magsusundalo. Sa mangha ni Padre Juan de Medina, OP noong 1630, ang nasabi na lamang niya ay tila hindi nauubusan ng lalaki ang Pampanga sa dami ng sundalong isinasabak nito sa mga kampanyang militar (*Ha tenido este rincón muy gran saca de gente, que me espanto cómo hay varón*).[65]

Nang dahil kay Acuña, regular na naging bahagi ng hukbong Espanyol ang mga sundalong Pampango. Sa ulat kay Felipe IV, noong 13 Hunyo 1636, ipinagmalaki ni Juan Grau y Monfalcon, *procurator-general* ng Pilipinas, ang mga Pampango bilang matatapat na sundalo ng hari.[66] Ipinagmalaki rin ni Grau y Monfalcon ang halos araw-araw na pagpapakita ng katapangan ng mga Pampango at walang kaso di umano ng pag-aaklas, pagtataksil o pagbaliktad sa mga kaaway. Ipinakiusap pa niya sa hari na bigyan ng maringal

---

[63] Argensola, “Conqvista,” 309.

[64] Delgado, *Historia General*, Tomo I, 294.

[65] Juan de Medina, *Historia de los Sucesos de la Orden de N. Gran P. S. Agustín de estas Islas Filipinas* (Maynila: Tipo-Litografia de Chofre y Comp., 1630/1893), Tomo I, 128.

[66] Juan Grau y Monfalcon, “Military Services of Filipinos, 13 June 1636,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 25, 149-51.

na sagisag ang Pampanga, simbolo ng pasasalamat at pagkilala. Iniulat pa ni Grau y Monfalcon noong 1637 na nakakalat ang mga 140 Pampango sa mga tanggulan ng Maynila, Oton sa Iloilo, Cebu, Cagayan, at Caraga;[67] at dalawa pang Pampangong *infanteria*, na binubuo ng 200 sundalo, sa Moluccas.[68]

Narating muli ng mga Pampango ang dakong timog ng Pilipinas matapos ang mahigit 60 taon mula nang matalo ang mga ninuno nila sa Bangkusay, ngunit bilang kasangkapan ng mga mananakop. Noong 1636, may limang *infanteria* at dalawang kumpaniyang Pampango na ang hukbong Espanyol. Nakaistasyon ang mga ito sa Ternate, Zamboanga, Cagayan, Oton, Cebu, Caraga, at Hermosa (Taiwan ngayon[69]).[70]

Upang matustusan naman ang ospital para sa mga Pampangong sundalo sa Maynila, kinumberta bilang *encomienda* ng hari ang Macabebe. Ito'y nang mawalan na ng tagapagmana ang huling *encomedero* nitong si Nicolas de Rivera noong 1636.[71] Sa taon ding iyon, ipinag-utos mismo ng Felipe IV kay Gob. Hen. Sebastian Hurtado de Corcuera na ipatawag ang mga miyembro ng Pampangong *principalia* at gawaran sila ng papuri upang mapanatili ang kasigasigan at katapatan sa hari. Sa taon pa ring iyon, naging kasangkapan ang mga Pampango sa pagsakop sa Mindanao. Nang sumunod na taon,

---

[67] Juan Grau y Monfalcón, "Grau y Monfalcón's Informatory Memorial of 1637," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 27, 129.

[68] *Ibid*., 130.

[69] Cf. "Letters from Juan Cerezo de Salamanca to Felipe IV," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 24, 322.

[70] Sebastian Hurtado de Corcuera, "Reduction of Expenses: Corcuera to Felipe IV, Manila, June 30, 1636," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 26, 259.

[71] Sebastian Hurtado de Corcuera, "Hospitals and Hospital Contributions, Manila, July-August 1636," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 26, 301-2.

nilabanan ng mga Pampango sa unang pagkakataon ang mga Muslim (na pinamumunuan ni Sultan Kudarat). Hindi naglaon, gumanti ang mga Muslim ng Mindanao ng pag-atake sa Visayas at Luzon, at isa ang Macabebe sa pinuntirya.[72]

Dala ng panibagong banta ng pagsalakay ng mga Tsino sa Maynila, binitawan ng mga Espanyol ang Ternate at Moluccas noong 1663. Kabilang sa mga huling nagtanggol sa interes ng Espanya sa Ternate at Moluccas ay ang mga Pampango. Nakuha ng mga Olandes ang mga nasabing teritoryo at inalipin ang mga Pampango sa Batavia (ngayo'y Jakarta). Nakilala sila sa Batavia bilang mga *Papangers* at kalauna'y naging bahagi ng hukbong Olandes at minoryang populasyon doon.[73]

Gusto ng mga Espanyol ang mga Pampango na maging bahagi ng hukbong kolonyal sa kadahilanang mura ang pasahod sa kanila.[74] Sulit din ang pasahod dahil tanyag ang kanilang sipag, e.g., sa Cavite, tagakumpuni rin sila ng tanggulan, mason o magtotroso sa bundok tuwing umaga (sa gabi sila nagsasanay).[75] Obserbasyon ni Padre Medina noong 1630, kawawa ang kondisyon ng mga sundalong Pampango sa Moluccas, Cebu, Oton, at Cagayan dahil bukod sa mas marami pa silang trabaho sa mga sundalong Espanyol, hindi

---

[72] Samuel K. Tan, *The Muslim South and Beyond* (Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2010), 131.

[73] Cf. M. J. C. Schouten, "Nineteenth-Century Ethnography in West Timor and the Wider World: The Case of J. G. F. Riedel." *Journal of Asian History*, 48 (2014), 217/205-25.

[74] Juan Grau y Monfalcón, "Grau y Monfalcón's Informatory Memorial of 1637," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 27, 129.

[75] Ruurdje Laarhoven, "Carel van der Hagen: A Dutch Soldier in the East, 1699-1705: An Account of What Passed at Sea, in Dutch India, Manila, and their Escape from the Spaniards in a Banca to Japan, 1698-1705." *Philippine Quarterly of Culture and Society*, 15:1/2 (Marso/Hunyo 1987), 130/27-142.

sapat ang pasahod sa kanila, kulang sa pagkain, at ang masaklap hindi natatrato nang mabuti ("*trabajando más qu e los mismos soldados españoles, no ven paga, la comida escasa y el tratamiento malo*").[76]

Kung mayroon mang malaking pakinabang ang Pampanga sa pagsusundalo ng karamihan sa kalalakihan nito, iyon ay ang mailigtas ang buong lalawigan, mapa miyembro ng uring *principalia* o hindi, sa pagbabayad ng tributo. Halimbawa, noong 20 Mayo 1649, sa bisa ng isang *real cédula* mula Madrid, naging ligtas ang lahat ng Pampango sa *tributo* bilang pagkilala sa kanilang serbisyo sa hari ("*estan esemptos de tributos todos los Pampangos*").[77] Noon namang 1676, iminungkahi ni Diego Villatoro, *attorney general* ng Manila, sa Madrid ang isang pakiusap na iligtas naman ang buong populasyon ng mga Pampango mula sa *bandala*, *repartimiento* at kung ano-anong sinisingil ng simbahan sa kanila bilang sila ang naghahandog ng mga sundalo para sa Espanya.[78] Upang mabigyan nang kaukulang pagkilala ang lahat ng Pampango, iminungkahi rin ni Villatoro na dekorasyunan ng medalya ang mga sundalo. Noong panahon ng mga Espanyol, iginagalang, Espanyol man o katutubo, ang sinumang may dekorasyon—lalo na ang Cruz Laureada de San Fernando.[79] Sa mga okasyong pambayan, laging may espesyal na upuan

---

[76] Medina, *Historia*, Tomo I, 128.

[77] Cf. Archivo General de Indias (AGI). "Petición de merced y exención de tributo de Pedro de Mújica." *Filipinas*, 43, N. 52, p. 4.

[78] Archivo General de Indias. "Petición de Villatoro sobre premiar a indios pampangos." *Filipinas*, 28, N. 104.

[79] Cf. Elías M. Ataviado, *The Philippine Revolution in the Bicol Region: From August 1896 to January 1899* (Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1999), 46.



Cruz Laureada de San Fernando. ASOCIACIÓN INTERNACIONAL DE SEGURIDAD Y PROTECCIÓN CIVIL

sa entablado, kahanay ang mga opisyal ng bayan at lalawigan, ang sinumang may dekorasyon ng nasabing Cruz Laureada de San Fernando.

**Pagsilaw sa mga Pampango ng Titulo at Karangalan**

Maaaring nadala lamang si Acuña ng ilusyon na hindi na manlalaban ang mga Pampango sa mga Espanyol, ayon sa opisyal ng hukbong Espanyol na si Bernardino Maldonado. Iniulat ni Maldonado kay Felipe III noong 1604 na napakadelikado ng ginawang pag-aarmas sa mga Pampango.[80] Ang mga Pampango, ayon kay Maldonado, ay "ubod ng bangis na mga tao na nangangailangan lamang ng pinuno na kikilalanin nila."[81] Ngunit kampante ang mga Espanyol na hindi kaya ng mga Pampango na kumilos bilang isang solidong puwersa: malakas ang inggitan ng mga *principal* sa Pampanga.

Noong unang linggo ng Oktubre 1660, kumalas ang mga sundalong Pampango sa puwersang Espanyol na nasa pamumuno ni Francisco Maniago,[82] *principal* ng Mexico, Pampanga at *maestre de campo* ng mga Pampango.[83] Siya ang pinuno na kinatakutan ni Maldonado, na maaaring umusbong sa hanay ng mga Pampango, lalo pa't "siya ang inaasahan ng lahat dahil sa kaniyang awtoridad at kapangyarihan."[84] Lumaganap ang idea

[80] Maldonado, "Letter from Bernardino," 445.
[81] *Ibid*., 446.
[82] Pedro de San Francisco de Assis, "Historia General de los Religiosos Descalzos de San Agustín, 1756," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 41, 59.
[83] *Ibid*.
[84] Casimiro Diaz, "Conquistas de las Islas Philipinas, 1718," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 38, 161.

ng "*alboroto*" (pagngangalit)[85] laban sa mga Espanyol na parang "kanser sa katawan," sa buong Pampanga.[86]

Naramdaman agad ang epekto ng pag-aalsa: humina ang depensa ng Maynila at pumalya ang pagpapadala ng mga sundalo sa Moluccas.[87] Agad na napapunta sa Macabebe—ang pinakamalapit na bayan ng Pampanga mula sa Intramuros—si Gob. Hen. Sabiniano Manrique de Lara at doo'y namalagi nang ilang araw upang makipagnegosasyon. Pagkakataon na ng mga taga-Macabebe na puksain ang puwersa ni Lara o patayin ito, ngunit nahintakutan sila at iniurong ang suporta kay Maniago. Ang mensahero ni Maniago na si Agustin Pamintuan, isang *principalia* ng Macabebe, na patungo na sana sa Pangasinan at Ilocos upang ipaabot ang mensahe na tuloy ang laban sa mga Espanyol, ay napaatras pabalik ng Macabebe. Ilang araw ang nakalipas, sunod na nakipagkita si Juan Macapagal, *principal* ng Arayat at apo ni Lakan Dula, kay Lara sa Macabebe. Pinamunuan ni Macapagal ang mga Pampangong matatapat sa Espanya. Marami pang nakumbinsi si Lara na uring *principalia*, na pawang naakit sa mga titulo at papuri lamang.[88] Nakakatawa man, walang engkuwentrong nangyari sa pagitan ng mga Pampango at mga Espanyol dahil sumuko si Maniago upang humingi rin ng pabor at titulo kay Lara. Wala ring pinarusahan dahil sa pagpapatupad ng amnestiya.[89]

---

[85] Casimiro Diaz, "Conquistas de las Islas Filipinas—Libro Tercero de la Segunda Parte," *Revista Agustiniana* 6:61 (5 Nobyembre 1886), 126-7/117-128.

[86] San Francisco de Assis, "Historia General," *ibid*.
[87] Diaz, "Conquistas," 144.
[88] *Ibid*, 149.
[89] *Ibid*., 158.

## Paglapad ng Papel ng mga Pampango sa Kolonya

Mainam ang posisyon ng mga Pampango noong panahong Espanyol upang magprodyus ng mga personalidad na yayanig sa *status quo* na binuo at pinrotektahan ng mga awtoridad, lalo na ng mga prayle. Mula 1603, matindi ang pagsandal ng mga Espanyol sa mga sundalong mapoprodyus ng Pampanga upang ipagtanggol ang interés ng hari sa Asya-Pasipiko. Malaki ang papel dito ng mga *principal* at mga prayle na silang iginagalang ng mga Pampango. Upang masiguro ang pagkontrol ng mga Espanyol sa mga Pampango, binigyan ng papel sa sistemang politikal ang mga *principal*. Gayundin, napanatili ng uring *principalia* ang pag-aari nila ng lupa sa Pampanga. Umunlad sila sa buhay, nagawang papag-aralin ang mga anak at mga alagang *indio natural* (hindi kabilang sa uring *principalia*) na may mga potensyal, sa mga paaralang patakbuhin ng mga prayle sa Maynila na noong una'y eksklusibo lamang para sa mga Espanyol. Nakapagprodyus ang mga paaralang ito ng mga pari at madreng Pampango, na unang naggiit ng pantay na pagkilala mula sa mga Espanyol. Ang mga papel sa militar, politika, simbahan, at ekonomiya ng mga Pampango mula ika-17 hanggang ika-19 na siglo ang siyang makapagpapaliwanag sa uri ng mga personalidad na nagsulong ng pagbabagong panlipunan at yumakap sa liberalismo noong huling mga dekada ng paghahari ng mga Espanyol sa Pilipinas.

**Papel Militar.** Nagpatuloy pa ang pag-ulan ng papuri sa mga Pampango, hanggang sa mabuo ang ilusyon na kalebel na nila ang mga Espanyol. Pinuna ni Padre Medina noong 1630 ang naging katangiang ito ng mga Pampangong napagpupumilit umasta't kumilos na

parang Espanyol.[90] Noong 1700 naman, naobserbahan ng isang sundalong Olandes na si Carel van der Hagen ang "dakilang kahambugan" ng mga Pampangong sundalo sa Cavite na buong pagmamalaking suot ang mga katagang "*Los Segundos Espagnoles*" ("Mga Pangalawang Espanyol") at "ikinakikilig pa nila nang walang humpay."[91] Dumating din sa punto, ani ni Hagen, na minumura-mura na rin ng mga Pampango ang mga Espanyol sa publiko.[92] Tila hindi naman ito pinansin ng mga Espanyol sa mga panahong iyon, dahil ang mahalaga sa kanila'y kontrolado nila ang tapang ng mga Pampango at napakikinabangan nila ito sa kanilang lumalaking problema: ang pag-atake ng ibang mga bansa sa Pilipinas. Ayon naman kay Padre Gaspar de San Agustin, OSA noong 1720, ikinalugod ng mga Espanyol na ituring ang mga Pampango na "mga Kastilang Indio" at kakaiba sa lahat ng mga katutubo sa Pilipinas. Ito'y dahil di umano sa kanilang katapatan, pagiging marangal, lubos na katapangan, pagsisikhay sa gawa, mas sibil, ganda ng gawi (*costumbres*), at paglulugar sa sarili kung lasing at tinatamad. Ayon pa kay Padre San Agustin, hindi patitinag ang mga Pampango sa sinumang naghahari-hariang katutubo.[93] Dahil nakita ng mga Espanyol sa mga Pampango ang kanilang itinuturing na "pambansang karakter" (*orgullo* o kayabangan), isinulat ni Padre Casimiro Diaz, OSA, noong 1718, na "ang isang Espanyol at tatlong Pampango at katumbas ng apat na Espanyol" (*que un español y tres pampangos, valían por cuatro españoles*).[94]

---

[90] Medina, *Historia*, 244.

[91] Laarhoven, "Carel van der Hagen," 133/27-142.

[92] *Ibid*., 139.

[93] Cf. Gaspar de San Agustin, "Letter on the Filipinos, 1720," sa *The Philippine Islands*, pinamatnugutan nina Blair at Robertson, Tomo 40, 250-2.

[94] Diaz, "Conquistas," *Revista Agustiniana*, 125.

Inani ng mga Pampango ang pagkilala ng mga Espanyol dahil sa pinatunayan nila ang kanilang mga sarili sa mga mata ng mga kolonisador; kahit mapuksa pa sila dahil sa kapanabikang mapansin ng hari at matataas na opisyal. Noong 1647, halimbawa, halos pulbusin ng mga Olandes ang Abucay, Pampanga (ngayo'y parte ng Bataan) dahil ayaw sumuko ng mga Pampango sa mga banyaga. Ito'y sa kabila ng pasya ng *alcalde mayor* ng Pampanga at ng paring kasama nila, na sumuko na sa mga Olandes.[95] Isinabuhay ng mga Pampangong sundalo ang *orgullo* ng mga Espanyol: na lalaban sila hanggang sa huli at hindi kikilalanin ang anumang watawat ng pagsuko.[96] Kulang-kulang 200 ang napaslang na sundalong Pampango—hindi pa kasama sa bilang ang mga dinukot kasama ng *alcalde mayor* ng Pampanga, patungong Batavia (Jakarta). Mga beteranong Pampangong *principalia* sa kampanya sa Ternate ang namuno sa daan-daang sundalong Pampango sa Abucay.[97] Kahit hindi na aktibo sa pagsusundalo, ginawa pa rin ito ng mga *principal* para sa Diyos at sa hari.[98] Napaatras din ang mga Olandes nang muling makapagmobilisa ng 600 Pampango ang mga prayle sa loob lamang ng apat na araw.[99] Nang maitaboy ang mga Olandes, isang banal na misa sa Maynila at sa Pampanga ang inialay ng pamahalaan para sa 200 Pampangong nagbuwis ng buhay at binigyan ng kompensasyon ang mga nabalo at

---

[95] Joseph Fayol, "Affairs in the Filipinas, 1644-47," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 35, 267.

[96] *Ibid*., 266.

[97] *Ibid*.

[98] *Ibid*.

[99] *Ibid*., 269.

naulila.[100] Naulit muli ang ganitong pagkilala sa mga Pampango noong 1685, nang mamatay sa Guam si Felipe Sonsong, *principal* ng Macabebe at beterano ng Pag-aalsang Tsino noong 1603. Santo ang turing sa kaniya ng mga kasamahan sa Guam, Espanyol man o katutubo. Kasama sa nakipaglibing at nagbuhat ng kaniyang ataul ay ang matataas na opisyal ng pamahalaan at hukbong Espanyol sa Guam.[101]

**Papel Politikal.** Sa batas ng mga Pampango na nadokumento ni Padre Juan de Plasencia, OFM, noong 1589, tipikal na ang pagpapaligsahan at pagsasapawan ng mga pinunong Pampango, kahit na magkakadugo; *ngunit* sa oras ng digmaan, nagiging buo sila at nagkakaisa.[102] Nakita naman ni Legazpi na paborable sa Espanya ang uri ng politika na ito dahil walang kakaharaping malaking puwersa ang mga Espanyol kung magkataon. Sa ulat niya kay Felipe II noong 1569, ipinakita lamang ni Legazpi ang kaniyang pagkatuso sa paggamit sa diplomasya upang kumolekta ng suporta sa mga watak-watak na mga naghaharing pamilya. Pinalitaw din niyang madaling mauto ang mga katutubo dahil, di

---

[100] *Ibid*., 264, 269.

[101] Lorenzo Bustillo, "News of the exemplary life and solid virtues of the very humble Brother Felipe Sonsong, donado of our Society of Jesus in these Marianas Islands, where he died with the reputation of a saint on Friday, 21 January of this year of 16[86] at 75 years of age," sa John N. Schumacher, *Felipe Sonsong of Macabebe, Pampanga: 17th-Century Filipino Jesuit Missionary to the Marianas* (Lungsod ng Angeles: Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, 2009), 20.

[102] Juan de Plasencia, "Instructionss Regarding the Customs which the Natives of Pampanga Formerly Observed in their Lawsuits, 24 October 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 16, 322; Juan de Plasencia, "Customs of the Tagalogs, 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 7, 174.

umano, kaya silang masakop ng mga Espanyol sa pamamagitan lamang ng balat-kayong pakitang tao at kabutihan.[103]

Noong ika-17 siglo, matapos maseguro ng mga Espanyol ang katapatan ng mga katutubo ng Pilipinas, nabigyan ang mga uring *principalia* sa Pampanga ng papel sa pamahalaan: ang pagiging *cabeza de barangay* ('pinuno ng barangay'). Dagdag karangalan sa pamilya ng isang *principal* ang maging *cabeza* dahil kasinrangal ito ng pagiging *datu* ng barangay noong bago dumating ang mga Espanyol. *Cacique* o mga pinunong katutubo ang tawag sa kanila dahil kontrolado sila ng mga Espanyol at ang populasyon. Sa kaso ng mga Pampango, kailangan ang mga *cacique* ng mga Espanyol upang may makain at may maisabak sa mga labanan at sa mga tanggulan ang mga Pampango.

Mula sa hanay ng mga *cabeza* ihahalal ang puno ng isang *pueblo* o bayan na tinawag na *gobernadorcillo*.[104] Pinag-agawan ang posisyong *gobernadorcillo*, bilang ito ang pinakamataas na posisyon sa pamahalaang kolonyal na maaaring marating ng mga katutubo. Kasama rin sa tungkulin ng *gobernadorcillo* ang magpatupad ng kautusan at maging tagalitis. Ayon kay Padre Chirino, binubuo ng 400 pamilya ang isang parokya o

---

[103]Miguel Lopez de Legazpi, "Relation of the Filipinas Islands and of the Character and Condition of Their Inhabitants, Cebu, ca. 1569." sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3, 59-60.

[104] Para sa paghalal ng *gobernadorcillo*, tingnan ang deskripsyon sa Artikulo 79 ng *Ordenanza de Buen Gobierno* ng 1768. Cf. Manuel Artigas y Cuerva, *El Municipio Filipino: Compilacion de Cuanto se ha Prescripto, e Historia Municipal de Filipinas desde los Primeros tiempos de la Dominacion Española*, segunda edición (Maynila: Establecimiento Tipo-Litografico de Ramirez y Compañía, 1894), 11-12.

*pueblo* at nahahati ito sa apat na *Cabeza*.[105] (Pagdating ng ika-19 na siglo, limampung pamilya na lamang ang hawak ng isang *cabeza*.) Kapansin-pansin din na ang mga listahan ng mga *gobernadorcillo* sa Pampanga ay nagsisimula lamang ilang dekada makaraan ang Pag-aalsang Tsino ng 1603.

Ang pagiging *gobernadorcillo* rin ay pagkakataon para sa mga naging *maestre de campo* ng hukbong Pampango upang ituloy ang pagkahumaling nila sa titulo. Patunay nito ang alternatibong tawag sa *gobernadorcillo* noon ng matatanda sa Candaba: *masicampu*, kurapsyon ng *maestre de campo*.[106]

**Papel Simbahan.** Bukod sa pagsusundalo, nagkaroon din ng papel ang mga Pampango sa simbahan. Nagsimula ito nang makita ng mga Espanyol ang praktikalidad na bigyan ng edukasyon ang mga Pampangong *principal* sa paniwalang maitatama ng mga ito ang mga depekto ng mga katutubo at magiging halimbawa sila sa marami.[107] Sinamantala iyon ng mga Pampangong *principal* at pinag-aral ang kanilang mga anak na lalaki. Kaya't mga Pampangong *principal* ang nagprodyus ng mga unang paring sekular sa Pilipinas na pinangunahan ni Don Miguel Jerónimo de Morales noong 1654.[108] Sa katunayan, mga

---

[105] Pedro Chirino, "Relacion de las Islas Filipinas," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 12, 211.

[106] Cf. "Apuntes Historicos del Pueblo de Candaba." *Luther Parker Collection* Document No. 293, Folder No. 50, Box No. 3, p. 1, UPDML.

[107] Delgado, *Historia*, Tomo I, 294.

[108] Luciano P. R. Santiago, *The Hidden Light: The First Filipino Priests* (Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1987), 19.

Pampangong seminarista ang inspirasyon kung bakit sinikap gawing pormal na ang pagtanggap ng mga katutubo sa mga seminaryo. Noong 1698, inordinahan ang unang produkto ng proto-seminaryo para sa mga katutubo ng Pilipinas: si Don Francisco Baluyot ng Guagua, Pampanga. Dalawang Pampango muli ang sumunod kay Baluyot: Alfonzo Baluio y Garzía at Blás de Santa Rosa, kapuwa wala pa sa hustong gulang nang magtapos upang ordinahan. (Proto-seminaryo sapagkat hindi pa ito pormal na kinilala ng pamahalaan.) Noong 1603, inordinahan si Baluio at agad ipinadala sa Cordillera upang maging misyonero—ang kauna-unahang katutubo na binigyan ng nasabing tungkulin.[109] Samantala, nang taon ding iyon, itinalagang kura ng parokya ng Tabuco (ngayo'y Cabuyao), Laguna si Santa Rosa, ang kauna-unahang katutubo na naging kura.[110] Noong 1705, inordinahan naman si Don Juan Mañago at itinalagang *capellán* (*chaplain*) ng mga sundalo at ng ospital—ang kauna-unahang katutubo na inatangan ng nasabing katungkulan.[111]

Mataas ang turing ng lipunang Pampango sa mga taong banal tulad ng mga pari. Kalebel ng mga *principal* ang tingin ng mga Pampango sa mga pari,[112] gayundin sa mga *maestro* o guro na ginamapanan din ng mga pari.[113] *Among* (nangangahulugang 'amo') ang karaniwang tawag ng mga Pampango sa pari.[114] Hindi masisisi ang mga Pampango kung

[109] *Ibid*., 35.
[110] *Ibid*., 80-3.
[111] *Ibid*., 197-9.
[112] Delgado, *Historia General*, Tomo I, 294.

[113] "Primary Instruction," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 46, 83.

[114] Edilberto V. Santos, "Ancient Kapampangan Theology," *Singsing* 4:2 (2005), 50.

masidhi ang pagkilala nila sa kalooban at pasya ng mga prayle dahil mula noong 1571, mga prayle ang nagtanggol sa kanila sa mga pang-aabuso ng mga *encomendero* at iba pang opisyal.[115] Ang mga ulat at balita ng mga prayle tungkol sa pagiging mabuting Kristiyano ng mga Pampango ay naging batayan naman ng pamahalaang Espanyol upang iatang sa kanila ang mataas na pagtitiwala: ang tanggapin sila sa hukbong sandatahan.[116] Gayundin, nang magbanta na mag-aalsa ang mga Pampango sa pamumuno ni Maniago noong 1660, dinala ni Lara sa Pampanga ang maraming mga prayle upang mamagitan.

**Papel Ekonomiko.** Bukod sa mga pribilehiyo mula sa mga Espanyol, maraming Pampango ang nanatiling nag-aari ng lupa, lalo na ang mga *principal* na mula sa angkang nobilidad. Kapansin-pansin sa *genealogy* na binanggit ni Balagtas sa kaniyang huling habilin noong 1589 na sila-sila mismo na magkakamag-anak na *principal* ay nagiging mag-asawa.[117] Ang *endogamy* na ito (pagpapakasal eksklusibo sa kinabibilangang grupo o antas) sa Pampanga—liban sa magkapatid—ay pinuna ng sumulat ng *Boxer Codex* sa mga Muslim ng Luzon ("*Casanse con todos sus parientes ecepto con hermanos*").[118] Nabago ito dahil sa Kristiyanismo, dahilan upang sumibol ang mga *mestizo* o anak ng mga *principal* sa mga banyaga tulad ng mga Tsino (Sangley) at Europeo. Sa katunayan, may isang kaso na kahit wala-sa-buhay ang isang Europeo ay ginusto ng isang Pampangong *principal* na makasal doon ang kaniyang dalagang anak. Kaso ito ng isang sundalong Olandes na

---

[115] Rojas, "Letter to Felipe II," 273.

[116] Sebastian Hurtado de Corcuera, "Reduction of Expenses: Corcuera to Felipe IV, Manila, 30 June 1636," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 26, p. 197.

[117] Binanggit din ni Morga ang pagpapakasal ng mga *principal* sa *principal*. Cf. Morga, *Sucesos*, 301.

[118] Souza at Turley, mga pat., *The Boxer Codex*, (Esp.), 365 (Eng.).

nagngangalang Carel van der Hagen na takas mula sa Batavia at nanirahan sa Maynila noong 1700. Walang-wala siya sa buhay at ang tanging nais niya ay makauwi ng Flanders (bahagi ng Belgium ngayon). Sa kaniyang paglagi sa Maynila, nakilala niya ang isang Pampangueña na kaniyang inilarawan bilang "maputi… napakagalang niya at mabuti ang pagpapalaki, maykaya, at napakalambing niya't bata, nakaposturang Espanyol. …ang malambing na babaeng India na iyon ay nakakahumaling."[119] Pabor kay Hagen ang ama (na kapitan ng mga sundalong Pampango) ng dalaga at inalukan pa siya ng yaman, pakasalan lamang niya ang anak nito. Ngunit ayaw biguin ni Hagen ang dalaga dahil pabalik na siya sa Europa at sabik na makitang muli ang minamahal niyang babae sa Bruge, Flanders.[120] (Ngunit nagtagal pa si Hagen sa Maynila at ang pinili niyang pakasalan ay si Agnes, isang 15 taong gulang na *colegiala* at anak ng isang taga-Nueva España.[121])

Pagdating ng ika-19 na siglo, kapansin-pansin na unti-unting napalitan ng mga mestisong apelyido ang mga sinaunang *principal* sa listahan ng mga *gobernadorcillo* ng mga bayan sa Pampanga. Nariyan ang mga "-son:" Hizon, Henson, at Liongson na mga mestisong Tsino sa Mexico, Angeles, at San Fernando, at ang mga Blanco na mestisong Espanyol ng Macabebe. Sa Bacolor at Guagua, may hiwalay pa na *gobernadorcillo* ang mga mestisong Tsino sa regular na *gobernadorcillo* ng bayan.[122] Samantala, itinuring ding *principal* maging ang mga lantad na anak ng prayle tulad ng panginoong maylupang si Dr.

---

[119] Laarhoven, "Carel van der Hagen," 56/27-142.

[120] *Ibid*., 56.

[121] *Ibid*., 72, 80, 84.

[122] Larkin, *The Pampangans*, 49.

Joaquin Gonzalez ng Apalit.[123] Kapuwa nag-ari ang mga mestisong Pampangong ito ng ekta-ektaryang lupain at nanguna sa pag-unlad ng agrikultura sa Pampanga, lalo na sa tubo at asukal. Nakarating sa iba't ibang panig ng mundo ang kanilang mga produkto at nag-uwi ng karangalan sa Pilipinas bilang tagaprodyus ng dekalidad na asukal sa mundo, kahanay ang Hapon, Tsina, Java, Queensland, New South Wales, Ehipto, Mauritius, Angola, Liberia, Espanya, Italya, Rusya, Alemanya, Olanda, Belgium, Pransya, Canada, Estados Unidos, Mehiko, Cuba, Puerto Rico, Guadeloupe, Jamaica, Trinidad, Venezuela, British Guiana, Brazil, Argentina, Peru, at Hawaii.[124] Halimbawa na rito ay ang eksposisyon bilang pagdiriwang sa sentenaryo ng bansang Estados Unidos noong 1876: umani ng pagkilala ang mga baron ng asukal sa Pampanga—na pawang mga mestisong Pampango at Pampangueña—na sina Jose Puig, Manuel de Ocampo, Bernardo V. Miranda, Catalino Lorenzo, Leoncia Sasatin, Julian Buison, Laureano Jesus, Catalino Enison, Benigno de Ocampo, Jose Leon y Santos, Andres Puig, Rafael Gil, Jose Tison, at Benito Ker.[125]

Samantala, sa pagbubukas ng Unibersidad ng Santo Tomas ng ibang kurso, ang uring *principalia* ng Pampanga ay nagkaroon ng mga anak na propesyunal: mga abogado, kawani ng hukuman, at doktor.[126] Bago ang 1700, kung kailan isang Pampangong *principal*

---

[123] Tungkol sa pagiging anak ng prayle ng mga Gonzalez, cf. U.S. Senate, *Message from the President of the United States 1901 A.D./The Senate Document and Romanism* (Washington, D.C.: U.S. Senate, 1901), 115.

[124] Francis A. Walker, pat., *United States Centennial Commission: International Exhibition, 1867, Reports and Awards, Groups III-VII* (Washington: Government Printing Office, 1880), Tomo 4, 4-11.

[125] *Ibid*., 132.

[126] Delgado, *Historia*, Tomo 1, 33.

na nagngangalang Juan Mañago ang nagtapos sa Unibersidad ng Santo Tomas—ang pinakamaagang tala na may nagtapos doon na katutubo ang apelyido[127]—eksklusibo lamang sa mga Espanyol ang mga kolehiyo sa Maynila.[128] Bagaman noong 1641, ipinag-utos ni Corcuera na tanging mga anak ng Pampangong *principales* lamang ang maaaring pumasok sa Real Colegio de San Felipe. Gayunpaman, wikang Espanyol lamang ang ituturo sa mga Pampango at wala nang iba, sapagkat magiging tagasilbi lamang sila sa kolehiyo.[129] Lumalabas na ikinarangal pa ng mga Pampangong *principal* na maging tagasilbi ang kanilang mga anak ng mga Espanyol, masabi lang na malapit sila sa mga kolonisador.[130] Halimbawa na rito ang tagasilbi ni Gob. Hen. Fausto Gongora y Cruzat na isang Pampangueñang *principal* at anak ng kapitan ng mga sundalong Pampango.[131] Sa ulat ni Padre San Agustin noong 1720, mga Pampango ang mainam na tagasilbi para sa mga Espanyol.[132]

---

[127] Luciano P. R. Santiago, *The Hidden Light: The First Filipino Priests* (Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1987), 81.

[128] Cf. Royal College of San Felipe," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 45, 174-5; "College of San José," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 45, 102.

[129] "Royal College of San Felipe," *ibid*.

[130] Gaspar de San Agustin, "Letter on the Filipinos, 1720," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 40, 267.

[131] Laarhoven, "Carel van der Hagen," 56.

[132] Gaspar de San Agustin, "Letter from Fray Gaspar de San Agustin to a friend in España who asked him as to the nature and characteristics [genio] of the Indian natives of these Philipinas Islands, Manila, June 8, 1720." sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 40, 269.



Mag-asawang Pampango, mula sa *The Philippine Costumes* ni Pitoy Moreno.

# IKATLONG KABANATA

# PAGHARAP NG LIPUNANG PAMPANGO SA LIBERALISMO

Sa lahat ng Pampangong *principal* at nakapag-aral, ang mga paring Pampango ang nabigyan ng malalaking papel sa politika sa Pilipinas. Nasa dakong unahan din sila ng mga pagbabagong nais ng hari sa Pilipinas, tulad ng pagsalin sa kanila ng mga parokya bilang mga *secular* o mga paring nasa pangangasiwa (*visitación*) ng hirarkiya, i.e., arsobispo, obispo, gobernador-heneral. Gayundin, sila ang gumawa ng paraan upang mailapit sa mga Pampango ang edukasyong pangkalahatan.

Iyon nga lamang, dahil ang Espanya ng ika-19 na siglo ay puno ng krisis politikal dulot ng pag-usbong ng mga diwa ng liberalismo, kalayaan, demokrasya, republikanismo, pagkakapantay-pantay, at karapatang pantao, nakita ang mga paring katutubo bilang kaaway ng estado. Malaking salik dito ang pambubuyo ng mga prayle sa pamahalaan na matyagan ang mga paring katutubo.

Dahil nakilala na ang impluwesiya ng mga Pampango sa simbahan, hindi na dapat pagtakhan kung pagmulan ito ng isyu sa hanay ng mga prayle. Si Padre Delgado mismo, na isang prayleng Dominiko, ay napabilib sa kakayahan ng mga Pampangong pari na makipagsabayan sa mga Europeo.[1] Makailang beses nang tinangkang isalin sa mga *secular*

[1] Delgado, *Historia*, Tomo I, 293–296.

ang mga parokya (sekularisasyon). Bunga iyon ng pagtanggi ng mga prayle (na karamihan ay mga Espanyol) na pailalim sa Arsobispo, Obispo, at Gobernador-Heneral. Noong 1697, iginiit ni Arsobispo Diego Camacho y Avila ang awtoridad nito sa mga parokya sa Pampanga, na hawak ng mga prayleng Agustino.[2] Nakarating sa hari ang sigalot, at iginiit din nito ang kautusan na isalin na ng mga prayle ang mga parokya sa mga sekular noong 1753 at 1757. Ngunit nagmatigas ang mga prayle, lalo na ang mga Agustino. Pansamantalang isinantabi ang isyu ng sekularisasyon nang sakupin ng Britanya ang Maynila mula 1762 hanggang 1764. Kinailangan ni Gob. Hen. Simon de Anda y Salazar—ang nalalabing opisyal na Espanyol na hindi bihag ng mga Briton—ang impluwensiya ng mga prayle sa mga katutubo na ipagtanggol ang interes ng hari laban sa mga mananakop. Nakuha ni Anda ang kaniyang gusto: sinuportahan siya ng mga prayle sa mga probinsya, lalo na sa Pampanga na kinailangan pang payuhan ng mga Agustino ang mga *gobernadorcillo* na pagkatiwalaan si Anda. Sa Bacolor, pansamantalang naghimpil ang pamahalaang kolonyal ng Espanya sa Pilipinas.

Noong 1767, si Papa Clemente XIII na mismo ang nag-utos kay Arsobispo Basilio Tomás Sancho Hernando de Santa Justa y Rufina, SP na ipatupad na ang sekularisasyon. Tulad nang inaasahan, pumalag ang mga Agustino. Sa pagbabalik ni Anda bilang gobernador-heneral noong 1770, naging marahas na ang pagpapatupad sa sekularisasyon. Noong 1771, ipinag-utos niya sa mga sundalong Espanyol ang puwersahang pagpapaalis

[2] Andres Gonzalez, "The Camacho Ecclesiastical Controversy, 1697–1700," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 42, 26-7.

sa mga Agustino sa Pampanga at ang agarang pagsasalin ng mga parokya sa mga sekular.[3] Bilang protesta, natungo sa kabundukan ng Pampanga ang mga Agustino upang magpakagutom at magpenitensiya.[4]

Ngunit ang ikinagulantang ng lahat: nagbanta ang mga Pampango na mag-aaklas laban kay Anda, sa Arsobispo, sa mga paring sekular, at sa lahat ng mga sangkot sa pagpapalayas sa mga prayle.[5] Nakakatakot ang balitang kumalat dahil sa banta ng mga Pampango na ang pagsasaya sa Maynila ay mapapalitan ng pagluluksa.[6] Maaaring mga ordinaryong mananampalatayang Pampango ito na hindi kabilang sa *principalia*, sapagkat binantaan din maging ang mga paring sekular na pawang mga miyembro ng uring *principalia*. Walang pag-aalsang nangyari, bagaman ito ang unang kaso ng pagbabanta ng mga Pampango sa mga Pampangong *principal*. Salik na maaaring nakatulong sa pagpigil sa pag-aalsa ay ang kumpromiso na ibalik sa mga prayle ang mga parokya sa Guagua, Mexico, San Fernando, San Luis, at Sta. Ana noong 1772. Noong 1775, muling ipinailalim ang buong Pampanga sa mga prayle. Salik naman dito ang seguridad dahil sa ipinakalat na balita ng mga Agustino na nais mag-aklas ng mga Pampangong sekular noong 1768. Gayunpaman, Mexico, Sta. Ana, at Apalit lamang ang hinawakan nila. Noong 1810, Apalit na lamang ang hawak ng mga prayle. Noong 1826, muling ipinag-utos ng hari ang ganap na pagpapailalim ng Pampanga sa mga prayle.[7] Noong 1850, 13 sa 21 parokya ng

---

[3] Luciano P. R. Santiago, "The Struggles of the Native Clergy in Pampanga (1771-77)." *Philippine Studies*, 33:2 (1985), 177.
[4] "The Council of 1771," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 50, 319-20.
[5] *Ibid*.
[6] *Ibid*., 321.
[7] *Ibid*., 225.

Pampanga ang hawak ng mga prayle; naging 19 ito noong 1860;[8] bumaba ito sa 15 bago matapos ang pananakop ng mga Espanyol.

**Mga Pampango sa Politikang Imperyal, 1812**

Bago magkawatak-watak ang mga kolonya ng Espanya, kinilala ang lahat ng katutubo ng mga naturang sakop, kabilang ang mga nasa Pilipinas, bilang mamamayan ng Espanya—samakatuwid, mga Espanyol—sa bisa ng Konstitusyon ng Cadiz ng 1812. Nabuo ang konstitusyong ito dahil iginiit ng mga Espanyol ang kanilang karapatan na itakda ang kapalaran ng buong imperyo habang hawak ni Napoleon Bonaparte ang hari ng Espanya, si Fernando VII. Sa pagkakaroon ng Konstitusyon ng Cadiz, tinanggal ang anumang uri ng singilin at nagkaroon ng malayang pamamahayag.

Bilang mamamayan ng Espanya, ang bawat 60,000 Pilipino ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng isang *deputado* o kinatawan sa parlyamento ng Cadiz, Espanya. Ang populasyon ng Pilipinas noon ay tinatayang dalawang milyon o katumbas dapat ng pagkakaroon ng 33 deputado sa Cadiz. Dahil sa layo sa Espanya at kawalan ng sapat na pondo, apat lamang ang nagawang ipadalang deputado ng Pilipinas, kabilang ang isang Pampangong *principal* mula sa Bacolor na si Padre Joseph de Vergara y Masangcay.

[8] Larkin, *The Pampangans*, 89.

Lamang, nang dumating sila sa Cadiz noong 1814, binuwag naman ni Fernando VII ang parlyamento.[9]

Muling binuksan ni Fernando VII ang parlyamento noong 1822. Isa sa mga *deputado* ng Pilipinas ay Pampangong *principal*: ang makatang si Padre Anselmo Jorge Fajardo ng Bacolor.[10] Dahil sa kawalan ng sapat na pondo, naunsiyami ang paglalayag ng mga deputado ng Pilipinas. At muling isinara ang parlyamento noong 1823.

Bilang pagpapatuloy ng gampanin sa hari, sinawata ng mga sundalong Pampango ang pag-aalsa na may kinalaman sa pagbuwag sa parlyamento ng Cadiz.[11] Nasundan pa ito ng iba't ibang pag-aalsa, dahilan upang maghigpit ang pamahalaan. Isa na rito ang pagtatatag sa Cuerpo de la Guardia Civil noong 1868,[12] at Pampanga ang isa sa mga lalawigang pinaglagyan nito dahil sa dami ng mga bandido, na pawang mga kilabot.[13]

---

[9] Tungkol sa kaugnayan ng Pilipinas sa Parlyamento ng Cadiz, cf. National Historical Commission of the Philippines, *Reframing the Cádiz Constitution in Philippine History* (Maynila: National Historical Commission of the Philippines, 2013).

[10] Santiago, *Laying the Foundations*, 59.

[11] Antonio M. Molina, *The Philippines through the Centuries,* (Maynila: UST Cooperative, 1960), Tomo I, 244.

[12] Anonima, *Reglamento para la Organizacion, Régimen y Servicio de la Guardia Civil de las Islas Filipinas* (Maynila: Imprenta Amigos del Pair, 1880), 18.

[13] Frederic Sawyer, *The Inhabitants of the Philippines* (New York: Charles Scribner's Sons, 1900), 244. Kabilang sa mga kilabot na bandidong iyon ("*célebre tulisán*") na Pampango ay si Mateo Sunga, tubong Macabebe. Napatay ito ng mga Guardia Civil sa Bataan noong Setyembre 1884 at idinispley pa ang bungo nito sa Exposición Regional de Filipinas sa Maynila noong 23 Enero 1895. Cf. Ayuntamiento de Manila, *Catálogo de los objetos presentados en la Exposición Regional de Filipinas, inaugurada en Manila el día 23 de enero de 1895* (Maynila: Manila, Tipo-Lit. de Chofré, 1896), 23.

**Pagsibol ng mga Pampangong Liberal**

Sa pagiging mapagmatiyag na ng pamahalaang Espanyol, naging palagay pa rin ang mga Pampango sa kanilang kilos at aksyon sa pag-aakalang may tiwala (*confidence*) pa rin sa kanila ang mga Espanyol. Bago dumating ang panahon na ipinagbawal ng mga awtoridad ang mga babasahing liberal tulad ng *La Solidaridad* at mga nobela ni Rizal, nakakarating hanggang Betis ang mga dyaryo mula Espanya laman ang balita tungkol sa pag-aalsa doon noong 1866-1867,[14] ngunit walang ebidensiya kung nakaimpluwensiya ang mga ito sa pagsibol ng liberalismo sa Pampanga. Noong 1869, lumiit naman ang mundo ng Pilipinas at ng Espanya dahil sa pagbubukas ng Kanal ng Suez. May mga Pampangong *principal* ang umunlad sa pagtutubo at pag-aasukal, at nakaya nilang papag-aralin sa mga kolehiyo at unibersidad sa Europa ang kanilang mga anak.[15] Dulot ito ng sikil na edukasyon na mayroon sa Maynila, ayon sa obserbasyon ni Juan Alvarez Guerra, Espanyol na opisyal noong huling hati ng ika-19 na siglo.[16] Tinugunan din ng iba pang uring *principalia* sa iba't ibang panig ng Pilipinas ang edukasyon ng kanilang mga anak sa Europa, kaya't dumating ang pagkakataon na nagtagpo-tagpo ang landas ng mga kabataang *principal* at nakita ang ibayong dagat bilang isang laboratoryo ng pagbabagong loob: na silang lahat ay kinatawan hindi ng kani-kaniyang mga probinsya o pangkat etnolinggwistiko kundi ng kanilang iisang *pais* (lupain), ang Pilipinas. Naikumpara nila ang napakalaking kaibahan ng buhay

[14] Cf. UPDML, "Serrano's History of Betis, 1740-1903." *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 47, Document No. 272, Entry 126.

[15] Rafaelita Hilario Soriano, *The Pampangos* (Lungsod ng Quezon: Kayumanggi Press, 1999) 10.

[16] Guerra, *The Origins*, 11.

sa Europa at sa Pilipinas, *vice-versa*,[17] at pinuna ang limitadong karapatan ng mga mamamayan sa kolonyang Pilipinas kumpara sa mga taga-Peninsula o Espanya, gayong iisa lamang ang kanilang imperyo, pamahalaan, at watawat. Naisip nila na hindi lamang karunungan ang dapat nilang iuwi pabalik ng Pilipinas: iniangkas na rin nila sa kanikaniyang mga pangarap ang nahihirayang bayan sa ilalim ng pangalang Pilipinas. Tinawag silang mga *ilustrado* ('naliwanagan'), terminong iwinangki sa uring *principalia*, bilang sila-sila halos ang nagtamasa nito. Para kay Guerra, sumpa sa Espanya ang Kanal ng Suez.[18]

Inabutan ng mga *ilustrado* ang muling pagbubukas ng parlyamento ng Espanya noong 1873. Iyon nga lamang, tinanggalan na ng representasyon ang Pilipinas. Ito ang sinikap ng mga *ilustrado* na ilaban, sampu ng maraming reporma na nais nila para sa Pilipinas, kabilang ang pagpapatalsik sa mga prayle.

---

[17] *Ibid*., 8. Maganda ring sipiin ang puna ng manunulat na Pranses na si André Bellessort sa mala-Medieval at makalumang mundo na mayroon ang Maynila: "My last walk in Manila was inside the walled town, my last visit to the University of St. Thomas. I shall probably remember those ancient fortifications longer than anything else about the place. Thousands of miles away from Europe, under a sun whose fierce heat would be incoceivable there, I have seen the structures and the men of our own Middle Ages. The moment I had crossed the drawbridge and entered by the Isabella gateway I went back three hundred years. As though I had been asleep under the ashes of time, and awakened by an echo of the past, I suddenly found myself in the old, old town where I was born." Cf. André Bellessort, "A Week in the Philippines: In November 1897 (Conclusion)." *The Living Age*, 27 May 1899, 571/562-74.

[18] Guerra, *The Origins*, 7.

**Reaksyon ng mga Prayle sa mga Pampangong Liberal**

Upang makiisa sa paghiraya sa ideal na Pilipinas, kinailangan ng mga bagong usbong na mga Pampangong *principal* na umiba ng landas mula sa pagiging matatapat na basalyo ng mga monarka ng Espanya at masunuring mananampalataya ng mga prayle.[19] Nakita iyon ng mga prayle sa Pampanga bilang "*maroc a asal*" ('maling asal'), kaya't hinimok nila ang pamahalaan noong 1 Setyembre 1877 na arestuhin at ipatapon ang lahat ng mga liberal sa lalawigan.[20] Nangyari iyon limang taon matapos ang Pag-aalsa sa Cavite at ang pagbitay sa tatlong paring *secular*—Padre Mariano Gomes, Jose Burgos, at Jacinto Zamora—na idiniin ng mga awtoridad bilang mga utak sa likod ng naturang gulo. Laking gulat na lamang ng marami sa sinapit ng mga paring ito sapagkat hindi pa nangyari kailan man, sa kasaysayan ng Pilipinas, ang bitayin ang tulad nila—pawang mga *principal*, iginagalang na *intelegencia*, at pinuno ng kapariang katutubo. Sa paglalarawan ng liberal na si Emilio Jacinto:

> ¡Kailan ma'y di napapanood ng langit ang gayong kalaking kataksilang linsil!

[19] Tungkol sa pagkakakilanlan ng mga Pampango na propagandista, tingnan ang Rafaelita Hilario-Soriano, *A Shaft of Light* (N.p.: Rafaelita Hilario-Soriano, 1996), 320; hinggil sa epekto ng pagnenegosyo ng asukal sa liberalismo sa Pampanga, tingnan ang John A. Larkin, *The Pampangans: Colonial society in a Philippine province* (Berkeley, Los Angeles, London: University of California Press, 1972); hinggil sa papel ng mga Pampangong elite sa liberalismo sa Pampanga, tingnan ang Francis St. Clair (W. Brecknock-Watson), *The Katipunan: Or, The Rise and Fall of the Filipino Commune* (Manila: Tipos "Amigos del Pais," 1902), 32-3.

[20] UPDML, "Punu's History of Bacolor, 1746-1908." *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 48, Document No. 285, 20.

¡Gawang di lilimutin magpahangang kailan man ng bayang tagalog! ¡Araw na napakarawal at kalagim-lagim![21]

Ikinababahala naman nang lubos ng mga prayle sa Pampanga ang presensya sa lalawigan ni Padre Toribio Hilario del Pilar, kaibigan ni Padre Burgos at mula sa pamilyang *principal* sa Bulakan, Bulacan. Nadakip si Padre Hilario del Pilar ng awtoridad sa Sta. Ana, Pampanga noong 29 Enero 1872[22] at ipinatapon kalaunan sa Marianas. Kaanak ni Padre Hilario del Pilar ang mga *principal* na Hilario ng Bacolor, partikular si Don Anastacio Hilario na ama ng mga Pampangong liberal na sina Cecilio at Tiburcio Hilario.[23] (Ang ama ni Don Anastacio ay migrante sa Pampanga mula Bulakan.) Kakontemporaryo naman ng magkapatid na Hilario ang nakababatang kapatid ni Padre Hilario del Pilar na si Marcelo "Plaridel" Hilario del Pilar. Nang matapos niya ang abogasya sa Santo Tomas, nagsanay at naglingkod si Plaridel sa korte ng Pampanga. Mula noong araw na dinakip ang kaniyang kuyang pari, kinasuklaman na ni Plaridel ang mga prayle, ikinampanya niya ang pagpapatalsik sa mga ito sa Pilipinas, at nagpalaganap ng propaganda upang ipamukha sa mga kababayan ang tinawag niyang *soberanía monacal* o *frailocracia* ('paghahari ng mga prayle').

Marapat ding mabanggit na noong 1872 naitala sa San Fernando ang kauna-unahang welga ng mga manggagawa sa Pilipinas. Nagsimula ito sa hanay ng mga

---

[21] Archivo General Militar de Madrid (AGMM), "¡¡¡ Gomez, Burgos, Zamora!!! ni Emilio Jacinto, 30 Abril 1896." *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, leg.9.1.

[22] John N. Schumacher, *The Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement 1850-1903* (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1981), 28.

[23] Evangelina Hilario-Lacson, *Kapampangan Writing: A Selected Compendium and Critique* (Maynila: National Historical Institute, 1984), 396.

manlilimbag na bumuo ng *gremio* o samahan upang iprotesta ang maling pagtrato sa kanila ng isang Espanyol.[24] Nang taon ding ito, sunod-sunod ang naging pagbitay sa Pampanga. *Tornillos* ang tawag ng mga Pampango sa pagbitay sa pamamagitan ng garote. Pinakatumatak sa kamalayan ng mga Pampango noon na *metornilla* (ginarote) ay sina Valentin Canno, Juan Maliari, magkapatid na Mamerto at José Sicat, at isang babae na nagngangalang Julia Alimurung sa Bacolor. Ginarote sila noong 8 Hunyo 1872 sa paratang na pagpatay sa Espanyol na si Don José Reyna.[25] Kung papansinin ang mga apelyido ng mga binatay, pawang matatandang *principal* sila ng Pampanga. (Maraming katutubong apelyido sa Pampanga ang napreserba mula sa implementasyon ng kautusan ni Gob. Hen. Narcisco Claveria sa mga katutubo ng Pilipinas na pumili ng Hispanisadong apelyido noong 1849. Konsiderasyon ito na ibinigay sa mga uring *principalia*.[26])

Wika nga ni Guerra, “ang maging indio at ang magkaroon ng pag-iisip ay tulad din ng pagiging erehe, mason at higit sa lahat, pilibustero.”[27]

---

[24] Cf. William Henry Scott, *The Union Obrera Democratica: First Filipino Labor Union* (Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1992), 8-9.

[25] Para sa ulat ng mga pagbitay sa Bacolor at Guagua, cf. UPDML, “Punu’s History of Bacolor,” 18; UPDML, “History of Betis 1740-1903 by A. Serrano.” *Luther Parker Collection*, Document No. 286, Folder No. 49, Box No. 2.

[26] Cf. Jaime C. Laya, *Letras Y Figuras: Business in Culture, Culture in Business* (Mandaluyong: Anvil Publishing, 2001), 125.

[27] Guerra, *The Origins*, 11-2.

## Pagpunla ng Liberalismo sa Pampanga

Noong 1861, iminungkahi ni Padre Juan Zita, kura ng Lubao at katutubo ng naturang bayan, kasama ang kaibigan niyang si Felino Gil, isang mangangalakal na Espanyol, sa pamahalaang Espanyol sa Maynila ang pagbubukas ng isang panlalaking paaralan sa Bacolor, kabisera ng Pampanga.[28] Nais nila na ang mga batang Pampango edad 7 hanggang 12 "ay maging kapakipakinabang na miyembro ng lipunan na batid ang tungkulin sa Diyos at sa Pamahalaan, nang hindi na tutungo sa Kabisera (Maynila) at lalayo pa sa kani-kanilang mga magulang at pamilya."[29] Maraming kilalang residenteng Espanyol sa Pampanga at Pampangong *principal* ang nag-ambagan para buksan ang paaralan, tulad ng dating *alcalde mayor* ng lalawigan na si Hen. José de Urbina y Daoiz (nanungkulan mula 1841-1846). Inaprubahan ni Gob. Hen. Jose Lemery ang plano noong 4 Nobyembre 1861, at tinawag ang paaralan na Colegio de Instrucción Primaria y Latinidad, o mas kilala bilang Colegio de Bacolor.[30] (21 Hunyo 1864 na nang pagtibayin ang pagbubukas ng Colegio de Bacolor.[31])

---

[28] Archivo Histórico Nacional (AHN). "Expediente de establecimiento de un colegio de Primaria y Latinidad en Bacolor, 1861-1868." *Ultramar (1863-1899)*, No. 472, Exp.4; Anónima. *Proyecto para Establecer Un Instituto de Instrucción Primaria en Provincia Pampanga* (Manila: Establecimiento Tipográfico de los Amigos del País, 1861), 1.

[29] Anónima, *Proyecto*, 3.

[30] UPDML, "Foundation documents of Bacolor Trade School." *Luther Parker Collection* (*LPC*), Box No. 2, Folder No. 48, Doc. No. 282, 46; José Montero y Vidal. *Historia General de Filipinas desde el Descubrimiento de Dichas Islas hasta Nuestras Días* (Madrid: Est. Tip. de la Viuda é Hijos de Tello, 1895), Tomo 3, 323; Manuel Artigas y Cuerva, *Historia de Filipinas para uso de los Alumnos del Instituto Burgos y de Otros Colegios Particulares* (Manila: Imprenta "La Pilarica," 1916), 446.

[31] Colegio de Abogados de Madrid. *Boletín de la Revista general de legislación y jurisprudencia, Tomo XXI, Segundo Semestre de 1864* (Madrid: Imprenta de la Revista de Legislación, 1864), 331. Ang taong 1864 ay

Sa mungkahi nina Padre Zita at Don Felino, isusunod ang kurikulum ng Colegio de Bacolor sa kontrobersyal na sistemang pang-edukasyon ng mga paring Heswita. May pagkiling si Padre Zita sa Heswitang kurikulum dahil dati siyang guro sa Real Colegio de San José ng mga Heswita.[32] Itinalaga nina Padre Zita at Gil si Padre Victor Dizon del Moral, isa ring Pampangong paring *secular*, bilang unang rektor ng paaralan.

Iyon nga lamang, idinawit ni Gob. Hen. Cárlos María de la Torre si Padre Dizon del Moral sa pagkalat ng sedisyosong kaisipan sa mga estudyante ng Unibersidad ng Santo Tomas. Kabilang sa mga tinutukoy na mga estudyanteng ito ay sina Felipe Buencamino (kalauna'y naging liberal na abogado), Gregorio Sanciangco (kalauna'y naging liberal na ekonimista), at Paciano Rizal (kalauna'y nang-impluwensiya sa idolo ng sumunod na henerasyon at itinanghal na pambansang bayani ng mga tao [*public acclamation*] na si Jose Rizal). Lahat sila ay mga kasapi ng La Juventud Escolar Liberal, na kinabibilangan din ng tatlo pang Pampangong estudyante ng Santo Tomas: Ladislao Dairit ng Magalang, Mariano Alejandrino ng Arayat (kalauna'y ama sa isang heneral ng Himagsikan, si Jose Alejandrino), at Balbino Ventura ng Bacolor (kalauna'y idineklarang pinakamapanganib na liberal sa Pampanga).[33] Ipinadampot ng pamahalaan ang mga nasabing estudyante dahil

---

ang kinikilalang taon ng pagkatatag ng Colegio de Bacolor sa Francisco Tomás y Valiente, *Fondos de Ultramar (1835-1903)* (Madrid: Boletín Oficial del Estado, 1994), 139.

[32] Salvador Pons y Torres, *El Clero Secular Filipino: Apuntes Bibliográficos y Biográficos* (Manila: Imprenta la Democracia, 1900), 18.

[33] Wala sina Dairit, Alejandrino, at Ventura sa unang listahan ni Manuel Artigas y Cuerva noong 1911 ng mga kasapi ng La Juventud Escolar Liberal. Lumitaw lamang ang pangalan nila sa isa pang listahan ni Artigas noong 1917. Cf. Manuel Artigas y Cuerva, *Los Sucesos de 1872: Reseña Historica Bio-Bibliografica* (Maynila: Imprenta de la Vanguardia, 1911), 68; Manuel Artigas y Cuerva, 529.



Sagisag ng Bacolor, Pampanga noong panahon ng mga Espanyol. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES

sa nakakabahalang polyeto na ikinalat sa Santo Tomas noong Oktubre 1869.[34] Ikinulong sila ng pitong buwan.

Bilang parusa, sinesante ni dela Torre si Padre Dizon del Moral sa pagkarektor ng Colegio de Bacolor dahil sa pagiging "kontra-Espanya" ("*por no creer yo que deben estar al frente de la enseñanza de la juventud personas señaladas por la opinión pública como antiespañolas*").[35] Isang buwan matapos ang insidente sa Santo Tomas, noong 16 Noyembre 1869, ipinasara ng pamahalaan ang Colegio de Bacolor.[36] Bago magsara, napagtapos pa ng Colegio de Bacolor noong 1869 ang mga kalauna'y nasangkot sa liberalismo at paghihimagsik: Mariano Alimurung ng Bacolor (magiging libertador ng Pampanga sa Himagsikang 1898), Juan Nepomuceno ng Angeles (magiging *presidente municipal* ng kaniyang bayan sa Himagsikang 1898), Mariano Cunanan ng Mexico (magiging propagandista at kaibigang matalik ni Rizal), at Antonio Consunji ng San Fernando (magiging *presidente municipal* ng kaniyang bayan sa Himagsikang 1898).[37]

---

[34] Schumacher, *Revolutionary Clergy*, 17.

[35] John N. Schumacher, *Father Jose Burgos: A Documentary History* (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1999), 120-1.

[36] Ikinatwiran ng pamahalaang Espanyol ang kawalan ng pondo upang ibangon ang Colegio de Bacolor matapos itong tupukin ng apoy noong 15 Abril 1869. Bago ito ipasara, isa ang Colegio de Bacolor sa limang paaralan sa Pilipinas na unang nagbukas ng *Bachilier en Artes* (katumbas ng ika-6 hanggang 12 na baitang) sa bisa ng *real decreto* para sa sekondaryang edukasyon ni Reyna Isabella II noong 26 January 1867 (*Reglamento para el regimen de los establecimientos de segunda enseñanza de las Islas Filipinas*). Ang iba pang paaralan ay ang Unibersidad ng Santo Tomas, Real Colegio de San Jose, Colegio de San Juan de Letran, at Ateneo municipal (ngayo'y Pamantasang Ateneo de Manila). Cf. Joaquín Rodríguez San Pedro, *Legislación ultramarina: Concordada y Anotada, Suplemento Primero, Tomo Undécimo* (Madrid: Imprenta de Manuel Minuesa, 1868), 137.

[37] Tingnan ang listahan ng mga unang nagsipagtapos sa Colegio de Bacolor sa UPDML, "List of graduates and pupils of the Bacolor School of Arts and Trades, formerly 'El Colegio de Santa Tereza de Jesus', for the period 1861-1869 by Luther Parker." *Luther Parker Collection*, Box No. 2, Folder No. 48, Doc No. 866, 1-3. Nagtapos din sa Colegio de Bacolor ang kilalang paring sekular na si Padre Ignacio Tambungui, kalauna'y

Samantala, isang paring Pampango mula sa San Fernando ang itinuring ng mga Espanyol na tanyag sa pagiging liberal sa mga kakontemporaryo ng Gomburza: si Padre Jose Consunji.[38] Sa buong Pampanga naman, isang paring Pampango mula sa Guagua ang nakumpiskahan ng sipi ng *Noli Me Tangere* ni Rizal: si Padre Felipe Roque. *Coadjutor* (katuwang ng kura) noon si Padre Roque ng parokya ng Macabebe nang makumpiska ang naturang nobela.[39]

**Papel ng mga Pampango sa Kilusang Reformista**

Walang duda na sina Rizal at Plaridel ang dalawang nangungunang lider ng mga Pilipino sa Europa. Kapuwa nila pinalutang ang problema ng mga Pilipino sa *frailocracia*. Mismong si Guerra, na isang Espanyol, ay kumbinsido na *frailocracia* ang puno't dulo ng galit at poot ng mga *dilat* nang mga Pilipino (diin sa 'dilat' dahil mga *principal* at *ilustrado* ang karamihan sa mga kumilos):

---

*chaplain* ng Hospital de San Juan de Dios at *canon* ng Katedral ng Maynila. Tubong Guagua, ipinakilala ni Padre Tambungui ang tanyag na Pilipinong pintor na si Simon Flores sa mga bayan sa Pampanga. Napangasawa naman ng naturang pintor ang kapatid ni Padre Tambungui na si Simplicia. Kabilang sa mga tanyag na obra ni Flores ay ang pintang larawan ni Padre Tambungui. Cf. Alex R. Castro, "Simon Flores." *Singsing* 2:3 (2003), 41; Regalado Trota Jose, *Simbahan: Church Art in Colonial Philippines, 1565-1898* (Makati: Ayala Museum, 1991), 159.

[38] Schumacher, *Revolutionary Clergy* , 45
[39] *Ibid*.



Mula kaliwa: Juan Luna, Jose Rizal, at Valentin Ventura. MARIANO CACHO

> Walang kapangyarihan sa mundo ang kasing ganap at epektibo tulad ng sa hawak ng mga prayle sa kapuluang Pilipinas. Ganap at nananatili iyong nakapangyayari sa maraming siglo. …[Ang] kapangyarihang iyon ay hindi kinuwestiyon sa loob ng tatlong daang taon.[40]

At totoo ito sa Pampanga, bilang ang mga prayle ang ganap na naghahari. Kaya't ligtas na dako ang Europa upang kuwestiyunin ng mga Pampango ang mga prayle.

**Valentin Ventura.** Malamang na alam ni Valentin Ventura, negosyanteng Pampango mula Bacolor na nakatira sa Paris, kung gaano katanggap ng kaniyang mga *kabalen* ('kapuwa Pampango/Kapampangan') ang *frailocracia*, ngunit wala siyang maiturong kongkretong isyu na maaari niyang maipambatikos doon. Tulad ng ibang mga kasama sa Europa, ang pagiging hindi maka-Pilipino ng hirarkiya ng simbahan sa Pilipinas ang kinamuhian ni Ventura.[41] Kaya't sa halip na tingnan ang isyu sa lebel lamang ng kaniyang lalawigan, sinipat ni Ventura ang *frailocracia* bilang problema ng buong Pilipinas—isang indikasyon na may isang Pampango ang nag-isip nang mas malaki pa sa sarili niya at sa kaniyang probinsya sa panahong ito. Gayumpaman, hindi inilantad ni Ventura ang sarili bilang kontra-prayle. Nakinita ni Ventura na kayang manipulahin ng mga prayle ang lahat, maipit lamang sa alanganin ang mga kalaban nila.[42]

---

[40] Guerra, *The Origins*, 14.

[41] Pansinin ang panunuya ni Ventura sa pagpanaw ng anti-Pilipinong arsobispo ng Maynila na si Pedro Payo, OP, sa kaniyang liham kay Rizal petsa 6 Enero 1889. Cf. Jose Rizal, *Cartas entre Rizal sus Colegas de la Propaganda* (Maynila: Comision Nacional del Centenario de Jose Rizal, 1961), Tomo II, Libro Tercero, Primer Parte, 278.

[42] Basahin ang liham ni Ventura kay Rizal, petsa 28 Oktubre 1888, na nagpapaliwanag sa kalagayan ni Graciano Lopez Jaena na lantad sa pag-ipit ng mga prayle sa Pilipinas, *ibid*., 231-2.

Upang maisulong ang pagkontra niya sa *frailocracia* nang hindi nadadamay ang negosyo, mga kamag-anak at malalapit sa kaniya na nasa sa Pilipinas, ginamit niya si Rizal. Sinuportahan niya, na parang kapatid, ang mga pangangailangang pinansyal ni Rizal,[43] maituloy lamang nito ang mga gawaing kontra prayle at punahin ang mga maling asal at gawi ng mga Pilipino sa Europa.[44] Sa kaniyang liham kay Rizal noong 26 Setyembre 1891, sinabi niya ang dahilan kung bakit nais niya itong tulungan: "*pero ya sabe que somos como dos hermanos y por lo tanto debo ser el último*" ('alam mo na naman na para na tayong magkapatid kung kaya't nais kong ihuli ang aking sarili').[45]

Isa si Ventura sa naniniwala na hindi kailangang mawala ang Pilipinas sa Espanya, kaya kailangang may magsakripisyo upang maisulong ito ("*que si es para que la colonia no se debande, es necesario haga un sacrificio y se vaya*").[46] Sinabi niya ito kay Rizal nang kaniyang mabalitaan na tutungo ito ng Madrid upang pangunahan ang pagtatatag sa isang pahayagan—ang makinaryang nakita ng mga Pilipino sa Europa na magsusulong ng reporma at ng pananatili ng Pilipinas sa Espanya. Ngunit duda si Ventura sa mararating ng pahayagang ito. Sa praktikal na punto niya kay Rizal, hindi mabubuhay ang pahayagang iyon sa pag-asa lamang sa sustento galing sa Pilipinas. Agam-agam niya na ibibingit lamang ng mga propagandista sa alanganin ang kanilang


---

[43] *Ibid*.; liham ni Ventura kay Rizal, petsa 6 Enero 1889, *ibid*., 277.

[44] Liham ni Ventura kay Rizal, petsa 28 Oktubre 1888, *ibid*.

[45] Liham ni Ventura kay Rizal, petsa 26 Setyembre 1891, cf. Jose Rizal, *Cartas entre Rizal sus Colegas de la Propaganda* (Maynila: Comision Nacional del Centenario de Jose Rizal, 1961), Tomo II, Libro Tercero, Segunda Parte, 712.

[46] Liham ni Ventura kay Rizal, 23 Nobyembre 1888, Rizal, cf. *Cartas*, Tomo II, Libro Tercero, Primer Parte,258.



# La Solidaridad

Quincenario democrático

BARCELONA 15 MARZO DE 1889 — NÚM. 3

| E SUSCRIPCIÓN | REDACCION Y ADMINISTRACION | Comunicados y anuncios á precios convencionales. |
| --- | --- | --- |
| mestre. . ptas. 0'75 / ltramar. . » 1'25 | Plaza del Buensuceso núm. 5, 1.º | Número suelto 15 cénts. |

## BARRONES

izonte político no se presenta con que deseamos.

nuel Zorrilla hace un viaje á In- ; y ya la prensa ministerial aje pregonando también que tal no la preocupa al gobierno para

parte celebraríamos que no hu- e temer, y hasta aplaudimos las señor Sagasta, al asegurar en el como no le ofrece cuidado el órden interior, ni tenemos que entrome- conflictos internacionales de Eu- rno se siente capaz de disminuir que representan supérfluas pre- ra aligerar las contribuciones que esta desventurada nación.

que el señor Sagasta tan diestro en la palabra, expuso después que había dicho en forma de proposi- nesa, pues lo ha enunciado sólo mple idea por si en el ctificar; es decir, lo del momento.

encias el señor Sagasta icil, con efecto, pasar cada ndescifrable el porvenir

con el desprestigio del se- , las decepciones cada paso política per acomodaticia a, acabarán infecundas al el país del posi- cuyo idea los derechos emocracia apoyar al que los

persiste encaminada á orga-nizar un tercer partido liberal es un síntoma importante para diagnosticar la difícil situación que atraviesa el fusionismo y va tomando cuerpo la convicción de que no está en manos de Sagasta el cumplimiento de sus promesas hechas en la oposición.

El desprestigio de unos y las decepciones de otros producen ciertas nebulosidades, que no pasan desapercibidas para el zorrillismo, que en vista de tales acontecimientos parece empujado por la Providencia al cumplimiento de inescrutables designios.

Aparte de los nubarrones en el interior, aparecen otros de la política exterior.

La prensa germánica da cuenta de la presentación en Alemania de una embajada marroquí. Parece ser cosa decidida que Marruecos cede á Alemania un puerto entre Melilla y la frontera de Argel, con propósitos y planes ulteriores por parte de Alemania y quizá también por la de los árabes franceses.

Los esfuerzos de Alemania por aislar á la Francia se apoyaban ayer en la idea de conquistar nuestra amistad; pero por lo visto hoy se extienden hasta el punto de dificultar nuestra política colonial.

¿Debemos impedir el progreso de la política alemana? ¿debemos consentirlo?

Por nuestra parte damos el grito de alerta.

## LOS AGRICULTORES FILIPINOS

Aplaudimos los esfuerzos del Ministro de Ultramar para fomentar la agricultura en Filipinas: pruebas de ello son la actividad de las juntas, comisiones y comités, y la abundancia de proyectos. Recomendamos sin embargo que se le consulte también al agricultor, al que está en contacto directo con el terreno, al que con su capital y

*La Solidaridad*. NATIONAL HISTORICAL COMMISSION OF THE PHILIPPINES

mga tagasuporta sa Pilipinas: tiyak na pag-iinitan ng mga prayle ang sinumang *tildados* o markadong tagasuporta ng propaganda. Katwiran pa ni Ventura, sapat na ang pagdulog sa Espanya upang iparating ang mga repormang nais para sa Pilipinas. May kanikaniya di umanong pamamaraan ang mga Pilipino upang gawin ang pagdulog. Aniya, "*Que cada uno sirva a su país como major lo cree*" ('nawa'y pagsilbihan ng bawat isa ang kaniyang bayan sa paraang naiisip niyang makabubuti').[47]

Pambihira man ang takbo ng kaniyang pag-iisip, isa pa rin si Ventura sa pinagkakatiwalaang lubos ni Rizal sa Europa.[48] Residente na si Ventura sa Paris at doon na bumuo ng pamilya. "Mansyon" ang turing sa kaniyang tahanan sa kabiserang iyon ng Pransya.[49]

Bahagi ng tulong pinansiyal ni Ventura—*utang*, ayon sa kapuwa reformador na si Felix Roxas[50]—kay Rizal ay ginamit upang maipalimbag nito ang nobelang *El Filibusterismo* noong 1891. Bilang pasasalamat, ibinigay sa kaniya ni Rizal ang burador

---

[47] *Ibid*.

[48] Felix Roxas, *The World of Felix Roxas: Anecdotes and Reminiscences of a Manila Newspaper Columnist, 1926-36* (Manila: Filipiniana Book Guild, 1970), 14.

[49] Rizal, *Cartas*, Tomo II, Libro Tercero, Primer Parte, 136.

[50] *Ibid*.

ng *El Filibusterismo* (na may dedikasyon)[51] at dalawang panulat na ginamit sa pagsulat ng nobela.[52]

Noong 6 Enero 1889, nagbigay ng opinyon si Ventura kay Rizal hinggil sa Asosacion Hispano Filipina, isang samahan ng mga Pilipino at Espanyol na may malasakit sa Pilipinas. Pinuna niya ang dami ng mga Espanyol na kasapi ng samahan, lalo na ang luminaryong liberal na si Miguel Morayta. May pahiwatig si Ventura na nakakagulat: "*su política* (Morayta) *sera conserver el más tíempo posible Filipinas para España*" ('pananatiliin ng kaniyang [Morayta] mga polisiya ang Pilipinas na sakop ng Espanya hanggang maaari').[53] Pahiwatig iyon na may pagkaseparatista ang tunguhin ng litanya ni Ventura.

Bahagi pa ng plano ni Ventura ay ang pabalikin si Rizal sa Pilipinas. Naniwala si Ventura na ang mga nangyayaring paggising sa Pilipinas ay dahil sa pagsusumikap ni Rizal—na, sa katunayan, ay isang miskonsepsyon, sapagkat si Plaridel ang tumrabaho sa mga pagkilos sa Maynila laban sa mga prayle at wala ritong kinalaman si Rizal o ang mga sinulat nito. Sa opinyon ni Ventura, binabalewala lamang sa Espanya ang mga reporma na hinihingi nila, kaya't mainam na sa Maynila na dalhin ang laban.[54]

---

[51] Liham ni Ventura kay Rizal, petsa 26 Setyembre 1891, cf. Rizal, *Cartas*, Tomo II, Libro Tercero, Segunda Parte, 712.

[52] Roxas, *The World*, 136.

[53] Liham ni Ventura kay Rizal, petsa 6 Enero 1889, cf. Rizal, *Cartas*, Tomo II, Libro Tercero, Primer Parte, 277.

[54] *Ibid*.

Noong 15 Pebrero 1889, lumabas ang unang isyu ng pahayagang *La Solidaridad*. Makalipas ang kulang-kulang anim na taon, ihininto ang pahayagan dahil sa kawalan na ng sustento mula sa Maynila. Gaya ng nakinita ni Ventura, pinag-initan ang mga tumulong sa propaganda at nakita ng mga liberal sa Pilipinas ang kawalang saysay ng patuloy na pagtustos sa *La Solidaridad*. Wala ring naidulot na reporma ang paglagi ng mga Pilipino sa Espanya, gaya ng agam-agam ni Ventura. Ayon kay Roxas, katangian na ni Ventura na "laging maghanda sa maaaring mangyari at magkaroon ng maliwanag na puna at pangitain."[55]

Patunay si Ventura na may isang Pampango na kabilang sa mga unang yumakap sa idea ng pagiging bahagi ng malaking komunidad ng mga Pilipino; at bahagi ng pagyakap sa ideang ito ay ang buuin ang katangian ng isang Pilipino. Mahal niya ang kaniyang asawang Espanyola, ngunit kaniyang ipinakita dito na kapantay niya ito sa pagkatao. Puna niya sa kaniyang asawa at mga kababayan nitong Espanyol: "*Ésta gente no quiere comprender que un Filipino nunca se prestará a papeles ridiculos*" ('Ayaw unawain ng mga taong ito na ang isang Pilipino ay hindi tatanggap ng katawa-tawang papel').[56] Ikinatuwa rin ni Ventura na ibalita kay Rizal, noong 16 Abril 1890, na ang mga *suyas* (bansag sa mga Pilipino) sa Madrid ay kamuntikan nang hamunin ng *duelo* ang isang Espanyol na miyembro ng aristokrasya at nabalita pa ito sa isang pahayagan.[57] Gayundin, hinimok niya si Rizal, na nakita niyang maimpluwensiya sa mga kababayan nila, na

---

[55] Roxas, *The World*, 137.

[56] Liham ni Ventura kay Rizal, 24 Pebrero 1890, cf. Rizal, *Cartas*, Tomo II, Libro Tercero, Segunda Parte, 510.

[57] Liham ni Ventura kay Rizal, 16 Abril 1890, *ibid*., 521.

pagsabihan ang mga Pilipino sa Madrid upang ayusin ang kanilang asal dahil kasiraan ito ng Pilipinas at maaari itong ikadismaya ng iba pang mga ama sa Pilipinas na nais papag-aralin ang kanilang mga anak sa Europa.[58]

Naging miyembro rin si Ventura ng makabayang samahang Los Indios Bravos (Mga Pilipinong Matatapang) at R.D.L.M. (sinasabing Redención de los Malayos o Kalayaan ng mga Malayo).

**Iba pang Pampangong liberal sa Europa.** Si Agustin Blanco ay isinilang sa Macabebe mula sa mestisang *principal* na ina (na siyang taga-Macabebe) at *peninsular* na ama, si Don Juan Blanco. Nag-ari sila ng malawak na lupain sa Macabebe. Gayong hindi opisyal ng pamahalaang lokal, kontrolado ng ama ang Macabebe at inilarawan pa bilang isang may "pamumunong mala-baron."[59] Naging kapitan ng Hukbong Sandatahan ng Espanya sa lungsod ng Mataró, Barcelona si Agustin. Nakilala naman siya bilang kasakasama ni Plaridel sa pagkausap sa maiimpluwensiyang Espanyol sa Barcelona.

Makailang beses binanggit ni Plaridel sa kaniyang mga liham ang tungkol kay Agustin Blanco. Sa liham sa asawang si Marciana, petsa 16 Abril 1889, binanggit na

---

[58] Liham ni Ventura kay Rizal, petsa 6 Mayo 1890, *ibid*., 527.

[59] U.S. Congress, *Affairs in the Philippine Islands: Hearings before the Committee on the Philippine of the United States Senate 57th Congress, 1st Regular Session, Jan. 31-June 28, 1902 – April 10, 1902* (Washington: Goverment Printing Office, 1902), Tomo 3, 2429; George A. Malcolm, *The Commonwealth of the Philippines* (New York: D. Appleton-Century Com., Inc., 1939), 24.

binisita sa Mataró ni Plaridel at nina Mariano at Damaso Ponce, Graciano Lopez Jaena, at Jose Ma. Panganiban “ang mag asawang Agustín Blanco na taga Macabebe.” Sa liham sa bayaw na si Deodato Arellano, 2 Mayo 1889, ibinalita ni Plaridel na kasama niya at nina Miguel Morayta, magpinsang Ponce, Santiago Icasiano, Lopez Jaena, Pablo Rianzares, at Galicano Apacible si Blanco sa bangkete ng La Solidaridad (samahan) noong 25 Abril 1889 upang igiit na reporma ang hiling ng mga Pilipino at hindi separasyon sa Espanya. Sa isa pang liham kay Arellano, 11 Hunyo 1889, kasama rin ni Plaridel at nina Mariano Ponce, Panganiban, at Lopez Jaena si Blanco sa isang bangkete na inihanda ng mga kaibigan nilang Espanyol.[60] Nabanggit din si Blanco sa dalawang isyu ng pahayagang *La Solidaridad*: isang pabatid na may petsang 13 Agosto 1889 na nag-aanunsyo na siya ay puno ng arsenal ng Rerserva ng Mataró; at petsa 15 Pebrero 1889 sa isang obitwaryo na handog ng mga Pilipino sa kaniya bilang pakikiramay sa pagpanaw ng biyenan niya sa Pilipinas na si Doña Josefa Portillo de Villa.[61] Ayon sa pag-aaral ni Padre Schumacher sa kilusang propaganda sa Espanya, isa si Blanco sa mga unang Pilipinong mason na sumapi sa Gran Oriente Español. Kabilang sa grupong ito ng unang mason sina Teodoro Sandico, Icasiano, Ariston Bautista, Apacible, at Damaso Ponce.[62]

[60] Cf. Oficina de Bibliotecas Públicas, *Epistolario de Marcelo H. del Pilar* Tomo II (Manila: Imprenta del Gobierno, 1958), Tomo II, 13-4; Oficina de Bibliotecas Públicas, *Epistolario*, Tomo I.

[61] Guadalupe Fores Ganzon at Luis A. Mañeru, trans., *La Solidaridad* (Manila: Fundación Santiago, 1996), Tomo I, 321; Tomo II, 80.

[62] John N. Schumacher, *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism* (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1991), 161; Encarnacion Alzona, *Galicano Apacible: Profile of a Filipino Patriot* (Manila: National Historical Institute, 1971), 20.

Natatangi rin ang papel sa kampanya para sa reporma ng mestisong Espanyol na si Jose Alejandrino ng Arayat. Estudyante siya sa Belgium ng inhinyeriya noong 1889[63] at naging matalik na kaibigan ni Rizal. Siya ang tumulong kay Rizal upang humanap ng murang palimbagan at kumilatis sa mga dapat itama sa manuskrito ng *El Filibusterismo*.[64] Katuwang sina Dominador Gomez at Eduardo de Lete, naatasan si Alejandrino na ihanda ang unang isyu ng *La Solidaridad* noong 1889.[65] Isa sa mga inambag niyang artikulo sa *La Solidaridad* ay tungkol sa mahiwagang bundok sa Pampanga, ang Arayat o Sinukuan.[66]

Ang dalawa pa sa mga prominenteng Pampango sa kilusang reporma ay sina Francisco Liongson (noo'y nag-aaral ng medisina) ng Bacolor at si Mariano Cunanan ng Mexico (Pampanga). Estudyante ng Agham si Cunanan sa Paris nang makilala niya si Rizal.[67] Nangako si Cunanan kay Rizal na tutulungan niya itong pondohan ang pangarap nitong makapagbukas ng isang Colegio Moderno sa Hong Kong.[68] Ngunit hindi na nakabalik pa sa Hong Kong si Rizal dahil dinakip at ipinatapon na ito ng mga Espanyol sa Dapitan noong 1892.

---

[63] Artigas y Cuerva, *Galería de Filipinos Ilustres*, 411.


[64] Jose Alejandrino, *The Price of Freedom (La Senda del Sacrificio): Episodes and Anecdotes of Our Struggles for Freedom*, salin sa Ingles ni Jose M. Alejandrino (Manila: José Alejandrino, 1949), 3, 223, 233.

[65] Artigas y Cuerva, *Galería de Filipinos Ilustres*, *ibid*.

[66] "Sinukúan, por Jose Alejandrino, La Solidaridad, 15 Julio 1891," sa *La Solidaridad,* salin ni Luis Mañeru, pinamatnugutan ni Guadalupe Fores-Ganson (Maynila: Fundación Santiago, 1996), Tomo 3, 340-4.

[67] José Rizal, *Reminiscences and Travels of José Rizal* (Maynila: José Rizal National Centennial Commission, 1961), 253.

[68] Cf. Sixto Y. Orosa, *Jose Rizal: A Collection of What People Have Said and Written about the Filipino National Hero* (Maynila: Manor Press, 1956), 62.




Jose Alejandrino. NATIONAL LIBRARY OF THE PHILIPPINES



Francisco Liongson. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES



Ang magkapatid na Jose (kaliwa) at Eugenio Blanco y Leyson (kanan). Ayon kay Celia Blanco, apo sa pamangkin ni Eugenio (85 taong gulang na nang kapanayamin noong 25 Pebrero 2012), *composite painting* ito ng dalawa (hinango sa dalawang magkaibang larawan), obra ni L. M. Santuangco, isang lokal na pintor ng Sta. Rita, Macabebe. IAN CHRISTOPHER B. ALFONSO

**Pampanga bilang Nangungunang Liberal na Lalawigan**

Mabilis na niyakap ng mga liberal sa Pilipinas ang pagbubukas ng unang *logia* (himpilang mason) sa Maynila noong 1890. Kabilang naman ang mga kaanak nina Ventura, Blanco, at Alejandrino sa nagpakilala ng masoneriya sa Pampanga.[69] Ang mga ito ay sina Balbino Ventura, kapatid ni Valetin Ventura, na kasapi ng La Juventud Escolar Liberal,[70] binasagan ng mga Espanyol na "*filibustero muy conocido*" ('kilalang pilibustero'),[71] at nakilala bilang taong marami nang napuntahang mga lugar sa iba't ibang bansa at may malapalasyong bahay sa Sta. Ines, Bacolor;[72] si Eugenio Blanco, kapatid ni Agustin Blanco; at si Mariano Alejandrino, ama ni Jose, na kasapi rin ng La Juventud Escolar Liberal. Hindi rin dapat isantabi ang papel ni Ruperto Lacsamana ng Mexico bilang tagapagtatag ng unang lohiya ng masoneriya sa Pampanga, katuwang sina Eugenio at Mariano.

Kalaunan, nagkaroon rin ng mga mason na sa mga bayan ng Pampanga: Bacolor, Magalang, Guagua, Floridablanca, San Fernando, Mexico, Santa Ana, Arayat, Mabalacat,

---

[69] Teodoro M. Kalaw, *La Masoneria Filipina: Su Origen, Desarrollo y Vicisitudes hasta la Época Presente* (Maynila: Bureau of Printing, 1920), 48; NAP, "Pampanga - Si acaso esta provincial donde más se halla la masoneria, pues tiene adaptos en casi todos," *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-10, Documento No. 3.

[70] Artigas y Cuerva, *Los Sucesos de 1872*, 34-5.

[71] Jose M. del Castillo y Jimenez, *El Katipunan o El Filibusterismo en Filipinas* (Madrid: Imprenta del Asilo de huerfanos del S. C. de Jesus, 1897), 251.

[72] NHCP, "Bacolor HDP," RHDTA, 7.

at Macabebe.[73] Ilan sa mga *logia* sa Pampanga ay ang Logia Masala sa San Fernando na pinamumunuan ni Jose Bañuelos bilang *Excelentísimo Maestro Masón* (Worshipful Master); Logia Majestad sa Bacolor sa pamumuno ni Tiburcio Hilario;[74] sa Bacolor ni *Viriato* (Antonio de Cordoba) at *Morse* (Don Manuel G. Campos); at sa Macabebe ni *Venerable* (Eugenio Blanco). Idagdag pa rito ang listahan ng mga mason sa Pampanga ng Cuerpo de Vigilancia de Manila, isang sangay ng pamahalaan na itinatag noong 1895 upang maniktik:

> **Lubao:** Francisco dela Rosa (*Abdallah*)
>
> **Bacolor:** Tiburcio Hilario, Ceferino Joven,[75] Francisco Joven, Ildefonso Ramirez (*Yra*), Pedro Malig (*Malagueño*), Enrique R. Magante (*Miramon*), Macario Tulad, Luis Carrillo, Cornelio Ceson, Felix David, Felix Galura, N. Samson, Antonio Dayao, Balbino Ventura, at Mateo Gutierrez
>
> **Guagua:** Cayetano Baluyot, N. Balbuena (hijo), Gregorio Trajano, at Juan Guintu
>
> **Floridablanca:** Quintin Romero at Daniel Romero.

---

[73] NAP, "Masoneria Pampanga," *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-4, Información Secreta No. 19.

[74] Lino L. Dizon, "Los Alemanes and Other Early Religious Protest Movements in Tarlac Province, 1891-1905." *Alaya,* 5 (2007-2008), 209-10.

[75] Bago itatag ang unang Pilipinong *logia*, noong Disyembre 1889 itinatag sa Maynila ang Circulo Nacional Recreativo na ang layon ay kaunlarang moral at materyal ng Pilipinas. Kabilang sa mga kinonsiderang *vocal* (*board member*) nito ay si Joven. Cf. "Carta de Filipinas." *La Solidaridad*, 1 Pebrero 1890, 25.

**San Fernando:** Cecilio Hilario (*Voltaire*), Pedro Teopaco, Jose S. Bañuelos, Antonio Consunji, Clemente de Ocampo, Angel de Ocampo, Mariano Serrano Custodio, Felix Ferrer, Dalmacio de Leon, at Dalmacio Cayco

**Mexico:** Ladislao Diwa, Catalino Mercado, Maximino Hison (*sic*), Ruperto Lacsamana, at Maximo Cunanan

**Sta. Ana:** Jose Revelino

**Arayat:** Cipriano Pinson, Leon Ariol Santos, Mariano Alejandrino, at kaanak, Magalangal[76]

**Magalang:** Jose Tison, Julio Lacnson, Pablo Lucia, Teopisto Samson, at Capistrano Rivera

Ang Pampanga naman ang nakapagtala ng pinakamalaking bilang ng mga lohiya sa labas ng Maynila.[77] Marapat lamang na mabanggit na nakatulong nang malaki ang masoneriya upang mapalawig pa ang kampanya para sa mga reporma, kasabay ang paglawak ng kamalayang liberal na pilit hinarang ng mga prayle at awtoridad.

Dahil sa positibong pagtanggap sa masoneriya sa lalawigan, isa ang Pampanga sa binisita ni Rizal noong 27 Hunyo 1892 upang manghimok ng mga kasapi para sa La Liga

[76] NAP, "Pampanga - Si acaso esta provincia donde más se halla la masonería, pues tiene adaptos en casi todos. Los pueblos, pero donde el número es mayor es en los pueblos de San Fernando, Bacolor, Mexico, Arayat y Magalang. Relación de puño y letra del Jefe de la Policía de Manila." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manusciro A-10, Documento No. 3; "Noticia de los individuos afilados a la Masoneria en la provincia de Pampanga." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-10, Documento No. 2.

[77] Del Castillo y Jimenez, *El Katipunan*, 12-3; Sastron, *La Insureccion*, Tomo I, 153.



Jose Rizal, mula sa Koleksyong Alfonso Ongpin. NATIONAL HISTORICAL COMMISSION OF THE PHILIPPINES



*Artist's rendition* ng imahen ni Tiburcio Hilario. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES



Cecilio Hilario. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES




Maximino Hizon, mula sa *Graphic*, 27 Nobyembre 1929. ALEX R. CASTRO

Filipina. Binisita ni Rizal ang mga liberal na magkakapatid na sina Cecilio at Tiburcio Hilario sa Bacolor at San Fernando, at ang kapatid pa nilang si Procopio sa Tarlac, Tarlac.[78] Hindi inabutan ni Rizal si Procopio sa Tarlac, kaya't bumalik siya ng Pampanga para bisitahin naman si B. Ventura.

Bukod sa mga Hilario, naakit din ng Liga ang mason na si Lacsamana at ang *protégé* nito na si Maximino Hizon na *principal-mestizo sangley* ng Mexico. Sa kabuuan, halos mga maykayang mason ang miyembro ng Liga sa Pampanga.[79]

## Pagpurga sa mga Liberal ng Pampanga

Gayong malinaw na inaadhika ng Liga ang pagbubuklod ng mga dalubhasa, aral, at estudyante na may malasakit sa lipunan, ipinagbawal pa rin ng mga awtoridad ang samahan. Nakita nila ang Liga bilang banta sa seguridad at kaayusan ng lipunan.[80] Kung kaya't ganoon din kabilis na inaresto si Rizal at kalauna'y ipinatapon sa Dapitan. Ang pagbabawal sa Liga ay ginawang dahilan sa Pampanga upang ipitin at mawala ang mga Pampangong mason. Sa mismong araw na ipinagbawal ang Liga, sinuyod ng mga Guadia Civil sa Pampanga ang mga bahay ng mga liberal.[81] Sinibak naman sa puwesto sa gobyerno

---

[78] Rizal, *Reminiscences*, 187.

[79] St. Clair, *The Katipunan*, 32-3.

[80] Rafael Palma, *The Pride of the Malay Race: A Biography of José Rizal*. (New York: Prentice-Hall, 1949), 299.

[81] Hilario-Lacson, *Kapampangan Writing*, *ibid*.

sina Lacsamana at Alejandrino (tatay), kasama ang alkalde ng San Fernando na si Antonio Consunji noong 13 Setyembre 1892.[82] Nang araw ding iyon, ipinadampot ni Gob. Hen. Eulogio Despujol si Alejandrino.[83] Si Lacsamana at Hizon ay pinatawan naman ng *excomunicacion* ng kura ng Mexico na si Padre Juan Tarrero, OSA. Ang naturang prayle rin ang responsable kung bakit ipinatapon sa Kiangan si Alejandrino.[84] Hinaras naman ng *gobernador civil* ng Pampanga na si Jose Canovas si Ceferino Joven, mason at *principal* ng Bacolor. Kung kokonsultahin ang *Luther Parker Collection*, nabanggit pa ang mga sumusunod na pangalan sa mga inaresto: Pelisiano David, Julio Lacson, Juan Balbuena, at Gregorio Cuio.[85]

Noong 1894, 34 na Pampangong *principal* ang ipinatapon ni Gob. Hen. Ramon Blanco sa Jolo, Siasi, at Balabac. Kilala ang mga iyon bilang "*reputados como mayores propagandistas de la idea masónica*" ('kilalang nangungunang tagapagsulong ng diwang masoniko'), batay sa ulat ng Gobernador Civil ng Pampanga noong 7 Setyembre 1894. Ang deportasyon sa mga *principal* na iyon ay paraan (*medidas preventivas*) upang

---

[82] Cf. *La Solidaridad,* tag. at pat. Mañeru at Ganson, Tomo I, 835-6.

[83] Artigas y Cuerva, *Galería de Filipinos Ilustres*, 447.

[84] Alejandrino, *The Price*, 41; Marcelo H. del Pilar Gatmaitan, "To the Filipinos, La Solidaridad, 15 Enero 1895," sa *La Solidaridad,* tag. at pat. Mañeru at Ganson, Tomo 7, 10/8-13.

[85] UPDML, "Serrano's History," Entry No. 139.

masiguro ang kaayusan sa Pampanga.[86] Bahagi lamang ang 34 na Pampangong iyon sa 400 ipinadeporta ni Blanco mula Pampanga, Taal, at Malolos.[87]

Bago sumiklab ang Himagsikang Pilipino noong Agosto 1896, nagawa pa ng mga kaibigang Pampango ni Rizal na lakarin kay Gob. Hen. Ramon Blanco na payagan siyang maging mediko sa Cuba.[88]

---

[86] Ramon Blanco, *Memoria que al Senado dirige el General Blanco acerca de los Últimos Sucesos Ocurridos en la Isla de Luzon* (Madrid: Estamecimiento Tipográfico de "El Liberal," 1897), 9.

[87] Sastron, *La Insureccion*, Tomo I, 175.

[88] St. Clair, *The Katipunan*, 102-3.



Antonio Consunji. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES



Ceferino Joven. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES

# IKAAPAT NA KABANATA

# PAMPANGA SA PAGSIKLAB NG HIMAGSIKAN AT ANG PAGKILOS NG MASANG PAMPANGO, 1896-1897

## Pagsuyod sa mga Liberal ng Pampanga

Ilang oras mula nang matuklasan ang Katipunan noong 19 Agosto 1896, 300 katao ang agad na dinampot sa Pampanga, Bulacan, at Maynila pa lamang, dahilan upang mapuno ang mga piitan.[1] Kabilang sa naaresto ang mga personalidad sa Pampanga tulad ng magkakapatid na Tiburcio, Cecilio, at Procopio Hilario ng Bacolor;[2] si Maximino Hizon at Ruperto Lacsamana ng Mexico;[3] Jose Bañuelos ng San Fernando;[4] at isang nagngangalang Potenciano Bondoc ng Macabebe. Bagaman hindi Pampango, kailangang mabanggit na sa Pampanga nadakip si Teodoro Plata,[5] isa sa tatlong tagapagtatag ng Katipunan kasama sina Ladislao Diwa at Andres Bonifacio, upang bigyang bigat ang katotohanang lantad ang lalawigan sa nagpasimula ng Himagsikan: ang Katipunan.

---

[1] John Foreman, *The Philippine Islands* (New York: C. Scribner's Sons, 1906), 365.

[2] Hilario-Lacson, *Kapampangan Writing*, 397.

[3] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon, primer jefe del ejercito liberator Filipino de la Pampanga, 11 de Julio 1898," *Philippine Revolutionary Papers*, Folio 78-88, Package 107, Reel No. 159, 2; Nilo Ocampo, *Katutubo, Muslim, Kristyano: Palawan, 1621-1901* (Kolonya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1985), 92.

[4] Susana Cuartero Escobés, *La Masonería Española en Filipinas* (Espana: Ediciones Idea, 2006), Tomo 1, 134.

[5] "El Consejo de Guerra de Hoy," *La Voz*, 20 Enero 1897.

Ang malawakang pagdakip na ito ay nasundan pa ng pagpapatapon ng ilan sa kanila sa malalayong pook: ang magkapatid na Tiburcio at Cecilio Hilario ay magkahiwalay na ipinatapon sa Siasi, Jolo at sa Balabac, Paragua[6] (ngayo'y Palawan) (pinalaya si Procopio Hilario noong 17 May 1897[7]); si Hizon, kasama ang magkapatid na sina Mariano at Felix David ng Bacolor, sa Jolo;[8] si Lacsamana, sa Puerto Princesa;[9] si Bañuelos sa Castillo ng Asturias, Jolo ng 14 na buwan at kalaunan sa Plaza ng Jolo ng panibagong apat na buwan.[10]

Maging ang mga kaanak ng mga sangkot sa Pag-aalsa sa Cavite ng 1872 na nasa Pampanga ay hindi nakaligtas sa panliligalig ng mga nasa awtoridad sa panahong iyon, tulad ni Doña Margarita Magno *vda.* de Campos ng Porac, Pampanga. Nakamasid sa kaniya ang mga awtoridad, bilang kaanak siya ni Padre Jose Burgos; lalo pa't ang anak

---

[6] Hilario-Lacson, *Kapampangan Writing*, 397; Ocampo, *Katutubo,* 91.

[7] NAP, "Relación nominal de los individuos que se ballaban presos en la cárcel pública de Manila por delitos politicos y que han sido presentados en el dia de hoy por haber sido indultados por el Excmo. Señor Capitán General de estas islas," *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1-(4), Legajo No. 4, Documento No. 156, 2; NAP, "Relación de los individuos indultados presos en Manila por Excmo. Señor Gobernador General de estas islas," *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1-(4), Legajo No. 4, Documento No. 157.

[8] NLP, "Hojas de servicio," 2.

[9] Ocampo, *Katutubo,* 92.

[10] Susana Cuartero Escobés, *La Masonería Española en Filipinas* (Espana: Ediciones Idea, 2006), Tomo 1, 134.

niyang si Jose at pamangkin na si Gomez ay mga kabo (*corporal*) sa hukbong Espanyol.[11]

Naghigpit din ang mga awtoridad sa mga magbibiyahe palabas ng Pilipinas. Noong 26 Agosto 1896, sumailalim sa metikulosong inspeksiyon ang mga Pampangong sina Santiago David at ang magkapatid na Fernando at Florencio Lopez sa piyer dahil pinaghinalaan ng mga Espanyol ang kanilang kilos at ang laman ng kanilang mga bagahe.

Sa kasagsagan ng Himagsikan, dumalaw kay Balbino Ventura sa Bacolor ang konsul ng Hapon para sa Hong Kong. Naalarma ang mga awtoridad; kaya't nang makaalis ang naturang konsul ay pinabantayan na ng mga awtoridad ang bahay ni Ventura.[12] Kaugnay ito ng ulat na tinutulungan, di umano, ng mga Hapones ang mga Pilipinong manghihimagsik laban sa Espanya. Ipinadakip din si Ventura sa mga *guardia civil*: itinali nang mahigpit ang kaniyang mga bisig—*Miquit-a-sicu* ('nagtagpong mga siko') ang pagkakalarawan dito ng mga Pampango[13]—at siya'y pinaglakad ng kulang-kulang sampung kilometro, mula Bacolor patungong San Fernando.[14] Nilinaw mismo ng pamahalaang Hapones sa mga Espanyol na hindi nila susuportahan ang mga kaaway ng Espanya ("*El Japón dice de un modo solemne que jamás podía proteger á los enemigos de España*").[15] Napalaya agad si Ventura dahil dito. Ngunit ang karanasan niyang ito ay

---

[11] NAP, "Copia de las informaciones secretas de abril á agosto de 1896." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-6, Document No. 33, 1-4.

[12] Bellessort, "A Week," 565. Tingnan din ang ulat sa del Castillo y Jimenez, *Katipunan*, 252.

[13] Daniel H. Dizon, "The Execution of Román Payumu." *Singsing*, 3:1 (2004), 47.

[14] Jose David Angeles, "The Story of My Life, 1975" (Di pa nailalathalang gunita, nakasinop sa Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies Archives, Holy Angel University, 1975), 35.

[15] Del Castillo y Jimenez, *Katipunan*, 251.

nagdulot sa kaniya ng malubhang depresyong nauwi sa pagpapakamatay, sa pamamagitan ng pag-*overdose* sa gamot na *bromuro* (gamot pampakalma).[16] Nakaranas din ng intimidasyon ang kaniyang mga anak na babae mula sa paaralang patakbuhin ng mga relihiyoso sa Maynila.[17]

Ngunit wala nang sasaklap pa sa sinapit ng Pampangong si Agapito Conchu ng Guagua, ang unang Pampango na binitay dahil sa Himagsikan. Nangyari ito noong 12 Setyembre 1896 sa Fuerza San Felipe Neri, Cavite. Guro siya ng musika sa Cavite at nakabilang sa tinaguriang *trece martires* (labintatlong martir) ng Cavite.[18]

Sapat nang indikasyon ang kabi-kabilang pagdakip sa mga kilalang personalidad sa Pampanga na pinaratangang sangkot sa Katipunan at sa pagsiklab ng Himagsikan, upang ipailalim ni Gob. Hen. Ramon Blanco ang lalawigan sa *estado de guerra*—kasama ng pito pang probinsya na malapit sa Maynila, i.e., Batangas, Bulacan, Cavite, Laguna, Maynila, Nueva Ecija, Tarlac.[19] Dalawang taon ang nakalipas, dinakila ang Pampanga sa proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas sa Kawit, Cavite noong 12 Hunyo 1898 bilang isa sa walong lalawigan na nadamay sa Himagsikan; at upang magunita ng sambayanan ang sakripisyong iyon, inilaan sa karangalan ng Pampanga ang isa sa mga sinag ng araw sa

---

[16] Angeles, "The Story of My Life, *ibid*. Sang-ayon sa panayam ni Bellessort sa isang Espanyol na opisyal, nilason di umano ni Ventura ang sarili sa kulungan. Cf. Bellessort, "A Week," *ibid*.
[17] David, "The Story of My Life," 34-5.

[18] Emmanuel Franco Calairo, *Mga Anak ng Tangway sa Rebolusyong Filipino* (Lungsod ng Kabite: Pamahalaang Lungsod ng Kabite, 1996), 47; Carlos Quirino, *Who's Who in Philippine History* (Makati: Tahanan Books, 1995), 62.

[19] Manuel Sastron, *La Insurrección en Filipinas y Guerra Hispano-Americana en el Archipiélago* (Madrid: Imprenta de la Sucesora de M. Minuesa de los Ríos, 1919), 209-10.



Agapito Conchu. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES

watawat ng Himagsikan ("ang walong sinag [sa watawat], kumakatawan sa walong lalawigan… na naideklara sa estado ng digmaan nang magsimula ang unang paghihimagsik").[20] Pinalaki pang lalo ang papel ng Pampanga sa simula ng Himagsikan nang bigkasin ni Pangulong Emilio Aguinaldo ang isang talumpati noong ratipikahan ng Congreso Revolucionario sa Simbahan ng Barasoain ang kalayaan ng Pilipinas noong 29 Setyembre 1898. Sa makasaysayang pangyayaring iyon, kinilala ni Aguinaldo ang Pampanga bilang isa sa "ualong guhit nang banaag na taglay ng sumisicat na araw (sa watawat)" at siyang "bumalisa at biglang nagbigay ng liuanag sa Sangcapuluan" noong Agosto 1896.[21] May pagkakamali naman sa pag-intindi rito ang marami na ang mga lalawigang iyon ay mga unang sumabak sa Himagsikan noong Agosto 1896. Pinalabo ng kamaliang ito ang tunay na kondisyon ng Pampanga mula nang sumiklab ang Himagsikan hanggang sa muling ipinanawagan ni Aguinaldo ang sabay-sabay na pagbangon laban sa Espanya sa petsang 31 Mayo 1898.

## Ang Pampanga sa Gitna ng Himagsikan, Agosto-Nobyembre 1896

Mula Agosto hanggang Disyembre 1896, nakasentro ang armadong pagkilos ng Himagsikan sa mga lalawigan ng Maynila, Cavite, Nueva Ecija, Batangas, at Bulacan. Sa Maynila, na noo'y isang lalawigan na binubuo na ngayon ng kalakhang Maynila at Rizal,

---

[20] Cf. "Acta de la Proclamación de la Independencia del Pueblo Filipino."

[21] Bautista, *Ang Malulos*, 175.



Emilio Aguinaldo. U.S. LIBRARY OF CONGRESS

pumutok ang balita tungkol sa Katipunan. Dito iprinoklama ang simula ng Himagsikan sa mga gulod ng nayon ng Balintawak, sa Caloocan. Samantala, nakabatay naman ang pagkilos ng maraming bayan ng Cavite sa hudyat na pangungunahan ng Katipunan sa Maynila. Nangyari ang pagkilos noong 31 Agosto 1896.[22]

Tumugon sa panawagang manghimagsik ang mga taga-Cabiao at Gapan, Nueva Ecija noong 2-4 Setyembre 1896.[23] Sinalakay nila ang kabisera ng lalawigan noon, ang San Isidro, na agad nasawata ng mga Espanyol. Mga Kapampangan ng Nueva Ecija ang nanguna sa pag-aalsa sa naturang lalawigan—si Mariano Llanera ng Cabiao[24] at Pantaleon Valmonte ng Gapan (na ang orihinal na apelyido ay dela Cruz mula sa Macabebe[25])—ngunit walang masyadong malaking epekto sa Pampanga, liban na lamang sa pinapatotoo ng 1953 HDP ng Arayat na may mga taga-Arayat na nahimok ni Llanera na sumama sa paghihimagsik sa Nueva Ecija.[26] Ayon naman sa beterano ng Himagsikan sa Arayat na si Tenyente Juan Kabigting noong 1953, umabot ang Labanan sa San Isidro hanggang Barangay Candating, Arayat at sa bayan ng Candaba.[27] Iyon nga lamang, walang masyadong detalye si Kabigting sa mga nangyari sa Candating at sa Candaba

---

[22] Santiago V. Alvarez, *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General with the Original Tagalog Text* (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1992), 270-1.

[23] Sastron, *La Insurrección*, Tomo I, 252-8.

[24] Cf. Rafaelita Hilario Soriano, *Gen. Mariano Llanera: Nueva Ecija and the Pampango Nation's Greatest Contribution to the Philippine Revolution* (s.l: Rafaelita Hilario Soriano, 1999).

[25] Felix Valmonte, "Papa Felix History of Our Clan's Origen." Mula sa di pa nailalathalang kasaysayan ng pamilyang Valmonte na nasa koleksiyon ni Felixandrei Valmonte, apo ni Pantaleon Valmonte, ca. 1960, 263.

[26] NHCP, "Arayat HDP," *RHDTA*, 9,14.

[27] *Ibid*., 19.

upang masabing nakapasok ang mga manghihimagsik sa Pampanga noong simula pa lamang. Tulad niya, ang kaniyang kababayan sa Arayat na si Jose Alejandrino ay napili ring maging aktibong manghihimagsik sa labas ng Pampanga.

Dalawang linggo makalipas ang pag-aalsa sa San Isidro, noong 21 Setyembre 1896, sumiklab ang paghihimagsik sa Bai, Laguna.[28] Sunod namang umatake ang mga Kabitenyo at Batangenyo sa mga Espanyol sa Tuy at Lian, Batangas noong huling bahagi ng Setyembre 1896.[29] Sa Talisay, Batangas naman noong 1 Oktubre 1896, napatay ng puwersang Kabitenyo sa ilalim ni Aguinaldo si Augustin Blanco, ang propagandistang-naging-kontra-manghihimagsik mula sa Macabebe. Gaya nang nabanggit sa sinundang Kabanata, si Blanco ay opisyal ng Hukbong Espanyol sa Barcelona. Umuwi siya sa Pilipinas upang labanan ang mga manghihimagsik. Maaaring mga puwersang Espanyol ang hawak niya at walang taga-Macabebe o Pampango sa kaniyang puwersa—bagay na wala namang banggit sa mga gunita ni Aguinaldo.[30]

Habang nangyayari ang mga pagkilos sa Maynila, Cavite, Nueva Ecija, Laguna, at Batangas, nagtatag ng mga *real* (himpilan) ang mga Bulakenyong manghihimahsik sa bakawanan at nipahan ng Masucol sa Paombong, Bulacan at sa burol ng Cacarong sa

---

[28] Alvarez, *The Katipunan*, 452.

[29] Glenn Anthony May, *Battle for Batangas: A Philippine Revolution at War* (Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1993), 48.

[30] Del Castillo y Jimenez, *Katipunan*, 224-225; Emilio Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan* (Maynila: National Centennial Commission; Cavite: Cavite Historical Society, 1964/1998), 137; Ma. Luisa T. Camagay, trans., *French Consular Dispatches on the Philippine Revolution* (Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Diliman, 1997), 2; Sastron, *La Insurrección*, Tomo I, 286.

Bigaa, Bulacan (ngayo'y bahagi ng Pandi, Bulacan; ang Bigaa ay bayan na ngayon ng Balagtas). Lubos na ikinababahala ng mga Espanyol ang balibalitang malaking bilang ng mga manghihimagsik sa Bulacan dahil sa lapit nila sa Maynila. Ayon kay Artemio Ricarte, heneral ng Himagsikan, tinatayang may 10,000 katao sa Cacarong, bagaman 17 lamang di umano sa mga iyon ang may armas.[31] Kaya't sa deskripsyon ni Gob. Hen. Camilo de Polavieja, "*El escándalo está en Cavite; el peligro en el Norte y Bulacán*" ('Nasa Cavite ang gulo; ang panganib ay nasa Norte at Bulacan").[32] Madaling araw ng 1 Enero 1897, ginulantang ng malaking puwersang Espanyol ang *real* ng Cacarong. Itinuring ang operasyong ito na *golpe de muerte* (dagok ng kamatayan).[33] Tinatayang 1,200 ang napaslang na manghihimagsik sa Cacarong.[34] Nadakip naman ang pinuno ng Cacarong na si Eusebio "Maestrong Sebio" Roque, makalipas ang ilang araw sa Bonga, Bustos, Bulacan. Ang pagbitay kay Roque ang itinuring na hudyat ng tagumpay ng mga Espanyol sa Bulacan, kaya't pinagtuunan naman nila ng pansin ang Cavite, na ilang buwan nang kontrolado ng mga manghihimahgsik—samakatuwid, nagtamasa ng kalayaan. Noong Mayo 1897, nang tuluyang napasakamay ng mga Espanyol ang Cavite, matagumpay na nakalipat si Aguinaldo sa kabundukan ng Biak-na-Bato, San Miguel de Mayumo, Bulacan, na *real* ng mga Bulakenyong manghihimagsik. Sa Biak-na-Bato

---

[31] Artemio Ricarte Vivora, *Himagsikan nang manga Filipino Laban sa Kastila* (Yokohama: Karihan Café, 1927), 107.

[32] Emilio Revertér Delmas, *Filipinas por España: Narración Episódica de la Rebelión en el Archipiélago Filipino* (Barcelona: Centro Editorial de Alberto Martín, 1897), Tomo 2, 162.

[33] *Ibid*., 54.

[34] *Ibid*., 61.

pansamantalang huminto ang paghihimagsik nang sumuko ang mga pinuno ng Himagsikan sa pangunguna ni Aguinaldo.

Sa kabila ng pagiging aktibo ng Katipunan at malaganap na pagsuporta sa Himagsikan sa Maynila, Cavite, Nueva Ecija, Batangas, at Bulacan, kabaligtaran naman ang kaso ng Pampanga. Kung susuriin ang historyograpiya ng Himagsikan sa Pampanga, walang malinaw na partisipasyon sa simula ang mga Pampango. May sinasabi si Larkin sa *The Pampangans* na noong 4 Setyembre 1896 may paghuli o pagbitay na nangyari sa Pampanga, at anim na araw pagkatapos ay isang labanan ang naitala sa Betis, Pampanga.[35] Wala siyang detalye sa mga petsang ito. Gayumpaman, kumbinsido si Larkin na tahimik ang Pampanga hanggang Nobyembre 1897—at hindi rin niya ipinaliwanag bakit iyon ang buwan na ginawa niyang tanda ng katahimikan sa lalawigan.

## Kawalan ng Balangay ng Katipunan sa Pampanga

Gayong kilala ang Pampanga sa dami ng mga liberal, walang anumang aktibong balangay ang Katipunan dito. Ito'y sa kabila ng dahilang nadestino pa sa korte ng Pampanga sina Teodoro Plata[36] at Ladislawo Diwa[37]—dalawa sa *triunvirato* na nagtatag ng Katipunan, kasama si Andres Bonifacio, noong 1892; at si Dr. Pio Valenzuela, na isa

---

[35] Larkin, *The Pampangans*, 111-2.

[36] "El Consejo de Guerra Hoy," *La Voz*, 20 Enero 1897.

[37] NAP, "Noticia de los individuos afilados a la Masoneria en la provincia de Pampanga." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manucrito A-10, Documento No. 2.

rin sa maituturing na haligi ng Katipunan, ang mismong nagpakilala ng Katipunan sa Pampanga.[38] Gayundin ang umusbong na anggulong mula Masantol at Macabebe ang ankang Bonifacio.[39] Idagdag pa ang pagiging isang isang Dizon ng ina ni Emilio Jacinto, ang "Utak ng Katipunan," na isang prominenteng apelyido ng mga Pampangong mestisong Tsino.

Kaduda-duda naman ang nag-iisang ebidensya na matatagpuan sa *Philippine Revolutionary Records* hinggil sa pagtatatag ng isang balangay sa Guagua na may petsang 3 Agosto 1897, kulang-kulang tatlong buwan matapos bitayin si Bonifacio.[40] Kakatwa ang dokumentong ito dahil ang itinuturong tagapagtatag, na si Toribio Laksa, ng naturang balangay sa Guagua ay kabilang sa mga dinampot nang matuklasan ang Katipunan noong 19 Agosto 1896. Kasama rin siya nina Luna at Valenzuela na ipinatapon sa Espanya noong 20 Pebrero 1897.[41]

---

[38] Jose S. Tomacruz, "The Life and Memoirs of Pio Valenzuela" (Tisis Masterado sa Kasaysayan, Far Eastern University, 1957), 38.

[39] Cf. Joel Regala, *In the Blood: Tracing the Kapampangan Lineage of Andres Bonifacio* (Lungsod ng Angeles: Holy Angel University Press, 2014).

[40] John R. M. Taylor, *The Philippine Insurrection against the United States* (Pasay: Eugenio Lopez Foundation, 1971), Tomo I, 224.

[41] NAP, "Relación de los rematados políticos que fueron embarcados, con destino al gobierno de Barcelona para sufrir sus condenas," *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1-(4), Legajo No. 4, Documento No. 151.

**Presyur sa Paligid ng Pampanga**

Nabasag ang katahimikan sa Pampanga dahil may idineklara noong 18 Nobyembre 1896 (19 at 20 Nobyembre sa ibang tala) ang mga awtoridad na Espanyol na bagong "*nucleo*" ng Himagsikan malapit dito: ang Hermosa, Bataan.[42] Sa araw na iyon, inatake ang Simbahan ng Hermosa ng pinagsanib na puwersa ng mga taga-Lubao sa Pampanga,[43] taga-Orani sa Bataan, at taga-Hagonoy, Bulacan. Tinaga sa noo, pinugutan ng ulo, pinutulan ng ari at ng mga daliri, at pinagpira-piraso nila ang katawan ng prayleng kura ng Hermosa na si Padre David Varas, OP. Ang ibang parte naman ng prayle ay sinasabing ginawa pang anting-anting ng mga umatake. Kinaladkad din ng taumbayan ang mga bahagi ng katawan ng prayle at initsa sa dumi ng kalabaw pagkatapos.[44]

Matapos ang insidente sa Hermosa, inatake ng puwersang Espanyol ang mga *sinasabing* manghihimagsik sa Orani, Bataan. Sinasabing may mga Pampangong sumama sa pag-atakeng iyon.[45] Dalawandaan sa mga umatake ang napatay at ang ilan ay nakatakas patungong kabundukan ng Zambales.[46] Dahil sa lapit sa Pampanga, naging balisa ang mga Espanyol sa lalawigan. Dalawang kumpanyang Espanyol ang agad na itinalaga sa Dinalupihan at Hermosa upang mapigilan ang pagpasok ng mga rebelde sa

---


[42] Blanco, *Memoria*, 132.

[43] Cf. Antonio M. Molina, *The Philippines through the Centuries* (Maynila: U.S.T. Cooperative, 1961), Tomo 2, 84.

[44] Cornelio R. Bascara, *A History of Bataan, 1587-1900: Scanning Its Geographic, Social, Political and Economic Terrain* (Maynila: UST Publishing House, 2010), 303-4.

[45] Teodoro M. Kalaw, *The Philippine Revolution* (Maynila: Manila Book Co., 1925), 43.

[46] Blanco, *Memoria*, *ibid*.


PAMPANGA
Sta. Ana
Mexico
Porac
San Fernando
San Luis
Santa Rita
Sto. Tomas
Floridablanca
Bacolor
San Simon
Guagua
Lubao
Minalin
Apalit
Baliuag
Bustos
Sexmon
(Sasmuan)
Macabebe
Dinalupihan
Pulilan
Masantol
Calumpit
Quingua
(Plaridel)
Hermosa
Malolos
Hagonoy
BATAAN
Guiguinto
Paombong
Orani
Bigaa
(Balagtas)
Bulacan
Bocaue
BULACAN
Samal
LOOK NG MAYNILA
Abucay
PAG-AALSA SA HERMOSA
18 NOBYEMBRE 1896
Sagupaan
Pinanggalingan ng mga sangkot
Hangganan ng Pampanga
Balanga
© Ian Christopher B. Alfonso 2018

Pampanga. Napatay sa engkuwentro ang *Capitán municipal* at ang *juez* ng Hermosa, maging ang mga pinunong *principal* ng mga umatake.[47]

Makalipas ang kulang-kulang isang buwan, noong bandang 15 Disyembre 1896, umugong naman ang balita na balak mag-alsa ng mga preso sa Cárcel Provincial (panlalawigang piitan) ng Pampanga sa Bacolor. Hindi maiwasan ng mga Espanyol na lalong mangamba dahil sa insidente sa Hermosa at sa pagkasangkot ng deportadong si Lacsamana sa planong kudeta, kasama ng mga sundalong katutubo noong Nobyembre 1896, sa Puerto Princesa.[48] Gayunpaman, ayon sa opisyal na ulat, napigilan ng mga Espanyol ang planong pag-aalsa sa Bacolor.[49]

Upang maibsan ang takot na dulot ng Himagsikan sa Pampanga, ipinawasak ng awtoridad ang kabahayan sa may Pinak ng Candaba noong 23 Disyembre 1896, bilang paghahanda sa pagkubli rito ng mga manghihimagsik sa Bulacan.[50] Maaaring may kaugnayan dito ang paglisan ng mga taga-San Roque sa bayan ng San Luis (isang nayon sa Pinak ng Candaba) upang magtago sa mga kakawayanan habang sinusunog ng mga sundalong Espanyol ang kanilang mga tahanan.[51] Sinundan pa ito ng isang hakbang militar: ang paglansag sa kahinahinalang mga tao sa Pampanga noong 24 Disyembre

---


[47] *Ibid*.; cf. Sastrón, *La Insurrección*, Tomo I, 458.

[48] Ocampo, *Katutubo*, 92-3.

[49] Delmas, *Filipinas por España*, Tomo II, 14.

[50] Larkin, *The Pampangans*, 113.

[51] NLP, “San Luis HDP,” *Historical Data Papers*, Reel No. 52, 29.




Detalye ng mapa ng Pampanga noong 1900 na nagpapakita sa lokasyon ng San Roque at Dalayap, San Luis, Pampanga. UNIVERSITY OF MICHIGAN LIBRARY

1896. Sa araw na iyon, inatake ng puwersa ng kumandante ng Bulacan at Pampanga na si Vicente Sarthou ang San Luis. Napaulat na, di umano, sa bayang iyon ay mayroong 2,500 "*insurrectos*" na "*masas tagalas*" (maralitang katutubo; *tagala* bilang palasak na tawag sa mga katutubo o Pilipino).[52] Ayon pa sa ulat, nagkanlong sa maiinam na pook (*ventajosas posicione*s) ang naturang mga *insurrecto*, partikular sa pinaniniwalaang kampo, di umano, ng mga ito sa Dalayap, San Luis; habang nangyari naman ang pag-atake sa Sitio Panghulo ng San Roque at sa Sitio Miranda ng San Jose, kapwa sa bayan din ng San Luis.[53] Inabutan di umanong nagdiriwang ng Kapaskuhan ang mga *insurrecto*—kumakain at nagsasayawan—nang gulantangin ang mga iyon ng 200 puwersa ni Sarthou.[54] Tumagal nang isa't kalahating oras ang pag-atake.

Ngunit mga manghihimagsik nga ba ang mga nakaengkuwentro ng mga Espanyol sa Hermosa at Orani, at ang mga sinalakay nila San Luis? Hindi man nabanggit nina Manuel Sastron at Emilio Reverter Delmas sa ulat nila hinggil sa kampanya ni Sarthou sa San Luis, si Felipe Salvador, at ang mga tagasunod niya sa samahang relihiyoso na Santa Iglesia, ang sinalakay ng mga Espanyol doon.[55] Sa 1953 HDP ng San Luis, "nagpipiknik" ang mga "mananampalataya" ni Salvador nang atakihin sila ng mga Espanyol.[56]

---

[52] Delmas, *Filipinas por España*, Tomo II, 57-8.

[53] NLP, "San Luis HDP," 28, 32; Santos, *Ang Tatlong*, 9.

[54] Delmas, *Filipinas por España*, Tomo II, 63-4.

[55] Jose P. Santos. *Ang Tatlong Napabantog na "Tulisan" sa Filipinas: Si Tangkad. -Si Apong Ipe. -Bayani o Tulisan si Macario Sakay?* (Tarlac: Jose P. Santos, 1936), 8-9.

[56] NLP, "San Luis HDP," 32



Felipe Salvador. PAMBANSANG AKLATAN NG PILIPINAS

Samantala, nakakatawag-pansin ang papel ng anting-anting at ng mga taga-Hagonoy sa pag-atake sa Hermosa: pawang mga posibilidad na may kinalaman doon ang Santa Iglesia ni Salvador sa pamamagitan ni Manuel Garcia, ang kaniyang kanang kamay na tubong Hagonoy. Dapat na malaman na itong si Garcia ang itinuturong nag-udyok sa mga Pampango ng Macabebe at Masantol na labanan ang mga Espanyol noong Hunyo 1898.[57] Ang lokasyon ng Hagonoy na katabi lamang ng Macabebe at aksesibilidad nito sa Bataan sa pamamagitan ng Look ng Maynila ay mga salik sa impluwensiya ng Santa Iglesia, hindi lamang sa kapatagan ng Pampanga (at Bulacan), kundi maging sa dagat.

**Manghihimagsik o Biktima ng Opresyon?**

Sa kabila ng kawalan ng anumang balangay ng Katipunan sa Pampanga at pananatiling tahimik ng lalawigan nang sumiklab ang Himagsikan, biglang nagdeklara si Polavieja na napasok na ng mga manghihimagsik ang lalawigan. Hindi na dapat ito ipagtaka dahil nasa ‘gitna ng apoy ng Himagsikan’ (“*Este incendio… coge en medio a la provincia de la Pampanga*”) ang lokasyon ng Pampanga. Ginawang patunay dito ang binuwag na pagtitipon ng mga Santa Iglesia sa San Luis na itinuring na mga rebelde (*fuerzas rebeldes*).[58] “Dakilang tagumpay” (*brillante victoria*)[59] at kabawasan sa problema ng mga Espanyol (*disipar la mayor parte de nuestras inquietudes*) ang

[57] NHCP, “Macabebe HDP,” *HCLMMPP*, 37.

[58] Delmas, *Filipinas por España*, Tomo II, 31.

[59] *Ibid*., 58.

operasyong militar na iyon sa San Luis.[60] Gayunpaman, tahimik ang mga ulat ng mga Espanyol sa direktang kaugnayan ng Santa Iglesia sa Katipunan o sa Himagsikan. Sa katunayan, hanggang 1898, mas iniuugnay pa ang Santa Iglesia at ang insidente sa San Luis sa isa pang kapatirang relihiyoso na Gabinista at sa pinuno't tagapagtatag nitong si Gavino Cortes. Itinatag ang Gabinista noong 1887[61] sa Tabuyoc, Apalit, Pampanga,[62] ang nayon na pinanggalingan ni Cortes.[63]

Bagaman iniulat ng mga Espanyol na sina Manuel Garcia Morales at Euprasio Muñariz sa Ministerio de Ultramar sa Madrid noong 24 Pebrero 1898 na kapayapaan ang turo ng Gabinista ("magdasal upang makamit ang makalangit na suporta at mula doon makakamit ang lahat ng biyaya ng yaman ng mundo at ang lahat ng makamundong hangad"),[64] si Cortes ay itinuring pa rin na "pinakakontrobersiyal na tao" dahil baliw ang tingin sa kaniya; habang "*secta fanática*"[65] naman ang relihiyon na itinatag niya. Sa kabila nito, "napakalaking bilang ng tao ang sumasamba sa kaniya at nakikinig sa kaniyang karunungan" at "maraming tao, na karamihan ay mga taganayon, mula sa kanugnog na mga bayan, ang nagbibigay-pugay sa kaniya," ayon sa 1953 HDP ng

---

[60] *Ibid*., 56-7.

[61] De los Reyes, *El Folk-lore Filipino*, Tomo I, 263.

[62] Archivo Histórico Nacional (AHN), "Ynforme sobre los sucesos de Apálit el 19 de Febrero de 1898," *Ultramar*, Legajo 5356, Expediente, 1.

[63] NHCP, "Apalit HDP," 79.

[64] AHN, "Ynforme," 1b, 2b.

[65] "Sucesos de Filipinas," *El Siglo Futuro*, 11 April 1898, 4.

Apalit.[66] Sa naturang HDP rin sinabi ang layon, di umano, ni Cortes na "sirain ang gobyerno sa pamamagitan ng dasal at mapayapang pagsalungat."[67] Kinukumpirma ng ulat sa Ministerio de Ultramar na ang mga tagasunod ni Cortes ay pawang mga maralita mula sa Apalit, San Simon, San Luis, Sto. Tomas, Sta. Ana, Candaba, at Macabebe, maging sa Pulilan, Bulacan. Bukod sa iilang taga-Apalit na mga uring *principalia*, marahil, mainit si Cortes sa mga mata ng mga awtoridad dahil sa *herejía* (*heresy* o salungat sa katuruan ng Simbahan). Umabot pa sa punto na kinikilala na siya bilang "propeta," "mataas na pari na iginagalang ng buong pitagan," at "tagapamagitang malapit sa Diyos" ng kaniyang mga tagasunod, ayon sa HDP ng Apalit.[68] Inani niya ang mga titulong Dios Gavino,[69] Santo Rey[70] (Haring Banal) at San Gabino.[71] Kinoronahan din siyang hari ng Pampanga,[72] taglay ang mga titulong "haring-dios"[73] at "Rey Gavino"[74] noong *víspera* ng Araw ng mga Hari (6 Enero) 1888. (Sa HDP ng Apalit, "Aring Gavino" ang naaalalang tawag sa kaniya ng mga matatanda noong1953.[75]) Tuloy, inatake nang taon ding iyon ng magkasamang puwersa ng mga Guardia Civil ng Pampanga, Bulacan,

---

[66] NHCP, "Apalit HDP," 82.

[67] *Ibid*., 8.

[68] *Ibid*., 82.

[69] NAP, "Intelligence..." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 39, 2-3/1-2.

[70] De los Reyes, *El Folk-lore Filipino*, Tomo I, *ibid*.

[71] AHN, "Ynformacion," 3.

[72] NHCP, "Apalit HDP," *ibid*.

[73] "Sucesos de Filipinas," *ibid*.

[74] De los Reyes, *El Folk-lore Filipino*, Tomo I, 264.

[75] NHCP, "Apalit HDP," 6.

at Nueva Ecija ang sentro ng Gabinista sa Tabuyoc.[76] Kagyat na isinunod dito ang pagpapatapon kay Cortes sa Jolo.[77]

Si Salvador, na matagal nang kasapi nito, ang sunod na tumayong líder ng Gabinista nang mawala si Cortes. Nireoganisa ni Salvador ang Gabinista noong 1894 at tinawag na Santa Iglesia.[78] Ayon sa ulat ng mga Espanyol, sa Dalayap, San Luis matatagpuan ang sentro ng Santa Iglesia. Ang Dalayap ay nasa hilaga ng Apalit at katabi lamang ng Baliuag, Bulacan, ang bayang sinilangan ni Salvador. Maaaring malimit sa Poblacion, Baliuag ang mga Santa Iglesia: sa gunita ng mga kaanak ni Salvador noong Dekada 70, "Pampangan" ang tawag nila sa mga Santa Iglesia, patunay na galing pa sila ng Pampanga.[79]

Sa kabila ng pag-atake ng mga Guadia Civil sa Tabuyoc noong 1888, tahimik ang mga datos kung may paghihiganti o anumang pag-atake na isinagawa ang mga tagasunod ni Cortes o ni Salvador. Ang *herejía* na itinuloy ni Salvador ang nakikitang motibasyon ng mga Espanyol upang atakihin ang kaniyang sentro sa San Luis, sapagkat banal din ang turing sa kaniya ng mga tagasunod niya: mahaba ang buhok tulad ni Hesukristo, may

---

[76] AHN, "Ynforme," 2.

[77] *Ibid*.

[78] U.S. Bureau of Insular Affairs, War Department, *Seventh Annual Report, 1906: Part 2*, 226.

[79] Lumabas ito sa pakikipanayam ng UP Lipunang Pangkasaysayan (sa pangunguna ni Alfredo C. Robles, Jr.) kay Mercedes Salvador Collantes, pamangkin sa kapatid ni Salvador, sa tahanan ng mga Salvador sa Daang J. Buizon, Poblacion, Baliuag, Buacan noong 22 Setyembre 1974. Cf. Alfredo C. Robles, Jr., "Mga Kilusang Mesayaniko sa Filipinas: 1900-1906," *Likas* 1:1 (Disyembre 1976), 67.

kapangyarihang supernatural[80] tulad ng kakayahang magpagaling at gumawa ng himala,[81] at may nakikitang nimbo (*halo*) sa kaniyang ulunan.[82] Ang ganitong makalangit na katangian ni Salvador ang dahilan kung bakit tinawag siyang "Apo Ipe" o "Apung Ipi." Ang paggamit ng titulong "Apu" sa Kapampangan ay titulo ng paggalang sa matatanda, mga yumaong ninuno, at sa mga banal (e.g., Apung Iru kay San Pedro Apostol).

Gayunpaman, hindi biro ang 400 sugatan at 300 napaslang na miyembro ng Santa Iglesia. Isama pa sa napaslang ang dalawa sa kanilang mga pinuno na ang isa ay nagngangalang Daniel de la Cruz, isang Ilokano.[83] Malinis man ang intensyon ng pagtitipon ng kulang-kulang 2,500 katao, sa panahong iyon ng 1896. Ang Pampanga ay nasa ilalim ng *estado de guerra* at kabi-kabila ang operasyon ng mga awtoridad laban sa mga manghihimagsik. Dahil dito'y hindi malayong mapaghinalaan ang Santa Iglesia. Napansin din ng mga Espanyol ang komposisyon ng mga nagtipon sa San Luis—mga *masas tagalas* o maralita na pangunahing miyembro ng Santa Iglesia. Hindi na rin bago sa mga Espanyol ang mga kapatirang relihiyoso ng mga maralita, na may posibilidad na


---

[80] John Bancroft Devins, *An Observer in the Philippines or Life in Our New Possessions* (New York: American Tract Society, 1905), 170.

[81] U.S. Bureau of Insular Affairs, War Department, *Seventh Annual Report, 1906: Part 2*, ibid.

[82] A. W. Fergusson, "Report of the Executive Secretary, Manila, September 1, 1906," sa *Seventh Annual Report of the Philippine Commission 1906, Part 1* ng BIA, USWD. Washington: Government Printing Office, 1907, 142.

[83] Sastrón, *La Insurrección*, Tomo I, 494.


TERITORYO NI GAVINO CORTES AT FELIPE SALVADOR 1887-1896
Pook pinagtatagan sa Gabinista at sentro ng kaharian ni Cortes
Mga bayan ng mga tagasunod ng Gabinista at Santa Iglesia
Sentro ng Santa Iglesia
Pook ng Gabinista at Santa Iglesia na inatake ng mga Espanyol
Pinanggalingan ni Felipe Salvador
Mt. Arayat
PAMPANGA
Sta. Ana
Candaba
Mexico
San Luis
Porac
San Fernando
Bacolor
Sto. Tomas
San Roque
Dalayap
Santa Rita
Floridablanca
Betis
San Simon
Guagua
Minalin
Apalit
Baliuag
Bustos
Tabuyoc
Lubao
Sexmon
(Sasmuan)
N
W
E
S
Macabebe
Pulilan
Dinalupihan
Masantol
Rio de Quingua
Calumpit
Quingua
(Plaridel)
BULACAN
Rio Grande
Hermosa
Malolos
BATAAN
Hagonoy
Paombong
Guiguinto
Orani
Bigaa
(Balagtas)
Bulacan
© Ian Christopher B. Alfonso 2018
LOOK NG MAYNILA
Bocaue
Samal

manlaban sa mga awtoridad. Halimbawa na rito ang paglaban ng kapatiran ng San Jose ni Apolinario "Hermano Puli" de la Cruz sa mga awtoridad sa Tayabas noong 1841 at ang pag-aalsa noong 1843 ng mga sundalong Tayabasin sa Fuerza Santiago na kaanak ng mga pinaslang ng mga Espanyol na miyembro ng San Jose.

### Mistisismo sa Pampanga at ang Pag-usbong ng Gabinismo at Santa Iglesia

May mga historyador na iniugnay ang Santa Iglesia sa kaisipang mesayaniko (o milinaryo) o ang paniniwala na nangyayari na ang biblikal na pagkagunaw ng mundo bilang pagtupad sa propesiya ng paghuhukom. Noong 1882 lamang, limang taon bago itatag ang Gabinista, sunod-sunod ang delubyo, tulad tagtuyot na sinabayan pa ng pamemeste ng balang, malakas na lindol, mapamansilang bagyo at baha, at paglaganap ng epidemya tulad ng kolera, bulutong, at tigdas.[84] Sa katunayan, may katulad itong pangyayari noong 1645 (o 1646, ayon sa *Conquistas de las Islas Filipinas* ni Padre Gaspar de San Agustin, OSA noong 1698), sa panahong bahagi pa ng Alta Pampanga ang

[84] Naidokumento ng HDP ng Pampanga noong 1953 ang alaala ng matatanda nang 1882 sa iba't ibang bayan tungkol sa epidemya ng kolera ("terrible cholera epidemic," "the effect was so great that even the old and young people today [i.e., 1951-1953] could still remember" [NLP, "Minalin HDP", 6, 45, 53, 83; "Santa Rita HDP," 27; "Santo Tomas HDP," 25, 34, 39]) at mapaminsalang bagyo ("left somber sight," "old folks take this as the basis of their age," "considered very destructive by the old people," "the wind was so strong that it would even blow down a mortar and roll in on the ground," "strongest and most destructive typhoon" [NLP, "Minalin HDP," 6, 30, 45, 55, 70). Nagsilbi ring batayan ang bagyo at baha ng 1882 nang mangyari muli ang ganoong delubyo noong 1935 (NLP, "Minalin HDP," 75, 84). Nang dahil sa kolera, inabandona ang Sitio Makabakle Kadua sa barangay Dolores, San Fernando (cf. NLP, "San Fernando HDP," 22). May naiulat ding bulutong, tigdas, at pananalasa ng balang dahil sa matinding tagtuyot (NLP, "Minalin HDP," 30; NLP, "San Fernando HDP," 22; NLP, "San Simon HDP, 26). Tungkol sa yanig ng lindol, nagawa nitong patunugin ang kampana ng Simbahan ng Apalit sa lakas (cf. NHCP, "Apalit HDP," 29). Iniugnay din ng mga Pampango ang mga delubyong ito sa isang bulalakaw na nakita nila sa silangan nang taon na iyon (cf. NLP, "San Fernando HDP," 21; "San Simon HDP," 26; NHCP, "Angeles HDP," 17).

Gapan, Santol, Carranglan, at Patabangan bago itatag ang Nueva Ecija noong 1801. Isang matinding lindol ang puminsala noon sa Luzon na sinabayan ng paglitaw ng isang katutubong líder-mistiko na nagngangalang Cavadi ang nagpakilala bilang Padre Eterno. Hinulaan ni Padre Eterno na lalamunin ng lupa ang lahat ng mga Espanyol sa Maynila, habang ang mga natitira sa Pampanga ay kailangang puksain at ang mga simbahan nila ay wasakin. May dalawa pa siyang kasama: ang Dios Hijo at Dios Espíritu Santo. Mayroon din silang kinikilalang Santa María na ang pangalan ay Yga. Ipinangako ni Cavadi sa mga Pampango na kapag nawala ang mga Espanyol mawawala na rin ang tributo at mamumuhay ang lahat sa ilalim ng kalayaan. Sa Gapan man nagsimula ang pag-aalsa, nasa kabundukan naman ng Sierra Madre ang himpilan nila. Sinunog ng mga tagasunod ni Cavadi ang mga simbahan ng Gapan, Santol, at Pantabangan. Nasawata naman ang pag-aalsa dahil sa paglusob ng magkasamang puwersa ng mga Espanyol at mga Pampango. Napatay si Cavadi at Yga. Pinangunahan naman ni Agustín Sonsóng ng Macabebe ang mga Pampangong umatake.[85]

Sa kabila ng mga biblikal na delubyo noong ikalawang hati ng ika-19 na siglo, tahimik ang mga primaryang batis kung hinihintay nga ba ng Gabinista at Santa Iglesia ang ‘paghuhukom.’ Ang pag-aaral ni Guerrero noong 1977 ang unang umalma sa makitid na pagtingin sa Santa Iglesia bilang mesayaniko lamang. Indikasyon, di umano, iyon na hindi naiintindihan ng mga historyador ang karaingan ng mga magsasaka noon.[86] Kung papansinin ang mga nailahad na hinggil sa simula ng Gabinista at Santa Iglesia, pagtugon sa pangangailangan at hinaing ng mga magsasaka at maralita ang layon ng mga

[85] San Agustin, *Conquistas*, 1018-1019.
[86] Guerrero, *Luzon at War*, 182-3.

kapatirang ito. Pinaratangan man silang nanloloko o nambubulid ng maralita, nakita kina Cortes at Salvador—na kapuwa mula sa uring *principalia* ng Pampanga at Bulacan—ang praktikal na pagtugon ng kanilang kapatiran sa mga pangangailangang pinansyal at materyal, sa karaingan, at sa pagdarahop ng kanilang mga tagasunod na magsasaka at walang-wala sa buhay. Narito ang diwa ng damayan at palimusan sa isa't isa at ang marubdob na pagdarasal, na sila-silang mga kasapi ng kapatiran ang nakikinabang. Ayon sa isang ulat, ni hindi pinagnakawan ni Salvador ang mga naniniwala sa kaniya kundi ipinagdasal sila at nilimusan, at kusa namang nagbibigay sa kaniya ang mga tao.[87] Ganito rin ang lumabas sa dokumentasyon ng historyador na si Jose Santos sa buhay ni Salvador:

> Si Apong Ipe ay nagpakilala naman ng tunay na pag-ibig sa Diyos, na tulad ni Dimas, ay iginagalang ang kahinaan ng mga matatanda at bata at gayon din ang mga babae. Ang laging sinasalakay niya ay ang mga bahay pamahalaan at ang mga himpilang-kawal (kuwartel) at hindi ang mga kaawaawang maralita at manggagawang kung saan-saan lamang dumudulang ng makakain.[88]

Kristiyano pa rin kung tutuusin ang Santa Iglesia ngunit hinaluan ng *herejía*. Malaking ebidensiya dito ang pagkilala, kapwa ng Gabinista at Santa Iglesia, sa papel ng *amuletos* o anting-anting sa kanilang pananampalataya.[89] Ngunit ang dokumentadong salik sa paglaki ng mananampalataya ng Santa Iglesia ay ang malapropetang kapangyarihan ni Salvador na magtaya ng panahon, gayong dumidepende lamang din

---

[87] U.S. Bureau of Insular Affairs, War Department, *Seventh Annual Report, 1906: Part 2,* 239.

[88] Jose P. Santos, *Ang Tatlong Napabantog na "Tulisan" sa Filipinas—Si Tangkad..—Si Apong Ipe.—Bayani P Tulisan Si Macario Sakay?* (Gerona, Tarlac: Jose P. Santos, 1936), i.

[89] NAP, "Intelligence..." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 39, 3/1-2.

siya sa ulat ng panahon mula sa Maynila.[90] Sa kaalamang bayan ng Minalin, Pampanga, halimbawa, ang pagbababala sa mga tao na may paparating na malakas na bagyo at pagbaha ay iniuugnay nila sa isang estrangherang pinaniniwalaan ng mga Pampango na si Santa Monica, ang patrón ng Minalin, na nagkakatawang tao.[91] Kakatwa mang isipin, ngunit malaking bagay para sa magsasakang Pampango, lalo na sa mga hindi makaunawa sa kakomplikaduhan ng mga termino at siyensiya ng pagtataya ng panahon, na maabisuhan sila tungkol sa ulan at pagbaha.

Sa kabila ng paglalarawan ng mga Espanyol bilang pinakamagagandang halimbawa ng mga Kristiyano, mayaman ang mga Pampango sa mga kaalamang bayan (*folklore*) at paniniwalang di-Kristiyano, lalo na ang matatandang bayan ng Pampanga kung saan naging aktibo ang Gabinista at Santa Iglesia. Nariyan halimbawa ang paglalarawan ng Italyanong manlalakbay na si Giovanni Francesco Gemelli Careri. Sa kaniyang tala ng paglalakabay noong 1697, inilarawan ang mga Pampango bilang "mga kilalang mangkukulam, at napaulat pang kaya nilang magpalit-anyo bilang mga buwaya, baboy damo, at iba pang nakakatakot na nilalang."[92] Noong bandang 1840 naman, isang Pampango ang binitay sa Maynila dahil halos patayin na niya ang isang pamilya na

---

[90] U.S. Bureau of Insular Affairs, War Department, *Seventh Annual Report of the Philippine Commission, 1906: Part 1*, 31-2.

[91] NLP, "Minalin HDP," 90.

[92] Cf. orihinal, Giovanni Francesco Gemelli Careri, *Voyage du Tour du Monde, Tome Cinquieme des Isles Philippines* (Paris: Etienne Ganeau, 1727), 135; saling Ingles, John Francis Gemelli Careri, "A Voyage Round the World," sa *Collection of Voyages and Travels* (London: Awnsham and John Churchill, 1704), Tomo 4, 449.

pinaghinalaan niyang mangkukulam.[93] Ayon kay de los Reyes, normal sa mga Pampango ang manggapos, magparusa sa pamamagitan ng pagpapapapak sa mga hantik (*Oecophylla smaragdina*),[94] at pumatay ng mangkukulam.[95] Naiugnay din ang mga kapaniwalaang supernatural sa pagiging lalawigang agrikultural ng Pampanga, tulad ng nakatirik sa mga tubuhan ang "*palacio*" ng mga *patianak*, ang mga kinatatakutang maligno ng mga Pampango.[96] Samantala, *mangkukulam* (o kung minsan ay demonyo) ang laging tawag (*default*) ng mga mapamahiing Pampango sa mga misteryosong tao o pamilya na kakaiba ang paniniwala at gawi sa buhay sa isang komunidad. Maging ang grupo ng mga tinatawag ng mga Pampango na *manulu* (albularyo o espiritista, na kadalasan ay minamata bilang mga baliw, mangmang, mangkukulam, manloloko o kwak) ay may itinuturing ding *tunay* na mga mangkukulam. Kung babasahin ang 1953 HDP ng mga bayan ng Pampanga, mababasa na kayang talunin at palayasin ng mga *manulu* ang mga mangkukulam at masasamang espíritu sa pamamagitan ng dasal, anting-anting, pagtatawas, at mga ritwal ng eksorsismo.[97] Mababasa rin sa naturang HDP ang paniniwala ng mga Pampango sa salamangka at himala,[98] at ang mga personalidad sa lipunan na may supernatural na kapangyarihan, tulad ng isang matandang de-anting-

---

[93] De los Reyes, *El Folk-lore*, Tomo I, 242-3.

[94] *Ibid*., 245.

[95] *Ibid*., 251. Sa San Pedro, Minalin, napaulat ang pagpatay sa dalawang magkapatid na lalaki at babae na pinaghihinalaang mangkukulam. Cf. NLP, "Minalin HDP," 55.

[96] Pedro S. Laktaw, "El Folk-Lore Pampango," sa *El Folk-lore Filipino*, pinamatnugutan ni Isabelo de los Reyes (Maynila: Imprenta de Santa Cruz, 1890), Tomo II, 82.

[97] Cf. NLP, "Minalin HDP," 37, 88; "Santo Tomas HDP," 10, 11-13. Tungkol sa paniniwala sa mga mangkukulam sa Pampanga, cf. NLP, "Minalin HDP," 12, 55; "San Fernando HDP," 18, 49; "San Simon HDP," 8, 17; "Santa Rita HDP," 17, 19, 31; "Santo Tomas HDP," 41-2; NHCP, "Apalit HDP," 19-20.

[98] NLP, "San Fernando," 39.

anting sa barangay San Miguel, bayan ng San Simon na ang pangalan ay Matuang Ete na may kakayahang patigasin ang mga magnanakaw sa sigaw lamang niya, at ang Pampangong makata na nagngangalang Domingong Anac mula sa nasabi ring barangay na may kakayahang hulaan ang pagdating ng bagyo.[99]

Mababakas naman sa mga kuwentong misteryo ng Pampanga ang nasa ng mga magsasakang Pampango sa himalang makalangit (*divine intervension*) upang agarang masolusyunan ang kanilang pangangailangan. Halimbawa nito ay ang kuwento ng pagbabalat kayo ni Santiago Matamoro para buksan ang *paranum* (irigasyon) ng isang maramot na mayamang nagngangalang Arenas, nang may maipampatubig sa bukirin ng mga magsasaka ng barangay Santiago, bayan ng Sta. Ana. Ikinamamangha ng mga Guardia Civil na hindi tinatablan ng bala nila ang estrangherong nakasakay ng puting kabayo. Bigla na lamang nalumpo si Arenas at walang magawang paraan sa kaniyang kalagayan ang mga doktor ng Arayat, Angeles, at Magalang. Hanggang sa isang araw, nagpakita si Santiago Matamoro sa panaginip at nagpakilalang siya ang nagbukas ng *paranum*. Nagpasya si Arenas na buksan sa mga kanayon ang *paranum* at siya'y gumaling. Bilang panata, idineklara ni Arenas sa isang katitikan ang walang-hanggang paggamit ng kaniyang mga kanayon sa nasabing *paranum*.[100]

---

[99] NLP, "San Simon HDP," 12. Noong 2008, may kinapanayam akong kaklase (Myra Reyes nee Garcia) sa Bulacan State University Malolos na tubo rin sa San Miguel, San Simon, Pampanga dahil lahat sila sa pamilya nila ay nakakakita at sinasaniban ng mga espíritu. Namana pa di umano nila ang kakayahang iyon sa kanilang mga kanunuuaan.

[100] NLP, "Santa Ana HDP," 84-85, 95-96.

Sa katunayan, naging maingat ang mga Espanyol sa pagtitimo sa mga Pampango ng mga katawagang banal. Itinakwil ng mga Espanyol ang mga salitang *Mulayri* o *Molaiari* (Malyari)[101] at *Linaláng* o *Makirapát*[102] bilang tawag ng mga sinaunang Pampango sa *Dios*,[103] at sa halip ay pinalaganap ang salitang *guinu*[104] (na titulo para lamang sa mga sinaunang nobilidad[105]). Hinayaan naman ng mga Espanyol ang mga Pampango na ituring na *apu* (titulo ng paggalang sa mga ninuno at matatanda) ang mga banal o santo, e.g., Apung Ginu (Panginoong Diyos), Apung Iru (San Pedro), Apung Enting (San Vicenter Ferrer), kapalit ng pagtakwil ng mga Pampango sa konsepto ng *diuata* o pangkalahatang tawag sa mga espiritu ng mga ninuno (*nunu*), yumao, at elemento sa paligid. Ipinagpapasalamat pa sa diyos ni Padre Bergaño na nalimutan na ng mga Pampango ang paniniwalang ito noong 1732. Kinilala rin ng mga Pampango si

---

[101] Souza at Turley, mga pat., *The Boxer Codex*, 77 (Esp.), 358 (Eng.). Gaya nang nabanggit na sa Ikalawang Kabanata, nalito ang nagsulat sa parteng ito ng *Boxer Codex* sa etnisidad ng mga "Moro" ng Luzon. Inakala niya/nila na alternatibong tawag ang *Mulayri* o *Molaiari* sa *Bathala* (na siyang tawag ng mga Tagalog sa diyos).

[102] Isabelo de los Reyes, *La Religión Antigua de los Filipinos* (Maynila: Imprenta de El Renacimiento, 1909), 110. Ayon kay de los Reyes, malapit ito sa pangalang Maykadapat na tawag sa diyos ng mga *mestizos negritos* o Dumagat na may lahing Tagalog o Pampango sa Sibul, San Miguel de Mayumo, Bulacan. Mekedepat o Makejepat naman ang ibang baryasyon ng pangalan ng diyos sa mga Dumagat. Cf. De los Reyes, *La Religión*, 57; Martin Francisco, *Mahabe Pagotan: Kasaysayan, Kalinangan at Lipunan ng mga Dumagat sa Bahaging Bulacan ng Sierra Madre* (Malolos, Bulacan: Bahay-saliksikan ng Bulacan, 2012).

[103] Mga Aeta ang gumagamit ng *Malyari* (o *Apu Namalyari* o *Apu Malyari*) bilang tawag nila sa kanilang diyos. Ayon kay Padre Edilberto Santos, "From as early as 1987, the present writer has been asking people belonging to different linguistic groups in the Philippines, including Zambals and Aetas, if they had a word malyari in their vocabulary. His conclusion thus far is that malyari is a word native to Pampanga. Now if that is so, why do the Aetas call their god Apu Namalyari? One wonders whether on a certain day in the distant past, Kapampangans told the Aetas: 'Okay, from now on, your god will be called Apu Namalyari.' Or, who knows? Could it not have been the name of the one and only god of the Kapampangans themselves?" Cf. Santos, "Ancient Kapampangan Theology," *ibid*.

[104] Bergaño, *Vocabulario*, 112.

[105] Katumbas ng *ginoo* sa mga Tagalog, na pangkalahatang titulo ng paggalang sa miyembro ng mapia/principalia o *maguinoo* sa mga Tagalog. Cf. Noceda at San Lvcar, *Vocabulario*, 86-7 ("Ama"), 355.

Hesus bilang *guinu* (Ginu ming Hesukristo), kaya't sa Pampanga animo'y *principal* siya kung ilibing tuwing may prusisyon kapag Biyernes Santo.[106]

**Pagiging Buhay ng Mistisismo sa Pampanga.** Walang basbas ng Simbahang Katoliko ang mga gawain ng mga *manulu*; ngunit kultura at ang walang patid na pananalig ng mga Pampango sa kapangyarihan nila ang nagpapanatili sa kanilang buhay magpahanggang ngayon. Mayroon ding mga Katolikong Pampango na naniniwala sa mistisismo, tulad ng pagsusuot ng anting-anting at pagkonsulta sa mga *manulu*. Ang pamilya na lamang ng inyong lingkod ay isa sa maraming pamilya sa Macabebe na malalim ang pananalig sa mga *manulu*. Kapag sininat o bininat kami noong bata, kahit na may pedyatriko sa Masantol, Pampanga, dinadala pa rin kami ng aming magulang sa *manulu* sa San Vicente, Macabebe, sa matandang bahay ng tinatawag na Apung Yoli—*apu* rin ang tawag sa kaniya, tulad ni Salvador bilang Apung Ipi. Sa sala ng matandang bahay ni Apung Yoli ay may isang papag kung saan inaasikaso niya ang kaniyang mga bisitang kokonsulta; katapat naman ng papag na ito ang isang lamesa na punong-puno ng imahen ng mga santo, at ang mga dingding ay napalalamutian ng mga krus at larawan ng mga santo. Tatanungin niya ang aming magulang sa pinuntahan naming mga lugar, kung may inakyat ba kaming puno o may pinaglaruan ba kaming bato o halaman sa paligid bago kami binatin o lagnatin o may nasabi ba kaming di maganda o nagtuturo kami kung saan-saan.[107] Kung ang kaniyang obserbasyon ay *menunu* ('nanuno' sa Tagalog) kami,

---

[106] Dahil hindi nalalayo ang gawi ng mga Tagalog sa mga Pampango, maaaring maging tuntungan ang paliwanag tungkol sa paglilibing, lalo na sa datu, sa Boxer Codex. Cf. Souza at Turley, mga pat., *The Boxer Codex*, 92 (Esp.), 377 (Eng.).

[107] May ganitong naitalang proseso sa NLP, "Minalin HDP," 88-9; NHCP, "Mabalacat HDP," 58.

isasagawa na niya ang pagpapahid ng langis sa aming nuo at ulo, gayundin sa aming katawan, mga braso, at mga binti. May inuusal siyang dasal na hindi namin marinig at umuungol ng "raah." Gagawin niya ito nang paulit-ulit sa loob nang tinataya kong lima hanggang sampung minuto. Sa maraming pagkakataon, si Apung Yoli ay normal na nanghihilot. Ngunit may pagkakataon akong naaalala na sa kalagitnaan ng paghihilot niya ay bigla siyang sinaniban ng Santo Niño. Naging matinis ang kaniyang boses na tulad sa isang bata. Kinakausap niya ang aming mga magulang sa ganoong estado, at nagpapayong huwag gambalain ang mga halaman, huwag magpunta sa mga masukal na lugar, magpatabi-tabi-po (ibinibilin ng matatanda sa mga bata kung lalabas sa gabi o tutungo sa halamanan o likod bahay at baka di umano ay may matisod na nuno, duende o lamang lupa), at magsindi ng kandila sa punong inakyatan o mag-alay ng pagkain sa *terrace* ng bahay. Bukod pa rito ang *tawas* o ang pagbasa sa hindi-namalayang nangyari sa isang nanuno o napaglaruan ng duende sa pamamagitan ng tawas at patak ng kandila sa maliit na palangganang may tubig. Oregano ang malimit ipayo sa aming mga magulang na ipaninom sa amin. Ang bisa ng pinakuluang katas ng oregano ay parang *paracetamol* na iniinom apat na beses sa isang araw, hanggang mawala ang sakit ng ulo o ang lagnat.

Bukod sa personal na konsultasyon, dumadalo rin ang aming mga magulang sa regular na pagtitipon ng mga *manulu*. Sa pagkakatanda ko, isinasagawa ang mga pagtitipong ito sa San Francisco, Macabebe, na katabing barangay ng San Vicente, Macabebe. Nagpapahilot kami roon kahit na wala kaming nararamdamang di maganda sa katawan. Sa sala rin ng bahay isinagawa ang paghihilot at may mga santo rin na makikita.

Mahaba ang pila. May mga nakakotse pa at nakapusturang maykayang pamilya ang dumadalo. Isa sa mga naalala ko sa pagtitipong iyon sa San Francisco ay ang paghigop ng isang *manulu* sa nana mula sa nakapakalaking pigsa sa bisig ng isang lalaki. Ilang beses niyang ginawa iyon at nilulura ang nahigop na nana sa tabo.

Kahit malayo na kami sa kaniya, dinadalaw pa rin namin si Apung Yoli. Kapag wala siya, malamang sa malamang ay nasa pagtitipon siya ng mga *manulu* sa ibang mga bayan ng Pampanga. Sa katunayan, kay Apung Yoli ko narinig sa kauna-unahang pagkakataon ang mga pangalan ng iba't ibang bayan sa Pampanga tulad ng Candaba, Arayat, San Luis, at Lubao, na kaniyang dinadalaw bilang *manulu*.

Napansin ko rin na konsiderasyon ng aming mga magulang ang paghanap ng matitirahan na malapit lamang sa mga *manulu*. Mula 1994 hanggang 1999, sa San Vicente, Macabebe kami nakatira, mga 200 metro lamang ang layo kay Apung Yoli. Mula 1999 hanggang 2004, nakatira naman kami sa San Francisco, may isang kilometro lamang ang layo sa tipanan ng mga manulu. Hindi naman panatiko ang mga magulang ko sa mga *manulu*, ngunit malalim ang pananalig nila sa kakayahan ng mga ito. Katoliko pa rin naman kami at nagsisimba tuwing Linggo sa Simbahan ng Macabebe sa Poblacion. Unti-unti nang tumigil ang aming mga magulang sa pagkonsulta at pagdalo sa mga pagtitipon ng mga *manulu* nang lumaki na kami at naging abala na sila sa mga trabaho. Idagdag pa rito na giniba na ang bahay na pinagtitipunan ng mga *manulu* sa San Francisco.

Noong 2008, lumipat kami sa Sta. Rita, Macabebe, isang barangay na karugtong ng San Vicente. Tuwing hapon ng Linggo, nagtitipon ang mga *manulu* sa sitio na kung tawagin ay Cutud. Nasa bandang likod lamang namin sila, sa *compound* ng mga kababata naming Lacanlale. Kakaiba naman ang kanilang ginagawa kumpara sa pagtitipong naaalala ko sa San Francisco: kumakain nang sama-sama, nagkakantahan sila ng mga banal na awit, at nagsasagawa ng panghihilot at panggagamot. Hindi kaya ito rin ang ginagawa ng mga inatake sa Dalayap at Sitio Panghulo, San Roque, San Luis noong 24 Disyembre 1896?

**Mga Kulto.** Ayon kay Michael Raymond Pangilinan, iskolar ng Araling Kapampangan, may mga *circulu* (samahan) ang mga manulu sa Pampanga na matatagpuan sa mga bayan ng Gabinista (i.e., Apalit, San Simon, San Luis, Sto. Tomas, Sta. Ana, Candaba, at Macabebe).[108] *Espiritista* ang mas palasak na tawag ng mga *manulu* sa kanilang mga sarili, ayon kay Pangilinan na lumaki sa pamilyang espiritista at nakakasama ng mga ito sa Magalang. Dagdag pa niya, hindi lahat nang may kakayahan na tulad ng sa mga espiritista ay kinikilalang kabilang sa kanilang *circulu*. Ang mga *circulu* mismo ay may pinangingilagang grupo na tinatawag nilang *kultu*. Matatagpuan sila, di umano, sa Candaba at Arayat. Kakaiba ang ritwal ng panggagamot ng mga ito at

[108] Nakapanayam sa pamamagitan ng Facebook mula 11-13 Setyembre 2014. Nagkainteres ako sa mga kwento niya nang bigla kong tanungin noong 2012 kung ano ang batayan niya tungkol sa tradisyonal na kulay ng watawat ng sinaunang Kapampangan. Binanggit niya ang tungkol sa mga *kultu* ng San Luis at San Simon. Nabanggit niya ang pangalang “Aring Gabu” na reinkarnasyon ni Apung Sinukuan, diyos ng mga Kapampangan na nakatira sa Bundok Arayat.

hindi nakasalig sa Biblia ang mga orasyon. Nakakagulat man, may isa pang uri ng *kultu* sa San Luis at Sta. Ana na ang tawag ng mga espiritista ay *Gabinista*.[109]

Sa pagsasalaysay ni Pangilinan, taong 1988 nang malaman niya ang tungkol sa mga *kultu* ng Gabinista ng San Luis, Sta. Ana, at San Simon. May itinuturing di umano silang kapilya (na isang lumanag bahay) sa San Luis. Inilarawan pa ni Pangilinan na itong mga *kultu* na ito ay mahahaba ang buhok, nakatapak, at kakaiba ang suot at kakatwa ang kilos kung pista, ngunit tulad din nilang manamit ang mga ordinaryong tao sa ordinaryong araw. Sa tahanan ng isang *kultu* ng Gabinista mababasa ang kakaibang mga sulat sa wikang Kapampangan na hindi halaw sa Biblia. Tahimik sila, malihim, at hindi basta-basta makakausap. Ani pa ni Pangilinan, may kakaibang kakayahan ang mga *kultu* ng Gabinista kumpara sa mga espiritista: hindi sila tinutuklaw ng ahas. *Tauak* ang tawag ng mga Pampango sa mga taong may ganoong kakayahan. Ayon sa folkloristang si Mariano Ponce, ang *tauak* ay may apat o limang kaliskis ng ahas sa magkabilang binti at bisig, at ang mga mata nito'y nahahawig sa mga mata ng ahas. Bilang bahagi ng kaniyang panggagamot, kailangan ng *tauak* na pumito sa mga ahas sa paligid at nagagawa niyang mapasunod ang mga ito, kahit pa ang pinakamatikas at pinuno ng mga ito.[110] Samantala, dahil pampasuwerte sa mga Pampango ang balat ng ahas, mas mabisa iyon kung manggagaling mismo sa mga Gabinista. Ilalagay nila ito iyong noo at ikaw ay dadasalan.

---

[109] Sinikap pang hanapin ni Pangilinan sa San Luis ang nakilala niya noong 1988 na Gabinista na nagngangalang Winston Gonzales. Wala na rin siyang narinig pa sa mga Gabinista nang mag-*field work* siya sa Pampanga noong 1997. Nakapanayam ng inyong lingkod si Pangilinan noong 28 Marso 2018 matapos ang lektura ko sa Museum of Philippine Social History sa Lungsod ng Angeles.

[110] Mariano Ponce, "Folk-Lore Bulaqueño," sa *El Folk-lore Filipino*, pinamatnugutan ni Isabelo de los Reyes (Maynila: Imprenta de Santa Cruz, 1890), Tomo II, 54-5.

“Cabál” ang ipinantumbas dito ni Padre Bergaño na salitang Kapampangan para sa anumang dinadasalang (*hechizo*) bagay upang maging mabisang proteksyon o pampasuwerte.[111] “Butiltil” naman ang katutubong tawag ng mga Pampango sa mga pampasuwerte [*dijes*] na may masikot [*intricate*] na disenyo;[112] at “lapay” para sa pampasuwerteng kuwintas.[113]

**Di-Katolikong Tradisyon ng mga Magsasaka.** Noong 1997, nalaman ni Pangilinan (na noo’y nasa *field work*) sa mga magsasaka ng San Luis at Magalang, maging sa Concepcion, Tarlac, ang tradisyon ng *lasak dalungdung*. Tradisyon iyon sa pagsira sa isang *dalungdung* (dambana) sa bukid sa pamamagitan ng pagsunog. Isinasagawa iyon upang magpasalamat at ipagdiwang ang araw ng gapasan, ngunit hindi ito isang Katolikong gawain. May sukat na isang metro ang area ng *dalungdung* (munting dambana), nakaangat mula sa lupa hanggang sa sintaas ng baywang, at may bubong ito na parang sa kubo. Sinusunog ng magsasaka ang *dalungdong* kasama ng unang gapas ng palay bilang *daun* (alay). Sa San Luis, kakaiba ang tradisyong ito: bukod sa *daun*, naglalagay din ang mga magsasaka ng *imaginary* na mga hayop sa *dalungdung* upang sunugin. Tinatawag iyon sa San Luis na *garing are* (*garing* o manika na yari sa *are* o dayami) na hugis manok, baboy, at kalabaw—pawang mga alagang hayop ng mga may-ari ng lupa at mayayaman. Habang nasusunog ang *dalungdung*, nagkakantahan at

[111] Bergaño, *Vocabulario*, 68.

[112] *Ibid*., 67.

[113] *Ibid*., 133.

nagsasalo ang mga magsasaka kasama ang kanilang pamilya, kaya't tinawag din ang panahong iyon bilang *piyestang ortelanu* (pista ng mga magsasaka).

May naidokumento rin si Pangilinan na di-Katolikong tradisyon ng mga magsasaka sa Mandasig at Pasig, Candaba na ang tawag ay *piyestang danum* (pista ng tubig). Ipinagdiriwang iyon ng mga magsasaka dahil itinutulak na patungong *buyuk* (Look ng Maynila) ang maalat na tubig ng Indung Kapampangan (tawag ng mga magsasaka sa Rio Grande; *indu* ay nanay) dahil sa tubig ulan. Tanda rin ang *piyestang danum* na tapos na ang panahon ng tag-init, ang dahilan kung bakit payapa ang agos ng Indung Kapampangan at sinamantala naman iyon ng pagpasok ng alat ng *buyuk* sa tabang (*sumun ing malat*). Sa *piyestang danum*, ang mga kabahayan na nasa pampang ng Indung Kapampangan ay nagpapaagos ng animo'y balsa (yari sa kawayan ang sahig at nakalutang sa ilog sa pamamagitan ng katawan ng saging) na nakatali sa mga bintana. Laman ng balsang ito ang iba't ibang *pamangang piyesta baryu* (putaheng pampiyesta sa kanayuanan) tulad ng menudo at asado. Kahit sinong dumadaan sa Indung Kapampangan ay maaaring humingi ng handa. Nitong 2006, ayon kay Pangilinan, ay ipinagbawal ng pari sa Candaba ang pagsasagawa ng *piyestang danum*. Sa halip, ipinagdiriwang na ng mga taga-Mandasig ang kapistahan ng Presentacion tuwing Enero, malayo na sa kinagisnang *pistang danum* tuwing tag-ulan sa buwan ng Hunyo.

**Iba Pang Kaalamang Bayang Pampango Kaugnay ng Gabinismo at Santa Iglesia.** Nakuha naman ni Pangilinan ang mga susunod na kuwento mula sa lolo niya sa Sta. Cruz, Magalang na sina Cornelio "Apung Eliong" Manalo y Tolendando (na isang

*lagayan* o nakakakita ng espíritu). Si Apung Eliong, ayon kay Pangilinan, ay maykaya at panginoong maylupa sa Magalang ngunit malapit sa magsasaka, kaya't ganoon na lamang siya kainteresado sa mga kaalamang bayan na nakuha niya mula sa mga ito. Dahil sa kasalatan sa pambili ng mga pagkaing mayaman sa protina, nagtyaga ang mga magsasaka sa pagkain ng *tugak* (palaka, yaong nahuhuli sa bukid), *kamaru* (*mole cricket*), *bulig* (dalag, tinatawag ding *lakandanum* [panginoon o amo ng tubig] dahil kaya nitong mabuhay sa loob ng tipak ng lupa at nagbibigay ng makakain sa mga magsasaka kung tag-init, dahilan upang ituring itong biyaya sa mga maralita [*grasya kareng pakalulu*]), salagubang, at *ubingan* (sawa). Naniniwala ang mga magsasaka na namamatay ang tubig ng Indung Kapampangan tuwing *Kaleldo* (Mahal na Araw na siyang tanda ng panahon ng tag-init). Sa ganitong panahon, pumapasok ang tubig-alat ng Look ng Maynila na umaabot hanggang Candaba. May paliwanag dito ang kaalamang bayan ng mga magsasaka, ayon kay Pangilinan: pinarurusahan ni Sinukuan (mitikal na panginoon ng *Alaya* o Bundok Arayat, na *aldo* [araw] ang representasyon sa kuwento) si Indung Kapampangan (kinakatawan ng *ubingan* sa kuwento) dahil sa pakikiapid nito kay Manalastas (kinakatawan sa kuwento ng isang tandang), sang-ayon sa sumbong ni Lakandanum (*bulig* sa kuwento), asawa ni Indung Kapampangan. Batay pa sa kuwento ni Apung Eliong, *ubingan* ang representasyon kay Indung Kapampangan dahil sa *optical illusion*: animo'y kumikinang na parang mga gintuang kaliskis ang mga alon ng Rio Grande sa may Tabuyoc at Sulipan, Apalit kapag tumatama ang liwanag ng bukang liwayway.

Narinig naman ni Pangilinan sa matandang Pablo “Apung Ambu” Aquino, bayaw ni Apung Eliong at anak ni Eusebio “Kumander Bio” Aquino (na pinuno ng Hukbalahap) sa Magalang ang susunod na kuwento. Pinaniniwalaan ng mga tagasunod ni Kumander Bio na siya ang huling reinkarnasyon ni Apung Sinukuan. Sa mga ulat, si Kumander Bio ay naglagi sa Alaya matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig upang labanan ang puwersa ng pamahalaan. Bukod kay Kumander Bio, reinkarnasyon din ni Apung Sinukuan sina Francisco “Apung Kitung” Soliman na nagkuta sa Alaya noong 1897; si Jose “Apung Peping” Alejandrino na naging heneral noong Digmaang Pilipino-Amerikano at napaulat na nagkuta rin sa Alaya;[114] at si Felipe “Apung Ipi” Salvador na nagkuta sa Alaya noong Digmaang Pilipino-Amerikano hanggang mahuli ito noong 1910. Paliwanag ni Apung Ambu, nawawala ang titulong “Apu” at ang pagiging Sinukuankung aalis sa Alaya ang napili.

Kapansin-pansin sa kuwento ang papel ng reinkarnasyon, sa paniniwala ng mga Pampango, na hindi elementong Kristiyano kundi Hinduismo. Sa katunayan, napansin na ni de los Reyes na may bahid ng Hinduismo ang *folklore* ng Pampanga tungkol kay Sinukuan.[115] Hindi lamang limitado sa kuwento ni Apung Ambu ang *motif* (bahid) ng reinkarnasyon kaugnay ng Alaya at ni Sinukuan, sapagkat bukod sa mga Gabinista ng San Luis at Santa Ana, naidokumento rin ng Canadian na iskolar na si Keith Thor Carlson noong 1996 na reinkarnasyon naman ni Salvador si Luis Taruc, na isinilang sa

[114] Kinukumpirma ito ni Frederick Funston, kumandante ng eskpedisyong tumugis kay Aguinaldo sa Isabela noong 1901. Cf. Frederick Funston, *Memoris of Two Wars: Cuban and Philippine Experiences* (Nebraska: University of Nebraska, 1911/2009), 348.

[115] De los Reyes, *La Religión*, 111.

kapistahan ni San Luis (Hunyo 21) sa bayan ng San Luis noong 1913, isang taon matapos bitayin si Salvador sa Bilibid. Ayon kay Carlson:

> To appreciate the powerful appeal Luis Taruc's message held among peasants, however, we must engage more than his political philosophy. His message resonated in part because Taruc was regarded by many to be the reincarnation of the turn-of-the-century revolutionary and mystic, Felipe Salvador. To date, this facet of the Huk Supremo's identity has remained unexplored by scholars—likely because it is not mentioned in either of his two published autobiographies, *Born of the People* (1953) and *He Who Rides the Tiger* (1967), and because Taruc himself found the belief somewhat troubling and embarrassing.[116]
>
> (Upang mapahalagahan ang malakas na dating ng panawagan ni Luis Taruc sa mga magsasaka, kailangan nating tumawid pa sa kanyang pilospiyang politikal. Naging katanggap-tanggap ang panawagan ni Taruc dahil kinilala siya ng marami bilang reinkarnasyon ng rebolusyonaryo at mistiko sa pagpapalit ng siglo, si Felipe Salvador. Sa ngayon, ang bahaging ito katangian ng Supremo ng Huk ay nananatiling pa ring bago sa mga iskolar—dahil na rin malamang sa hindi ito binanggit sa dalawang sariling talambuhay (ni Taruc), ang *Born of the People* [1953] at *He Who Rides the Tiger* [1967], at dala na rin na ang paniniwalang ito sa kaniya mismo'y nakakabagabag at nakakahiya.)

Tila tumutugma ang obserbasyon ni Carlson na ikinahiya ni Taruc ang pag-uugnay sa kaniya kay Salvador at ang kuwento ni Apung Ambu na tinanggihan ni Taruc ang pagiging kahalili ni Sinukuan sa Alaya. Kaya't ang sumalo sa gawain ng paghalili kay Sinukuan ay ang kasama ni Taruc sa pakikibaka na si Kumander Bio. Kung babalikan ang dokumentasyon ni William Cameroon Forbes noong 1928, hinihintay ng mga Santa Iglesia ang reinkarnasyon ni Salvador.[117]

---

[116] Keith Thor Carlson, "Born Again of the People: Luis Taruc and Peasant Ideology in Philippine Revolutionary Politics," *Histoire Sociale* 41:82 (Nobyembre 2008), 426-8/417-58.

[117] William Cameron Forbes, *The Philippine Islands* (Boston: Houghton Mifflin, 1928), Tomo 1, 229.



Kabayanan ng Magalang, 1935. ALEX R. CASTRO

Tungkol naman sa pagpili ng susunod na Sinukuan, kung babalikan ang kuwento ni Suku sa “El Fabuloso Sucu” ni Laktaw sa “El Folk-lore Pampango” (1889), mababasa dito na kinasusuklaman ni Sinukuan ang mga pabaya at masama ang kalooban, ngunit pinagpapala naman ang matalino, mabuti, at matapang na kabataan.[118] Nasa kabataan pang edad noon sina Makabulos, Alejandrino, at Salvador nang tumayong mga líder noong Himagsikan at Digmaang Pilipino-Amerikano. Edad 26 si Makabulos nang magkuta sa Alaya noong 1897; nasa edad 20 si Alejandrino nang magkuta at mahuli sa Alaya noong 1902; at 34 naman si Salvador nang mapaulat na nasa Alaya na siya noong 1903. Sa kabila ng nakakatakot na mga kuwento tungkol sa kinahinatnan ng sinumang nais pumasok sa Alaya, tila katuparan sina Makabulos, Alejandrino, at Salvador ng “mabuting binata” (o kabataan) na nababanggit sa kuwento tungkol kay Suku, batay sa “El Fabuloso Sucu”:

> Matalinong binata, masaya akong nakilala ka, ikaw na matagal ko nang hinihintay! Nararapat lamang sa iyo ang yaman, sapagkat hindi ka ganid! Mapalad ka, dahil hindi ka nasilaw sa mga mapanukso na namalas mo sa aking bahay, di tulad ng iba na nahulog sa sarili nilang kasawiang palad dahil sa padalos-dalos nilang pagtanggap sa aking alok… ninasa nila ang kayaman na ibinalandra ko sa harapan nila at kanilang pinamukha na tila mga bagay lamang iyon na mapupulot sa daan nang di pinaghihirapan at inaani. At ngayon, ano’ng napala nila? Ang kanilang kapahamakan, tuluyang kapahamakan.
>
> Ngayon, umuwi ka sa mahal mong pamilya at mabuhay ng masaya. Malaya ka sa kabiguan di tulad ng iba na sinapit iyon dahil hindi sila nag-iisip. Maliban pa rito, magiging makapangyarihan ka tulad ko, hanggang kaya mong panindigan ang ipinamalas mong karunungang tunay. Umuwi ka sa iyong tahanan at ipapadala ko ang katuparan ng aking pakikipagkaibigan, na siyang magiging tatak ng pagdakila sa iyo kahit sa kaibuturan pa ng aking tahahan, na iyong-iyo na rin magmula ngayon.[119]

---

[118] *Ibid*., 111-2.

[119] Laktaw, “El Folk-Lore Pampango,” Tomo II, 98.

Bilang ito lamang ang nag-iisang bundok sa kalagitnaan ng kapatagan ng Luzon, napukaw ng mistisismo na bumabalot sa Alaya ang imahenasyon ng mga Pampango—tila nagbibigay pugay o sumusuko ang lahat ng nakapaligid sa kaniya at nagawang mabali ang agos ng Rio Grande sa kaniyang paanan.[120] Kaya't di na dapat pagtakhan pa ang pagturing din dito bilang *Bundok Sinukuan* o ang pinagsukuan ng katapatan at paggalang. May malalim pang kuwento sa likod ng salitang ugat ng Sinukuan na *suku*. Ito ang pangalan ng pinakamataas na *iraya* o espíritu na nakatira sa Alaya. Malapit (*cognate*) naman ang salitang *iraya* sa isa pang tawag ng mga Pampango sa bundok bilang *Alaya* na ayon sa *Vocabulario* ni Padre Bergaño ay nangangahulugang 'bukang liwayway' (*aurora*) o 'silangan' (*Oriental*).[121] Si Suku, ayon sa kuwentong bayan, ay isang *principal* na may palasyo sa Alaya at ang itinuturing na pinakaninuno ng mga Pampango.[122] Ganito rin ang kuwento ni Gemelli Carreri noong 1697. Ayon kay Gemelli Carreri ang bundok (na tinawag niyang *Bondo* o *Kalaya*) ay dating nasa pamumuno ng mga hari na sina *Sinoquan* at Mingan (itong huli ay asawa ng una).[123] May bersyon ding nagsasabing nagwagi si Suku sa pakikipagdigma niya kay Namalyari, ang panginoon ng mga Aeta na nakatira naman sa Pinatubo sa kabundukang Zambales, matapos ang batuhan ng apoy.[124] Ito ang dahilan kaya't tinawag siyang Suku o ang "di matinag" (*invincible*), ayon sa "El

---

[120] Para sa dramatikong deskripsyon sa panginorin ng Arayat at Rio Grande noong ika-19 na siglo, cf. John Foreman, *The Philippine Islands*, Second Edition, Revised and Enlarged (London: Sampson Low, Mauston & Co., Ltd., 1899), 6.

[121] Bergaño, *Vocabulario*, 10.


[122] De los Reyes, *La Religión*, 90.

[123] Gemelli Careri, *Voyage du Tour*, *ibid.*; Gemelli Careri, "A Voyage," Tomo 4, *ibid*.

[124] Tingnan ang bersyon ng batuhan ng bato nina Sinukuan at Namalyari sa NHCP, "Angeles HDP," 21.




Isabelo de los Reyes. NATIONAL LIBRARY OF THE PHILIPPINES



Pedro Serrano Laktaw. CENTER FOR BULACAN STUDIES



Mariano Ponce. JAYJAY PONCE GONZALES

Folk-Lore Pampango" ni Laktaw (1890).[125] Isa ring bersyon ang pagkakaroon ng takot ng mga Pampango na basta-basta akyatin ang Alaya o kumuha ng anumang bagay doon dahil mamamatay ang sinumang mangahas,[126] at ang palasyo ni Suku ay binabantayan ng pitong tanod: leon, tigre, oso, kobra, ahas, matapang na Aeta, at isang *sagasa* o ibon na may matalim na tuka at nakakatakot na itsura, ayon sa dokumentasyon ni de los Reyes noong 1889.[127] Nariyan din ang sinasabing kayang tawirin ni Suku ang dalawang kasarian, dahilan upang tawagin din siyang Apung Bayang (*apu* o panginoon; *bayang* o *hermaprodite*).[128] Sinasabi ring siya ang lumikha sa Rio Grande at iba pang kailugan ng Pampanga, na kaniyang hinukay upang pagkublihan mula sa anumang pag-atake sa kaniya ng mga tao.[129]

Tila may kaugnayan ang dokumenasyon ni de los Reyes sa pitong tagabantay ni Suku sa Alaya kung ikukumpara sa detalyeng nakuha pa ni Pangilinan kay Apung Ambu. Ayon sa matanda, may pitong alagad si Sinukuan sa Alaya. Una'y si Noetnoen na isang *binangunan* o matanda at alam ang lahat ng bagay. Siya ang maaaring pinagmulan ng malaon takot nang sinumang mangahas tumapak sa Alaya at mawawala na habambuhay dahil ang mga ito'y kaniyang tatangayin. Ang ikalawa'y si Kargenkargon, na nababanggit din sa ibang dokumentasyon ng kuwento, na isang malaking *pugut* (tawag

---

[125] Laktaw, "El Folk-Lore Pampango," Tomo II, 83.

[126] Gemelli Careri, *Voyage du Tour*, *ibid.*; Gemelli Careri, "A Voyage," Tomo 4, *ibid*.

[127] De los Reyes, *La Religión*, 111.

[128] Personal na komunikasyon kay Dr. Lino Dizon, *consultant* ng Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, Lungsod ng Angeles, 2001.

[129] NHCP, "Apalit HDP," 53-4.

ng mga Pampango sa maitim) o *kapri* (karaniwang tawag sa mga Aeta, na impluwensiya na ng mga Espanyol dahil sa salitang *cafre* para sa negro) na may pambihirang lakas na kayang buhatin ang Alaya. Ikatlo si Puntapunting, isang asintado kung mamaril na *kalariut* o kalahating tao at kabayo na magandang lalaki, mahaba ang buhok, at kapag nagagalit ay humahaba ang pangil, tumutulis ang mga kuko, at nagkukulay pula ngunit takot naman sa nasabing kulay. Ikaapat si Miranmirun, na kayang makita ang pinakamalayong nais masipat at nakikita ang lahat mula sa itaas (marahil, sa ulap o sa tuktok ng Alaya). Ikalima si Kurankuring, ang naatasang maging mensahero sa labas ng Alaya dahil isa siyang *tikbalang* o nilalang na kayang magbago ng anyo. Ang mukha niya ay wangis ng sa uwak, mahaba ang buhok na animo'y sa ibon ang hibla, at ang mga kamay niya ay parang sa ibon. May kakayahan siyang tumakbo ng napakabilis at napakataas; may pabigat ang isa sa mga binti upang makontrol ang paglukso ng napakataas. At ikaanim ay si Suplasupling, na may pambihirang kakayahang bumuga ng malakas na hangin. Ang ikapitong karakter ay hindi na maalala ni Pangilinan. Ayon pa kay Apung Ambu, sa panahong nasa Alaya si Alejandrino, pinaniniwalaang binuhat ni Kargenkargon si Alejandrino mula sa mga pagtugis ng mga Amerikano sa Alaya. Hindi makalapit sa Alaya ang mga Amerikano dahil namamataan sila agad ni Miranmirun at nababaril naman ni Puntapunting.

**Pampanga Bilang Sentro ng Hukbong Espanyol**

Sa kasagsagan ng Himagsikan, Pampanga ang napili para maging punong himpilan ng hukbong Espanyol sa buong Gitna at Hilagang Luzon, ang Comandancia general de las provincias de Centro de Luzón noong 2 Disyembre 1896.[130] Matatagpuan ito sa Kumbento ng San Fernando, Pampanga. Wala namang sinasabi ang mga batis Espanyol na kinonsidera nila ang ilang siglo nang katapatan ng mga Pampango kung bakit sa Pampanga itinatag ang naturang himpilan. Ang maaaring tingnan na pinakalohikal na paliwanag dito ay ang kainaman ng lokasyon ng Pampanga: mararating mula rito ang malaking bahagi ng Luzon hanggang Maynila sa pamamagitan ng daambakal, mga *camino* (kalsada), Look ng Maynila, at mga ilog tulad ng Rio Grande de la Pampanga at Rio Chico de la Pampanga. Gayundin, maaaring tingnang salik ang pagkakakulong at pagkakapatapon sa mga Pampangong liberal at ang pagseguro ng mga uring *principalia* sa lalawigan—nasangkot man sa masoneriya o hindi—na kontra sila sa Himagsikan.

Nakuha naman ng mga Espanyol ang suporta ng mga Pampangong apektado ng Santa Iglesia. Maaaring mga ordinaryong Pampango ito na hindi gusto ang panatisismo

---

[130] Camagay, trans., *French Consular Dispatches*, 9; Sastron, *La Insurrección*, Tomo I, 735-6; UPDML, "Datos Historicos sobre el pueblo de San Fernando, cabecera da [sic] la Pampanga, I. F." *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 62, Doc. No. 344, UPD FSC; Carlos Ría-Baja, *El Desastre Filipino: Memorias de un Prisionero* (Barcelona: Tipografia la Academica, de Serra Hermanos y Russell, 1899), 40. Para sa pangalan ng *comandancia*, cf. Archivo General Militar de Madrid (AGMM), "Diego de los Rios confirming to the Governor-General and to the Military Chief the mobilization of Pampango volunteers, San Fernando, 21 January 1897." *Filipinas*, 2º 10, 4-5; Sastron, *La Insurrección*, Tomo I, 453, 735; Federico de Monteverde y Sedano, *Campaña de Filipinas; La División Lachambre, 1897* (Madrid: Libreria de Hernando y Compania, 1898), 587.

kay Cortes, na itinuring na "Hari sa Pampanga."[131] Ayon sa 1953 HDP ng San Luis, kung ano ang dami ng Santa Iglesia sa bayan ay siya ring dami ng matatapat at nagpatala bilang sundalo na lalaban sa mga rebelde, partikular sa nayon ng San Isidro.[132] Tinawag silang mga *voluntario* o kusang-loob na nagpaarmas sa Espanya upang labanan ang mga manghihimagsik.

Sa katunayan, ang idea na armasan ang matatapat na Pampango ay nagsimula noong Setyembre 1896, sa mungkahi ng prayleng si Padre Antonio Bravo, OSA, na kura ng Bacolor. Nais ng nasabing prayle na ihanda ang Bacolor sa anumang banta ng mga paghihimagsik.[133] Nangamba marahil na siya'y balikan dahil siya ang dokumentadong nagbigay sa Cuerpo de Vigilancia de Manila ng listahan ng mga mason sa Pampanga. Hindi naman naging madali sa mga awtoridad na armasan ang mga Pampango dala na rin ng mga ulat ng pag-aaklas ng mga sundalong Pilipino sa Mindanao at Palawan. Mga Espanyol na mismo ang nakapansin na hindi suportado ng mga Pampango ang Himagsikan.[134] Kaya't noong 11 Enero 1897, hinimok ng Comandancia General sa San Fernando ang mga Pampango na maging *voluntario*.[135] Bilang tugon, itinatag ang Voluntarios Pampangos at ang Ríos y Cánovas—sunod sa pangalan ng gobernador ng

---

[131] Isabelo de los Reyes, *El Folk-lore Filipino, Tomo Primero* (Maynila: Imprenta de Sta. Cruz, 1889), Tomo I, 263.

[132] NLP, "San Luis HDP," 24.

[133] Sastron, *La Insurrecion*, Tomo I, 309.

[134] I. E. F. y S., *The capture of Manila: The glorious history of August Thirteenth, 1898* (Lungsod ng Quezon: Toyota Foundation and University of the Philippines Press, 1928/2002), 21.

[135] AGMM, "Diego de los Rios confirming," *ibid*.; para sa kautusang nag-oorganisa sa mga Pampangong *voluntario*, cf. *Ibid*., 10-1.

Pampanga na si Jose Cánovas at kumandante ng Gitnang Luzon na si Hen. Diego de los Rios. Nang dahil dito, umani nang pagkilala ang Pampanga mula sa mga Espanyol, bilang 'matapang na lalawigan, sibulan ng katapatang Pilipino' ("*heroica provincia, plantel de la lealtad filipina*")[136] at 'dapat tularan ng mga Pilipino' ("*Si los filipinos sigue sus huellas*").[137] Noong 16 Marso 1897, pinag-isa ang dalawang kumpanya ng *voluntarios* gamit ang pangalang Ríos y Cánovas,[138] at noong 15 Mayo 1897 pormal nang naging bahagi ng Comandancia General.[139]

Ngunit may nais pumapel sa pagkilala sa Pampanga: ang liberal at mason na si Eugenio Blanco ng Macabebe. Nakaligtas siya mula sa mga awtoridad dahil malakas ang kapit ng kanilang pamilya sa pamahalaan, lalo na kay Polavieja.[140] Kakatwa man, inorganisa niya ang 100 katao at gumawa ng sariling kumpanya ng mga *voluntarios* sa Macabebe, na lumikha ng pangalan na hiwalay sa Voluntarios Pampangos noong 16 Enero 1897 ng 100 katao. Tinawag itong Voluntarios de Macabebe (o Voluntarios Macabebe).[141] Naging balita ang ambag ng Voluntarios de Macabebe sa kampanya ng

---

[136] Juan Toral at José Toral, *El Sitio de Manila (1898): Memorias de un Voluntario* (Maynila: Imprenta Litografia Partier, 1898), 33.

[137] *Ibid.*, 35.

[138] AGMM. "Voluntarios Mobilizados Pampanga 1897-1898." *Filipinas*, 2º 10, 3.

[139] AGMM, "Asuntos Generales: Voluntarios Pampª, sobre la incorporación de los mismos a la C. G. del Centro de Luzon, 15 Mayo 1897." *Filipinas*, 2º 10, 2.

[140] Felipe Trigo, *La Campaña Filipina: El General Blanco y la Insurrección: Impressions de un Soldado* (Madrid: Libreria de Fernando Fe, 1897), 69.

[141] AGMM, "Asuntos Generales: Voluntarios: Macabebe." *Filipinas*, 2º 10, 6-9.

pamahalaan sa kabundukan ng Angat at Norzagaray, Bulacan[142]—ang teritoryo ng mga Bulakenyong maghihimagsik[143]—at sa Tibaguin, Hagonoy, Bulacan noong 1897.[144] May naitala ring detalye sa 1953 HDP ng Masantol na umabot ang engkuwentro ng Voluntarios de Macabebe at mga manghihimagsik sa Hagonoy hanggang Sapang Kawayan, Masantol, Pampanga, isang nayon na halos mga taga-Hagonoy ang nakatira at kanugnog lamang ng Tibaguin.[145] Madalas din banggitin ang kabayanihan (para sa Espanya) ni Blanco sa Binakod, Paombong, Bulacan noong Mayo 1897,[146] kung saan nabaril siya sa braso.[147] Ang mga pagpapakitang-gilas na iyon ng Voluntarios de Macabebe ang dahilan upang itaas ang ranggo ni Blanco sa pagka-Mayor at kalaunan sa pagiging Koronel. Naging balita ito sa Macabebe at siya ring naging dahilan kaya't marami ang nagpamiyembro—idagdag pa ang impluwensiya ng pamilya Blanco sa Macabebe. Kaya't karamihan sa mga kasapi ng Voluntarios de Macabebe ay tumatanaw ng utang na loob sa kaniya bilang tagapagpala (*benefactor*) ng kanilang pamilya.[148] Ang mga naganap na ito naman ay ikinababahala ni Aguinaldo sa Cavite.[149] Taliwas sa inaakala

---

[142] Sastron, *La Insurrección*, Tomo I, 634-5.

[143] Tungkol sa mga Bulakenyong manghihimahsik sa kabundukan ng Bulacan, cf. Santiago V. Alvarez, *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*, salin ni Carolina S. Malay (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1992), 417-26.

[144] Sastron, *La Insurrección*, Tomo I, *ibid*.

[145] Cf. NLP, "Masantol HDP," 70.

[146] Para sa petsa ng Labanan sa Binakod, cf. Antonio S. Bautista, *Ang Malulos sa Dahon ng Kasaysayan* (Gerona, Tarlac: Jose P. Santos, 1936), 60-1.


[147] Namali ng baybay sa batis bilang *Sinacud*. Cf. Trigo, *La Campaña Filipina*, 68-9; Delmas, *Filipinas por España*, Tomo II, 550.

[148] Mariano A. Henson, *The Province of Pampanga and Its Towns (A.D. 1300-1955)* (Angeles, Pampanga: Mariano A. Henson, 1955), 34.

[149] Emilio Aguinaldo at Vicente Albano Pacis, *A Second Look at America* (New YorkL R. Speller, 1957), 27, 42.



Felix Galura. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES



Juan Crisostomo Soto, kasama si Isidro Joven. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES

ng marami, walang direktang kaugnayan ang Voluntarios de Macabebe, maging ang mga sumunod sa kanila, sa daang-taon nang tradisyon ng pagsusundalo sa Pampanga. Sumulpot lamang sila dahil nais ipaghiganti ni Blanco ang pagkamatay ng kaniyang kapatid na si Agustin Blanco—ang propagandista—sa kamay ng puwersa ni Aguinaldo.[150] Gayong liberal, tutol si A. Blanco sa Himagsikan. Bumalik siya ng Pilipinas at itinalaga ng Gob. Hen. Blanco na pinuno ng impanteriya ng mga Espanyol sa Talisay, Batangas. (Hindi matiyak kung kamag-anak ba ng mga Blanco ng Macabebe ang gobernador-heneral.) Noong 1 Oktubre 1896, sinalakay ng puwersa ni Aguinaldo ang himpilan ni A. Blanco sa kumbento ng Talisay.[151] Napatay si A. Blanco sa engkuwentro.

Bukod sa magkapatid na A. at E. Blanco, ang mason[152] at itinuturing na "Ama ng Balarilang Kapampangan" na si Felix Galura, *principal* ng Bacolor, ay sumuporta rin sa Espanya bilang pinuno ng Voluntarios de Bacolor.[153] Maging ang itinuturing na "Ama ng Panitikang Kapampangan" na si Juan Crisostomo Soto na tubong Bacolor din, ay

---

[150] Felipe Trigo, *The Philippine Campaign (Impressions of a Soldier): General Blanco and the Insurrection*, saling Ingles ni Edgardo M. Tiamson (Lungsod ng Quezon: Toyota Foundation at University of the Philippines Press, 1897/2002), 57; Henson, *The Province of Pampanga*, *ibid*.

[151] Del Castillo y Jimenez, *Katipunan*, 224-225; Emilio Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan* (Maynila: National Centennial Commission; Cavite: Cavite Historical Society, 1964/1998), 137; Ma. Luisa T. Camagay, trans., *French Consular Dispatches on the Philippine Revolution* (Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Diliman, 1997), 2; Sastron, *La Insurrección*, Tomo I, 286.

[152] NAP, "Pampanga - Si acaso esta provincia donde más se halla la masoneria, pues tiene adaptos en casi todos. Los pueblos, pero donde el número es mayor es en los pueblos de San Fernando, Bacolor, México, Arayat y Magalan, Relación de puño y letra de jefe de la Policia de Manila." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-10, Documento No. 3.

[153] Henson, *The Province*, 42.

sinasabing nagpamiyembro sa Voluntarios de Macabebe.[154] Kasama rin ni Soto sa Voluntarios de Macabebe ang dating *cabeza de barangay* ng Bacolor, at isa sa mga haligi ng medisina sa Pilipinas, na si Dr. Jacobo Fajardo[155]—apo ng dapat sana'y deputado ng Pilipinas sa Parliyamento ng Cadiz na si Padre Anselmo Jorge Fajardo.[156] Maging ang liberal na si Felipe Buencanimo, na nakapangasawa ng haciendera sa Capalangan, Apalit (i.e., Juanita Arnedo), ay bumuo rin ng sariling grupo ng mga *voluntario* ng Apalit. Regalo di umano niya sa pamahalaang Espanyol ang kaniyang pangkat ng *voluntario*.[157]

Naging palagay na ang mga Espanyol sa Pampanga. Kung kaya't hindi na inalis sa San Fernando ang Comandancia General. Mula kay de los Rios, sinundan siya ni Hen. Ruiz Serralde y Ríos noong 26 Hunyo 1897; sunod ni Francisco Castilla noong 18 Setyembre 1897; ni Fermín Jáudenes y Alvarez makalipas ang 11 araw; at kalaunan, ng kilabot na matador ng Zambales at Iloilo na si Hen. Ricardo Monet y Carretero.[158]

---

[154] Juan S. Aguas, *Juan Crisostomo Soto and Pampangan Drama* (Lungsod ng Quezon: University of the Philippines, 1963), 21.

[155] *Ibid*.

[156] National Historical Institute, *Filipinos in History* (Maynila: National Historical Institute, 1996), Tomo 5, 134.

[157] Tingnan ang bahagi ng panayam ni Dr. Vicente Catacutan noong 1968 kina Benigno Uyan (edad 92) at Antonio Danganan (91), pawang mga miyembro ng Voluntarios ni Buencamino, at kay Dionicio Catacutan (85), isang ordinaryong tao (*non-combatant*), sa Vicente B. Catacutan, *The Pisamban of Apung Iru: A Pedagogical Church* (Apalit, Pampanga: ASCCOM Alipan ning Ginu Community, 2012), 185.

[158] Carlos Garcia Alonso, *Defensa del General Monet: Ex Comandante General del Centro de Luzón ante el Consejo de Guerra de Oficiales Generales celebrado del 10 de Febrero de 1900* (Madrid: Establecimiento Tipográfico de T. Minuesa de los Ríos, 1900), 9-10.



Ricardo Monet (kaliwa). CORA LOPEZ

Nanungkulan si Monet bilang comandante ng Gitnang Luzon noong Abril 1898, matapos siyang italaga ni Gob. Hen. Basilio Augustin. Panahon ni Monet lumawak ang saklaw ng Comandancia General: naging bahagi na rin nito ang Norte de Luzón.[159]

Naunahan pa ng pagbubuo ng mga *voluntario* sa Pampanga ang opisyal na kautusan ni Gob. Hen. Fernando Primo de Rivera noong Oktubre 1897 na mag-organisa ng dalawang uri ng *voluntario* sa mga bayang apektado ng paghihimagsik—ang *voluntario local* na kailangan bilang pulis sa mga bayan at ang *voluntario mobolizado* na kailangan sa mga labanan. Alternatibong taktika ito ni Primo de Rivera upang mapunan ang kakulangan ng hukbong Espanyol sa bilang ng sundalong sasawata sa paghihimagsik. Makailang ulit ding binalewala sa Madrid—dala na rin ng transisyong politikal doon—ang mungkahi ni Primo de Rivera na mag-organisa ng matatapat na Pilipino upang magsundalo. Hindi man tiyak kung naging problema din ito sa Pampanga, nahirapan ang pamahalaang Espanyol na mag-organisa ng mga *voluntario* dahil walang maiiwang mag-aasikaso sa mga bukid, gawa na rin ng pagkalugi sa ani dulot ng kabi-kabilang pangingikil, kapwa ng mga manghihimagsik at awtoridad.[160] Ikinairita rin ng mga tao ang patakaran na may pasaporte sa bawat bayan at barangay na pupuntahan, na ikinabagal ng galaw ng kalakal at ikinalugi pa ng mga magsasaka dahil kailangan pa nilang suhulan ang mga lokal na awtoridad, huwag lamang maantala ng patakarang pasaporte.[161]

---

[159] Para sa listahan ng mga naging kumandante ng Comandancia General del Centro de Luzon, cf. UPDML, “Datos historicos sobre el pueblo de San Fernando, cabecera da [sic] la Pampanga, I. F.” *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 62, Doc. No. 344; Carlos Ría-Baja, *El Desastre Filipino: Memorias de un prisionero* (Barcelona: Tipografia la Academica, de Serra Hermanos y Russell, 1899), 40.

[160] Le Roy, *The Americans*, Tomo I, 124.

[161] *Ibid*., 123.

Ilan sa mga dokumentadong *voluntarios* sa Pampanga ay itinatag mismo ng mga prayle at mga *principal*. Ito ay ang Voluntarios de Bacolor na itinatag sa basbas ni Padre Bravo at Gobernador Cánovas; at ang Voluntarios de Betis, na plinanong bubuhin ng mga *principal* ng Betis noong 21 Oktubre 1897, ngunit naisakatuparan lamang noong 2 Nobyembre 1897 sa suporta ng parokya. Isang nagngangalang Don Joaquin Canlas ang naging kapitan ng grupo.[162]

**Riot sa Bacolor, Agosto 1897**

Noong 3 Agosto 1897, 84 na pugante ng Cárcel Provincial (panlalawigang piitan) ang binaril ng Voluntarios de Bacolor sa publiko sa Bacolor.[163] Ito ay matapos pumuga ang kulang-kulang 100 preso at lumusob ang mga ito sa Casa Tribunal (bahay pamahalaan) ng Bacolor.[164] Nang-agaw din ang mga pugante ng armas sa *destacamento* (himpilan) ng mga *cazadores* ('mangangaso,' bagaman mga sundalo ang mga ito na nakadestino sa mga lalawigan). "Sa katirikan ng araw," ayon kay René Etienne César Menant, *Genant* o nanunuparang opisyal ng konsulado ng Pransya sa Maynila, "sinira nila (mga preso) ang mga kandado ng mga tarangkan (ng piitan) at nagtungo sa dako ng

---

[162] UPDML, "A. Serrano's History of Betis 1740-1903." *Luther Parker Collection*, Document No. 286, Folder No. 49, Box No. 2, 21-2.

[163] UPDML, "Lugay's History of Bacolor, 1909." *Luther Parker Collection*, Document No. 283, Folder No. 48, Box No. 2, 20; UPDML, "Punu's History of Bacolor 1746-1908." Luther Parker Collection, Box No. 3, Folder No. 48, Document No. 285, 25; AHN, "Ynforme," 8a.

[164] UPDML, "Serrano's History of Betis," *ibid*.

bahay pamahalaan (ng Bacolor)."[165] Nadakip ang mga pugante dahil sa pinagsamang puwersa ng batalyon ni Hen. Serralde y Ríos (kumandante ng Gitnang Luzon),[166] ng mga tanod ng piitan, at ng Voluntarios de Bacolor.[167] Sa kabilang banda, may ilan pang nakatakas, dala-dala ang mga armas na inagaw nila.[168] Idineklara ng mga awtoridad ang insidente sa Bacolor na may kinalaman sa Himagsikan.[169] Iyon na ang pinakamadugong pagpatay sa utos ng pamahalaan na nangyari sa Pampanga mula noong Disyembre 1762, kung kailan daan-daang Tsino ang pinapatay ni Anda sa mga Pampango at Espanyol sa kasagsagan ng pananakop ng mga Briton sa Maynila.

Isinulat ni José Gutierrez David, kalauna'y Associate Justice ng Korte Suprema ng Pilipinas (1959-1961), sa kaniyang gunita ang nasaksihan niyang madugong pagtugis ng mga awtoridad sa mga pugante sa Bacolor nang siya'y anim na taong gulang pa lamang:

> As a child, I was not spared from horrible experience which occured toward the end of the Spanish regime.
>
> The prisoners in the provincial jail which was located, not far from our house, escaped. There were many of them. We heared the firing and all of us, the occupants of the house, hid below the stairway which was surrounded by stone walls. Many of the escaping prisoners were killed.
>
> I saw the bodies being carried hanging and swinging hammock like when they were passed in front of the house. Some bodies were still bleeding. I was greatly shocked when I saw them. That was the first time I had ever seen human violently killed and carried in that manner.[170]

---

[165] Camagay, trans., *French Consular*, 41.

[166] José Enrique Rivas Fabal Naval, *Historia de la Infantería de Marina Española* (Madrid: Editorial Naval, 1970), 482; Fernando Primo de Rivera y Sobremonte, *Memoria Dirigida al Senado* (Madrid: Imprenta y Litografía del Depósito de la Guerra, 1898), 28, 40, 45; Camagay, trans., *French Consular*, *ibid*.

[167] UPDML, "Serrano's History of Betis," *ibid*.

[168] Camagay, trans., *French Consular*, *ibid*.

[169] *Ibid*.

[170] Angeles, "The Story, 33-4.

(Noong bata ako, hindi ako nakaligtas sa nakapangingilabot na karanasang nangyari habang papatapos na ang pamamalakad ng mga Espanyol.

Nakatakas ang mga preso sa piitang panlalawigan, na hindi kalayuan sa aming bahay. Marami sila. Dinig namin ang putukan; at kaming lahat, na nasa bahay, ay nagtago sa ilalim ng hagdang napalilibutan ng batong pader. Marami sa mga pumugang iyon ang napatay.

Nakita ko ang mga katawan na binibitbit nang nakabitin at animo'y duyan habang idinadaan sa tapat ng bahay. Patuloy pa ang pagdugo ng ilang bangkay. Natigatig ako nang makita ko ang mga iyon. Iyon ang unang pagkakataong nakasaksi ako ng taong pinaslang nang karumaldumal at binitbit sa ganoong paraan.)

## Unang Engkuwentro ng Katipunan sa Pampanga, Setyembre 1897

Aktibo ang Katipunan sa Tarlac noong 1896 sa pangunguna ni Francisco Makabulos Soliman, Kapampangan ng La Paz, Tarlac bagaman ang ama ay isang Pampango mula sa Lubao. Ayon sa 1953 HDP ng Magalang, si Makabulos ang nagpasok ng Katipunan sa hilagang parte ng Pampanga mula 1896-1897. Nagsimula ito sa pagtalaga ni Makabulos sa isang nagngangalang Juan Culantro upang ipagtanggol sa pang-aapi ang mga taga nayon ng La Paz, Magalang. Pinamunuan ni Culantro kalaunan ang pag-oorganisa ng Katipunan sa barangay La Paz. Kabilang sa mga pangalan ng mga Katipunero sa Magalang, ayon sa HDP, sina Feliciano Torres, Gregorio Mallari, Froilan Pineda, at Maximo Manabat. Armado lamang sila ng talibong at itak.[171] Nakatulong ng malaki ang pagsuporta ng mga taga-Magalang kay Makabulos at sa Katipunan sapagkat naitatag sa Magalang ang isa sa pinakamatatag na kuta ng mga manghihimagsik: ang isang *real* ng Kamansi sa barangay Kamansi, Magalang, na nasa may paananan ng Bundok Arayat. Gayundin, sa *real* ng Kamansi tinanggap sa Katipunan ang *capitán*

[171] NHCP, "Magalang HDP," 55.

*municipal* ng Murcia, Tarlac (ngayo'y parte ng Concepcion) na si Servillano Aquino at iba pa niyang kasamahan. Sa pamamalagi ni Makabulos sa Magalang, nadagdagan pa ng 83 Katipunero ang Magalang, na lahat ay mula sa barangay Sto. Rosario, Magalang. Nasa pamumuno sila nina Kapitan Gregorio Samia, Tinyente Lino Tayag, at Tinyente Enrique Datu. Noong 29 Agosto 1897, naiulat sa Magalang ang unang engkuwentro ng mga Espanyol sa mga manghihimagsik sa Pampanga at natuklasan ang kuta ng Kamansi. Lumipat sa Mabalacat ang mga manghihimagsik ng Magalang.[172] Wala mang direktang ebidensiya kay Makabulos, napaulat din ang presensiya ng mga manghihimagsik sa Angeles.[173]

Noong 15 Setyembre 1897 sinimulan ng mga Espanyol na atakihin ang Kamansi.[174] Ayon sa 1953 HDP ng Magalang, sa bakuran ng isang *principal* na nagngangalang Doña Florentina Pascual sa San Nicolas, Magalang nagkampo ang mga Espanyol at sa dako ng Tutu, Arayat nagmula ang mga Espanyol.[175] Anim na beses na nadepensahan ni Makabulos ang Kamansi mula sa pag-atake. Nagkataon namang nasa kabundukan na ng Biak-na-Bato sa San Miguel de Mayumo, Bulacan sina Aguinaldo. Bilang pakikisama sa mga pinuno ng paghihimagsik sa Gitnang Luzon, sumama sa

---

[172] *Ibid*., 68.

[173] Mariano A. Henson, *A Brief History of the Town of Angeles in the Province of Pampanga, Philippines: From Its Foundation in 1796 A.D. to the Present 1947-1948* (San Fernando, Pampanga: Ing Katiwala, 1948), 20.

[174] Pi y Margall at Pi y Arsuaga, *Historia*, Tomo 7, 836.

[175] NHCP, "Magalang HDP," 8.

Kamansi si Hen. Jose Ignacio Paua, isa sa mga opisyal ni Aguinaldo sa Cavite. Kasama rin si Paua sa lumaban sa mga Espanyol sa Kamansi.[176]

Tuluyang napasakamay ng mga Espanyol ang Kamansi matapos ang huling pag-atake rito noong 27-28 Nobyembre 1897. Si Monet ang nanguna sa pag-atake sa Kamansi. Nagbanta si Monet na hindi magkakaroon ng kapayapaan sa Gitnang Luzon hanggang hindi napapasakamay ng mga Espanyol ang Kamansi. Binuo halos ng Voluntarios de Macabebe at Voluntarios de Apalit ang puwersa ni Monet, na inilarawan ni Delmas na mga 'sabik' (*compuestas en su mayoria de nuevos entusiastas voluntarios*).[177] Napaatras patungong Biak-na-Bato sina Makabulos.

Sa galak ni Gobernador Cánovas sa mga Voluntarios de Macabebe at Voluntarios de Apalit, iminungkahi niya sa pamahalaan na tawaging "Muy Heroica y Siempre Fiel" (Napakatapang at Laging Tapat), "Muy Noble y Muy Leal" (Napakarangal at Napakatapat) o "Muy Española" (Napaka Espanyol) ang Pampanga, na hindi naman nangyari.[178]

---

[176] Teresita Ang See, *Jose Ignacio Paua: Chinese General in the Philippine Revolution* (Maynila: Kaisa para sa Kaunlaran, Inc., 1988), 9.

[177] Delmas, *Filipinas por España*, Tomo II, 731-2.

[178] Larkin, *The Pampangans*, 117.

## Pagtunton ng Pampanga sa Landas ng Himagsikan

Matapos ang engkuwentro ni Sarthou sa mga Santa Iglesia sa San Luis, operasyon ni Olaguer-Feliu sa Cacarong de Sili, at kampanya ni Lachambre sa Cavite, lalong lumapit sa Pampanga ang sentro ng Himagsikan: nasa Biak-na-Bato na ang pamahalaang panghimagsikan ni Aguinaldo. Bagaman noong Disyembre 1897, isinuko roon ni Aguinaldo ang Himagsikan matapos ang ilang buwang negosasyon ng kaniyang pamunuan at ng pamahalaang Espanyol. Sa kasagsagan ng negosasyon, sa Pampanga tinatanggap ni Gob. Hen. Primo de Rivera noong 17 Nobyembre 1897 ang ulat ni Pedro Paterno, tagapamagitan ng pamahalaan kay Aguinaldo, tungkol sa Biak-na-Bato.[179] Bahagi ng kasunduan na kailangang lisanin nina Aguinaldo ang Pilipinas, habang bibihagin ng mga manghihimagsik sa Biak-na-Bato si Monet.

Ngunit may mga manghihimagsik na tutol sa pagsuko ni Aguinaldo. Kabilang na rito sina Aquino[180] at si Makabulos na hindi nakipirma sa Kasunduan sa Biak-na-Bato. Ayon sa isang ulat ng Cuerpo de Vigilancia de Manila, inalmahan ng mga Pampangong kasapi ng Katipunan (malamang ay mga tagasunod ni Makabulos) ang Kasunduan sa Biak-na-Bato dahil hindi nila kinikilala si Aguinaldo bilang lehitimong pangulo ("*por esto también no quieren reconocer á Emilio como tal presidente*").[181] Dagdag pa ng

---

[179] Pedro A. Paterno, *The Pact of Biyak-na-Bato and Ninay* (Maynila: National Historical Institute, 2004), 83.

[180] NAP, "Report of Inspector Jefé Federico Moreno relaying various intelligence…, Manila, 6 November 1897." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-7, Documento No. 137, 1-3.


[181] NAP, "Intelligence Report of Agente Tito David, 31 January 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 31, 1-3.

Cuerpo, noong 16 Pebrero 1898, isang nagngangalang Ponciano Punzalan ng San Fernando ang nagsabing huwad ang Kasunduan sa Biak-na-Bato at panahon na upang ang mga Pampango ay makiisa sa laban ng mga Cubano at makikampi sa Estados Unidos at mga Carlista.[182] Wala nang detalyeng dokumentong nakita ang pananaliksik na ito upang mapalalim ang mga ulat na iyon ng Cuerpo. Ang malinaw, sa pagsuko ni Aguinaldo, inorganisa ni Makabulos at ng iba pang di kumilala sa Kasunduan sa Biak-na-Bato ang isang pamahalaang panghimagsikan. Ang naturang pamahalaan ang nagpatuloy sa pakikibaka habang nasa pagkakapatapon si Aguinaldo sa Hong Kong; at bilang pagtalima sa Kasunduan sa Biak-na-Bato na palayain ang mga Pilipinong nasa piitan at pagkakapatapon, nakabalik sa Pampanga ang ilan sa mga liberal—at sa mga pinalayang bilanggong politikal, ang pagbabalik ni Maximino Hizon sa Mexico noong Pebrero 1898 ang itinuturing na pinakamahalaga. Tatlong araw matapos niyang makabalik sa Mexico, sinikap ni Hizon na makilala si Makabulos.[183] Palihim na ginabayan ni Makabulos si Hizon sa pagpapakilala ng diwa ng Himagsikan sa mga Pampango, kahit huli na.

---

[182] NAP, "Intelligence Report of Agente Tito David regarding a Ponciano Punsalan from San Fernando, Pampanga." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 36, 2-3.

[183] NLP, "Hojas de servicio," 1.



Francisco Makabulos. CENTER FOR KAPAMPANGAN STUDIES

# IKALIMANG KABANATA

# MGA PAMPANGO LABAN SA MGA ESPANYOL, 1898

## Paghahanap ng Pampanga sa Isang Lider

Kung mayroon mang Pampangong liberal na aktibo noong panahon ng Himagsikan, dalawa lang ang maaari nilang gawin: labanan ang mga Espanyol sa labas ng Pampanga o lumaban sa ilalim ng pangalan ng Espanya.

Sa lahat ng mga liberal na Pilipino, tanging si Agustin Blanco ng Macabebe ang binigyan ng mataas na katungkulan sa Hukbong Espanyol para labanan ang mga manghihimagsik. Malaki sana ang maitutulong niya sa Himagsikan na nangangailangan ng kaalaman at kasanayan sa pakikidigma (tulad ng ipinayo ni Rizal kay Valenzuela sa Dapitan noong 1896); ngunit mas matimbang sa kaniya ang pananatili ng Pilipinas sa ilalim ng Espanya. Ikinasawi niya ang paninindigang ito nang salakayin ng puwersa ni Aguinaldo ang kaniyang himpilan sa kumbento ng Talisay, Batangas noong Oktubre 1896.

Iba naman ang kaso ng Pampangong si Jose Alejandrino, isa pang dapat sana'y lider ng Himagsikan sa Pampanga. Tulad ni Blanco, propagandista sa Europa si

Alejandrino. Naging miyembro siya ng Katipunan noong 1895.[1] Ngunit nang sumiklab ang Himagsikan, minaliit at sinabi niyang hindi pa kayang maghimagsik ng mga Pilipino. Ganito rin ang tugon sa kaniya ni Antonio Luna, isa pang propagandista—"Hindi pa panahon," sabi ni Luna—nang atasan siya ng Katipunan na himukin itong sumama sa kilusan (sang-ayon sa payo ni Rizal kay Valenzuela).[2] Kung hindi pa dumating galing Ghent ang kaklase niyang Kabintenyo na si Edilberto Evangelista noong Setyembre 1896 hindi sana siya mahihimok sumama sa paghihimagsik.[3] Tinapat niya si Evangelista at sinabing mababa ang pag-asa na magwagi ang Himagsikan.[4] Hindi nagpatinag si Evangelista sa ganoong opinyon at nanumpa siya ng katapatan kay Aguinaldo, noo'y isa sa mga pinuno ng Katipunan sa Cavite. Noong 21 Nobyembre 1896, sumama si Alejandrino kay Feliciano Jocson sa Kawit, Cavite at nagsilbi kay Aguinaldo.[5] Nakalayo rin siya mula sa paghawak ng armas nang imungkahi ni Evangelista, noo'y Tinyente Heneral na, na ipagkatiwala ng Katipunan kay Alejandrino ang pagpuslit ng mga bala at pulbura mula Hong Kong. Inayunan iyon kapuwa ni Aguinaldo at ni Bonifacio.[6] Disyembre ng 1896, nakaalis ng bansa si Alejandrino. Namalagi siya sa Hong Kong hanggang noong 1898.

---

[1] Alejandrino, *The Price*, 4.

[2] *Ibid*., 103-4.

[3] *Ibid*., 17.

[4] *Ibid*., 17-8.

[5] *Ibid*., 59.

[6] Emilio Aguinaldo, *Mga Gunita ng Himagsikan* (Lungsod ng Baguio: Cristina Aguinaldo Suntay, 1964), 120.

Komplikadong maging aktibong manghihimagsik sa loob ng Pampanga lalo na't napakalaki na ng puwersa ng mga Espanyol na nakaestasyon sa San Fernando. Idagdag pa rito ang mga *voluntario* sa bawat bayan. Ang mga inaasahang lider sana ng Himagsikan sa lalawigan—yaong hindi nakulong o nakalaya agad, at yaong mga nakaligtas sa pagkakapatapon at pagbitay—kung hindi nanahimik ay sumuporta pa sa Espanya. Magkahalong takot, pangamba, at pagtutol sa paglaya ng Pilipinas ang naghari sa Pampanga mula 1896-1898.[7] Gayunpaman, hindi limitado sa mga Pampangong liberal ang kawalan ng loob na maghimagsik. Para sa maraming edukadong Pilipino, hindi pa napapanahon ang Himagsikan.[8] Si Mabini, halimbawa, ay tumutol sa Himagsikan sa kadahilang bukod sa wala siyang lakas ng loob na suportahan ito, inisip niya na magagambala ng seryosong armadong pagkilos ang kaniyang mga kababayang gusto, kahit papaano, ang tahimik lamang na buhay.[9] Ang sapantaha ni Mabini ay totoo sa Pampanga, Pangasinan, Ilocos Norte, at La Union dahil kapakanan at seguridad ang nangungunang konsiderasyon sa mabagal na tugon ng mga tagarito sa bangis at saklap ng paghihimagsik.[10]

Sa kawalan ng lider na lalaban sa mga Espanyol, hindi inaasahan ang paglitaw ni Salvador, bagaman na isang Tagalog, ay lubos na kinikilala ng mga Pampangong tagasunod niya sa Santa Iglesia. Naungkat sa sinundang kabanata ang dahilan ng pag-

---

[7] Larkin, "Pampanga Views," Tomo II, 591.

[8] James A. Le Roy, *The Americans in the Philippines* (Boston at New York: Houghton Mifflin Company, 1914), Tomo I, 93.

[9] Apolinario Mabini, *The Philippine Revolution* (Maynila: National Historical Commission, 1969), 9.

[10] Le Roy, *The Americans*, *ibid*.

usbong ng Gabinista (na pinagmulan ng Santa Iglesia) na ang pinuno ay isang karismatikong Pampango na si Cortes. Nang si Salvador na ang humalili kay Cortes, isinalin ng mga Pampango ang paggalang kay Salvador. Salat ang mga batis sa tendensiyang liberal ni Cortes, ngunit dokumentado ang pagiging liberal ni Salvador sa Bulacan. Ayon kay Santos, binunggo ni Salvador ang Tenyente ng Guardia Civil sa Baliuag, habang kinondena naman niya ang mataas na singil ng kura ng Baliuag na si Padre Isidoro Prada, OSA, sa mga nagtitinda sa patio ng Simbahan ng Baliuag. Dahil sa tapang ni Salvador, tinakot siya ni Padre Prada na ipatatapon sa Iligan, Mindanao.[11] Kung titingnan ang panahon ng panunungkulan ni Padre Prada bilang kura ng Baliuag mula 1889 hanggang 1898,[12] lumalabas na naitatag o di kaya'y buwag na ang Gabinista nang maging mainit si Salvador sa mga awtoridad sa Baliuag. Kapatiran man ng mahihirap ang Gabinista, hindi ibig sabihin ay dukha rin si Salvador. Malaking salik, sa katunayan, ang pagiging *principalia* at nakaririwas sa buhay noon upang magkaroon ng lakas ng loob na sumalungat sa mga nasa awtoridad; at ang angkan naman ni Salvador ay may sinasabi sa lipunan. Hindi man tiyak kung nakikisimpatya lamang siya sa mga kapatid sa Santa Iglesia, lagi niyang sinasabi sa mga naiwang sulatin niya na siya'y mangmang at dukha. Samakatuwid, ang pangangasiwa ni Salvador sa Santa Iglesia ang nagpaiba sa kaniya sa ibang liberal ng kaniyang panahon; malayo sa imahen nina Rizal, Mabini, at Bonifacio na may pormalidad at *inteligente*.

[11] Santos, *Ang Tatlong*, 8.

[12] Cf. *Guía Oficial de Filipinas 1892* (Maynila: Tipo-Litografia de Chofre y Comp.ª, 1892), 482; Delgado, *Historia*, Tomo I, 967.

**Pagbitay kay Cortes at Paggapos kay Salvador**

Muling naramdaman ng mga Espanyol ang presensya ng Gabinista sa Pampanga nang ilipat sa Bilibid mula Jolo si Cortes.[13] Ayon sa mga ulat, nasa bayan sila ng San Simon. Hindi naman malinaw sa mga tala kung nakabilang siya sa mga bilanggong politikal na dapat palayain sa ilalim na rin ng Kasunduan sa Biak-na-Bato. Mula naman sa Bilibid, inilipat si Cortes sa *cárcel* ng San Fernando noong Enero 1898.[14] Ikinalugod iyon ng kaniyang mga tagasunod. Ang sunod na nangyari ay binitay si Cortes sa utos ni Monet. Pinaratangan siya na plano niyang ipaasasina di umano si Gobernador Canovas.[15] Nangyari ang pagbitay sa San Fernando noong 4 Pebrero 1898. Ngunit kinabukasan, idineklarang tsismis lang pala ang planong asasinasyon. Ayon sa Cuerpo de Vigilancia de Manila, nagalak ang mga *principal* ng Pampanga sa pagbitay kay Cortes. Isang kumpanya ng *zarzuela* ang kinontrata nila upang magpalabas nang libre sa publiko[16]—sapat nang indikasyon iyon ng dambuhalang pagkakahati ng lipunang Pampango sa

---

[13] AHN, "Ynformacion," 2a.

[14] NAP, "Intelligence report of Agente Tito David relating that Haring Gavino... is already in prison in San Fernando, Pampanga... 28 February 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 40, 1/1-4.

[15] NAP, "Intelligence report of Inspector Manuel Garcia regarding the breakdown of order in the town of Malabon, also on the sentencing to death of a Rey Gavino, who was responsible for recent incidents in Apalit, Pampanga, 4 February 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-16, Informe No. 21, 2/1-2; NAP, "Intelligence..." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-16, Informe No. 21, 1-2,.

[16] NAP, "Intelligence report of Inspector Manuel Garcia regarding the apparent expression of delight of Pampangos over the execution of Gavino... 5 March 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-16, Informe No. 30, 1/1.

pagitan ng uring *principalia* at ng mga masa, na tagasunod ng Gabinismo. Hanggang noong 1953, buhay pa sa alaala ng ilang matatanda sa Apalit ang pagbitay kay Cortes.[17]

Walong araw mula nang bitayin si Cortes, gabi ng 12 Pebrero 1898, ipinadampot si Salvador sa San Simon at ginapos ng hepe ng mga Guardia Civil ng Apalit dahil sa reklamong pananakot sa mga residente. Kung susuriin ang ulat nina Morales at Muñariz sa Ministerio de Ultramar hinggil sa pagdakip kay Salvador, hindi ginalaw ni Salvador at ng kaniyang mga tagasunod ang karaniwang mga tao; malamang sa malamang, hindi uring masa ang nagreklamo sa mga awtoridad kundi ang mga uring *principalia* ng Apalit na hindi pa nakontento sa pagbitay kay Cortes at nais din nilang mawala si Salvador. Nakagapos man, nakuhang makatakas ni Salvador sa tubuhan ng Sampaloc, Apalit.[18] Kinukumpirma naman ng 1953 HDP ng San Simon na may isang nagngangalang "Pedro Salvador" (sic, Felipe), isang "Katipunan," ang tinugis ng mga Espanyol sa barangay San Jose, San Simon at ito'y nakatakas.[19] Sa 1953 HDP naman ng Apalit, itinuring na mahalagang pangyayari noong panahon ng mga Espanyol ang pagtakas sa Sampaloc ng isang pinaghinalaang taksil sa Espanya mula sa pagkakahuli ng mga Guradia Civil.[20] Maaaring si Salvador din iyon, bilang sagana sa detalye ang HDP ng Apalit tungkol sa Gabinista at Santa Iglesia. Samantala, hindi makumpirma, sa mga primaryang datos ang detalye sa HDP ng Apalit, na binitay ang Teniente del Barrio ng Sampaloc matapos

[17] NHCP, "Apalit HDP," 8.

[18] AHN, "Ynforme," 6b-7b.

[19] NLP, "San Simon HDP," 4.

[20] NHCP, "Apalit HDP," 64.

makatakas ng sinasabing taksil. Ipinagluksa ng mga taga-Apalit ang pagkamatay ng nasabing Teniente.[21]

Sa isang pahayag niya kay Aguinaldo noong Enero 1899, iginiit ni Salvador ang pagpapanatili ng kaayusan sa hanay ng Santa Iglesia, na bagaman mga dukha ay hindi nakuhang mang-agrabyado ng kapwa at maging ng maaalwa ang buhay na umaapi sa kanila:

> Mag buhat pa sa una pang panghihimagsik magpahanggang ngayon, bagamat kami'y nagtiis nang magdlang hirap hindi nga namin nagunitâ ang mangahis sa ari nang iba: nabuhay kami sa palimoslimos ng mga kapatid na mahihirap din at ang katunaya'y magpahanggang ngayo'y hindi man lamang ako nakabibili nang isang pirasong damit at kun ako'y ma'y isinusuot ngayon ay limos lamang sa akin at masasabi ko naman kung sino sino ang naglimos. Tanongin ang mga sundalo ko kun hindi kailan ma't ako'y magkakuarta kahit kaunti, ay agad agad kong pinagbabahagi bahagi sa kanila; at kun ang sinabi kong ito'y hindi totoo barilin ako at matamis sa akin, huag po lamang madingig na ang grupo ko'y grupo ng tulisan.[22]

Ang pagbitay kay Cortes at paggapos kay Salvador ang naghudyat sa unang armadong paglaban ng mga Pampango sa mga Espanyol[23] mula noong 1571—ang magkasamang pag-atake sa Apalit at Macabebe ng mga maralita't magsasaka at ng mga dating matatapat na sundalong Pampango.

---

[21] *Ibid*., 64-5.

[22] NLP, "Kasaysayan ng mga Ipinagdadamdam at kadaingan ng Comandante Felipe Salvador na Ipinagsasakdal sa mahinahong pasia ng Kag. Na Presidente ng G. R." *Philippine Revolutionary Records*, SD 1284.1, 7.

[23] AHN, "Ynforme," 6b.

**Unang Pag-atake ng mga Pampango sa mga Espanyol**

Bago bumagsak ang Kamansi, may magandang liham ang mga manghihimagsik sa mga *voluntario*. Nakasulat sa Tagalog ang liham, kaya't masasabing hindi Pampango ang sumulat nito. Pinamagatan iyong "Ginoong mga Voluntario" na sinulat sa "Destakamento ng Sinukuan" (iba pang pangalan ng Bundok Arayat sa mga Pampango/Kapampangan), petsa 10 Nobyembre 1897.[24] Hinihimok ng sumulat ang mga *voluntario* na huwag saktan ang mga "kapatid" at "kauri" nilang Pilipino na lumalaban sa mga lilong Espanyol. Wala nang ibang maaaring tukuyin na *voluntario* ang liham kundi ang mga Voluntarios de Macabebe at Voluntarios de Apalit na kinasangkapan ni Monet sa pagpapabagsak sa Kamansi. Maaaring walang epekto sa mga Voluntarios de Macabebe ang liham, ngunit hindi sa kasamahan nilang Voluntarios de Apalit.

Noong pista ng San Vicente, Apalit, petsa 9 Pebrero 1898, plinano ang pag-atake sa mga Espanyol na nakahimpil sa Apalit.[25] Matagumpay itong naisagawa noong 19 Pebrero 1898 sa Apalit, sa pangunguna ni Guillermo González, beteranong sundalong Pampango sa mga kampanyang isinagawa sa Mindanao at pinuno ng Voluntarios de Apalit, na may buong pagtitiwala ng kura ng Apalit dahil sa balitang katapatan sa Espanya. "*Amotinados*" (pag-aaklas ng mga sundalo) ang itinawag sa pangyayaring iyon sa Apalit. Ito ang kauna-unahang paglaban ng mga sundalong Pampango sa mga Espanyol sa kasaysayan mula nang maging bahagi ang mga ito ng hukbong Espanyol

---

[24] NLP, "Ginoong mga Voluntario." *Philippine Revolutionary Records*, SD 974.1, 1-3.

[25] NAP, "Intelligence report of Agente Tito David relating that the recent uprisings in Calumpit, Apalit and Macabebe were caused by the abuses of the soldiers... 26 February 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 39, pp. 1/1-2, NAP.

noong 1603. Ngunit ang pag-aaklas na ito ng mga sundalong Pampango ay may bahid ng impluwensiya ng Gabinismo-Santa Iglesia. Itinakda bilang “día de San Gabino” (araw ni San Gabino) ang petsa ng pag-atake, sa alaala ni Cortes. Ayon sa mga sundalong Pampango, lilitaw si Cortes sa gitna ng laban kasama ang pitong arkanghel, at hindi tatablan ng mga bala ng kalaban ang mga nag-alsa.[26] Kasama ring nanguna sa pag-aaklas sina Salvador at mga kasamahan niyang sina Juan Manlapas at Baltazar Laclan.[27]

Sa pagitan ng ika-4:00 at ika-5:00 ng madaling araw, napansin ng mga Guardia Civil ang pagtitipon ng mga tao malapit sa kanilang himpilan. Napalilibutan na pala sila ng puwersa ni González. Nagmula sa mga Pampango ang unang putok, pagdating ng ika-5:00 ng umaga. Inatake ng mga Pampango ang himpilan habang sigaw-sigaw ang “*Viva Jesús Salvador!*” at “*avancen*!” (‘sugod’). Pinagpuputol din ng mga Pampango ang linya ng telegrapo sa Apalit upang paralisahin ang paghingi ng ayuda ng puwersang Espanyol. Bago pa man mawala nang tuluyan ang komunikasyon, nakahingi na ng ayuda ang tagapamahala ng estasyon ng tren sa Apalit kina Monet at sa Voluntarios de Macabebe.

Natapos ang pag-aaklas ng ika-8:00 ng umaga at nagpulasan ang mga Pampango sa direksyon ng San Simon, Sto. Tomas, Baliuag, at Pinak ng Candaba. Nasalubong pa ng puwersa nina Monet at ng Voluntarios de Macabebe sa daan ang mga papaatras na nagsipag-aklas. Ika-10:20 ng umaga, personal na nagtungo si Monet sa Apalit dala ang 100 katao na sakay ng tren. Tumulong din sa pagtugis sa Calumpit ang matatapat na

[26] AHN, “Ynformacion,” 2b.

[27] *Ibid*., 2a-3a.

Voluntarios de Apalit ni Buencamino. Makaraan ang pag-aaklas, dinesarmahan sa Sulipan, Apalit ang mga kumpanya ng Voluntarios de Apalit at pinagbabawi ang mga diploma at lisensiya ng mga boluntaryo.

Maaaring iugnay din sa pangyayaring ito sa San Vicente ang naiulat sa 1953 HDP ng Apalit tungkol sa isang lugar na kung tawagin ay Bantayan o pook kung saan pinarusahan ang mga lumaban sa mga Espanyol. Matatagpuan iyon sa tapat ng kapilya ng San Vicente.[28]

Mahalaga bilang pansuportang mga batis ang mga testimonya at gunita noong 1968 hinggil sa Himagsikan sa Apalit na nakolekta ng doktor, pilantropo, at manunulat na Pampango na si Dr. Vicente Catacutan. Nahagip sa mga nakolekta ni Catacutan ang pag-atake ng mga Santa Iglesia noong 19 Pebrero 1898. Mismong ang kaniyang lolo na si Macario Catacutan, Teniente del Barrio ng San Juan, Apalit ay kasama sa pag-atake, ayon sa testimonya noong 17 Hulyo 1968 ni Antonio Danganan ng Apalit, 85 taong gulang na beterano ng Himagsikan.[29] Ayon naman sa gunita ng ama ni Catacutan na si Dionicio Catacutan, si Macario ay beterano ng mga kampanyang Espanyol sa mga Muslim sa Mindanao at teniente sa hukbong Espanyol mula 1892-1897.[30] Kinukumpirma lamang nito ang partisipasyon ng mga uring *principalia* ng Apalit sa pag-aaklas ng mga Voluntarios de Apalit at Gabinista.

---

[28] NHCP, "Apalit HDP," 31.

[29] Catacutan, *The Pisamban*, 187

[30] *Ibid*., 188.

May katiyakan si Danganan sa datos nang panahon na sila'y umatake sa mga Espanyol sa Apalit: anihan noon noong buwan ng Enero o Pebrero 1898 nang inatake nila ang Casa Tribunal, tapat ng Simbahan ng Apalit, na noo'y pinaghihimpilan ng mga Guardia Civil. Nagtatrabaho sila sa bukid nang tipunin di umano sila ng mga mag-aalsa. Dagdag pa ni Danganan, buhat pa sa Tabuyuc (pook na pinagsimulan ng mga Gabinista noong 1887), Sucad, San Juan, at San Vicente (pook kung saan pinlano ang pag-aalsa), na pawang mga barangay ng Apalit, upang atakihin ang kabayanan. Isang nagngangalang Juan Manlapaz ng Tabuyoc ang "comandante" ng pagsalakay. *Talibong*, *panabud*, at *lait*, na pawang mga patalim sa Pampanga, ang tanging armas nila. Dala marahil ng katandaan, ang sunod nang inilahad ni Danganan ay mga pangyayari sa Himagsikan sa Pampanga noong Hunyo 1898.[31]

Binanggit din sa 1953 HDP ng Apalit na dinala halos sa Cansinala, Apalit ang mga inosenteng tao sa bayan, maging ang mga taga-karatig barangay sa Pulilan at Calumpit, Bulacan, na maapektuhan ng pag-aalsa.[32]

### Ikalawang Pag-atake sa mga Espanyol, Macabebe, 22 Pebrero 1898

Makalipas ang tatlong araw, noong 22 Pebreo 1898, sunod namang sinalakay ng Gabinista/Santa Iglesia ang himpilan ng mga sundalo sa Poblacion, Macabebe.[33]

[31] Catacutan, *The Pisamban*, 186-7.

[32] NHCP, "Apalit HDP," 73-4.

Naidokumento ng HDP ng Macabebe ang kuwento ng pag-aalsa ng isang mistikang babae na si Paña sa Paralaya (ngayo'y Sta. Rita), Macabebe, na nayon ng mga Blanco. Buhat sa San Francisco,[34] Macabebe ang mga tagasunod niya na armado ng benditadong buhong pinatulis. Aatake sila sa Poblacion, ngunit naharang sila ng mga Espanyol sa Paralaya at marami ang napatay at nahuli.[35] Ito ang kauna-unahang naitalang paglaban ng mga taga-Macabebe sa mga Espanyol mula noong Labanan sa Bangkusay ng 1571.

Bilang isa sa teritoryo ng mga Gabinista, ang partisipasyon ng mga taga-Macabebe sa yugtong ito sa panahon ng Himagsikan ay hindi na dapat ipagtaka. Kabilang sa mga nadakip ng Voluntarios de Apalit ni Buencamino noong 20 Pebrero 1898 ang isang nagngangalang Hermógenes Singlao de los Santos, isang maralita mula sa Macabebe. Ayon sa ulat, kabilang siya sa mga pugante mula sa Cárcel Provincial sa Bacolor matapos ang riot doon noong 2 Oktubre 1897, at sa mga nagputol ng kawad ng komunikasyon sa pagitan ng Apalit at Calumpit noong kasagsagan ng pag-aaklas sa Apalit. Wala nang nabalitaan sa kaniya, liban sa siya'y nasa kustodiya ni Monet sa San Fernando.[36]

Gayundin, hindi na dapat ipagtaka ang malaking papel ng kababaihan sa Gabinista at Santa Iglesia. Kasabay ni Cortes na kinoronahan noong 1888 ang isang

---

[33] AHN, "Ynformacion," 6b.

[34] Namali sa HDP bilang "San Fernanando" (sic).

[35] NHCP, "Macabebe HDP," 70.

[36] AHN, "Ynformacion," 7b-8a.

babae na nagngangalang Agustina Dueñas.[37] Naitala rin ni de los Reyes, noong 1889, na hindi alintana ng kapatirang Gabinista kung kasama mang matulog ng kalalakihan ang kababaihan sa isang lugar.[38]

## Realisasyon sa Impluwensiya ng Gabinista/Santa Iglesia

Hindi limitado sa Apalit at Macabebe ang naging pag-aalsa ng Gabinista/Santa Iglesia. Napaulat noong 7 Marso 1898 na inatake at sinakop ng napakalaking bilang ng mga masa ("*grandes masas*") armado ng bolo, sibat, at pana na pawang mga Gabinista ang Alaminos, Salata (?), Sual, at San Isidro, Pangasinan. Reaksyon iyon ng mga Gabinista sa pagdakip sa kanilang mga itinuturing na *apóstol*. Sinasabing inayudahan din ng mga Aeta, Igorot, at tulisan ang mga pag-atake. May dala rin silang makukulay na watawat. Tulad ng nangyari sa Apalit, pinagpuputol ng mga Gabinista ang kable ng telegrapo sa Bolinao at naapektuhan maging ang komunikasyon ng Maynila sa Asya at Europa. Sa insidenteng ito, natalo ang mga Gabinista: 197 ang napaslang at marami ang sugatan at dinakip. Dumiretso naman hanggang Zambales ang iba, sa pamamagitan ng Sual.[39]

---

[37] *Ibid*., 1b-2a.

[38] De los Reyes, *El Folk-lore Filipino*, Tomo I, 264.

[39] "Sucesos de Filipinas," *ibid*.

Maganda ang sinabi ni Joaquin Pellicena y López, manunulat at kritikong Espanyol na nakabase sa Maynila, sa aklat niyang *La Verdad Sobre Filipinas* (1900), tungkol sa nangyari sa Apalit. Paliwanag niya, likas sa mga Pilipino ang pagiging Malaya, patunay dito ang mahabang kasaysayan ng pakikipabaka natin sa mga Espanyol na itinuloy ng mga Gabinista.

> …los sucesos de Samar, los de Antique, los de la Laguna, los mismo de agosto de 1896, los gabinistas de Apalit, la guardia de honor de Pangasinan, y tantas otras convulsiones, como de antiguo registra la historia de Filipinas, hasta estos últimos tiempos, esa idea de independencia que tan arraigada suponen algunos en el pueblo Filipino.[40]
>
> (…sa mga pangyayari sa Samar, yaong sa Antique, yaong sa Laguna, maging ang Agosto 1896 [rebolusyon], yaong ng Gabinista sa Apalit, ng Guardia de Honor sa Pangasinan, at maging ang iba pang pag-aalsa noong unang panahon na naitala sa kasaysayan ng Pilipinas, maging ang mga nangyari kamakailan, ang idea ng kalayaan ay talagang nakatanim, tulad ng ipinakita ng ilan, sa bayang Pilipino.)

Samantala, nagkataon naman na nang mangyari ang pag-aalsa ng mga Voluntarios de Apalit at ng Santa Iglesia, nasa Mexico, Pampanga na si Hizon. Hindi man tahasang binabanggit ang nasabing pag-aalsa, mababakas sa kaniyang obserbasyon, sa lipunang Pampango, ang panganib na dulot kung hindi mapamumunuan ang mga "*clase media*" ('maykaya,' *middle class*) at "*plebeya*" ('pangkaraniwang mamamayan') ng mga uring *principalia* na itinuring niyang iginagalang ("*una entidad respectable"*) at maiimpluwensiya sa lipunan ("*influencia moral que por su posecion gozan en sus respectivos pueblos*")—mapa opisyal man sila ng lokal na pamahalaan o ng kasundaluhan. Dagdag pa niya, ang "*clase media*" at "*plebeya*" ay mga binabaliwalang

[40] Joaquin Pellicena y López, *La Verdad Sobre Filipinas* (Maynila: Tipografia Amigos del Pais, 1900), 18.

klase ng tao sa Pampanga dahil hindi sila miyembro ng "*cláse aristocrática*" (ubod nang yayamang mga angkang Pampango o Espanyol). Maaaring "*una entidad respectable"* at may "*influencia moral*" ang turing ni Hizon sa sarili at nais niyang humiwalay sa mga "*cláse aristocrática*," na hindi niya nakikita ang silbi sa Himagsikan. Gayong may pagkilos na si Salvador, hindi gusto ni Hizon ang klase ng samahan na mayroon ito. Kaya't pinagsumikapan na lamang niyang buhayin ang Katipunan sa Pampanga sa pamamagitan ng pagkalap ng suporta sa mga katulad niyang "*una entidad respectable"* at may "*influencia moral*." Ani pa niya, hindi siya nabigo dahil nangako ang mga "*una entidad respectable"* at may "*influencia moral*" na sasamahan siya ng mga ito sa armadong pagkilos, kahit ito'y karakaraka ("*comprometido a levantarse conimigo a la menor indicación*").[41]

Mahalaga ang obserbasyon ni Hizon sa papel ng mga *principal* sa ikinatagumpay ng Himagsikan sa Pampanga. Kumpirmasyon ito sa mahabang kasaysayan ng pagiging nakapangyayari ng uring *principalia* sa lipunang Pampango. Ang uring *principalia* ay binubuo, unang-una, ng mga inapo ng mga nobilidad na dinatnan ng mga Espanyol noong 1571. *Mangapia* o *mapia* ang pangkalahatang tawag sa kanilang lahat ng mga sinaunang Pampango (katumbas ng *maginoo* sa mga Tagalog).[42] Kinilala ng mga Espanyol ang mga *mapia* bilang mga *indios principales* o *principalia* (*indios naturales* naman ang mga ordinaryong katutubo) at may tungkulin at gawain sa lipunan na tanging sila lamang ang maaaring pumapel at makinabang. Napreserba ng mga inapong ito ng

---

[41] *Ibid*., 2-3.

[42] Bergaño, *Vocabulario*, 21.

mga nobilidad ang katutubo nilang apelyido dahil hindi sila kasama sa kautusan ni Gob. Hen. Narciso Claveria noong 21 Nobyembre 1849 na magpalit ng apelyidong Kastilaloy ang mga *indio* (katutubo). Halimbawa ng mga angkan na ito na sumikat noong Himagsikan ay ang mga Makabulos (sa kaso ng manghihimagsik na si Francisco Makabulos ng La Paz at Lubao), Alimurung (sa kaso ng manghihimagsik na si Mariano Alimurong ng Bacolor), Galura (sa kaso ng manghihimagsik na si Felix Galura ng Bacolor), at Cabigting (sa kaso ng manghihimagsik na si Mariano Kabigting ng Arayat).

Sa pagsasama ng mga uring *principalia* at lahing Europeo sumikat ang uring *principalia* na mga *mestizo*, tulad ng mga Blanco (sa kaso ng magkapatid na liberal na sina Agustin at Eugenio Blanco) at Alejandrino (sa kaso ng mag-amang manghihimagsik na sina Mariano at Jose Alejandrino). Gayundin ang mga angkang *mestizo sangley* o may lahing Tsino na maalwa rin ang buhay, tulad ng mga Hilario (sa kaso ng mga liberal at manghihimagsik na magkakapatid na sina Tiburcio, Cecilio, at Procopio Hilario), Hizon (sa kaso ni Maximino Hizon), at Ventura (sa kaso ng mga liberal na sina Balbino at Valentin Ventura). Walang mga hasyenda ang mga prayle sa Pampanga, di tulad sa ibang lalawigan na nasangkot sa Himagsikan tulad ng Bulacan, Cavite, at Laguna. Halos pag-aari ng mga Pampangong *principal* ang mga lupain sa lalawigan at sila rin ang may kontrol sa malaking bahagi ng populasyon bilang mga panginoong maylupa. Pagdating ng ika-19 na siglo, mapapansin na unti-unti nang napalitan ng mga mestisong apelyido ang mga sinaunang *principal* sa listahan ng mga *gobernadorcillo* ng mga bayan sa Pampanga. Nariyan ang mga Hizon, Henson, at Liongson na mga mestisong Tsino sa Mexico, Angeles, at San Fernando; at ang mga Blanco na mestisong Espanyol ng

Macabebe. Itinuring ding *principal* maging ang mga lantad na anak ng prayle, tulad ng panginoong maylupang si Dr. Joaquin Gonzalez ng Apalit.[43]

Ang papel ng mga *principal* sa takbo ng Himagsikan sa Pampanga ay pagpapatuloy ng kulang-kulang tatlong siglong pagsandal ng lipunang Pampango sa impluwensiya nila bilang mga *cacique* o katutubong pinunong kontrolado ng mga mananakop. Napaigting ang pagiging nakapangyayari ng mga *principal* dahil sa paggalang (*regard*) ng mga ordinaryong tao (i.e. *indio principal*) sa kanilang nobilidad, lahi (sa kaso ng mga *mestizo*), at kalamang ekonomiko at politikal. Hanggang sa noong ika-19 na siglo, matindi pa rin ang pagkilala at takot ng mga Pampango sa mga *principal*. Nakasalalay sa mga *principal* ang hanapbuhay ng mga Pampango. Gayundin, makapangyarihan ang posisyon ng mga *principal* sa lokal na pamahalaan bilang mga *cabeza* at *gobernadorcillo*. Ngunit nakita ng mga tagasunod ng Santa Iglesia na kakaiba sina Cortes at Salvador: sila ang tipo ng *principal* na makamaralita. Kumpara sa nagdaang mga siglo, bigay-todo ang suporta ng mga Pampango sa kanilang mga *principal* dahil, isinasabuhay ng dalawa ang inaasahan sa kanila ng lipunan bilang mga inapo ng matatandang *mapia* o kadatuan ng sinaunang panahon: ang maging huwaran ng tapang (konsepto ng *mapia*), manguna sa mga labanan (konsepto ng *pungsalang*), at akuin ang pangangailangan ng kanilang nasasakupan lalo na kung may utang o mabigat na pangangailangan (konsepto ng *saclong*). Ngunit nagbago ang panahon. Kinailangan ng mga *principal* na makipagsapalaran sa negosyo ng tubo upang masuportahan ang

[43] Tungkol sa pagiging anak ng prayle ng mga Gonzalez, cf. U.S. Senate, *Message from the President of the United States 1901 A.D./The Senate Document and Romanism* (Washington, D.C.: U.S. Senate, 1901), 115.

lumalaking pangangailangan ng kanilang pamilya, samantalang ang mga trabahador nila ay nanatili sa hirap, nasira ang loob na umunlad pa sa buhay, at nawalan ng kakampi.

### Pagkilala ni Salvador sa Unang Himagsikan

Nang atakihin ang San Luis, nagtungo sa bundok ang mga tauhan ng Santa Iglesia.[44] Maaaring Bundok Arayat ang unang isipin na pinag-atrasan dahil kilala itong himpilan ng Santa Iglesia noong panahon ng mga Amerikano, ngunit sa panahong ito'y nakasentro ang Santa Iglesia sa San Luis at Apalit. Gayunpaman, sinabi sa talambuhay ni Salvador na isinulat ni Santos noong 1936 na sa Biak-na-Bato umatras sina Salvador, kung saan ito nagpagaling mula sa tama ng baril.[45] Liban na lamang kung may batis na sasalungat, binanggit din ni Santos na di umano "nakisama sa mga manghihimagsik" si Salvador nang "nakarating na hanggang San Rafael (Bulacan) ang mga katipunang nagsipagbangon sa Balintawak."[46] Wala nang lohikal na paliwanag sa pahayag na iyon ni Santos kundi ang pagkakataon na umatras patungong Bulacan sina Salvador at doon sa Biak-na-Bato nakilala ang mga nagsipagparoon ding mga manghihimagsik. Unang-una na rito si Isidoro Torres ng Malolos na siyang sinasabing nakatuklas sa Biak-na-Bato, at sunod ay si Aguinaldo. Maaari rin naman na matapos ang pag-atake sa San Luis, napadpad si Salvador sa San Rafel—ang bayan ng kaniyang amang *principal* na si

---

[44] Delmas, *Filipinas por España*, Tomo II, 58.

[45] Santos, *Ang Tatlong*, 9.

[46] *Ibid*., 8.

Prudencio Salvador—at doon nakilala ang mga manghihimagsik ng Bulacan. Sa HDP naman ng San Luis, iniulat na si Salvador ang itinalagang pinuno ng Katipunan sa nayon ng San Roque, San Luis[47]—ngunit walang batis na makasusuporta rito, liban sa binanggit ni Santos na sa nayong ito nangyari ang pag-atake ng mga Espanyol sa San Luis noong Disyembre 1896.[48]

Sa ulat ni Salvador kay Aguinaldo na may petsang 14 Enero 1899, binabanggit niya ang "unang paghihimagsik" na kinasangkutan ng Santa Iglesia. Sinustentuhan, di umano, ang kanilang pakikiasangkot sa Himagsikan ng mga kapanalig nila mula sa Floridablanca, Pampanga.[49] Maaaring ang pag-atake sa Apalit at Macabebe ang sinasabi niyang "unang paghihimagsik."

**Pananalig ng mga Espanyol sa Pampanga**

Idineklara ng mga Espanyol na tapos na ang pag-aalsa ng Santa Iglesia sa Pampanga noong 28 Pebrero 1898. Ngunit nasundan pa ito ng mga ulat ng kaguluhan sa Angeles at Mabalacat noong 15 Marso 1897.[50] Dalawang araw ang nakalipas, may 40 di kilalang kalalakihan ang pumutol sa linya ng telegrapo sa pagitan ng Bamban, Tarlac at

[47] NLP, "San Luis HDP," 28.

[48] Santos, *Ang Tatlong*, *ibid*.

[49] NLP, "Kasaysayan," 1.

[50] NAP, "Don Manuel Garcia's manuscrito, Manila, 15 de Marso 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-16, Informe No. 34.

Mabalacat na lubhang nakaapekto sa operasyon ng tren.[51] Imposibleng kagagawan iyon ng Santa Iglesia dahil hindi popular sa bahaging iyon ng Pampanga ang kapatiran; bagkus ay aktibo roon ang puwersa ni Makabulos.

Dala na rin ng presensiya ni Makabulos sa Gitnang Luzon, kumalat sa Pampanga ang balitang aatakihin ang mga simbahan sa darating na 28 Abril 1898, habang Mahal na Araw.[52] Isang nagngangalang Mariano David (batay sa apelyido, maaaring siya'y Pampango ng Bacolor) ang mamumuno sa mga pag-atake, kasama ang mayayamang Tagalog ng Malabon na sina Isidoro Santos (Santiago) at Don Pedro Paras. Hindi man tiyak kung may kinalaman sina David, Santos, at Paras, noong ikatlong linggo ng Abril 1898, tinambangan ng armadong kalalakihan ang mga sundalong Espanyol at *guardias civiles* sa Sta. Maria Calumpang (ngayo'y Sto. Domingo), Minalin.[53] Bilang pagkonsidera sa seguridad, kinansela ang pista ng bayan ng Minalin noong 4 Mayo 1898. Tinakot ng kura ng Minalin na si Padre Faustino Diez, OSA ang mga taga-Minalin na huwag susuportahan ang mga manghihimagsik.[54] Ang naturang prayle mismo ang nag-organisa ng sariling *voluntario local*, ang Voluntarios de Minalin, at idineklara niyang

---

[51] NAP, "Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 17 de Marso 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-8, Documento No. 18.

[52] NAP, "Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 28 de Abril 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-8, Documento No. 70.

[53] Naitala sa 1953 HDP ng Minalin na nangyari ito noong Mayo 1898 sa pagitan ng San Simon at Minalin. Cf. NLP, "Minalin HDP," 70.

[54] Ambrosio Flores, "The Battle of Sta. Catalina" (Manuskritong nakasinop sa Minalin Museum and Library), 1.

himpilan ang kumbento ng Simbahan ng Minalin. Bilang pinuno ng naturang *voluntario local*, sukbit lagi ni Padre Diez sa katawan ang isang Remington.[55]

Sa kasagsagan ng mga ulat ng presensiya ng mga manghihimagsik sa Pampanga, noong Abril 1898, iniangat ang *voluntarios* ng Pampanga na Ríos y Cánovas sa antas ng *Tercio* (binubuo ng 3,000 miyembro), taglay ang pangalang *Tercio de Anda y Salazar*[56] (bilang pagdakila sa alaala ni Gob. Hen. Simon de Anda y Salazar[57]), sa ilalim ng pamumuno ng liberal na si Felipe Buencamino ng Apalit. Tila nagkaroon muli ng *nostalgia* sa Pampanga: halos gawing boluntaryo, na di umano, ang lahat ng anak na lalaki nito ("*convirtiendo a casi todos sus hijos en valientes voluntarios*") tulad ng nangyari noong ika-17 hanggang ika-18 siglo.[58] Sa dami ng kasapi, iminungkahi ni Buencamino na hatiin pa ang Tercio sa *battalones* (binubuo ng 1,000 miyembro).[59] Kabilang sa dokumentadong bahagi ng Tercio na ito ay ang yunit na pinamumunuan ni Kapitan Francisco Mananquil ng San Luis[60] at ang mga tauhan mismo ni Buencamino sa Apalit.[61]

---

[55] UPDML, "Cristino F. Lagman's Documentos Historicos de Minalin, 1911." *Luther Parker Collection*, Document No. 341, Folder No. 60, Box No. 3, 26.

[56] Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 58, 149.

[57] *Ibid*., 34.

[58] *Ibid*., 54.

[59] *Ibid.*, 33-4.

[60] UPDML, "F. Mananquil's San Luis, Pampanga: List of Captains 1762-1909 and History of the Town 1761-18[9]9 by." *Luther Parker Collection*, Document No. 347, Folder No. 63, Box No. 3, 24-26.

[61] Catacutan, *The Pisamban*, 185.

Kaugnay pa rin ng presensiya ng mga pinaghihinalaang manghihimagsik sa Pampanga, iminungkahi ni Monet kay Gob. Hen. Basilio Augustín noong 8 Mayo 1898 na magtayo ng *torre de heliógrafo* sa San Antonio, Mabalacat, malapit sa dating Real de Kamansi. Ang pakinabang ng instrukturang iyon ay upang makapagpadala ng senyas gamit ang salamin at liwanag ng araw kung may paparating na mga kahina-hinalang grupo. Agad itong inaprubahan ni Gob. Hen. Augustín at madaling nagpadala ng mga materyales sa Mabalacat mula Maynila. Bukod sa San Antonio, Mabalacat, nagtayo rin ng katulad na istruktura ang mga Espanyol sa San Francisco, Magalang at bayan ng Concepcion, Tarlac. Ayon sa matatanda, sa Magalang ay may tatlo o apat na *torre de heliógrafo* noon.[62]

## Pagtakas sa Pamilya ng Gobernador-Heneral sa Pampanga

Inakala ng mga Espanyol na tapos na ang problema nila: nagdeklara ng pakikidigma ang Espanya sa Estados Unidos noong 22 Abril 1898[63]—wala pang dalawang linggo sa pagkagobernador-heneral si Basilio Augustín (11 April 1898 siya nagsimula). Noong 23 Abril 1898, nanawagan si Augustín sa mga Pilipino na ipagtanggol

[62] Lino L. Dizon, "Toponymy and Historical Archaeology in Upper Pampanga (Tarlac-Pampanga border, Central Luzon, Philippines), 1593-1898." *Alaya* 7 (2007-2008), 151.
[63] "The Fall of Manila: Excerpts from a Jesuit Diary, 21 April 1898 to 7 February 1899." *Philippine Studies* 37:2 (1989), 193.

ang Pilipinas mula sa pag-atake ng mga Amerikano.[64] "Banal na Digmaan" naman ang turing dito ng Arsobispo ng Maynila na si Bernardino Nozaleda, na naglabas ng liham pastoral noong 26 Abril 1898 upang himukin ang mga mananampalataya na ipagtanggol ang interes ng Espanya.[65] Nasa look lamang ng Mirs sa Tsina ang U.S. Asiatic Squadron, nakaabang ng oportunidad sa Asya-Pasipiko simula 1868.

Sa paniwalang makukuha niya ang loob ng mga Pilipino,[66] ipinadala ni Augustín ang kaniyang pamilya sa isang nayon upang makapiling ang mga Pilipino; at ang nayon na iyon ay walang iba kundi ang Sta. Rita, Macabebe.[67] Hindi tiyak kung natuwa ba ang mga Pilipino sa napakainosenteng galaw na ito ng gobernador-heneral sapagkat kung totoo siya sa kaniyang pakay na makuha ang loob ng mga Pilipino, dadalhin niya ito hindi sa Macabebe o sa Pampanga kundi sa mga lugar na mainit ang Himagsikan.

Sa ibang anggulo naman, ipinaliwanag ni Augustín na ang desisyong dalhin sa Macabebe ang kaniyang pamilya ay upang makilala di umano nila ang Pilipinas at makapagpahinga sa bukid matapos ang malayong biyahe mula Espanya.[68] Malinaw naman na paraan ito ni Augustín upang ilayo ang kaniyang pamilya mula sa pag-atake ng mga Amerikano sa Maynila.[69] Kung bakit Macabebe ang napili ni Augustín, iyon ay

---

[64] Jose Roca de Togores y Saravia, *Blockade and Siege of Manila in 1898* (Maynila: National Historical Institute, 1908/2003), 6.
[65] *Ibid*., 22-26.
[66] *Ibid*.
[67] NAP. "Parte original interesantisimo por sus detalles, dado por el Inspector Manuel Garcia sobre la llegada del General Monet en Manila." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1-(9), Legajo No. 9, Documento No. 308, 1.

[68] Togores y Saravia, *Blockade*, 52.
[69] *Ibid*.,

dahil bilib na bilib siya sa pamilyang Blanco, lalo na sa mag-amang Juan at Eugenio, na itinuring na "*flor y nata de la lealtad filipina*" ('bulaklak at bunga ng katapatang Pilipino').[70] Lumagi ang pamilya ni Augustín sa tahanan ng mga Blanco[71] simula 24 Abril 1898.[72] Mismong si Monet ang nanguna sa paghatid sa pamilya ng gobernador-heneral sa Macabebe sa pamamagitan ng tren.[73]

Pinuna ng mga opisyal na Espanyol ang desisyon ni Augustín dahil ibiningit lamang niya sa alanganin ang kaniyang mag-anak. "*Desacierto político*" ('hindi kasiya-siyang pamumulitika') ang pagkakalarawan doon ng mga opisyal at tagapayo ni Augustin.[74] Napanganga na lamang din ang matatagal nang residenteng Espanyol sa Pilipinas sa lubos na pagtitiwala ng gobernador-heneral sa mga Blanco.[75]

Bago matapos ang buwan ng Abril, naggayahan na rin ang iba't ibang pamilyang Espanyol at nagsitungo sa Pampanga.  Kulang-kulang 4,000 pamilyang Espanyol ang umalis ng Maynila.[76]

---

[70] *Ibid*.,

[71] *Ibid*.,

[72] *Ibid*., 51.

[73] NAP, "Parte original interesantísimo," 2.

[74] Togores y Saravia, *Blockade*, 51-52.

[75] Alonso, *Defensa*, 20.

[76] Taylor, *The Philippine Insurrection*, Tomo 2, 13.

**Muling Pag-aaklas ng mga Pampangong Voluntario**

Balisa man ang mga Espanyol dahil sa pagkatalo ng hukbong dagat ng Espanya sa U.S. Asiatic Squadron noong 1 Mayo 1898, hindi iyon garantiya na kaya na ni Hizon na gumawa ng pag-atake sa Pampanga. Ang pagbabalik naman ni Aguinaldo galing Hong Kong noong 19 Mayo 1898 ang nagbigay linaw sa papel ng Estados Unidos sa Himagsikan—na *kaibigan* ang mga Amerikano. Ang Tercio ni Buencamino na binubuo ng mga boluntaryo mula San Luis, Pampanga ang inatasan ni Augustín na sugurin sa Zapote, Bacoor, Cavite ang kararating lang na si Aguinaldo galing Hong Kong noong 22 Mayo 1897.[77] Mga taga-San Luis man ang espesyal na nabanggit sa mga tala, ngunit ayon sa koleksiyon ng mga gunita na nalikom ni Catacutan, kasama ang mga taga-Apalit sa lumaban sa Cavite. Ayon kay Victoriano Danting, tauhan ni Buencamino mula sa Apalit at 91 taong gulang na nang kapanayamin ni Catacutan noong 1968, batid ng mga Pampangong *voluntario* na kapwa nila Pilipino ang mga Caviteño kaya't hindi nila pinapuputukan ang mga ito, sa halip ay pataas ang kanilang pagbaril, na ang puntirya ay direksyon ng mga Espanyol. Nagkasundo di umano ang mga Pampango na iparinig sa mga Caviteño na "Pilipino, Pilipino" upang huwag silang mabaril. Si Danting mismo, ayon sa kaniya, ay nakapatay ng isang Espanyol gamit ang kaniyang bayoneta.[78]

Natalo ang puwersa ni Buencamino kinabukasan at binihag silang lahat sa Cavite. Ayon naman kay Benigo Uyan, tauhan din ni Buencamino mula sa Apalit at 92 taong gulang na nang makapanayam ni Catacutan noong 1968, mga Espanyol ang kinulong ng

---

[77] Togores y Saravia, *Blockade*, 60.

[78] Catacutan, *The Pisamban*, 184-5.

mga Caviteño at silang mga Pampangong *voluntario* na bumibilang sa 31 ay pinauwi sa Pampanga sa pamamagitan ng bangkang patungong Paombong, Bulacan, makalipas ang apat na araw. Kinumpirma naman iyon ni Danting at sinundan, di umano, nila ang linya ng tren mula Bulacan pauwi ng Apalit.[79]

Sa hindi inaasahang pagkakataon, pumutok ang balita na ang Tercio ng Pampanga sa Maynila ay nagbalak asasinahin ang mga opisyal nilang Espanyol noong 26 Mayo 1898. Wala nang narinig pa sa kinahinatnan ng mga Pampangong iyon.[80] Iyon ang ikalawang pagkakataon na nag-aklas ang mga Pampango *voluntario* sa mga Espanyol mula noong nag-aklas ang Voluntarios de Apalit kasama ang Santa Iglesia. Kinabukasan, 27 Mayo 1898,[81] iniutos ni Augustín kay Monet na ilipat lahat ng kaniyang puwersa sa Maynila, sa lalong madaling panahon.[82]

### Planong Paglisan ng mga Espanyol sa Pampanga

Noong 31 Mayo 1898—ang takdang araw na ipinanawagan ni Aguinaldo na muling maghimagsik—tila awtomatiko na sa mga Espanyol ng Bataan na magtungo sa

---

[79] *Ibid*., 186.

[80] NAP, "Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 26 de Mayo 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrio A-8, Documento No. 94.

[81] Alonso, *Defensa*, 13.

[82] Luis E. Togores Sánchez, "El Asedio de Manila (Mayo-Agosto 1898). 'Diario de los sucesos ocurridos durante la guerra de España con los Estados Unidos, 1898.'" *Revista de Indias*, 58:213 (1998), 473-4.

Pampanga upang tumakas. Nang bumagsak ang Balanga, kabisera ng Bataan, sa kamay ng mga manghihimagsik,[83] hindi na nagpatumpik-tumpik pa ang mga Dominkanong prayle na lisanin ang kanilang mga parokya sa Balanga, Abucay, Samal, at Orion patungong Lubao[84] at kalaunan sa Macabebe noong 3 Hunyo 1898.[85] Nabalitaan din sa Orion, Bataan na nagapi ng mga manghihimagsik ang puwersang Espanyol at binihag ang *gobernador civil* at mga opisyal at pamilya nito sa Casa Real (kapitolyo) ng Bataan sa Balanga. Plinano agad ni Koronel Lucas de Francia, pinuno ng mga sundalong Espanyol at ng Voluntarios de Macabebe sa Orion, ang pagtakas patungong San Fernando sa pamamagitan ng mga ilog sa Sasmuan (bayan sa pagitan ng Lubao at Macabebe). Matagumpay na narating nina Francia ang San Fernando dahil pinasabak niya sa mga manghihimagsik ang 200 kaawa-awang Voluntarios de Macabebe na iniwan na lang basta sa Bataan.[86]

Samantala, nang sumapit na ang 31 Mayo 1898, *ipit na si Monet sa Pampanga*.[87] Imposible na ang malawakang pag-atras patungong Maynila dahil nagsimula na ang Himagsikan sa Bulacan—ang pinakakumbenyenteng daanan sana patungong Maynila. Sa araw na iyon, pinutol ng mga Bulakenyong manghihimagsik ang linya ng telegrapo sa pagitan ng Pampanga at Maynila. Agad na inatasan ni Monet si Tinyente Koronel Felipe

---

[83] NAP, "Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 9 de Junio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-8, Documento No. 99.
[84] *Ibid*.
[85] Rufino Santos, "The Philippine Revolution in Pampanga: A letter of Rufino Santos, OSA, 1899, translated from Spanish by Policarpio Hernandez, OSA." *Alaya*, 3 (November 2004), 164.
[86] Alonso, *Defensa*, *ibid*.; "Spanish Governor's Filipino Emissary Defects to Aguinaldo," sa Documentary Sources of Philippine History, pat. Gregorio Zaide (Maynila: National Book Store, Inc., 1990), Tomo 9, 223.
[87] Foreman, *The Philippine Islands*, *ibid.*

Dujiols, na isang "matapang na matanda na may puting balbas,"[88] upang kumpunihin ang linya at inspeksiyunin na rin ang *trinchera* ng mga Espanyol sa Calumpit, Bulacan.[89] Dala-dala ni Dujiols ang pinagsamang puwersa ng mga Espanyol na *cazadores* at Voluntarios de Macabebe.[90]

Nabalitaan sa Malolos na dadaan doon ang tren lulan ang puwersa ni Dujiols. Nais gumawa ng balita ni Hen. Isidoro Torres, pinuno ng Himagsikan sa Bulacan, sa mismong araw na muling pagsisimula ng paghihimagsik. Hepe siya noon sa Malolos ng Milicia Filipina, isang hukbo ng dating mga manghihimagsik na binuo ni Augustín upang labanan ang mga Amerikano. "Sapagka't kulang ng tiwala kay Heneral Torres,"[91] ayon sa manghihimagsik na si Antonio Bautista ng Malolos, 25 ripleng Remington lamang ang ipinagkatiwala sa Milicia ng Malolos. Hindi iyon sapat upang tambangan ang puwersa ni Dujiols.[92] Kung kaya't kinuntsaba ni Torres sina Jose A. Bautista at Proceso Reyes, mga kapitan ng Milicia ng Barasoain na mayroong 300 riple at tigdadalawampung bala bawat isa. (Kinailangan pang ikulong nina Torres ang iba pang pinuno ng Barasoain na sina Francisco Bernardo at Severino B. Cruz dahil tumanggi ang mga ito na suportahan ang planong pananambang kay Dujiols.[93]) Ipinailalim ni Torres kay Koronel Doroteo Karagdag ng Bulakan, Bulacan ang pinagsamang puwersa ng mga Milicia ng Malolos at Barasoain.

---

[88] Jose Romero Aguilar, "Rendicion de Marianas Capitulacion de Manila viaje Agaña-Cavite-Manila-Agaña. 20 de Junio-17 de Septiembre de 1898." Manuskrito na nasa pag-iingat ng apo niyang si Federico Romero Galán, Madrid, 75.
[89] NAP, "Copias oficiales… Manila, 9 de Junio 1898," *ibid*.
[90] Alonso, *Defensa*, 12.
[91] Bautista, *Ang Malulos*, 63.
[92] *Ibid*., 64.
[93] *Ibid*., 65.

Hindi dumating ang bagon nina Dujiols noong hatinggabi ng 31 Mayo 1898. Kaya't nasapawan si Torres ng papasikat niyang karibal sa Bulacan, si Gregorio H. de Pilar, pamangkin ni Plaridel at tanyag sa pagiging malapit kay Aguinaldo. Matagumpay na nakubkob ng puwersa ni del Pilar ang kabisera ng Bulacan nang hatinggabi ng 31 Mayo 1898.[94] Napuwersa ang *gobernador civil* ng Bulacan at iba pang opisyal, prayle, at sundalong Espanyol na magkubli sa loob ng Simbahan ng Bulakan (na tumagal ng 23 araw).[95]

Gayunpaman, matiyagang nag-abang ang puwersa ni Torres at Karagdag sa pagdaan ng bagon na lulan sina Dujiols sa estasyon ng Malolos hanggang 1 Hunyo 1898. Agad na pinaulanan ng putok nina Torres ang bagon, ngunit nakatakas ang mga Espanyol at Voluntarios de Macabebe. Tumagal hanggang hapon ang habulang napagwagian ng puwersa ni Dujiols. Siniyasat nina Dujiols ang kabayanan ng Malolos upang tugisin ang mga manghihimagsik hanggang gabi.[96] Napuruhan nang malubha si Karagdag. Marami ring namatay sa panig ng mga Bulakenyo, kabilang sina Kapitan Vicente Villavicencio (nabaril sa ulo[97]) at Vicente "Inting Batangan" Guareno. Ito ang pangalawang

---

[94] NLP, "Comunicacion del General Gregorio del Pilar dirigida al Sr. Emilio Aguinaldo acusaudo recibo del circular y dando cuenta de su cumplimiento y participando el Adelanto de las operaciones militares en su jurisdiccion, Bulakan, 4 de Junio 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 11, Folder No. 113, Doc. No. 5, 4-5.

[95] Teodoro M. Kalaw, *An Acceptable Holocaust*: *Life and Death of a Boy-General* (Maynila: National Historical Institute, 1992), 29; Antonio M. Molina, *The Philippines through the Centuries* (Manila: UST Cooperartives, 1961), Tomo 2, 134.

[96] Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 198-9; Alonso, *Defensa*, 12.

[97] Kalaw, *An Acceptable, ibid.*

engkuwento ni Torres sa Voluntarios de Macabebe mula noong Labanan sa Binakod ng Mayo 1897.

Matapos makubkob ang Malolos at Barasoain, inabandona na ni Dujiols ang misyon nila at bumalik na sa San Fernando.[98] Pagdating sa San Fernando, inatasan naman ni Monet ang pulutong ng Voluntarios de Macabebe ni Dujiols na makipag-ugnayan sa tropang Espanyol ng Tarlac na dadaan ng Angeles upang tumuloy sa San Fernando.[99] Sumiklab na rin ang Himagsikan sa Tarlac at sa Pampanga. Agad ding bumalik patungong San Fernando ang pulutong ni Dujiols dahil babagsak na ang Bacolor sa kamay ng mga manghihimagsik. Naibakwit sa San Fernando ng pulutong ni Dujiols ang kura ng Angeles at ilang residenteng Espanyol.[100]

**Pagbangon ng mga Bayan ng Pampanga para sa Himagsikan**

Mula nang pakawalan siya ng mga Espanyol mula sa pagkakapatapon noong Pebrero 1898, ipinagkatiwala ng Comité Central Directiva del Centro y Norte de Luzon kay Hizon ang pagiging "*Primer Jefe del Ejército libertador Filipino de la Pampanga*"[101] ('Pinakapuno ng Hukbong Tagapagpalaya ng Pilipinas sa Pampanga') noong 17 Abril

---

[98] Bautista, *Ang Malulos*, 65.

[99] Basilio Augustín, "Memorias: General D. Basilio Augustín Dávila, 1898." Manuskritong nakasinop sa apo sa tuhod niyang si Aurora de Bas, Madrid, 15.

[100] Tila nagkamali ng petsa sa pangyayaring ito si Henson sa aklat niyang *A Brief History of the Town of Angeles in the Province of Pampanga*, na 25 Hunyo 1898. Papatakas na sa araw na iyon ang mga Espanyol sa Pampanga. Cf. Henson, *A Brief History,* 22.

[101] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 1.

1898. Ang nasabing Comité ay inorganisa ni Makabulos (bilang pangulo nito) habang nasa pagkakapatapon sina Aguinaldo sa Hong Kong. Binubuo ito ng mga lalawigan ng Tarlac (kung saan ito naorganisa, partikular sa nayon ng Lomboy, La Paz), Pampanga, La Union, Pangasinan, at Nueva Ecija.[102]

Sa kauna-unahang pagkakataon, may tumindig na pinuno ang Himagsikan sa Pampanga mula sa simulain ng Katipunan. Tila katuparan ito sa nakikinitang hinaharap ng Pampanga na agam-agam ni Maldonando noong 1604—ang pagbagsak ng mga Espanyol kung magkaroon ang mga Pampango ng pinunong susundin. Nagkataon ding tubong Mexico si Hizon, na bayan ng unang Pampangong líder na kinatakutan ng mga Espanyol na mag-aklas, si Maniago.

Noong 24 Mayo 1898, tinanggap ni Hizon ang memorándum ni Aguinaldo hinggil sa malawakang paghihimagsik, petsa 31 Mayo 1898.[103] Panahon na upang likumin ang pangako sa kaniya ng mga nakausap na "*una entidad respectable"* at may "*influencia moral*" sa mga bayan ng Pampanga. Ngunit sa loob ng apat na araw na pagmamadaling ipanawagan ang paghihimagsik sa mga bayan na kinaya niyang marating bago ang takdang petsa, nadismaya siya't nasaktan ("*mis disgustos y padecimientos*") dahil halos lahat ay may dahilan at pag-aalinlangang lumaban.[104] Gayunpaman, sinuportahan siya ni Mariano Alejandrino ng Arayat, kaibigan ng kaniyang ama-amahang

[102] Dizon, *Francsico Makabulos*, 43-4.

[103] NLP, "Ulat ni Maximino Hizon kay Emilio Aguinaldo hinggil sa takbo ng Himagsikan sa Pampanga, Mexico, 6 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Records*. Reel No. 5, Folder No. 7, Doc. 7, p. 1.

[104] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 4.

Ruperto Laxamana. Sa tahanan ng *principal* na ito sa Arayat plinano nina Hizon ang paghihimagsik.[105] "Gayunmpaman," ayon kay Hizon, "hindi ako pinanghinaan ng loob." Katunayan, ani pa niya, "lalo pa akong nagpunyagi na pangatawanan na ito hanggang sa huli," hindi nga lang noong 31 Mayo 1898 kundi sa sumunod na araw, 1 Hunyo 1898, dahil maulan ang araw na iyon.[106]

Sumabay pa sa pangamba niya ang balitang nalaman ni Padre Tarrero, noo'y kura na ng Arayat, ang pulong na nangyari sa tahanan ng mga Alejandrino. Ang pinanggagalingan ng pangamba ni Hizon ay ang konsekuwensiya na malaman ni Monet ang plano. May agam-agam si Hizon na maaari silang mapulbos sa Mexico dahil sa laki ng puwersang Espanyol na nasa katabing bayan lamang nila na San Fernando.[107] Noong 31 Mayo 1898, pinatambangan ni Hizon ang karwahe ni Padre Tarrero na patungong San Fernando. Matagumpay na nadakip si Padre Tarrero at ang kaniyang mayordomo,[108] na agad namang kinulong sa Mexico—ang dating parokya ng kura. Matatandaan na ito ring si Padre Tarrero ang nagpataw ng *excomunicacion* kay Hizon at Lacsamana, at may kinalaman din ito sa pagkakapatapon niya sa Jolo at ni Alejandrino sa Kiangan.

Gayong bihag, binigyan pa rin ni Hizon si Padre Tarrero ng pagkakataon. Pinakiusapan niya ang dati nilang kura na basbasan ang watawat ng mga

---

[105] José Rodríguez de Prada, "Memorias de un Prisonero." *La Ciudad de Dios*, 54 (1901), 433-34; T. Aparicio López, "La Persecución Religiosa y la Orden de San Agustín en la Independencia de Filipinas." *Estudio Agustiniano*, 8 (1973), 90.

[106] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," *ibid*.

[107] *Ibid*., 4-5.

[108] Francisco Pí y Margall at Francisco Pí y Arsuaga, *Historia de España en el Siglo XIX: Sucesos Políticos, Económicos, Sociales y Artísicos* (Barcelona: Miguel Seguí, 1902), Tomo 7, 1111-12.

manghihimagsik. Tumanggi si Padre Tarrero, at ipinamukha kay Hizon: "*Como cura y como español yo no reconozco otra bandera que la de España*" ('bilang kura paroko at bilang isang Espanyol wala akong kinikilalang watawat kundi ang sa Espanya lamang'). Sa insulto, iniutos ni Hizon sa kaniyang pulutong sa Mexico ang pagbitay kay Padre Tarrero, sa pamamagitan ng pagbaril sa plaza ng Mexico. Ngunit umiral ang habag ng mga taga-Mexico sa dati nilang kura at sinuway si Hizon. Tumanggi rin ang pulutong ng Arayat, dahil kura nila si Padre Tarrero. Bilang komandante ng Pampanga, maaari niyang patawan nang mabigat na parusa ang mga sundalo niyang iyon. Ngunit dahil sa kultura ng mga Pampango na masidhi ang paggalang sa pari, inintindi niya na lamang ang nangyari. Inako ng pulutong ng Magalang ang pagbitay; marahil dahil hindi nila naging kura si Padre Tarrero. Pinangunahan ang pagbitay ni Jose Bañuelos, kilalang mason ng San Fernando at kasama ni Hizon na pinadeporta sa Jolo.[109] Mabilis namang kumalat ang balita sa pagbitay kay Padre Tarrero, na lalong ikinabahala ng ibang prayleng nasa Pampanga.[110]

Ika-4:00 ng hapon, 1 Hunyo 1898, Miyerkules, umalingawngaw sa plaza ng Mexico ang sigaw na "*Viva Filipinas libre!*" ('Mabuhay ang malayang Pilipinas!') at ang kalembang ng mga kampana ng Simbahan ng Mexico ("*saludado con repique general de campanas*").[111] Araw iyon ng proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas sa Pampanga, sa

---

[109] Escobés, *La Masonería*, Tomo 1, 134-5; Bernardo Martinez, *Apuntes Históricos de la Provincia Agustiniana del Santisimo Nombre de Jesús de Filipinas* (Madrid: Imp. del Asilo de Huérfanos del Sagrado Corazon de Jesús, 1909), 513-14.

[110] José Rodríguez de Prada, "Memorias de un Prisonero." *La Ciudad de Dios*, 54 (1901), 483-84.

[111] NLP, "Ulat ni Jose Bañuelos sa lagay ng Himagsikan sa Pampanga, 12 Hunyo 1898. *Philippine Revolutionary Records*. Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3, p. 1; John R. M. Taylor, *The Philippine Insurrection against the United States* (Pasay: Eugenio Lopez Foundation, 1971), Tomo III, 100.

pangunguna ni Hizon—nauna ng 11 araw sa pormal ng proklamasyon ng kalayaan sa Kawit.

Sa katunayan, nangamba rin si Hizon sa balitang idudulot ng proklamasyon ng kalayaan sa Pampanga. Ayon sa kaniya, masyadong malapit ang Mexico kay Monet at mapupuksa silang lahat kung nagkataong sawatahin sila ng mga Espanyol habang nagdiriwang. "Salamat at ang pangamba na iyon ay hindi lumikha ng nakapanlulumong katotohanan na madaling masiraan nang loob ang mga tao dahil, alam nila, wala silang gaanong kakayahang depensahan (ang sarili)," repleksyon ni Hizon.[112] Hindi naman nabigo si Hizon sa pag-a-*ala* Don Quijote: sa araw na iyon ng proklamasyon ng kalayaan sa Mexico naganyak ang mga bayan ng Mabalacat, Magalang, Arayat, Sta. Ana, at Candaba na sumuporta sa Himagsikan.[113] Nabuhayan ng loob ang maraming bayan sa panawagan na suportahan na ang Himagsikan. Itinatag ni Hizon ang punong himpilan ng hukbong panghimagsikan ng Pampanga sa Buñgad Guinto, Mexico.[114]

Noong 2 Hunyo 1898, nanawagan si Hizon sa ibang bayan ng Pampanga na magpadala ng ayuda sa Mexico.[115] Isa sa mga nagpadala agad ng ayuda ay ang Minalin. Binigyan ng pagsalubong militar sa Mexico ang 500 kalalakihan ng Minalin na sasama sa paghihimagsik.[116] Noon ding 2 Hunyo, sumama ang San Luis sa Himagsikan nang

[112] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 5.

[113] NLP, "Ulat ni Jose Bañuelos," *ibid*.

[114] Flores, "The Battle of Sta. Catalina," 1.

[115] Pí y Margall at Pí y Arsuaga, *Historia de España en el Siglo XIX*, *ibid*.; UPDML, "Cristino F. Lagman's Documentos Historicos de Minalin," *ibid*.

[116] UPDML, "Cristino F. Lagman's Documentos Historicos de Minalin," *ibid*.

mabalitaan ng mga tagarito na sumuko ang Tercio ni Buencamino sa Cavite.[117] Noong 3 Hunyo, sumama naman sa Himagsikan ang Porac, Sta. Rita (sa pamumuno ni Agapito Guanzon[118]), San Simon, at Apalit.[119] Maaaring iugnay ang pagsuporta ng mga bayang balwarte ng Santa Iglesia na San Luis[120] at Apalit kay Hizon, sa pagsuporta naman ni Salvador at ng Santa Iglesia sa panawagan na magtipon sa Mexico, San Fernando, at iba pang bayan. "Kami'y guinamit… sa kanilang kapakinabangan doon," banggit ni Salvador. Bilang siya ang nagpasimula ng unang pag-atake ng mga Pampango sa mga Espanyol noong Pebrero 1898—ang "unang panghihma[g]sik"—nararapat lamang, wika ni Salvador, na suportahan niya ang bagong pagkilos laban sa mga Espanyol, sa kabila ng "pagkutya at pag-api."[121] Sa 1953 HDP ng San Simon nabanggit na marami ang sumama kay Salvador mula San Jose, San Simon, ang balwarte ng Santa Iglesia, sa pagsuporta sa pagpapalaya sa ibang mga bayan.[122] Maaari rin na ang mga tagasunod ni Salvador ang tumugis sa mayamang si Buenaventura Simbulan ng barangay San Nicolas, San Simon.[123] Ayon sa kuwento-kuwento, tumakbo patungong kasukalan si Simbulan at nagtago sa halamang *paquen*. Nagpapasalamat naman ang pamilya Simbulan dahil nakaligtas siya at naranasan ang isang pambihirang pangyayari na nilukuban ng mga

---

[117] UPDML, "F. Mananquil's San Luis," 26.

[118] NLP. "Santa Rita HDP," 7.

[119] NLP, "Ulat ni Jose Bañuelos," *ibid*.

[120] Maaari na ang Sitio Pisabatan Castila (nangangahulugang "pinag-abangan o pinagtambangan sa Kastila") sa barangay San Agustin, San Luis ay may kaugnayan sa pagtugis ng mga taga-San Luis sa mga Espanyol. Naiulat din na maraming mga taga-Sta. Cruz Pambilog, San Luis ang sumama sa Himagsikan. Cf. NLP, "San Luis HDP," 7, 10.

[121] NLP, "Kasaysayan," 8-9.

[122] NLP, "San Simon HDP," 4.

[123] *Ibid*., 6.

ibong maya ang pinagtataguan niya. Bilang pasasalamat, isinumpa ni Buenaventura na hindi gagalawin ng kaniyang pamilya ang mga ibong maya. Sa Malolos ay may ganitong naitalang tradisyon na ang tawag ay *kasumpaan*.[124]

Noon ding 3 Hunyo 1898—eksaktong 327 taon mula nang pinigilan ng mga Pampango ng Macabebe ang mga Espanyol sa Bangkusay—nahimok ng mga lokal na manghihimagsik ng Bacolor, na sina Francisco at Ceferino Joven at ni Mariano Alimurong,[125] ang Voluntarios de Bacolor, na nasa pamumuno naman ni Felix Galura at Paulino Lirag, na sumama sa Himagsikan. Nabulaga ang mga Espanyol nang paikutan ng puwersa ng mga Joven at ng Voluntarios de Bacolor ang Casa Real, ang símbolo ng tatlong siglong pamamayani ng mga Espanyol sa Pampanga.[126] Dinepensahan ng mga Voluntarios de Macabebe ang Casa Real sa ilalim ng Espanyol na si Federico Méndez Villabrille at pinigilan masundan ng mga manghihimagsik ang pagtakas ng grupo ng mga Espanyol. Ang grupong ito'y kinabibilangan ng *gobernador civil* ng Pampanga, ang kaniyang mga opisyal, at ilang prayle. Nakaantabay naman sa *gobernador civil* ang isa pang kumpanya ng Voluntarios de Macabebe sa ilalim ng doktor na si Don Sebastian Sanches Palomares. (Sa HDP ng Bacolor, nabanggit ang isang "Dr. Palamares" na pinuno ng mga Espanyol at Macabeos [Macabebe] na nilabanan ng mga taga-Cabetican,

[124] Cf. Regulus P. Tantoco, "Kasumpaan: Tradisyong Oral tungo sa Pagbubuo ng Diwang Pilipino." *Adhika* 1 (1999), 171-8.

[125] NAP, "Parte original interesantisimo por sus detalles, dado por el Inspector Manuel Garcia sobre la llegada del General Monet en Manila." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-1-(9), Legajo Nº. 9, Documento No. 308, 2.

[126] Severo Gómez Núñez, *La Guerra Hispano-Americana: Puerto-Rico y Filipinas* (Madrid: Imp. del Cuerpo de Artillería, 1902), 230.

Bacolor.[127]) Matagumpay na nakalayo ang *gobernador civil* ngunit natigil ang mga ito dahil pinutol ng mga manghihimagsik ang tulay na nagdurugtong sa San Fernando at Bacolor (Tulay ng Palawi sa San Juan, San Fernando). Kinahapunan, marami pang kalalakihang taga-Bacolor ang tumulong sa pagkubkob sa Casa Real. Nakuha ng mga taga-Bacolor ang Casa Real noong 4 Hunyo 1898 nang lisanin na ng huling pulutong ng mga Voluntarios de Macabebe ang Bacolor. Sa Tinajero, Bacolor, tinambangan ng kumpanya ng Voluntarios de Porac, na bumaliktad din para sa Himagsikan, ang naturang mga Voluntarios de Macabebe. Ika-5:00 nang hapon ng 4 Hunyo, dumating sa Tulay ng Gugu (hangganan ng Bacolor at San Fernando) ang dapat sana'y ayudang pulutong ng Voluntarios de Macabebe sa ilalim ni Dujiols na mula pa sa Angeles. Sa tulay nagkaroon ng engkuwentro ang mga manghihimagsik at puwersa ni Dujiols. Nakatawid sina Dujiiols at muling nakubkob ang Casa Real. Upang di na mapakinabangan, sinunog ng pulutong ni Dujiols ang Casa Real at ang Escuela de Artes y Oficios de Bacolor (dating Colegio de Bacolor).[128] Nadamay din ang Poblacion sa sunog, at isininsi ni Hizon sa mga Espanyol ang pagkasira ng kabayanan ng Bacolor.[129] Sa Cuerpo de Vigilancia de Manila, ang puwersa ng mga Joven at ni Alimurung ang itinuturong sumunog sa mga kabahayan sa Poblacion.[130]

---

[127] NHCP, "Bacolor HDP," 3.

[128] UPDML, "Lugay's History of Bacolor," 20-2; UPDML, "Datos históricos… San Fernando," 20; UPDML, "Punu's History of Bacolor," 27; UPDML, "Cristino F. Lagman's Documentos Historicos de Minalin," *ibid*.; Ría-Baja, *El Desastre*, 93.

[129] NLP, "Ulat ni Jose Bañuelos," 4.

[130] NAP, "Parte original," *ibid*.

Idineklara naman ng mga taga-Bacolor si Alimurung na bagong *gobernador civil*. Hindi naman malinaw kung kinilala siya sa buong Pampanga o ni Hizon o ni Aguinaldo. Hindi rin binanggit ni Hizon sa kaniyang ulat, na kontrolado niya ang puwersang panghimagsikan ng Bacolor. Maaaring isa ang Bacolor sa tinutukoy niya sa pahayag na ito:

> …sino que antes bien surtio el efecto por mi apetecido o sea a que los demas pueblos se levantaran a imitación suyo, uno tras otro sino la vez y asi sucesivamente, de forma a las dos semanas estaban todos levantados, excepción hecha de San Fernando y Macabebe.[131]
>
> (‘…nangyari ang gusto kong mangyari… bumangon marahil ang mga bayan dahil nagsigayahan, paisa-isa, sabay-sabay at madalas sunod-sunod, na sa ganitong lagay; sa loob lamang ng dalawang linggo, ang lahat ay nagsibangon, liban sa San Fernando at Macabebe.’)

Agad ding nilisan nina Dujiols ang Bacolor. Napaulat naman na ang mga Espanyol ay may dinukot na mga residente ng Bacolor at dinala sa San Fernando. Kinabukasan, 6 Hunyo 1898, pinalaya rin sila.[132] Hindi naman pinalad ang mga Pilipinong manghihimagsik na nakakulong sa Bacolor. Isa na rito si Tomas Tagunton, kalauna’y naging Gobernador Político-Militar ng La Union noong Himagsikan. Ginapos si Tagunton ng mga Voluntarios de Macabebe (na ‘‘walang awang kaaway” ang turing) “na abot ang siko at halos na lamang magputok ang aming dibdib.” Hinaras siya sa San Fernando ng mga Espanyol.[133]

---

[131] NLP PIR, “Hojas de servicio de Maximino Hizon,” 5.

[132] UPDML, “Lugay’s History of Bacolor,” 22-3; UPDML, “Punu’s History of Bacolor,” 25-8.

[133] NLP, “Lt. Tomas Tagunton’s narrative of his life as a prisoner of the Spaniards.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 31, Folder No. 517. Ayon pa kay Tagunton, napilitan si Monet na ilipat siya sa Cabiao, Nueva Ecija noong 9 Hunyo at kalaunan sa San Isidro, Nueva Ecija at Nueva Vizcaya dahil lumalakas ang

Samantala, napaulat na sinikap ni Hizon na himukin ang Milicia ng Sto. Tomas at Calulut, San Fernando na sumama sa paghihimagsik. Ngunit naunahan si Hizon ni Monet: dinis-armahan niya ang Milicia sa Pampanga, sa takot ng pagbaliktad ng mga ito.[134]

Noong 12 Hunyo 1898, araw ng proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas sa Kawit, iniulat sa binasang "Acta de la Proclamacion de Independencia del Pueblo Filipino" ni Ambrocio Rianzares Bautista na tanging Macabebe, Sesmoan (Sasmuan), Guagua, at San Fernando na lamang ang hindi nakukuha ng mga manghihimagsik.[135] Batay ito sa ulat na inihanda ng kalihim ni Hizon na si Modesto Joaquin, *principal* ng Bacolor at kilalang guro,[136] noong 6 at 12 Hunyo 1898. Dinala iyon nina Bañuelos at ng kapatid ni Hizon na si Kapitan Cándido sa Kawit.[137] Kalakip din sa ulat ang pakiusap ni Hizon na kulang sa armas at sundalo ang Pampanga.[138] (Gayong nasa Kawit na, hindi nakalagda sina

paghihimagsik sa Pampanga. Doon sa Nueva Vizcaya nakalaya si Tagunton at pinangunahan ang pagpapabagsak sa mga Espanyol.

[134] NLP, "Ulat ni Jose Bañuelos," 1-2

[135] Ambrosio Rianzares Bautista, "Acta dela proclamacion de independencia del pueblo Filipino, 12 Hunio 1898," sa *The Laws of the First Philippine Republic (The Laws of Malolos) 1898-1899*, pat. Sulpicio Guevara (Maynila: National Historical Commission, 1972), 204.

[136] Cf. NHCP, "Macabebe HDP," 5.

[137] NLP, "Letter of certification by Maximino Hizon and Modesto Joaquin, Mexico, 6 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3, 1. NLP, "Certification of Gen. Maximino Hizon handed down by Jose Bañuelos and Candido Hizon to Emilio Aguinaldo, Mexico, 6 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 2, 1.; NLP, "Jose Bañuelos' official report of the revolution in Pampanga, Kawit, Cavite, 12 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3.

[138] Taylor, *The Philippine Insurrection*, Tomo 3, 101.

Bañuelos at Cándido sa *Acta de la Proclamacion*. Si Aurelio Tolentino ng Guagua ang bukod tanging Pampango na nakalagda sa dokumentong iyon.)

Sa araw din ng proklamasyon ng kalayaan sa Kawit nagpakita ng interes sa Himagsikan ang Masantol at Minalin.[139] Pormal na nakubkob ng puwersa ni Lagman ang kumbento ng Minalin at natalo ang Voluntarios de Minalin.

Ayon kay Banuelos, sa bawat bayan na nagpahayag ng pagsuporta sa Himagsikan, itinaas ang watawat ng Himagsikan.[140]

## Pagtakas sa Macabebe

Nagipit lalo si Monet nang tumanggap muli siya ng abiso mula sa Gob. Hen. Augustin noong 10 Hunyo 1898 na madaliin na ang pagtungo sa Maynila kasama ang puwersang kaya niyang dalhin.[141] Nakiusap din ang Gobernador-Heneral kay Monet na bigyan ito ng balita kung ano na ang kalagayan ng kaniyang pamilya.[142] Magtatatlong linggo nang putol ang komunikasyon sa pagitan ng Maynila at Pampanga. Nagkataon lang na may isang Tsinong matagumpay na nakapagdala ng abiso na iyon kay Monet. Sa desperasyon pa ni Augustín, matiyak lang ang kaligtasan ng kaniyang pamilya, nilapitan niya ang konsulado ng Britanya upang gumawa ng paraan na maibalik sila sa Maynila.

[139] NLP, "Jose Bañuelos' official report," 2
[140] *Ibid*.
[141] Foreman, *The Philippine Islands*, 445.
[142] Alonso, *Defensa*, 13-4.

Inatasan din niya ang isa sa kaniyang heneral na si José Palacios na puwersahan nang atakihin ang mga bayan malapit sa Macabebe upang mabuo ang komunikasyon sa pagitan ng naturang bayan at ng Maynila.[143]

Sa desperasyon ni Monet na makaalis ng San Fernando, muli niyang inatasan ang kaniyang puwersa na magbukas ng daan patungong Angeles, Bacolor, at Apalit.[144] Parehong bigo ang Angeles at Bacolor (3-4 Hunyo), gayundin ang sa Apalit, habang hindi na nakabalik ng San Fernando ang 300 Espanyol na sumabak sa Apalit sa ilalim ni Lucas de Francia, at sa halip ay umatras sa Macabebe.[145] Napaulat naman na may 42 Voluntarios de Macabebe ang sumuko sa mga manghihimagsik sa Calumpit, katabing bayan ng Apalit at Macabebe sa Bulacan.[146]

Pagdating ni Francia sa Macabebe, inabisuhan niya si Eugenio Blanco, na nakahimpil sa Macabebe, na paigtingin ang seguridad ng bayan upang maproteksyunan ang pamilya ng Gobernador-Heneral. Dala ng kakumplikaduhan na makalabas sa Macabebe, hindi pumayag si Blanco sa pakiusap ni Francia na magpadala ng ayuda sa San Fernando. Ipinaliwanag iyon ni Blanco kay Monet sa isang liham, petsa 11 Hunyo 1898, na sinikap ipuslit patungong San Fernando.[147]

---

[143] Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 188; "Telegrama Oficial: La familia de Augustín-Monet sitiado." *La Época*, Tuesday, 5 Hulyo 1898, 1.
[144] *Ibid*.
[145] *Ibid*., 15.
[146] Taylor, *The Philippine Insurrection*, Tomo *2*, 43.
[147] Alonso, *Defensa*, 58.

Buo ang loob ng lahat ng opisyal ni Monet—sina Dujiols, Francia, Federico Cabañas, Roberto White, Juan Ortiz, Francisco Gonzales, Eduardo Oyarzábal, Ricardo Pérez Escotado, at Antonio Victory, pawang mga pamilyar na pangalan sa operasyong Espanyol sa Gitnang Luzon mula 1896—na ang pinakamainam na daan upang makarating ng Maynila ay sa pamamagitan ng Macabebe. Konsiderasyon din sa desisyon ang kaligtasan ng pamilya ng gobernador-heneral na nasa Macabebe. Ang problema na lamang ay kung paano tutungong Macabebe kung nakakalat na ang mga manghihimagsik. Ipinadala ni Monet kay Augustín ang plano ng paglipat nila sa Macabebe. Sa plano, nakiusap si Monet sa gobernador-heneral na sunduin sila ng mga *cañoneros* sa daungan ng Minalin (Barrio San Francisco) at mula roo'y tutungo sila sa Macabebe.[148] Nagkataon naman na noong huling bahagi ng Mayo 1898, ipinadala ni Augustín sa bukana ng Ilog Pasac, sa pagitan ng Macabebe at Sasmuan, ang tatlong *cañonero*: *Leyte*, *Arayat*, at *España*. Ito ay upang proteksyunan ang pamilya ni Augustín mula sa anumang pag-atake sa dagat. Responsable rin ang mga *cañonero* na iyon sa pagbomba sa Guagua at Sasmuan.[149]

**Ang Santa Iglesia at Pagtakas ng mga Espanyol Patungong Macabebe**

Kung ano-ano nang balita nang pagdukot, di umano, sa pamilya ni Augutín sa Macabebe ang kumalat sa Maynila.[150] Kinumpirma mismo ni Augustín sa kaniyang ulat

[148] *Ibid*., 17-9.
[149] *Ibid*., 16-7, 58; Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, *ibid*.
[150] Foreman, *The Philippine Islands*, 426

sa reyna ng Espanya na tinakot siya ni Aguinaldo na ipadudukot nito sa Macabebe ang kaniyang pamilya kung hindi siya susuko sa mga manghihimagsik.[151] Gayunpaman, nakatanggap naman ng balita ang gobernador-heneral na maayos ang kalagayan ng kaniyang pamilya.[152] Ipinadala niya ang barkong pangalakal na *Méndez Núñez* upang ipansundo sa kaniyang pamilya,[153] lalo pa't may mga manghihimagsik na nakabangka ang namataan na patungo sa dako ng Macabebe.[154]

Noong 13 Hunyo 1898, inatake ng ilang taga-Macabebe ang kanilang Poblacion, sa udyok ng Bulakenyong si Manuel "Kapitan Tuwi" Garcia, kanang kamay ni Salvador ng Santa Iglesia.[155] Agad naman iyong nasawata ng puwersa ni Blanco.[156]

Bagaman hindi malinaw kung mag kaugnayan, noon ding 13 Hunyo 1898, nagkudeta ang ang mga *carabinero* [kabayuhang debaril] ng Voluntarios de la 2.ª Compañía de la Pampanga sa Vitas, Tondo. Napatay ng mga Pampango na ito ang isang *corporal* at nasugatan nang malubha ang isang opisyal at dalawang sarhentong Espanyol. Nasawata naman ito ng kapuwa mga Pampango. Dinisarmahan at ikinulong sa baraks ng Maynila ang mga nag-aklas na Pampango.[157] Sang-ayon sa isang ulat ng Cuerpo de Vigilancia de Manila, ang mga nag-aklas sa Vitas ay mga taga-Macabebe.[158]

---

[151] Augustín, "Memorias," 88.
[152] Aguilar, "Rendicion de Marianas," 75.
[153] Alonso, *Defensa*, 27.
[154] *Ibid*., 26.
[155] Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 195.
[156] Viray, pat., "Historical and Cultural Life," 91-2.
[157] Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, *ibid*.
[158] NAP, "Don Jose Ma. Garcia y Araulio's manuscritos, Manila, 13 de Junio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Informe No. 31.

Ang mga pangyayari sa Poblacion, Macabebe at sa Vitas, Tondo na kinasangkutan ng mga taga-Macabebe ang pangalawang pagkakataon na tinangka ng mga ito na labanan ang mga Espanyol noong Himagsikan.

Noong 14 Hunyo 1898, tinanggap at inaprubahan ni Augutín sa Maynila ang plano ni Monet na paglipat sa Macabebe—malamang, sa interes na rin ng kaniyang pamilya.[159] Ngunit pinaalalahanan ni Manuel Peral, Teniente ng Hukbong Dagat ng Espanya, si Augutín na mahihirapang makapasok sa interyor ng Macabebe ang lahat ng *cañonero*, kaya't *Arayat* at *Leyte* lamang ang ipinansabak. Ang *Méndez Núñez* at *España* naman ay nanatiling nakadaong lamang sa bukana ng Ilog Pasac. Sina Blanco at Francia na ang nag-asikaso sa pagtungo ng mga *cañonero* sa Minalin upang doon sunduin sina Monet. Ang daungan ng Balite (ngayo'y Sta. Maria), Macabebe ang itinakdang dadaungan nina Monet.[160] Sumama hanggang Minalin sina Tomás Sostoa, pinuno na nasa *Arayat*,[161] at si Peral, kasama ang Comandante General de Marina, lulan ng *Leyte*.[162]

Sa bagal ng komunikasyon, noon ding 14 Hunyo 1898, ika-6 ng umaga, sinimulan na ni Monet ang pag-abandona sa San Fernando.[163] Tinatayang 1,000 Espanyol ang kasama ni Monet sa "teribleng pagmartsa patimog sa gitna ng paulit-ulit na eksena ng

---

159 Ulpiano Herrero y Sampedro, *Nuestra Prison en Poder de los Revolucionarios Filipinos* (Maynila: Imprenta del Colegio de Sto. Tomas, 1900), 313.

160 Alonso, *Defensa*, 25.

161 Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 212.

162 Alonso, *Defensa*, 22; Ministerio de Marina, *Correspondencia Oficial Referente á las Operaciones Navales durante la Guerra con los Estados Unidos en 1898* (Madrid: Imprenta de Ministerio de Marina, 1899), 15.

163 NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 6.

pighati at kawalan ng pag-asa."[164] Ang bilang na iyon ay halos binubuo ng Battalión de Cazadores N.º 9, isang batalyon ng Voluntarios de Macabebe, Una Compañía del Battalón N.º 8, Compañía del Battalón N.º 4, mga Guardia Civil, at Transportes de Administración militar.[165] Ang 250 sa naturang bilang ay binubuo naman ng mga sibilyang Espanyol: mga prayle,[166] mga opisyal ng pamahalaang panlalawigan ng Pampanga, at mga babae at bata na miyembro ng pamilya ng mga sundalong opisyal. Mayroon ding 40 sugatan at 20 pasyenteng Espanyol sila na kasama, lulan ng 20 karwahe. Pitong karwahe naman ang nagdadala ng mga armas, pagkain, at bagahe.[167] Ayon sa ulat, nakapagpabigat sa puwersa ni Monet ang mga bagahe at ang pagtsitsismisan ("*con los equipajes y chismes consiguientes*"[168]).[169] Dinala lamang nina Monet ang alam nilang sapat nang armas. Napagdiskosyunan din nina Monet ang pagwasak sa mga kanyon at riple. Sa halip na itapon sa ilog at maging pabigat pa, iniwan na lamang nila sa San Fernando.[170]

Pinangunahan ni Escotado ang exodus. Puwersa ni Dujiols ang nasa linya ng depensa. Sa likuran naman ang puwersa ni White. Puwersa naman ni Oyarzábal ang

---

[164] Foreman, *The Philippine Islands*, 445.
[165] *Ibid*.
[166] Ito ay sina Padre Bernardo Martinez, OSA ng Porac, Padre Bernabe Gimenez, OSA ng Bacolor, Padre Ramon Zorilla, OSA ng Floridablanca, Padre Vicente Ruiz, OSA ng San Simon, Padre Galo de la Calle, OSA ng San Luis, Padre Pedro Ubierna, OSA ng Magalang, Padre Fernando Vasquez, OSA ng Arayat, at Padre Vicente Martinez, OSA ng Sta. Ana.

[167] Alonso, *Defensa*, 16.
[168] Aguilar, "Rendicion de Marianas," *ibid*.
[169] Ría-Baja, *El Desastre*, 105.
[170] Aguilar, "Rendicion de Marianas," *ibid*.

nakatoka sa seguridad ng mga sibilyan.[171] Habang hawak ni García ang isang kabayuhan na binubuo ng limang *caballero*.[172] Ang ibang tropa nama'y nasa pamumuno ni Cabañas.[173] Habang papaalis sila ng San Fernando, sumulpot bigla ang isang pulutong pa ng mga Voluntarios de Macabebe at Espanyol na *cazadores* na walang armas—maaaring ang mga ito ay ang mga tinambangan ng Voluntarios de Porac noong kasagsagan ng pagkubkob ng mga manghihimagsik sa Casa Real sa Bacolor.[174]

## Paghabol ng mga Pampango sa mga Espanyol

Hindi inasahan ni Hizon ang exodus ng mga Espanyol.[175] Hindi pa rin siya handa upang harapin ang puwersa ni Monet dahil hindi pa dumarating ang ayuda at mga balang pakiusap niya kay Aguinaldo.[176] Bagaman, sa Makabakle, Dolores (sa bahaging Pasudeco ngayon, di kalayuan sa Simbahan ng San Fernando), sinimulan na ng puwersa ni Hizon ang pagpapaputok sa puwersa ni Monet.[177] Alangang umabante sa pagmartsa ang mga Espanyol dahil sa "sabaysabay at walang tigil na pagbaril sa kanila ng mga manghihimagsik kapuwa sa unahan at sa likuran, nang walang paggalaw sa kinalalagyan nila kahit saglit lang." Sa isang ulat sa Cuerpo de Vigilancia de Manila, sinabayan ng mga Espanyol ng pagpapatunog sa mga kampana ng San Fernando ang tunog ng putok

[171] Foreman, *The Philippine Islands*, 446.
[172] Pí y Margall at Pí y Arsuaga *Historia de España*, Tomo 7, 1091.
[173] Ría-Baja, *El Desastre*, 105.
[174] Foreman, *The Philippine Islands*, 446.
[175] NLP, "Jose Bañuelos' official report," *ibid*.
[176] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 6.
[177] NLP, "San Fernando HDP," 23.

(“*que fueron despedido de San Fernando con repique de campanas*”).[178] Ang 600 bantay ng mga sibilyang Espanyol ay halos nagtatago na sa mga gulong ng mga karwahe.[179] Gayunpaman, naging motibasyon ng mga Espanyol ang “tumitinding takot, iyakan ng mga Europeong babae at bata sa bawat milya mula San Fernando hanggang Macabebe,” nakikiusap kay Dujiols na “huwag silang ipahuhuli sa mga naghihiganting kaaway.”[180] Kulang din sa pagkain ang puwersa ni Monet, na isa pang suliraning kinaharap niya.[181]

May isang binata ang pinatakbo kay Hizon mula San Fernando hanggang Mexico upang ipagbigay-alam na wala na sina Monet sa himpilan nito sa kumbento ng San Fernando.[182] Bandang 7:30 ng umaga,[183] dumating sa kumbento ng San Fernando si Hizon at inideklara niya iyon bilang bagong himpilan ng hukbong panghimagsikan ng Pampanga.[184] Nalaman ni Hizon na patungo sina Monet sa Macabebe at dadaan ng Minalin sa pamamagitan ng San Matias sa bayan ng Sto. Tomas. Kaya’t pinaposisyon ni Hizon ang puwersa ni Lagman sa Minalin upang mapigilan sa pag-abante sina Monet.[185] Sa San Nicolas, San Fernando, na ang kasunod na nayon ay San Matias, Sto. Tomas na, sinagupa ang mga Espanyol ng puwersa ng líder-maralita na si Vicente “Vicenteng Boting” Dayrit ng nayon na iyon. Sa 1953 HDP ng Santo Tomas, umabot hanggang

---

[178] *Ibid*.

[179] Aguilar, “Rendicion de Marianas,” 76.

[180] Foreman, *The Philippine Islands*, *ibid*.

[181] *Ibid*.

[182] UPDML, “Datos historicos de este municipio de Mexico, Provincia de la Pampanga, Islas Filipinas.” *Luther Parker Collection*, Doc. No. 337, Folder No. 59, Box No. 3, 2.

[183] Aguilar, “Rendicion de Marianas,” *ibid*.

[184] NLP, “Isidoro Torres to Maximino Hizon regarding the attack of Macabebe and San Fernando.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Folder No. 50, Folio No. 39; NLP PIR, *Hojas de servicio de Maximino Hizon*, *op.*

[185] UPDML, “Cristino F. Lagman’s Documentos historicos de Minalin,” 27.

kapilya ng San Matias ang depensa ni Vicenteng Boting kung saan siya nagtatag ng mga barikadang panghambalang sa mga Espanyol.[186] Ayon naman sa ulat ng matatanda sa 1953 HDP ng San Fernando, si Vicenteng Boting ay numero unong kaaway ng mga Espanyol na ikinulong sa Guagua.[187] Kilala si Vicenteng Boting dahil sa damit niyang anting-anting. Kinumpirma naman ng ulat ni Salvador kay Aguinaldo noong Enero 1899 na itong si Vicenteng Boting ay kaniyang komandante sa Santa Iglesia at ipinagmalaking "nakita kong mainam sa labanan."[188] Maaari rin na siya ang "Celso Dayrit" (na kasama ng isang nagngangalang Ysidro Santos) na naiulat sa Cuerpo de Vigilancia de Manila na pinuno ng mga Pampangong manghihimagsik na humabol sa puwersa ni Monet mula San Fernando hanggang San Matias.[189] Kasama rin ni Vicenteng Boting ang kaibigang nakilala lamang sa tawag na "Insik Goriong" na nahuli ng mga Espanyol, binugbog at, di umano'y inilibing nang buhay bago tawirin ng mga Espanyol ang hangganan ng San Fernando at Sto. Tomas. Marami ring bangkay, kapwa ng mga Pampango at Espanyol ang inilibing sa kanal sa may San Nicolas (na dinadaanan ng Daang MacArthur ngayon).[190]

---

[186] NLP. "Santo Tomas HDP," 24.

[187] NLP, "San Fernando HDP," 44.

[188] NLP, "Kasaysayan," 4.

[189] NAP, "Parte original," *ibid*.

[190] NLP, "San Fernando HDP," 44.

**Habag ng mga Pampango sa mga Espanyol**

Ininda ng mga Espanyol ang pagpapaputok ng puwersa ni Hizon sa San Fernando at pinakiusapan si Dujiols na umabante na patungong Minalin. Sa isang hindi malaman na parte ng San Fernando, pansamantalang pinagpahinga ni Monet ang mga sibilyan at ang mga sugatan. Nakakita rin sila roon ng 12 karetela na napakibangan pa nila upang mabitbit ang mga sugatan.[191]

Naalpasan nina Monet ang San Matias. Sa dami ng nasawi sa panig ng mga Pampango, sinasabi na ang lote sa tabi ng kapilya ng San Matias ay naging libingan.[192] Tumuloy naman ang puwersa ni Vicenteng Boting, hanggang Minalin, kung saan nakaabang ang puwersa ni Lagman. Kinahapunan, narating nina Monet ang Sta. Rita, ang barangay ng Minalin na katabi ng bayan ng Sto. Tomas. Inilarawan naman ng historyador ng Minalin na si Ambrosio Flores ang nasaksihan ng mga taga-Minalin na pag-atras, sa bayan nila, ng mga Espanyol:

> Suddenly, one afternoon about two weeks after the town fiesta,[193] a commotion was heard coming from the direction of Sta. Rita. It turned out that a big group of Spanish civilians composed of hundreds of old men, women, children and priests riding on carts, calesas, pulled of carabaos, cows and horses were on the retreat. They were preceded in front by Spanish soldiers and guardia civils riding on horses with rifles on the ready. The rear of the column was also guarded. The Spanish soldiers were under the command of General Monet, the Spanish Military Commander of Pampanga (*sic*). They were retreating from Bacolod

[191] Foreman, *The Philippine Islands*, *ibid*.

[192] NLP, "Santo Tomas HDP," 25.

[193] Sa katunayan, makalipas ang anim na buwan. Ang pistang bayan ng Minalin ay tuwing ikawalang araw ng Linggo ng buwan ng Mayo.

> (*sic*) and San Fernando and were making Minalin their port of exit towards Macabebe.[194]
>
> (Bigla, isang hapon, mga dalawang linggo matapos ang pistang bayan, may kaguluhang narinig sa dako ng Sta. Rita. Iyon pala ay isang malaking grupo ng mga sibilyang Espanyol na papatakas, na binubuo ng matatanda, babae, bata at pari, lulan ng mga kareta, kalesa, hila-hila ng mga kalabaw, baka at kabayo. Nasa unahan nila ay mga sundalong Espanyol at mga guardia civil na nakakabayo, tangan ang kanilang mga riple. May bantay din ang likurang bahagi. Nasa ilalim ni Heneral Monet, pinakapunong militar ng mga Espanyol sa Pampanga. Papatakas sila galing Bacolor at San Fernando patungong Macabebe sa pamamagitan ng Minalin.)

Bandang 7:30 ng gabi, naitaboy nina Monet ang puwersa ni Lagman at nakuha ang kumbento ng Minalin mula sa kanila. Pansamantalang nilisan ng puwersa ni Lagman ang kabayanan ng Minalin dahil naubusan sila ng bala. Agad na nagsugo ng mensahero si Lagman kay Hizon upang ibalita ang nangyari at nang magpadala ng ayuda.[195]

Sinamantala naman ni Monet ang paghinto ng puwersa ni Lagman sa pag-atake upang makabawi ng lakas ang kaniyang mga sundalo, maging ang mga sibilyang Espanyol. Sa patio ng Simbahan ng Minalin sila nagpahinga at kumain. Sa kawalan ng tubig, tinyaga ng mga Espanyol ang balon sa may patio. Kinaawaan ng mga taga-Minalin ang mga Espanyol at hindi nila ginambala ang mga iyon, "*por respetar la orden y sin molestar*" ('bilang paggalang sa kaayusan at nang di magambala ang lahat') ayon kay Lagman.[196]

Bandang ika-9:00 ng gabi, itinuloy nina Monet ang pagmartsa. Malakas ang ulan, na sinabayan pa ng pagsisimula ng pagpapaputok sa kanila ng puwersa ni Lagman sa

[194] Flores, "The Battle of Sta. Catalina," *ibid*.
[195] *Ibid*.
[196] UPDML, "Cristino F. Lagman's Documentos Historicos de Minalin," 27.

Sitio Tabun,[197] Sta. Catalina, Minalin, nayon malapit sa daungan ng San Francisco, Minalin kung saan nila hihintayin ang mga *cañonero* mula sa Macabebe. Hindi pa dumarating ang mga *cañonero* (na inaasahan nilang nandoon na[198]) kaya't sa mga abandonadong bahay sa San Francisco muna nagpalipas ng gabi ang mga sibilyan.[199] Pinatatag naman ng mga Espanyol ang depensa nila sa may Sta. Catalina upang mapigilan ang mga manghihimagsik sa pag-abante sa San Francisco.

Nang makarating kay Hizon ang balita mula Minalin, agad niyang minobilisa ang ang mga puwersa ng San Fernando at Mexico, bago pumutok ang araw, 15 Hunyo 1898. Ang mga kalapit bayan naman ng Minalin ay nagpadala ng pagkain sa mga manghihimagsik. Sumama si Hizon sa operasyon, kasama ang isang grupo na tinatawag na Krus na Bituin, isang samahang relihiyoso tulad ng Santa Iglesia.[200]

Bandang ika-7 ng umaga dumaong sa San Francisco ang *Leyte* at *Arayat*.[201] Inatasan ni Lagman ang puwersa ng kaniyang tinyenteng si Cristino Muñoz na tiktikan ang mga Espanyol sa barangay nito na San Francisco.[202] Mula sa kumbento ng Minalin, nakarinig naman ng putukan sina Hizon at Lagman. Sa kasagsagan ng putukan, may dalawang sugatang manghihimagsik ang itinakbo sa kumbento upang malapatan ng

---

197 NLP, "Minalin HDP," 58-9.

198 Alonso, *Defensa*, 18.
199 Flores, "The Battle of Sta. Catalina," 1-3.
200 *Ibid*.
201 Pí y Margall at Pí y Arsuaga, *Historia de España*, Tomo 7, *ibid*.; UPDML, "Punu's History of Bacolor," 27-8.
202 Flores, "The Battle of Sta. Catalina," *ibid*.

paunang lunas. Doon isinalaysay ng dalawa ang nangyari sa San Francisco (na naidokumento ni Flores):

> ...they were encamped on one side of the bank and the Spaniards were on the other side, the bridge connecting the two banks having been destroyed by the Spaniards.[203] While dugged-in (*sic*) themselves, they saw the enemy digging trenches on the other side. Suddenly they saw the silhouette of a few men coming near the broken bridge. *They seemed to recognize General Monet to be one of them, inspecting his soldiers. At this, Lt. Muñoz said that "he is going to* [*take*] *the head of General Monet."* He then slipped silently down the bank, swam to the other side and climbed up the bank near the last trench of the enemy.... Suddenly some soldiers in a nearby trench saw him and they shouted INSURRECTOS.[204] [Akin ang diin]
>
> (…nagkampo sila [mga manghihimagsik] sa pampang habang nasa kabilang dako naman ang mga Espanyol, at ang tulay na nagdurugtong sa dalawang pampang ay sinira ng mga Espanyol. Habang ikinukubli nila ang kanilang mga sarili, nasipat nila na naghuhukay ng trintsera ang mga kaaway sa kabilang dako. Makaraang ang isang saglit, naaninag nila na may ilang kalalakihan na patungo sa putol na tulay. Tila nakilala nila na ang isa sa mga iyon ay si Heneral Monet, nag-iinspeksyon ng kaniyang mga sundalo. Sa puntong iyon, sinabi ni Tinyente Muñoz 'pupugutan niya ng ulo si Heneral Monet.' Tahimik siyang nagpadausdos sa pampang, nilangoy ang kabilang pampang at tinungo ang hulihang bahagi ng trintsera ng kaaway… Pagkaraka-raka'y nakita siya ng ilang sundalo sa may trintsera sabay sigaw 'INSUREKTO!')

Pinaulanan ng putok ng mga manghihimagsik ang mga *cañonero* nang walang palya. May 60 metro ang layo ng dalawang paksyon sa isa't isa. Ayon kay Lagman, "*que duro unas once horas sin un minuto de interrupción*" ('tumagal ang engkuwentro ng 11 oras nang walang tigil').[205] Marami sa mga tauhan ni Muñoz ang namatay dala nang kawalan, muli, ng bala. Iniutos niya ang pag-atras, ngunit siya mismo ay nabaril.

---

[203] Tinatawag itong Dalang Pari ng mga taga-Minalin. Isang sanga ito ng Ilog Maniango, na naghihiwalay sa Sta. Catalina at San Francisco. Ang sapa na ito ay tumutuloy sa Poblacion, Minalin. *Dalang Pari* ang pangalan ng sapa dahil dumidiretso ito hanggang sa kumbento ng Simbahan ng Minalin. Konektado naman ang Ilog Maniango sa daungan ng Macabebe sa Barangay Baliti. Cf. NLP, "Minalin HDP," 25.

[204] Flores, "The Battle of Sta. Catalina," *ibid*.

[205] UPDML, "Cristino F. Lagman's Documentos Historicos de Minalin," *ibid*.

Sinamantala nina Monet ang pagtigil ng putukan upang maisakay sa mga *cañonero* ang mga sibilyan, bagahe, at pagkain. Muling nagsimula ang putukan sa pag-ayuda ni Hizon, ngunit napaatras din dala ng pagkalagas ng mga manghihimagsik. Lumaki ang bilang ng mga sugatan na itinakbo sa kumbento.[206]

Upang mapigilan ang mga manghihimagsik sa pagpigil sa kanilang biyahe, may tinakot silang lalaking iliterado sa Sta. Catalina, upang maghatid ng liham kay Hizon sa kumbento. Laman ng liham ang panawagan na itigil na ni Hizon ang pag-atake dahil aalis na sila papuntang Maynila. Bilang tanda ng pakikitungo di umano, ani pa ng liham, iiwan ng mga Espanyol ang kanilang mga karetela, kalesa, kalabaw, at kabayo para mapakinabangan ng Minalin. Ang dapat sanang asalto pang gagawin ni Hizon ay natigil dahil pinakumpirma muna niya kung totoo ang sinasabi sa liham. Nang nasa Sta. Catalina na ang mga manghihimagsik, sinilaban ng mga Espanyol ang mga kabahayan at nasilo ang mga sundalo ni Hizon sa kapal ng usok at sa apoy. Umabot ang sunog hanggang San Francisco, habang nailigtas ang bahay ni Lagman doon.[207] Sinamantala ng mga Espanyol ang pagkaparalisa ng mga humahabol sa kanila. Bandang ika-5:30 ng hapon, nakaalis ang mga *cañonero*—huli ng anim at kalahating oras mula sa takdang oras ng alis.[208] Tangay-tangay din ng mga Espanyol ang mga bangkang *casco* na natagpuan nila sa San Francisco. Sa mga iyon nila isinakay ang kanilang mga kalabaw, kabayo, at baka. Nahirapan naman ang mga *cañonero* na makalusot sa ilog dahil sa mga kawayan na itinulos ng mga manghihimagsik.

---

[206] Flores, “The Battle of Sta. Catalina,” 2.

[207] UPDML, “Cristino F. Lagman’s Documentos Historicos de Minalin,” *ibid*.; Alonso, *Defensa*, 18-9.

[208] Pí y Margall at Pí y Arsuaga, *Historia de España*, Tomo 7, *ibid*.

Galit na bumalik ang mga manghihimagsik sa Poblacion at hiniling ang pagbitay sa lalaking iliterado. Binigti ang lalaki sa isang puno ng caballero sa patio ng simbahan.[209] Nagliliyab pa rin ang Sta. Catalina hanggang gabi.

Mula nang nagsimula ang exodus ng mga Espanyol sa Macabebe, nalagasan si Monet ng isang opisyal at 11 sundalo, kulang-kulang 100 sugatan, at nawawalang walong opisyal at 35 sundalo. Wala namang naiulat na masamang nangyari sa mga sibilyang Espanyol.

Sa panig naman ni Hizon, 35 ang nasawi, kabilang ang isang kapitan ni Hen. Cardenas ng Bataan at si Tinyente Muñoz, at ilang inoseteng sibilyan.[210] Ayon sa sabi-sabi, si Monet mismo ang bumaril kay Muñoz.[211]

Umaga ng 16 Hunyo 1898, inatasan nina Hizon at Lagman sina Tinyente Simon Gagui at Tinyente Domingo Villapania, kapuwa mga taga-Minalin, na magtungo sa Sta. Catalina at San Francisco upang pamunuan ang pagsiyasat sa pinaglabanang lugar. Kinuha nila ang mga bangkay ng mga kasamahan, maging ang sa mga Espanyol. Sa isang sagingan, nakuha nila ang bangkay ni Muñoz na tadtad ng bala at idinala sa patio ng Simbahan. Sa isang simpleng mesang yari sa kawayan ihinimlay si Muñoz at binigyan ng luksang parangal. Sa harap ng di mabilang na tao at mga manghihimagsik winika ni

---

[209] *Ibid*.

[210] UPDML, “Cristino F. Lagman’s Documentos,” *ibid*.; NLP, “Minalin HDP,” 31, 59.

[211] Catacutan, *The Pisamban*, 187.

Hizon na "kailangang ipagmapuri ninyong mga taga-Minalin na mayroon kayong matapang na mandirigma na magiting na naghandog ng buhay para sa kaniyang bansa."[212]

Dumating ang mga *cañonero* sa Baliti, Macabebe ng ika-7:30 ng gabi ng araw ding iyon. Sinalubong, pinakain, at hinanapan nang matutuluyan ng pamilyang Blanco at ng noo'y *capitan municipal* ng Macabebe na si Tomas Pacia ang mga Espanyol.[213] Isa ang exodus sa Macabebe sa itinuturing ng mga Espanyol na "*la más brillante tal vez de las realizadas en Filipinas*" ('ang pinakamaningning sa mga nangyari sa Pilipinas'),[214] "*puede calificarse de gloriosa epopeya*" ('maituturing bilang dakilang epiko'),[215] "isa sa pinakamalaking pighati,"[216] at "paulit-ulit na ikinukuwento."[217] Hindi malilimutan ng mga Espanyol kung paano nila nalampasan ang malagim na pagtungo nila sa Macabebe, lalo't "taghoy ng mga bata, hikbi ng mga babae, dasal sa mga santo ng mga kawawa ay nangalunod kasama ang sigaw ng mga gutom nang mga kawal sa kanilang halos napakapambihira-sa-tao na pagnanasang mabuhay."[218] May tatlo pang sanggol na ipinangak sa kasagsagan ng epikong exodus na iyon. Tumataghoy man, pilit nagpakatatag ang mga babaeng Espanyol mula sa mga pagsabog at barilan, at nagawa rin nilang magbuhat ng mga sugatan.[219]

---

[212] UPDML, "Cristino F. Lagman's Documentos," 2-3.
[213] NAP, "Parte original," 3.

[214] Alonso, *Defensa*, 19.
[215] *Ibid*., 16.
[216] Togores y Saravia, "El Asedio de Manila," 89.
[217] *Ibid*., 90-91.
[218] Foreman, *The Philippine Islands*, p. 446.
[219] *Ibid*.

Isa pa sa pambihirang kuwento ng exodus ay ang muling pagkikita ni Tinyente Coronel Francisco Pintos y Ledesma[220] at ng kaniyang pito (o walong) taong gulang na anak na babaeng nawalay sa isa't isa sa kasagsagan ng exodus. Kilala si Pinto bilang kumandante ng mga Espanyol laban sa mga Katipunero sa Santolan, San Juan del Monte, Bacoor, Zapote, at Caloocan mula 1896 hanggang 1897. Naging hepe siya kinalaunan ng Regimento 20.º Tercio de la Guardia civil sa Maynila.[221] Nagkita na lamang sila sa Maynila noong 2 Hulyo 1898.[222]

Ngunit nang dahil sa pag-abandona ni Monet sa San Fernando, nawalan ng pag-asa ang marami pang sundalong Espanyol na nasa ibang mga probinsya ng hilaga at gitnang Luzon—pinakakakatwa sa lahat ang mga sundalong Espanyol na nagkulong sa loob ng Simbahan ng Baler hanggang Hunyo 1899.

---

[220] Aguilar, "Rendicion de Marianas," *ibid*.

[221] Cf. U.S. Adjutant-General's Office-Military Information Division, *Notes and Tables on Organization and Establishement of the Spanish Army in the Peninsula and Colonies* (Washington: Government Printing Office, 1898), 183.

[222] Aguilar, "Rendicion de Marianas," *ibid*.

# IKAANIM NA KABANATA

# PAMPANGA SA ILALIM NG LIDERATO NG HIMAGSIKAN, 1898-1899

## Alang-alang sa Pambansang Komunidad

Ang tagumpay ng exodus ni Monet ay may matinding konsekuwensiya sa mga taga-Macabebe. Sa kaniyang ulat kay Aguinaldo, idineklara ni Hizon ang lahat ng taga-Macabebe na kalaban ng mga Pampango at itatrato silang iba:

> *Una vez reconcentradas las fuerzas regulares Españoles en Macabebe declare enemigos nuestros a todos los Macabebes, despues la apprehension y captura de cualquier de ellos que se encuentre en nuestros terrenos y prohibe bajo penas severas alos nuestros, todo trato social y comercial con los mismos, declarando contrabandista al que por cualquiera concepto introduzca en el citado pueblo de Macabebe todo genero de efectos sin distinción de cantidad*.[1]
>
> (‘Sa pagtungo ng mga regular na sundalong Espanyol sa Macabebe, idineklara ko ang lahat ng taga-Macabebe bilang kalaban namin; pagkaraa’y dadakpin at huhulihin ang sinuman sa kanila na nasa aming teritoryo at binabantaan ang lahat sa amin na parurusahan nang matindi ang sinumang makikipag-ugnayan o makikipagnegosyo sa mga iyon, ituturing namang mga ismagler sa anumang pagkakataon o paraan ang sinumang magpapasok sa nasabing bayan ng Macabebe ng anumang uri ng paninda kahit gaano pa man ito karami.’)

Ang desisyon ni Hizon ay bunga ng pagsasawalang bahala sa isang linggong ultimatum na ibinigay niya kay Blanco upang sumama sa Himagsikan. Malupit ang banta

[1] NLP, “Hojas de servicio de Maximino Hizon,” 6-7.

ni Hizon: "mawawasak ang bayan ng Macabebe" (*Bistat kaministilanang binang lasauan ing balen Makabibi/ Siendo ya de todo punto necesario aniquilar al pueblo de Macabebe*).[2]

Noong 16 Hunyo 1898, nagpaikot si Tinyente Koronel Joaquin Cordero ng dalawang magkahiwalay na sirkular, na nasa wikang Espanyol at Kapampangan, sa lahat ng *presidente municipal* ng mga bayan ng Pampanga. Lakip dito ang kautusang binanggit ni Hizon kay Aguinaldo, bagaman mas detalyado: hulihin at dalhin sa San Fernando ang lahat ng mga taga-Macabebe na makikita sa labas ng kanilang bayan, anuman ang edad, kasarian, o estado sa buhay.[3] Narito ang mga petsa ng pagtanggap ng iba't ibang bayan ng Pampanga utos kontra-Macabebe:

**UNANG KOPYA:**

| | | |
|---|---|---|
| Presidente Municipal | Santo Tomas | 17 Hunyo 1898 |
| Don Martin Mercado | Minalin | 18 Hunyo 1898 |
| Vice Presidente | Apalit | 18 Hunyo 1898 |
| Don Macario de los Santos | San Simon | 18 Hunyo 1898 |
| Don Juan Carlos | San Luis | 19 Hunyo 1898 |
| Presidente Municipal | Kandava | 19 Hunyo 1898 |

---

[2] Cf. NLP, "Sr D. Maximino Hizon, Coronel Jefe del Cuarto Militar de Bacoor - del Juzgado Especial de Ynstrucción." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Folder No. 97, Doc. No. 103, 1-2.

[3] NLP, "A circular ordering the municipal heads of Pampanga to arrest all the people of Macabebe they could see in their locality, San Fernando, June 16, 1898." *Philippine Revolutionary Records*, No. 159, Folder No. 96, 98, 99, 100, 101, 102, 1-3.

**IKALAWANG KOPYA:**

| | | |
|---|---|---|
| Presidente Municipal | Kampuput | 17 Hunyo 1898 |
| Presidente Municipal | Porac | 18 Hunyo 1898 |
| Presidente Municipal | Magalang | 18 Hunyo 1898 |
| Don Mateo de Castro (Vice) | Mabalacat | 19 Hunyo 1898 |

Sa kaniyang komunikasyon sa kaibigang taga-San Fernando na si Jose Infante noong 17 Hunyo 1898, nanindigan si Blanco na tutupdin niya ang kaniyang pangako na proteksyunan ang asawa (at pamilya) ng gobernador-heneral at si Monet, hanggang kamatayan. Ani Blanco, ang salita di umano niya ay higit pa sa salita ng sinumang hari ("*palabra Pepe vale tanto como la del Rey de cuál que en nación*"). Nairita rin daw si Blanco sa nagsasabing hindi siya maka-Pilipino dahil sa hindi niya pagsuporta sa Himagsikan. Ang pinatutungkulan niya nito ay si Alimurung. Ipinagtataka rin ni Blanco ang pagbaliktad ng mga Pampango. Naniniwala si Blanco na walang kapapuntahan ang Pampanga kung kakalas ito sa Espanya.[4]

Hindi kinakatawan ni Blanco ang buong Macabebe. Nang dahil sa personal na interes at pananaw niya sa buhay, nadamay ang kapalaran ng lahat ng mga inosente.

[4] NLP, "Ulat ni Isidoro Torres kay Emilio Aguinaldo hinggil sa negosasyon ni Maximino Hizon kay Eugenio Blanco, Kalumpit, 19 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Papers*, Reel No. 11, Folder No. 13, Document No. 4, Folio 6, p. 7.

**Dalawang Pampanga**

Isang pagdiriwang ang isinagawa sa Macabebe noong 17 Hunyo 1898. Sa pagdiriwang na ito, pinarangalan at iniangat ni Monet ang ranggo ng kaniyang mga opisyal. Tumanggap si García ng La Real y Militar Orden de San Fernando; si Dujiols bilang komandante ng kabayuhan; at si White bilang pangalawang kumandante ng pulutong ng mga Espanyol.[5] Nahirang naman si Escotado bilang *gobernador militar* ng mga nalalabing sakop ng Espanya sa Pampanga: Macabebe. Bagaman kinabukasan din ay pinalitan siya ni Francia.[6]

Samantala, ipinag-utos ni Monet ang pagpapaalis sa mga prayle sa kumbento ng Macabebe upang magamit nilang pagamutan. Upang wala nang pagtatalo, nagparaya ang mga prayle. Ngunit binalaan ni Don Juan Blanco si Monet na ang pagpapalayas sa mga prayle ay ikasasama nang loob ng mga taga-Macabebe:

> Aking Heneral, nakabasa po ako ng isang utos na nagpapaalis sa mga iginagalang na pari sa kumbento, at nakahanda na silang umalis. Pakalimiin po ninyo, aking Heneral, ang inyong gagawin. Ang mga taga-Macabebe ay lubhang relihiyoso at ang makitang pinatatalsik ninyo sa kumbento ang mga pari at isasara ang simbahan upang maging silungan ng hukbo, tiyak na magkakagulo…[7]

Agad na binawi ni Monet ang kautusan at pinakiusapan ang mga prayle na umagapay sa pangangailangan ng mga sundalo.

---

[5] Pí y Margall at Pí y Arsuaga, *Historia de España*, Tomo 7, *ibid.*

[6] Alonso, *Defensa*, 21-2.

[7] Santos, "The Philippine Revolution in Pampanga," 169-70.

Pinabalik din ni Monet ang *Arayat* at *España* sa Maynila dahil sa kalunos-lunos nilang kalagayan. Nakarating sa Maynila ang dalawang barko noong 24 Hunyo 1898, dala-dala ang mensahe sa Gobernador-Heneral na nagsasaad na kailangan ng mga Espanyol sa Macabebe ng ayuda, bala, at mga barkong susundo sa kanila. Ipinayo naman ni Peral sa Gobernador-Heneral ang pagpapalubog sa *Arayat* at *España* dahil hindi na mapakikinabangan at iminungkahi na ipadala ang *cañonero* na *Napindan*. Doon sa *Napindan*, ayon kay Peral, maaaring ikarga ang mga bala at ilang kanyon.[8]

**Pangmamaliit kay Hizon**

Sa simula pa lamang ng pagsama ng mga Pampango sa Himagsikan noong 1 Hunyo 1898, minaliit na sila kapuwa ng mga Espanyol at ng mga Pilipino.

Noong 4 Hunyo 1898, nagpadala ng unang ulat si Tinyente Koronel Gregorio "Goyo" Hilario del Pilar tungkol sa pag-unlad ng Himagsikan sa Bulacan at sa Pampanga. Walang pagkilala ang ulat na iyon kay Hizon o sa kanino mang lider na Pampango.

> …Nakukubkob ang San Fernando de la Pampanga ng̃ mg̃a kawal at ang mang̃a kaaway ay nasa Simbahan nakukulong, at ang Kandaba, San Luis, San Simon, San Pedro Magalang, Santa Ana ay nagsisigalaw na. Sa Kalumpit ay naglalabanan na at malapit ng̃ makuha ng̃ mg̃a atin ang kuartel.
>
> Sa balita'y si General Monet ay nakulong sa lugar ng̃ apulid (?) hanganan ng̃ Barasoain at Kalumpit. Datapuat itong balitang ito'y hindi nangaling (sic) sa kang̃ino mang Pinunong bayan kaya hindi ko lubos na paniwalaan.
>
> Si G. Ysidoro Torres sa Malolos nagkaroon na ng̃ laban sa mg̃a voluntarios sa Makabebe at Kazadores na sa akala'y patung̃o dine sa Kabecera na aabuloy,

[8] Alonso, *Defensa*, 34-5.

> datapuat nakatakas sa kanila. Pagka balita ko at sapagkat huminḡi nḡ abulo'y si Torres ay ipinadala ko po si G. Adriano at Geronimo Gatmaytan na nakaakabay ay 10 sundalo…[9]

Ang ulat ni Goyo ay hindi lubusang kumakatawan sa kondisyon ng Himagsikan sa Pampanga. Hindi rin malinaw kung bakit isinama ni Goyo ang Pampanga sa kaniyang ulat hinggil sa kondisyon ng Himagsikan sa Bulacan. Tulad ni Hizon, walang pinanghawakang katitikan si Goyo mula kay Aguinaldo na nagpapailalim ng Pampanga sa kaniyang komandansiya. Gayunpaman, nagpadala pa rin ng ulat si Hizon kay Aguinaldo hinggil sa pag-usad ng Himagsikan sa Pampanga noong 6 Hunyo 1898 sa pamamagitan ni Bañuelos at kapatid niyang si Candido.[10]

Si Buecamino, na pinuno ng mga boluntaryo ng Pampanga, ay sinabihan ang mga Espanyol na huwag mag-alala sa mga manghihimagsik sa Pampanga dahil hindi kaimportantihan ang mga ito at ang ilan pa sa kanila, di umano, ay pawang mga bandido lang naman.[11] Itong huling pahayag ay maaaring pasaring sa mga Gabinista at Santa Iglesia.

Sa kabilang banda, inakala naman ni Monet na madadaan niya si Hizon sa lambing at negosasyon. Noong 8 Hunyo 1898, naiulat na pinangambahan ni Monet ang inaakala niyang tinatayang 4,000 manghihimagsik na nakapaikot sa San Fernando at patuloy pang

---

[9] NLP, "Comunicacion del General Gregorio del Pilar," *ibid.*

[10] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 5-6.

[11] NAP, "Intelligence Report of Agente Don Juan Gómez regarding rumors that the revolutionaries of the Province of Laguna." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-48, Informes No. 20.

dumarami, habang ang katotohanan ay 200 lamang ang puwersa ni Hizon.[12] Sa araw ding iyon nang Hunyo 8 sinulatan ni Monet si Hizon upang himuking huwag sumama sa paghihimagsik ni Aguinaldo dahil manloloko ito, marahil pumapatungkol sa paglabag ni Aguinaldo sa tigil-putukan sang-ayon sa Kasunduan sa Biak-na-Bato. Negosyante ng tubo at asukal si Hizon, kaya't sinubukan ni Monet kung uubra ang pananakot niya na maaapektuhan ng "barbarong rebelyon" ang ekonomiya ng Pilipinas.[13] Iminungkahi rin ni Monet kay Hizon ang pagbubuo ng isang awtonomus na pamahalaan ng Pampanga kapalit ang pagsuko ng mga Pampango.[14] Binaliwala lamang ni Hizon si Monet.

Ang mga bagay na nasabi ay hindi na kataka-taka para sa isang lalawigan na kasasabak pa lamang sa Himagsikan at may kasaysayan ng pagiging matapat sa Espanya at tutol sa Himagsikan. Salik din na hindi kilala ni Aguinaldo si Hizon, gayundin ang pagiging malapit ni Hizon kay Makabulos na hindi kapalagayang loob ni Aguinaldo (dahil hindi kinilala ni Makabulos ang Kasunduan sa Biak-na-Bato). Kaya't nang humingi ng tulong si Hizon kay Aguinaldo na magpadala ng dagdag na armas at bala sa Pampanga,[15] iba ang naging tugon nito: ipinakontrol ni Aguinaldo ang Himagsikan sa mga Tagalog.

---

[12] Togores Sánchez, "El Asedio de Manila," 470-1.

[13] NLP, "Reproduction of Gen. Ricardo Monet's letter to Gen. Maximino Hizon, San Fernando, June 8, 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3, 1-10.

[14] UPDML, "Datos históricos… Mexico," 1-2.

[15] NLP, "Ulat ni Isidoro Torres kay Emilio Aguinaldo hinggil sa negosasyon ni Maximino Hizon kay Eugenio Blanco, Kalumpit, 19 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Papers*, Reel No. 11, Folder No. 13, Document No. 4, Folio 6, 4.

Noong 14 Hunyo 1898, ipinagbigay alam ni Aguinaldo sa lahat ng mga pinuno ng Himagsikan sa Pampanga—gayong sentralisado naman sa ilalim ni Hizon—na si Hen. Isidoro Torres ng Malolos ang magpapatupad sa planong pag-atake sa mga Espanyol sa San Fernando at Macabebe.[16] Sa naturang kautusan, lahat ng puwersa sa Pampaga ay aatake sa San Fernando sa direksyon ni Hizon, bilang "*Jefe de la partida de Mexico*" ('Hepe ng distrito ng Mexico,' hindi ng "Pampanga"). Si Hizon naman ay may tungkulin kay Torres na laging mag-ulat sa kaniya, sa umaga at sa hapon, hinggil sa mga nangyayari ("*con obligacion de darme siempre cuenta mañana y tarde del resultado*").[17] Malinaw na hindi Heneral, ni pinuno ng mga manghihimagsik sa Pampanga, ang turing ni Aguinaldo kay Hizon. Gayunpaman, hindi umabot ang utos ni Aguinaldo sa Pampanga dahil biglaan ang exodus ng mga Espanyol patungong Macabebe noong umaga ng 14 Hunyo 1898. Huli na rin nang matanggap ni Torres ang utos ni Aguinaldo: nasa Macabebe na ang mga Espanyol.

Noong 17 Hunyo 1898, nakatanggap ng liham si Hizon mula kay Torres tungkol sa pagkatalaga ni Aguinaldo kay Torres bilang "*1$^{\underline{er}}$ Jefe de operaciones que se há de practicar contra el pueblo de enemigo de Macabebe*" ('pinakapuno ng mga operasyon na isasagawa laban sa kaaway na bayan na Macabebe'). Iniulat din ng pinuno ng himagsikan sa Apalit (hindi napangalanan) na nasa naturang bayan si Torres.[18] Hindi maitago ni Torres ang

---

[16] NLP, "Abiso ni Isidoro Torres kay Maximino Hizon hinggil sa pagiging hepe niya ng operasyon sa Macabebe, 25 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Papers*, Reel No. 159, Folder No. 50-53, Folio No. 39-42, 1.

[17] *Ibid*., 4.

[18] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 7.

kapanabikan sa katungkulang iniatang sa kaniya ni Aguinaldo dahil sa Bulacan ay nasasapawan na siya ni del Pilar. Ayon nga kay Torres: "*que me doy por muy honrado como tal Jefe y de la necesidad de principiar inmediatamente las operaciones consabidas*" ('ikinagagalak ko ang maging pinuno [ng operasyon sa Macabebe] at ang simulan ang operasyon sa lalong madaling panahon').[19] Dagdag pa sa kapanabikan ni Torres ang pagkakataong makakahiganti na siya sa bayan ng Macabebe dahil sa mga pag-atake ng Voluntarios de Macabebe sa kaniya sa Binakod, Malolos, at Barasoain.

Kinahapunan, ika-3 ng hapon, dumating si Hizon sa Apalit, ngunit hindi niya naabutan doon ang heneral ng Malolos. Hindi tumawid si Hizon sa hangganan ng Pampanga sa Calumpit "palibhasay akoy di ako tinulutan lumabas dito sa aking sakop na mga bayan ñg aquing puno (maaaring si Makabulos)." Sa Apalit pansamantalang naghimpil si Hizon upang sagutin ang liham ni Torres (na nasa Calumpit). Sa kaniyang sagot, ipinaunawa ni Hizon na wala siyang maibibigay na panustos kay Torres dahil hikahos ang marami sa kaniyang mga tao, patunay lamang na mga ordinaryong Pampango ang karamihan sa sumuporta kay Hizon. Ani pa ni Hizon, wala rin siyang maibibigay na bihag na Espanyol dahil pinasusuko pa rin niya ang mga ito sa Macabebe.[20]

Nang sumunod na araw, 18 Hunyo 1898, muling sumulat si Hizon kay Torres. Sa naturang liham ipinaliliwanag ni Hizon kung bakit hindi maatake ng mga Pampango ang

---

[19] NLP, "Abiso ni Isidoro Torres kay Maximino Hizon, 1.
[20] *Ibid*., 2.

mga Espanyol sa Macabebe. Bilang kumandante ng Pampanga, pinakiusapan niya si Torres na abisuhan siya sa gagawin sa Macabebe:

> Akin pong pinagbibigay alam sa kamahalan mo na kami ay hindi maka á atake ofensiva sa bayan ñg Macabebe una poi salat na salat kami sa mg̃a Municiones, at kami poy hualang cañon na sucat gamitin, kaya ñg̃a pó kung sacalit kayoi aataque nasasabing bayan, at huag na hindi Magpadala lamang kayo ñg komunicacion sa akin.[21]

Marahil hirap nang magsulat sa Tagalog, ang mga sumunod na liham ni Hizon kay Torres, simula 19 Hunyo 1898, ay nasa Espanyol na. Kinumpirma ni Hizon kay Torres na natanggap na niya ang opisyal na pagkakatalaga nito bilang hepe ng operasyon sa Macabebe.[22] Hinilingan niya si Torres ng tatlong kahon ng bala ng Mauser, dahil hindi pa dumarating ang mga armas at bala na hiniling niya kay Aguinaldo noon pang 6 Hunyo 1898. Siniguro naman ni Hizon kay Torres na kung umatake ang mga Espanyol na nasa "*Maldito pueblo*" ("Nakakasuyang bayan," ang turing sa Macabebe), kayang ipagtanggol ng mga Pampangong manghihimagsik ang bayan ng Apalit, Santo Tomas, Minalin, Bacolor, Betis, Guagua, Sismoan (*sic*), hanggang Lubao sa kabila ng kasalatan sa armas at bala.[23]

---

[21] *Ibid*., 2-3.

[22] Sa katunayan, ikinairita ni Torres ang hindi agad pagkilala sa kaniya ni Hizon. Katwiran ni Hizon wala pang pormal na abiso sa kaniya mula sa Pamahalaang Diktatoryal hinggil sa pagkakatalaga kay Torres sa operasyon sa Macabebe. Hindi pa rin nakakabalik ang kapatid ni Hizon (Candido) mula Kawit na inaasahan niyang dala-dala ang opisyal na kumpirmasyon kay Torres. Cf. NLP, "Ulat ni Isidoro Torres kay Emilio Aguinaldo," 1.

[23] *Ibid*., 4. Kung babasahin ang bersyon ni Hizon kay Aguinaldo, pinagkatiwalaan siya ni Torres na hawakan ang depensa ng mga nasabing bayan. Binigyan pa siya ni Torres ng 300 baril at mga kanyon, na marami di umano ang heneral ng Malolos. Cf. NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 8-9.

Ngunit may nangyari noong 19 Hunyo 1898 na ikinabago nang takbo ng Himagsikan sa Pampanga: pinaratangan si Hizon na binabalewala niya ang awtoridad ni Torres. Nagsimula ang isyu nang magtungo ang liberal at deportadong si Tiburcio Hilario ng Bacolor sa tanggapan ni Torres sa Calumpit upang ipakita ang liham ni Blanco kay Infante, petsa 17 Hunyo 1898. Ayon kay Torres, na batay naman sa salaysay ni Hilario, nagdesisyon si Hizon na huwag umatake sa Macabebe gamit ang liham na iyon ni Blanco. Sa naturang liham, ipinakikiusap ni Blanco na hayaan nang makaalis patungong Maynila ang mga Espanyol, lalo na ang asawa ng gobernador-heneral at si Monet.[24]

Ang tingin ni Torres sa mga taga-Macabebe ay Pampango, at dahil si Hizon ang kumandante ng Pampanga, kaduda-duda, di umano, ang hindi niya pag-aksyon sa Macabebe. Binanggit pa ni Torres na kayang idetalye ni Hen. Valentin Cardenas, kumandante ng hukbo ng Himagsikan sa Bataan, kay Aguinaldo ang sabwatan ng puwersa ni Monet at ng Macabebe. Hindi na rin dapat pagtakhan ang init ng dugo ni Torres sa Macabebe dahil ang Voluntarios de Macabebe ni Blanco ang tumalo sa kaniya sa Binakod noong 1897 at sa Malolos at Barasoain noong 1 Hunyo 1898. Nagpatong-patong ang mga salik na ito upang mabuo sa isip ni Torres na hindi mapagkakatiwalaan si Hizon.

Sa kabuuan, mayroon lamang 435 sundalo si Torres na dala-dala sa pag-atake sa Macabebe. Umasa si Torres sa puwersang aayuda galing Bataan sa utos ni Aguinaldo. Sa Masantol, na katabing bayan ng Macabebe, planong ihimpil ang puwersa ng Bataan. Ang mga taga-Bataan din ang haharang sa mga *cañonero* ng mga Espanyol sa Look ng Maynila.

[24] NLP, "Abiso ni Isidoro Torres kay Maximino Hizon, 7-8.

Ngunit hindi sapat ang bilang ng puwersa ni Torres upang mapabagsak ang magkasamang puwersa ng Espanyol at Voluntarios de Macabebe sa Macabebe. Ibinaling naman ni Torres ang sisi kay Hizon: inireklamo ni Torres na hindi nakikipag-ugnayan si Hizon sa kaniya kaya, di umano, hindi niya mabuo ang puwersa na kailangan niya sa Pampanga.[25] Hindi ito totoo sapagkat noong 21 Hunyo 1898, opisyal na nagkasundo ang dalawang heneral sa pag-atake sa Macabebe, madamay man kahit ang kapuwa Pilipino nila sa nasabing bayan. Ayon kay Torres:

> *Despreciar todo lo que diza cariño á los Españoles y cobatamos a todos los enemigos aúnque fueren estos Filipinos, pues por lo mismo son Más culpables que aguellas, como son los Voluntarios de Macabebe*.[26]
>
> (Ikinamumuhi natin ang lahat ng pagpapakita ng lugod sa mga Espanyol at kakalabanin natin ang lahat ng kaaway, maging sila ma'y Pilipino, na mas kasuklam-suklam, tulad ng Voluntarios de Macabebe.)

Noong 25 Hunyo 1898, muling ipinamukha ni Torres kay Hizon ang awtoridad niya sa Pampanga sa pamamagitan ng isang liham. Sinipi na ni Torres ang sinabi *raw* ni Aguinaldo sa utos nito sa kaniya "*en observio á la buena armonía que nos une la Santa causa que defendenos*" ('na sa ngalan ng magandang pagsasama na nagbubuklod sa lahat para sa banal na layon ng ating pagtatanggol') inaatasan siya, bilang hepe ng operasyon sa Macabebe, na hatiran ang Pangulo sa Cavite ng balita ng mahahalagang pangyayari sa operasyon. Ipinaalala rin ni Torres na nasa kaniyang kagustuhan kung nais niyang magbigay ng ulat o hindi kay Hizon at sa operasyon sa Macabebe. Ganunpaman, bilang

---

[25] *Ibid*., 9-10.

[26] NLP, "Pagtanggap ni Isidoro Torres sa tugon ni Maximino Hizon na kilalanin siya na hepe ng operasyon sa Macabebe, 22 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No.159, Folder No. 33, Folio No. 18, p. 1.

hepe ng operasyon sa Macabebe, kailangang sumunod ni Hizon kay Torres at anumang oras ay maaari niyang kunin ang puwersa ng Pampanga at mawawalan na si Hizon ng komunikasyon sa mga ito.[27]

Ang huling sampal kay Hizon ay hindi si Torres kundi si Koronel Agapito Bonzon, kilala bilang ang pinunong tumugis kay Bonifacio sa Limbon, Indang, Cavite noong 28 Abril 1897. Hindi dumating ang hiling na mga armas at bala ni Hizon kay Aguinaldo. Sa halip, isang pulutong ng machetero ng Cavite sa ilalim ni Bonzon ang ipinadala ni Aguinaldo sa Pampanga. Si Bonzon ang pinauna ni Torres sa pagpasok sa Macabebe.[28]

Sa kabilang banda, naging mahinahon pa rin si Hizon kahit ipinamumukha ni Torres ang kagaspangan ng karakter nito. Sa isang insidente na hiningan siya ni Torres ng listahan ng mga sundalo niyang ipapailalim rito, sinagot niya ng buong galang ang wala-sa-hulog na utos ng heneral ng Malolos:

> …*recibo una comunicacion del Sr. Torres en la que me interensa el numero y nombres de la fuerza que bajo mis ordenes atacaran el pueblo de Macabebe por el lado de la Pampanga, comunicacion que a pesar de su estilo poco adecuado, conteste de los mas fino y cortes*…[29]
>
> (…nakatanggap ako ng komunikasyon mula kay Sr. Torres na nais niyang malaman ang bilang at mga pangalan ng mga hukbong pinamumunuan ko na aatake sa bayan ng Macabebe sa panig ng Pampanga—komunikasyon na kahit hindi maayos ang istilo, ay sinagot ko nang mas maayos at magalang…)

---

[27] NLP, "Abiso ni Isidoro Torres kay Maximino Hizon," 5-6.

[28] NLP, "La ataque de Macabebe," *ibid*.

[29] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 10.

Sa halip na patulan, sinakyan lamang ni Hizon ang kahambugan at kapritsuhan ni Torres—sulatan daw di umano ni Hizon si Torres sa ayuda ng Bulacan sa Pampanga tulad ng mga baka, kabayo, *borceguíes* (bota ng sundalo), dalawang kahon ng bala ng Remington, at isang kanyon, gayong wala namang naibigay.[30] Gayundin, hanggang hindi pa dumarating ang anumang ayuda ni Aguinaldo sa Pampanga ay walang magagawa si Hizon kundi ibigay ang gusto ni Torres. Inatasan ni Hizon ang kaniyang pinuno sa Apalit na tustusan ang pangangailangan ni Torres at ibigay dito ang hinihinging listahan.

Ibayong pagtitimpi ang kailangan ni Hizon dahil walang kakayahan ang Pampanga na umatake sa Macabebe. Kapakinabangnan pa rin ng Pampanga ang isinaalang-alang ni Hizon dahil kailangang ibaling niya ang interes sa pagtatanggol sa hangganan ng Pampanga sa hilaga (‘*es guardar los pueblos le hacen, de contracostas por el lado de la Pampanga*’). Problema ni Hizon ang nakaambang pag-abante ng mga puwersang Espanyol mula Pangasinan at Tarlac patungong San Fernando. Mayrooon lamang 600 riple at libo-libong *machete* ang puwera ni Hizon para sa 600 tauhan niya,[31] 200 sa mga ito—mga manghihimagsik mula Lubao, Porac, Malabacat, at Arayat sa ilalim ni Tinyente Koronel Simeon Kabigting ng Arayat—ay ipinadala niya sa Tarlac upang ayudahan si Makabulos sa pagpigil na makaabante patungong San Fernando ang mga Espanyol na manggagaling sa Pangasinan at Tarlac.[32] Si Hizon na lamang ang inaasahan ni Makabulos na sumulat sa

---

[30] *Ibid*., 10-1.

[31] NLP, “Isidoro Torres to Maximino Hizon regarding the defense line.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Folder No. 66, Folio No. 58, pp. 1-2.

[32] NLP, “Francisco Makabulos Soliman’s communication to Maximino Hizon requesting the Kapampangan armed forces to remain further in Tarlac until reinforcement from Cavite arrived, Victoria, 24 June 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 159, Package 43, Folio 31. Ang nagpapatuloy na pakikipaglaban

kaniya na “yamang diay (Pampanga) wala naring kakaawa[y]in kundi ang Makabebe.” Napasabak ang puwersa ni Kabigting sa mga labanan mula 22-24 Hunyo 1898 sa Paniqui, Gerona, at Parsolingan, Tarlac,[33] at sa Ilog Parua noong 24 Hunyo 1898.[34]

### Huling mga Sandali ng mga Espanyol sa Pampanga

Ang huling komunikasyon nina Hizon at Blanco ay noong 25 Hunyo 1898. Sinikap pa rin ni Cordero na himukin si Blanco na kumalas na sa mga Espanyol dahil may malaking puwersa na ng mga Tagalog ang nakaambang sumalakay sa Macabebe.[35] Samantala, sinikap ni Cordero na iparating kay Aguinaldo ang pakiusap ni Blanco na payagan nang makaalis patungong Maynila ang mga Espanyol—ngunit ang utos ni Aguinaldo ay dalhin ang mga Espanyol sa San Fernando at ipamahagi ang mga babae sa iba’t ibang bayan.

---

ng mga manghihimagsik sa Pampanga, Tarlac, at Pangasinan ang dahilan kung bakit hindi nakadalo ang mga opisyal ng mga lalawigang iyon sa sosyalan ng mga pinuno ng Himagsikan sa Polo, Bulacan (ngayo’y Lungsod ng Valenzuela) noong 6 Hunyo 1898 (at umani pa ng batikos ang Pampanga, Tarlac, at Pangasinan sa di pagdalo). Cf. NAP, “Don Jose Ma. Garcia y Araulio’s manuscritos, Manila, 6 de Junio 1898.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Informe No. 26.

[33] NLP, Gen. Francisco Makabulos Soliman’s letter to Gen. Maximino thanking him for the reinforcement he sent to Tarlac, Victoria, June 26, 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Package 55, Folio 46.

[34] NLP, “Francisco Makabulos Soliman’s communication to Maximino Hizon requesting the Kapampangan armed forces to remain further in Tarlac until reinforcement from Cavite arrived, Victoria, June 24, 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reell No. 159, Package 43, Folio 31.

[35] NLP, “Letter of Don Joaquin Cordero to Don Eugenio Blanco, San Fernando, 25 June 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3, 2-3.

Inihanda na ni Hizon ang katitikan ng pagsuko ni Blanco. Itinakda ang lagdaan sa San Francisco, Minalin, petsa 27 Hunyo 1898.[36] Ngunit pinagbawalan na ni Torres si Hizon sa pakikipag-ugnayan kay Blanco dahil napaparalisa lamang nito ang operasyon sa Macabebe.[37] Tulad ng opinyon ni Torres, nakita rin ni Bonzon na walang kapupuntahan ang negosasyon nina Hizon at Blanco.[38] Tuluyan na ngang naunsyami ang negosasyon dahil noong 25 Hunyo 1898, inatake na ng puwersa nina Torres at Bonzon, ang Macabebe.

Ika-11 nang umaga ng 25 Hunyo 1898[39] nagsimula ang labanan sa Macabebe. Ayon kay Padre Rufino Santos, OSA, isa sa mga prayle na nasa Macabebe noon, may mahigit 8,000 manghihimagsik ang umatake sa Macabebe buhat sa Calumpit, Apalit, San Simon, San Luis, at Bataan.[40] Nakakalat naman sa anim na direksyon ang depensa ng Macabebe.[41] Ayon sa gunita ni Danganan, "sa ilalim ni Heneral Kalentong (sic, Koronel Yntong Bonzon), dumiretso kami (kawal ng Apalit) sa bayan ng Macabebe." Ani pa ni Danganan, gulok lamang ang tangan nila. Sinalubong sila ng puwersang Espanyol sa San Gabriel, Macabebe, barangay mula sa Apalit bago makarating sa Poblacion.[42] Maaaring may kaugnayan dito ang naitala sa 1953 HDP ng Apalit na nakasagupa ng mga manghihimagsik

[36] NLP, "Articles of capitulation for the Spanish forces commanded by Gen. Ricardo Monet prepared by Gen. Maximino Hizon and channeled through Col. Eugenio Blanco, San Fernando, 25 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3, 1-3.
[37] NLP, "Hojas de servicio de Maximino Hizon," 11-2.

[38] *Ibid*.

[39] NAP, "Parte original," 3.

[40] Santos, "The Philippine Revolution in Pampanga," 170.
[41] Manuel H. David, pat., *Pampanga Directory* (Maynila: Jesus J. Santos, 1933), Tomo 1, 108.

[42] Catacutan, *The Pisamban*, 188-9.

ang puwersang Espanyol sa Colgante, Apalit, ang barangay na karugtong ng San Gabriel.[43] (Kalaunan, ang pook sa pagitan ng Colgante at San Gabriel ay naging Barangay Caduang Tete, Macabebe noong ika-20 siglo.)

Isang araw bago ang pag-atake, nalaman na ng mga Espanyol ang planong pag-atake ni Torres sa Macabebe, kaya't ipinilit ipasok sa Macabebe ang *cañonero* na *España* at ang barkong pangalakal na *Méndez Núñez* upang sunduin ang mga Espanyol. May bagyo noon. Sa kasagsagan naman ng pag-atake sa Macabebe mula sa iba't ibang panig, mabilisang pinatungo sa daungan ng Balite, Macabebe ang lahat ng Espanyol upang makaalis. Hindi rin naman basta-bastang nakaalis ang mga barko sa takot na dakpin sila ng U.S. Asiatic Squadron na nagpapatrolya sa Look ng Maynila.

Habang abala ang lahat, sa kalaliman ng gabi ng 25 Hunyo 1898, tumakas si Monet kasama ang pamilya ng Gobernador-Heneral at si Juan Blanco sa pamamagitan ng bangka.[44] Kinabukasan, 26 Hunyo 1898, nagulat ang lahat na wala na ang kumandante ng hukbong Espanyol sa Gitna at Hilagang Luzon at ang kinatakutang heneral na nagpapatay ng mga sibilyan sa Panay at Zambales. Bilang gobernador militar sa Macabebe, inako ni Francia ang pamumuno.[45] Sa araw ding iyon, napagdesisyunan ni Torres na ipagpaliban ng dalawang araw ang operasyon sa Macabebe dahil sa kawalan ng bala. Ang hindi alam ni Torres nakatulong ang desisyon niya upang maagang makaalis ang *Méndez Núñez* nang

---

[43] NHCP, "Apalit HDP," 68. Taong 1896 ang binanggit sa HDP, na imposible. Nabanggit din na umatras patungong San Fernando ang mga manghihimagsik. Maaaring nagkaroon ng kalituhan sa pagproseso ng mga detalye ang mga gurong sangkot sa HDP ng Apalit.

[44] Herrero y Sampedro, *Nuestra Prison*, *ibid*.

[45] Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 213; Alonso, *Defensa*, 29, 35, 48.

araw na iyon. Lulan ng naturang barko ang mga sibilyan at sugatang Espanyol sa ilalim ng watawat ng Cruz Roja (Red Cross). Nakasakay na ang 17 prayle sa *Méndez Núñez* nang pinuwersa silang pababain ng isang opisyal na Espanyol. Lumundag sila pababa ng barko at nagparaya, alang-alang sa kapanatagan ng mga sundalo na sa mga prayle ibinunton ang sisi kung bakit nagkagulo sa Pilipinas ("*Con santa resignación obedeció el humilde agustino la arbitraria orden del flamante doctor que ebrio de orgullo se gozaba en vilipendiarle*").[46]

Gayong suspendido ang operasyon, sinikap pa ring habulin ng puwersa ni Torres ang mga nakita nilang Voluntarios de Macabebe hanggang sa daungan ng Balite.[47] Kung itinuloy ni Torres ang pag-atake, disin sana'y nabigyan nang pagkakataon na makaalis ang mga Espanyol. Bandang dapit-hapon, pinaatras ni Francia ang mga sundalong Espanyol patungong daungan. Pinigilan ng Voluntarios de Macabebe ang pag-abante ng natitirang puwersa ni Torres. Nakaalis lamang ang mga Espanyol sa Macabebe at ang Voluntarios de Macabebe noong 27 Hunyo 1898 at lumipat sa Estaca, Sasmuan.[48] Nahabol pa ng mga manghihimagsik mula Apalit ang mga Espanyol at Voluntarios de Macabebe sa Sasmuan.[49] At makalipas ang dalawang araw, lumipat ang 300 sundalo at opisyal na Espanyol at

---

[46] Elviro Perez, *Catálogo bio-bibliográfico de los religiosos agustinos de la provincia del santisimo nombre de Jesus de las Islas Filipinas* (Maynila: Establecimiento Tipográfico del Colegio de Santo Tomás, 1901), 510-1.

[47] Alonso, *Defensa*, 25.

[48] Damian Isern, *Del Desastre Nacional y sus Causas* (Madrid: Imprenta de la viuda de M. Minuesa de los Ríos, 1899), 437.

[49] Catacutan, *The Pisamban*, 189.

Voluntarios de Macabebe sa *cañonero* na *Leyte* na nakadaong sa isang nayon sa Bataan[50] Ang kulang-kulang 700 iba pang Espanyol ay pinagkasya ang mga sarili sa 13 banka at isang *casco* na hila-hila ng *Leyte*. Pawang mga sundalo iyon nina Francia at Dujiols. Hindi naman pinasakay sa *Leyte* ang mga prayle sa puot ng mga sundalo.

Gaya nang inaasahan, makalipas ang dalawang araw na suspensyon ng pag-atake, itinuloy ni Torres ang operasyon sa Macabebe noong 28 Hunyo 1898. Wala nang paglaban na nangyari sa araw na ito. Sa katunayan, napasok ng puwersa ni Bonzon ang Poblacion nang kay dali. Nag-uulat sa Macabebe, ibinalita ni Bonzon kay Torres na napasok nila ang bayan sa pagitan ng ika-7:00 at ika-8:00 ng araw na iyon. Iniulat din ni Bonzon na may mga taga-San Fernando din na hinihinala niyang mga tauhan ni "Yson" (Hizon) ang walang pasabing dumating sa Macabebe. Kapansin-pansin sa ulat na iyon ni Bonzon na lumagda siya bilang "Jefe Macabebe."[51] Tinatayang 700 baril at libo-libong bala ang nakumpiska ng puwersa ni Torres at Bonzon.[52]

---

[50] NLP, "Acta levantada por los oficiales de la columna del general Monet, después de caer prisioneros de las fuerzas insurrectas, pueblo de Hagonoy, á 1.$^{0}$ de Julio del [18]98, Don Domingo Bernades." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 11, Folder No. 113, No. 6; Pí y Margall at Pí y Arsuaga, *Historia de España*, Tomo 7, 1111; Ría-Baja, *El Desastre*, 108; Emilio Aguinaldo, *True Version of the Philippine Revolution* (Maynila: National Historical Institute, 1899/2002), 26, 113.

[51] NLP, "Ulat ni Agapito Bonzon kay Isidoro Torres, Macabebe, 28 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Records*. Reel No. 159, Folder No. 93-94, Folio 4, NLP.

[52] Bautista, *Ang Malulos*, 63.

Noong 29 Hunyo 1898, ipinahayag ni Hizon na nakubkob na ang Macabebe.[53] Malugod na tinanggap ni Tomas Pacia, *capitan municipal* ng Macabebe, ang pagsuko ng bayan, sa mga manghihimagsik.[54]

**Kapalaran ng mga Nakatakas na Espanyol**

Matapos makuha ang Macabebe, tinatayang 1,000 Espanyol pa ang patungo sa San Fernando na magmumula ng Dagupan at Tarlac.[55] Kahit anong mangyari'y nais di umano pa rin ng mga Espanyol sa Tarlac na makatawid ng Pampanga.[56] Matapos ang matiyagang pagtutulungan nina Hizon at Makabulos, napasuko ang mga Espanyol sa Tarlac noong 10 Hulyo 1898.[57]

Umalis ang kapangyarihang Espanyol sa Pampanga sa pamamagitan ng unang ilog na pinasukan nila at unang lugar na tinuntungan nila sa naturang lalawigan noong 1571: ang Ilog Pasac (Rio de Betis y Lubao) at ang Macabebe. Iba nga lang ang kuwento: noong 1571 mga taga-Macabebe ang unang katutubo na humamon sa interes ng mga Espanyol;

---

[53] UPDML, "A. Serrano's History of Betis," 24-5.
[54] NHCP, "Macabebe HDP," 7.
[55] NLP, "Letter of Gen. Francisco Makabulos to Gen. Maximino Hizon about the Kapampangan operations in Tarlac, Victoria, June 26, 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Package 55, No. 46.
[56] NLP, "Letter of Lt. Col. Vicente Kabigting, Jefe del Segunda Zonia of Kapampangan Revolutionary Company, to Gen. Maximino Hizon regarding the march of the Spanish cazadores and voluntarios from Tarlac, Tarlac towards Pampanga, Arayat, June 28, 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Package 62, No. 54.
[57] Lino L. Dizon, *Francisco Makabulos Soliman: A Biographical Study of a Local Revolutionary Hero* (Tarlac, Tarlac: Center for Tarlaqueño Studies, Tarlac State University, 1994), 56-7; Ría-Baja, *El Desastre*, 174-9.

noong 1898 mga taga-Macabebe ang huling katutubo na nagtanggol sa kapangyarihang Espanyol. Ngunit hindi ang mga kakampi nilang mga taga-Hagonoy: tinangay nang malalakas na alon ng makasaysayang Look ng Maynila, patungo sa baybayin ng Hagonoy ang mga bangka ng kulang-kulang 700 Espanyol na galing Macabebe. Sa lakas ng alon dulot ng bagyo, ipinayo ni Peral na delikado para sa *Leyte* na ituloy ang paglalakbay na hila-hila ang mga bangka. Pitong oras silang nakahinto sa laot, at makalipas noon ay napagkayarian na kailangang dumiretso na ang *Leyte* sa Maynila at agad na hihingi doon ng tulong upang sagipin ang mga nasa bangka. Nanatili sa laot ang mga bangka gabi ng 29 Hunyo 1898. Inabutan na sila ng umaga ng 30 Hunyo 1898 at wala silang ibang ginawa kundi limasin ang sibol sa mga bangka.

Ika-4:30 ng hapon nang 1 Hulyo 1898, hinampas sa baybayin ng Hagonoy ang mga bangka ng mga hapo, gutom, at nanghihina nang mga loob na Espanyol.[58] Sa baybayin ng Hagonoy, namataan ng puwersa ni Torres, sa ilalim ni Santiago Trillana ng Hagonoy at Adriano Gatmaitan ng Paombong, ang mga Espanyol. Agad silang dinakip: 140 sundalo ng Batallón Número 4; 30 ng Batallón Número 5; 83 ng Batallón Número 8; at 307 ng Batallón Número 9; 66 *guardia civil* ng Pampanga; 28 ng brigada de Administración militar ni Monet; dalawang eksperto sa armas; isang *factor* (?); tatlong opisyal; 14 na sibilyan; at 15 prayle (14 ayon sa *memoirs* ni Padre Fermín Pérez de San Julián, OP, isa sa mga prayleng bihag). May walong sundalo ang iniulat na nalunod. Nakumpiska mula sa mga Espanyol ang 410 mauser (halos 300 sa mga ito ay napakinabangan ni Hen. Manuel Tinio sa pagpapalaya sa La Union, Ilocos, Abra, Benguet, Tiagan, Amburayan, Lepanto,

[58] Maaaring bandang Pugad o Tibaguin, Hagonoy, Bulacan.

Bontoc, at Cagayan[59]), 20,050 bala, 27 espada, at 28 rebolber.[60] Kinumpiska rin maging ang personal nilang mga gamit at idinala sa bahay ng isang lider sa Hagonoy. Wala nang nabalitaan sa mga iyon. Tinangka pa silang sagipin ng Hukbong Dagat ng Espanya ngunit huli na.[61]

Pinatuloy ang mga prayle sa kumbento ng Hagonoy at hinainan ng makakain at maiinom. Kalaunan, ipinamahagi ang mga bihag na Espanyol, lalo na ang mga prayle, sa iba't ibang bayan sa Bulacan upang maging katulong. Nang pasinayaan ang kongresong panghimagsikan ng Pilipinas sa Barasoain noong 15 Setyembre 1898, ipinarada ang mga prayle sa publiko. Sa kahihiyan, nagtago sa mga payong ang dating mga makapangyarihang tao sa Pilipinas.[62] Bihag ang mga prayleng ito ng hukbong Pilipino mula Hagonoy hanggang sa makarating ang sentro ng Republika sa Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac, Pangasinán, llocos, hanggang sa Cervantes, Lepanto (ngayo'y bahagi ng Ilocos Sur) kung saan pinalaya ang mga ito noong 4 Disyembre 1899.[63] Hindi naman pinalad ang kura ng San Fernando na si Padre Redondo sapagkat binitay siya sa Magalang, Pampanga noong 30 Marso 1899.[64]

---

[59] "Manuel S. Tinio (1877-1924)." Sa National Historical Institute, *Filipinos in History* (Maynila: National Historical Institute, 1990, Tomo 2.

[60] NLP, "*Acta levantada*," *ibid*.; Pí y Margall at Pí y Arsuaga, *Historia de España*, Tomo 7, 1111; Ría-Baja, *El Desastre*, 107-10; Fermin Sanjulian, "Mga Gunita ng Isang Paring Bihag sa Bulakan, 1898," sa Mary Jane B. Rodriguez, pat. *Kongreso ng Malolos* (Malolos, Bulacan: Samahang Pangkasaysayan ng Bulacan, Inc., 1898), 37-8; Lino L. Dizon, *An Epistle of a Friar-Prisoner, 1898-1900* (Lungsod ng Angeles: Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University).

[61] Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 221.

[62] Dizon, *An Epistle*, 21.

[63] Perez, *Catálogo*, 586.

[64] *Ibid*., 510.

**Maduming Politika ng Himagsikan sa Pampanga**

Pagkaraang mapaalis sa Pampanga ang mga Espanyol, trinabaho naman ng mga Pampango ang pag-oorganisa nila sa sarili bilang lalawigang kumikilala sa Pamahalaang Panghimagsikan. Noong 26 Hunyo 1898, dalawang araw bago tuluyang umalis ang mga Espanyol sa Pampanga, nagtagpo sa San Fernando ang mga kinatawan ng mga bayan ng lalawigan—liban sa Macabebe—upang pormal na hirangin si Hizon bilang Gobernador Político-Militar at ang pagkilala sa kaniya bilang kinatawan ni Aguinaldo sa lalawigan.[65] Ito ang simula ng pagkontrol ng tinatawag ni Hizon na "*una entidad respectable"* at may "*influencia moral*," samakatuwid isang oligarkiya ng uring *principalia*. Isang *fiesta real* ang isinagawa sa Pampanga noong 3 Hulyo 1898 upang ipagdiwang ang tagumpay ng Himagsikan sa lalawigan.[66]

Ngunit noong 6 Hulyo 1898, nabaliwala ang pagtitipon sa San Fernando dahil si Hilario ang itinalaga ni Aguinaldo upang maging *gobernador civil* ng Pampanga.[67] Ipinagkatiwala ng Pamahalaang Panghimagsikan kina José Alejandrino ng Arayat (na nakabalik na mula Hong Kong) at Francisco S. Dizon ang pag-oorganisa sa mga pamahalaang bayan ng Pampanga. Isang maaaring salik sa pagiging gobernador ni Hilario ng Pampanga ay si Leandro Ibarra ng Lubao. Utang ni Ibarra kay Hilario ang buhay niya nang magkahulihan noong 1896. Sa Pamahalaang Panghimagsikan, itinalaga ni Aguinaldo

---

[65] Dean Conant Worcester, *The Philippines Past and Present* (New York: The Macmillan Company, 1914), 105; Taylor, *The Philippine Insurrection*, Tomo 3, 69.

[66] UPDML, "A. Serrano's History of Betis," 25.

[67] *Ibid*.

si Ibarra bilang kalihim ng Secretaria de Interior na tagapangasiwa sa mga pamahalaang lokal. Nawala ang Pampanga kay Hizon dahil sa paninira sa kaniya ng mga tinawag niyang "*ambiciosos y hasta descontentos*" ('ambisyoso at maging ang mga ayaw sa kaniya').[68] Hindi man niya direktang pinangalanan, dismayado si Hizon kina Torres at Bonzon (mga "*descontentos*") na nag-akusa sa kaniya ng kapabayaan sa Macabebe at insubordinasyon. Nauwi pa ang akusasyon sa paglilitis sa kaniya ng korte militar sa Cavite noong 8 Hulyo 1898. Hindi rin nakaligtas sa pasaring si Hilario ("*ambiciosos*") na siniraan si Hizon kay Torres na nakikipagsabwatan sa Macabebe.

Tinanggal din kay Hizon ang Comandancia ng Pampanga at ibinigay ito kay Hen. Tomas Mascardo, isang Caviteño. Tila hindi kinilala ni Aguinaldo ang pagkakaroon ng Comandancia ng buong Gitna at Hilagang Luzon sa ilalim ni Hizon dahil wala ito sa distrito ng Hukbong Mapaghimagsik. Ibinaba rin ang ranggo ni Hizon sa koronel mula sa pagiging heneral na ibinigay sa kaniya ni Makabulos. Gayundin, kung kailan tapos na ang operasyon sa Macabebe, doon lang dumating ang mga armas at kanyon sa Pampanga mula Cavite na hiniling ni Hizon.[69] Tinatayang 600 manghihimagsik naman ng Cavite, na naiwan pa sa Macabebe pagkaraan ng bakbakan ang nangagutom, dala na rin ng kautusan ni Hizon sa pamamagitan ni Joaquin na gutumin ang mga taga-Macabebe simula 16 Hunyo 1898.[70] Nasa ilalim ni Bonzon ang Macabebe.

---

[68] NLP, "Hojas de Servicio de Maximino Hizon," 20-1.

[69] NAP, "Don Cecilio Martinez Alava's Manuscrito, Manila, 16 de Julio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-43, Informe No. 8.

[70] NAP, "Don Antonio de Muniain's Manuscrito, Manila 22 de Julio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-21, Informe No. 72.

Ang pagbabago sa lideratong sibil at militar ng Pampanga ay pagbaliwala ni Aguinaldo sa pagtalaga ng Comité Central Directiva ni Makabulos kay Hizon bilang gobernador ng Pampanga, na nangyari sa panahong nasa pagkakapatapon pa sina Aguinaldo sa Hong Kong. Pagbaliwala rin iyon sa pagkilala ng mga manghihimagsik at ng mga kumalas na mga Pampangong *voluntario* (liban sa Voluntarios de Macabebe) para sa kilusang panghimagsikan sa awtoridad ni Hizon bilang kumandante ng hukbong panghimagsikan sa Pampanga taglay ang titulong Comandante ng Gitna at Hilagang Luzon kaugnay ng pagkubkob niya sa tanggapan ng Comandancia ni Monet sa San Fernando. Gayundin, ang aksyon ni Aguinaldo ay pagbaliwala rin sa kumpirmasyon sa San Fernando ng kinatawan ng mga bayan ng Pampanga noong 26 Hunyo 1898 sa awtoridad ni Hizon sa Pampanga bilang gobernador político militar.

Estratehikal ang paglalagay ni Aguinaldo sa dalawang Caviteño sa Pampanga (i.e., Mascardo, Bonzon) at sa isang *principal* na Pampango na kapalagayang loob niya (i.e., Hilario), upang masigurong kontrolado niya ang Pampanga. Sa pagbabagong ito sa liderato ng Himagsikan sa Pampanga, muling naging sentro ng atensiyon sa Bacolor na ilang linggong naibaling sa San Fernando. Kaya ng San Fernando na pangatawanan ang pagiging sentro ng Pamahalaang Panghimagsikan sa Pampanga, ngunit sa Bacolor pa rin napili ni Hilario na mag-opisina, kahit tupok na ang Casa Real. Sa pahintulot ni Padre Maximo Biron, kurang sekular ng Bacolor, naging tanggapan ng pamahalaang panlalawigan ang Kumbento ng Simbahan ng Bacolor.[71] Bahagi ito ng "pamanugaling Bacolor" (Bacolor

[71] Hilario-Lacson, *Kapampangan Literature*, 397.

Complex) na ang sentro ng uniberso ng mga Pampango at ng etnikong Kapampangan ay ang Bacolor.

Noong 1 Agosto 1898, dumalo ang mga *presidente* ng mga bayan ng Pampanga—kabilang ang Macabebe—sa pagtitipon ng malalayang bayan ng Pilipinas sa kabisera ng Pamahalaang Panghimagsikan sa Bacoor, Cavite.[72] Pinagtibay doon ng mga *presidente* ang kalayaan, alinsunod sa plano ni Mabini. Makalipas ang dalawang araw, naglabas ng talumpati si Aguinaldo hinggil sa pagtitibay ng kalayaan ng Pilipinas. Sa naturang talumpati, binansagan niya ang lalawigan na "ang maligayang Capangpañgan."[73]

Noong 13 Agosto 1898, kinumpirma naman ni Aguinaldo ang pagkakatalaga ng walong gobernador sa unang walong lalawigang nakalaya na, kabilang ang Pampanga:

| | |
|---|---|
| Maynila | : Ambrosio Flores |
| Cavite | : Ladislao Diwa |
| Bulacan | : Segundo Rodrigo |
| Batangas | : Manuel Genato |
| Laguna | : Escalastisco Salandanan |
| Pampanga | : Tiburcio Hilario |
| Nueva Ecija | : Felino Kahucom |
| Bataan | : Pedro de Leon[74] |

[72] NLP, "Acta, Bacoor, 6 Agosto 1898." *Philippine Revolutionary Records*, SD82.6, 1-8.

[73] NLP, "Talumpati na isinaysay nang Presidente M. Emilio Aguinaldo at Famy sa Cavite Viejo nĝ 3 nĝ Agosto nĝ  1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, LR 22, 8.

[74] Felipe G. Calderón, *Mis Memorias sobre la Revolución Filipina: Segunda Etapa (1898 á 1901)* (Maynila: Imp. de El Renacimiento, 1907), 100.

Sa araw ding iyon, binigyan ni Aguinaldo si Hizon ng isang espesyal na misyon: tumulong sa pagpapabagsak sa mga Espanyol sa Intramuros. Mga manghihimagsik ng Arayat ang hawak ni Hizon. Hindi naman sila nakasabak sa pagpapabagsak dahil nautakan sila ng mga Amerikano: isinara ang mga tarangkahan ng Intramuros at hindi pinahintulutan ang mga Pilipino na makapasok. Sa mga Amerikano sumuko ang mga Espanyol. Bumalik sa Pampanga si Hizon at ang kaniyang kumpanya ng Arayat noong 12 Setyembre 1898.

**Pagbaligtaran ng Uring Principalia sa Pampanga**

Karakaraka mang nagbago ang lideratong sibil at militar sa Pampanga, nanatili pa rin ang oligarkiya ng uring *principalia*. Nakakagulat ang tulong na ibinuhos ng mga Pampangong uring *principalia* sa administrasyong Aguinaldo sa Pampanga, gayong kung babalikan ang panahon bago ang Hunyo 1898, marami sa kanila ang nanahimik o kung hindi man ay sumuporta sa mga Espanyol.

Noong nakaamba ang pag-atake nina Torres at Bonzon sa mga Espanyol na nasa Macabebe, sa mansyon ni Dr. Joaquin Gonzalez sa Sulipan, Apalit plinano ang pag-atake. Ang kaanak naman niya na si Matea Rodriguez vda. de Sioco, vda. de Arnedo-Cruz ng Sulipan sa kaniyang maybahay na si Doña Florentina Sioco y Rodriguez ay sinasabing tinustusan ang pangangailangan ng mga manghihimagsik sa Apalit at binuksan ang

kaniyang mansyon upang maging himpilan.[75] Pinalaya naman ni Aguinaldo ang kaanak nilang si Buencamino noong 9 Hunyo 1898 at naging matinding tagasuporta siya ni Aguinaldo sa Pampanga.[76] Ayon naman sa 1953 HDP ng Apalit, ang isa pang kamag-anak ng mga *principal* ng Sulipan na si Don Joaquin Arnedo Cruz, dating *gobernadorcillo* ng Apalit at tubong San Vicente, Apalit ay sinasabing maraming nailigtas na buhay dahil sa "tamang pakikipagsabwatan" ("*proper collaboration*") niya sa mga Espanyol at dala na rin ng impluwensiya niya sa lipunan.[77] Tanyag na si Arnedo Cruz bago pa ang Himagsikan, dahil sa kaniyang mansyon sa tabi ng Rio Grande na binansagang La Sulipeña. Nag-ari siya ng daan-daang mamahaling porselang pinggang buhat pa sa Paris, likha ng Ch. Pillivuyt & Cie, na may mga pasadya pang *monogram* na "MS" (inisyal ng pangalan ng kaniyang maybahay na si Maria Sioco) at "Sulipan." Maging ang mga Baccarat na pinggang kristal nila at mga Christofle na kubyertos ay may mga pasadya ring ukit na "MS" at "Sulipan." Kabilang sa malimit nilang mga bisita ay ang mga gobernador-heneral, arsobispo ng Maynila, matataas na opisyal ng mga ordeng relihiyoso, mangangalakal, maging ang Duke ng Edinburgh (1869), ang Hari ng Cambodia na si Norodom (1872), ang anak ng Tzar ng Rusya na si Alexis Alexandrovich (1891), at si Rizal bago ipatapon sa Dapitan (1892). Noong kasagsagan ng Himagsikan, may pumasyal pa sa La Sulipeña na prinsipe, di umano, ng Imperyong Hapon. Upang ipakita ang yabang ng angkang ito ng Sulipan (na maaaring ebidensiya ng pakikisangkot ng pamilya sa umuugong na

---

[75] Andrez Gonzalez, "Familia Arnedo de Sulipan, Apalit, Pampanga, 19 August 2006," personal na tala na sinipi sa Catacutan, *Ing Pisamban*, 181-2.

[76] Togores y Saravia, *Blockade*, 61-2.

[77] NHCP, "Apalit HDP," 31.

pakikisimpatya ng mga Hapon sa Himagsikan), iniitsa sa Rio Grande ang lahat ng ginamit na pinggan.[78] Dalawa ang bahay ng mga Arnedo na naaalala ng matatanda noong 1953 (at naitala sa HDP ng Apalit) kung saan isinasagawa ang malalaking pagtitipon at kainan noon.[79]

Noong 15 Setyembre 1898, binuksan sa Simbahan ng Barasoain, Bulacan ang Kongresong Panghimagsikan. Tatlo sa aktibong kinatawan ng Congreso ay mula sa uring *principalia* ng Pampanga: si Dr. Joaquin Gonzalez ng Apalit na halal na kinatawan ng Pampanga; si Cecilio Hilario, kapatid ni Tiburcio Hilario at itinalaga ni Aguinaldo na kinatawan ng Camarines Sur; at ang kontrobersyal na si Buencamino.[80] Hindi man mga dugong Pampango, maimpluwensiya pa rin sa Pampanga sina Gonzalez (na tubong Baliuag, Bulacan) at Buencamino (isinilang sa San Miguel de Mayumo, Bulacan) dahil na rin sa nakapangasawa sila ng mga miyembro ng uring *principalia* ng Pampanga. Naging tuntungan nila ang pakikisangkot sa galaw ng Himagsikan sa Pampanga upang magkapapel sila sa pambansang pamahalaan ni Aguinaldo. Noong 19 Oktubre 1898, pinasinayaan sa Simbahan ng Barasoain ang unibersidad ng pamahalaang Pilipino, ang Universidad Literaria de Filipinas. Si Joaquin ang napiling unang *rector* nito.[81] Si Buencamino naman ang dahilan kung bakit mismong si Aguinaldo ay nilabag ang pinakapundamental na batayan ng Pamahalaang Panghimagsikan—ang dekreto ng 23 Hunyo 1898, na dinisenyo

---

[78] Cf. Sawyer, *The Inhabitants*, 245; Gonzalez, "Familia Arnedo," 182.

[79] NHCP, "Apalit HDP," 42.

[80] Cf. Worcester, *The Philippines*, Tomo I, 261.

[81] Guevarra, ed., *The Laws*, 58; Manuel Artigas y Cuerva, *La Civilización Filipina* (Maynila: Imprenta Sevilla, 1912), 90; Artigas y Cuerva, *Galería de Filipinos Ilustres*, 252, 362.

ni Mabini: isinulat ni Buencamino ang talumpati ni Aguinaldo sa pagbubukas ng Kongreso sa Barasoain at binanggit na hinihimok ng pangulo ang mga kongresista na sulatin ang konstitusyon ng Pilipinas, bagay na wala sa kapangyarihan ng Kongreso batay sa dekreto.

Bagaman hindi nakalagda, isa si Cecilio Hilario sa mga aktibong kinatawan na lumikha sa Konstitusyon ng Pilipinas.[82] Kabilang din si Hilario sa mga nagpasok ng probisyon na sumiguro sa paghihiwalay ng simbahan at estado—ang probisyon na hanggang sa kasalukuyan ay taglay ng konstitusyon ng Pilipinas.[83]

Nagbago ang ihip ng hangin nang umani ng tulong si Aguinaldo mula sa uring *principalia* ng Pampanga. Gayong sa kaniyang sariling gunita ng Himagsikan ay hindi niya binanggit ang Pampanga na isa sa mga unang probinsya na sumama sa Himagsikan mula 1896-1897,[84] isinama ni Aguinaldo ang Pampanga sa talumpati niya sa ratipikasyon ng Kongreso sa proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas noong 29 Setyemebre 1899 sa Barasoain: kinilala niya ang Pampanga bilang isa sa "ualong guhit nang banaag na taglay ng sumisicat na araw (sa watawat)" at siyang "bumalisa at biglang nagbigay ng liuanag sa Sangcapuluan" noong Agosto 1896.[85] Sa naturang okasyon ng ratipikasyon ng kalayaan ng Pilipinas, mga kusinero ng La Sulipeña ang nagluto.

[82] Tingnan ang mga debate sa konstitusyon sa Calderon, *Mis Memorias*, 29-31, 36, 38.

[83] Calderon, *Mis Memorias*, 28-9.

[84] Aguinaldo, *Mga Gunita*, 319.

[85] Bautista, *Ang Malulos*, ibid.

Sinikap din ng mga Pampango na buuin ang kanilang papel sa paghahangad ng mga Pilipino sa isang malaya at nagsasariling Pilipinas. Sa ilalim ng liderato ni Hilario bilang gobernador ng Pampanga, ipinawasak niya ang monumento sa Bacolor para kay Simon de Anda y Salazar, ang itinuring na "*el héroe de fines del siglo pasado*" ('ang bayani nang huling bahagi ng nagdaang siglo') na itinayo noong 1853,[86] upang ang mapakikinabangang parte ng monumento ay ipantayo ng bantayog para kay Rizal, ang bayani ng Himagsikan nang huling bahagi ng ika-19 na siglo.[87] Dating nakatayo ang naturang monumento sa pagitan ng Simbahan ng Bacolor at ng mismong bahay na tinuluyan ni Anda noon sa Bacolor sa kasagsagan ng pananakop ng mga Briton sa Maynila mula 1762-1764.[88] Sa dokumentasyon ng Amerikanong Thomasite na si Luther Parker, isang krus ang dating nakatayo sa pinagtayuan sa monumento para kay Anda. Noong 1909, ginawa namang palengke ang pinagtanggalan sa monumento para kay Anda.[89] Ang pagwasak sa monumento para kay Anda ay tila ekspresyon iyon ng tuluyan pagputol sa anumang kaugnayan ng mga Pampango sa pagtatanggol sa interes ng mga Espanyol. Ang dating iginagalang na monumento ay sinasabing inaapak-apakan na lamang papasok sa Escuela de Artes y Oficios de Bacolor (ngayo'y Don Honorio Ventura Technological State University) ang mga bahaging marmol mula sa ginibang monumento. Natabunan naman

---

[86] "Un Monumento a Don Simon de Anda y Salazar." *El Oriente*, 5 Marso 1876, 5.

[87] UPDML, "Luther Parker's Some Notes in Pampanga (ca. 1911)." *Luther Parker Collection*, Document No. 248, Folder No. 43, Box No. 2, 8; UPDML, "Parker's Note: Tiburcio Hilario commanded the statue of Anda to be destroyed." *Luther Parker Collection*, Document No. 860, Folder No. 239, Box No. 10.

[88] Tungkol sa lokasyon ng ginibang monumento sa tapat ng bahay na tinuluyan ni Anda, cf. "Un Monumento," *ibid*; tungkol naman sa lokasyon nito sa tapat ng Simbahan ng Bacolor, Cf. UPDML, "Notes on History of Bacolor by Luther Parker." *Luther Parker Collection*, Document No. 860, Folder No. 239, Box No. 10, 2.

[89] UPDML, "Notes on History of Bacolor," 1.

ang mga marmol na iyon nang gawing *granite* ang harapan ng eskuwelahan at nang sementohin pa iyon kalaunan noong 1907 nang maging punong guro si Parker. Bacolor Trade School na noon ang tawag sa nasabing eskuwelahan sa ilalim ng administrasyon ng mga Amerikano.

Kaugnay naman ng Escuela de Artes y Oficios de Bacolor, binuksan ito muli noong 2 Disyembre 1898 sa kabila ng pinsalang tinamo mula sa pagsunog dito ng mga Espanyol ng abandonahin ng mga ito ang Bacolor. Tinaglay ng Escuela de Artes y Oficios de Bacolor ang bagong pangalang Instituto Zita y del Moral, alay sa "wala nang kamatayang alaala ng mga kababayang (Pampango)" tagapagtatag ng paaralan na si Padre Juan Zita at unang *rector* nito na si Padre Victor Dizon del Moral ("*la resurrección gloriosa del malogrado centro docente fundado por nuestros inmortales comprovincianos*").[90] Ayon sa ulat ng pahayagang *El Heraldo de la Revolución*, ang pagbubukas ng Instituto ay pagpapatuloy sa makabayang simulain ng dalawang pari ("*cuya obra patriótica se propone continuar, a la sombra de las conquistas realizadas por el pueblo Filipino, el naciente Instituto*"). Sila ang kauna-unahang mga dakilang Pampango ("*los pampangos ilustres*") na ginawaran ng naturang pagkilala ng pamahalaang Pilipino. Nasa direksiyon iyon ni Roman Valdez Angeles, abogado na tubong Bacolor at isa sa pinakamatatalinong estudyante sa Maynila nang kapanahunan niya.[91]

---

[90] "Remitido." *El Heraldo de la Revolucion*, 8 Disyembre 1898, 169-71.

[91] Fidel Villarroel, *José Rizal and the University of Santo Tomas* (Maynila: University of Santo Tomas, 1984), 224.

**Tuluyang Pagkasira ng Pangalan ng Macabebe**

Lalong nasira ang pangalan ng Macabebe dahil sa panloloko ni Blanco kay Aguinaldo noong 3 Hulyo 1898. Sa araw na iyon ay pinakawalan ng mga manghihimagsik si Blanco upang magtungo sa Gobernador-Heneral para sa isang espesyal na misyon na hindi naidokumento kung ano iyon. Ito'y sa kabila ng panawagan ng mga pinuno ng Himagsikan na bitayin si Blanco. Katwiran ni Mabini, noo'y tagapayo ni Aguinaldo, magagamit pa nila si Blanco upang makipag-usap sa Gobernador-Heneral, dahil si Blanco lang naman ang alam nilang Pilipino na pakikinggan ng mga Espanyol.[92] Pumayag si Aguinaldo sa paniwalang nais lamang ni Blanco na makita ang pamilya nito at babalik muli ng Cavite bilang bihag ("*concedido permiso para que venga á ver su familia bajo de honor de que volverá á constituirse prisionero*").[93] Hindi na bumalik si Blanco sa Cavite.

Nabihag ng mga manghihimagsik si Blanco noong 30 Hunyo 1898, ang araw kung kailan naharang sa Look ng Maynila ng U.S. Asiatic Squadron ang *Leyte*. Agad na sumuko sa mga Amerikano ang mga lulan nito, kasama si Blanco at ang kaniyang Voluntarios de Macabebe.[94] Sinikap ng mga Espanyol sa Intramuros na hilingin kay Dewey na palayain kahit ang mga opisyal nila na sina Sostoa at Dujiols, na dininig naman. Agad na iniulat ni Dujiols sa Gob. Hen. Augustin ang kalagayan ng iba pa nilang kasamahan na nasa laot pa. (Nagpadala ang Gobernador-Heneral ng sasagip, ngunit huli na dahil nadakip na ng

---

[92] Belén Pozuelo Mascaraque, "Los Estados Unidos, Alemania y el desmantelamiento colonial español en el Pacifico: El caso de las Marianas." *Anales de Historia Contemporánea* 14 (1998), 158.

[93] "The Fall of Manila: Excerpts from a Jesuit Diary, 21 April 1898 to 7 February 1899." *Philippine Studies* 37:2 (1989), 207; Toral at Toral, *El Sitio de Manila*, 228-9.

[94] Aguilar, "Rendición de Marianas," 77.

puwersa ni Torres ang mga natitirang Espanyol sa Hagonoy.) Pinayagan naman ng mga Amerikano si Blanco na sulatan niya ang kaniyang ama (at sa pamamagitan ng sulatan nila ay nakakakuha ng balita ang mga Espanyol hinggil sa mga Amerikano).[95] Hindi natapos ang araw, bilang tanda ng 'pakikipagkaibigan,' isinalin ni Dewey sa kinatawan ni Aguinaldo sa Cavite na si Benito Legarda, Espanyol na koronel at kalauna'y kongresista sa Barasoain, ang mga nadakip na Espanyol at Voluntarios de Macabebe.[96] Ikinulong ang mga Espanyol at Voluntarios de Macabebe sa San Felipe Neri.

Sa kabilang banda, may isang Espanyola na nakasaksi sa paglilipat sa mga bihag. Agad itong nagtungo sa Maynila at iniulat na papatayin na ng mga Amerikano ang mga bihag. Pumagitna lamang daw si Aguinaldo at hiningi ang mga bihag upang magamit na kapalit sa pagkuha sa Intramuros.[97] Isa lamang ito sa mga pambihirang balita noong Himagsikan mula sa Cuerpo de Vigilancia de Manila.

Mabuti na lamang, noong 5 Hulyo 1898, kinuha muli ni Dewey kay Aguinaldo ang mga bihag na Espanyol at Voluntarios de Macabebe; dahil kung nagkataon, ang mga ito ang pagbubuntunan ng galit ng mga manghihimagsik dahil sa panloloko ni Blanco.[98] Mas nanaisin pa di umano nilang bihagin ng mga Amerikano kaysa ng mga Tagalog.[99] Noong

---

[95] NAP, "Don Juan Gomez' Manuscrito, Manila, July 2, 1898," *Philippine Revolutionary Records*, Manuscrito B-48, Informe No. 34.

[96] Alonso, *Defensa*, 32; Pí y Margall at Pí y Arsuaga, *Historia de España*, Tomo 7, *ibid*.; María Dolores Elizalde Perez-Grueso, mga pat., *Imperios y Naciones en el Pacífico* (Madrid: Asociación Española de Estudios del Pacífico and Consejo Superior de Investigaciones Científicas, 2001), Tomo 2, 667; Aguinaldo, *True Version*, 26, 113; Toral and Toral, *El Sitio de Manila*, 228.

[97] NAP, "Don Juan Gomez' manuscrito," *ibid*.

[98] Aguinaldo, *True Version*, *ibid*.

[99] Aguilar, "Rendición de Marianas," 79.

29 Hulyo 1898, inilipat ng mga Amerikano ang mga bihag kay Augustín sa pamamagitan ng Embahada ng Belgium sa Maynila.

Sa Pampanga, hindi matiyak kung epektibo pa ang utos ni Hizon, noong 16 Hunyo 1898, na hulihin ang sinumang taga-Macabebe at ipiit sa San Fernando. Walang malinaw na tala kung may hinuli ngang mga taga-Macabebe sa Pampanga, bagaman sa ibang lalawigan ay may naitalang mga bihag na taga-Macabebe. Sa San Isidro, Nueva Ecija, may 100 na bilanggong taga-Macabebe at tumanggap nang malulupit na parusa.[100]

Sa mismong bayan ng Macabebe, tumanggap ng pagsisikil ang mga tagaroon mula sa mga manghihimagsik.[101] Napaulat na binubugbog at iginagapos sa ilalim ng araw ang mga taga-Macabebe.[102] Nakiusap si Hilario noong 28 Hulyo 1898 na itigil na ang pamamarusa.[103]

Isa sa mga umugong na sabi-sabi noon ay ang planong pag-ubos ni Hen. Antonio Luna sa populasyon ng Macabebe dahil sa kawalan ng pag-ibig sa bansa. Agad na nagtungo sa tanggapan ni Luna sa Malolos sina (Jose) Alejandrino at Macario Arnedo, *principal* ng Apalit, upang pigilan ang balak nito sa mga taga-Macabebe. Kinumpirma mismo ni Luna

---

[100] Albert Sonnichsen, *Ten Months a Captive among Filipinos* (New York: C. Scribner's Sons, 1901), 154-5.

[101] Worcester, *The Philippines*, Tomo 1, 159; Brian McAllister Linn, "The US Army and Nation Building and Pacification in the Philippines,"sa *Armed Diplomacy: Two Centuries of American Campaigning* ng US Army Training and Doctrine Command and Combat Studies Institute (Fort Leavenworth, KA: Combat Studies Institute Press, 2003), 85.

[102] Worcester, *The Philippines*, Tomo 1, 161.

[103] *Ibid*.

na walang katotohanan ang sabi-sabi at nagtungo pa ito sa Macabebe upang kalmahin ang mga tao.[104]

**Patuloy na Pagpurga ng Uring Principalia sa Santa Iglesia**

Bukod sa mga uring *principalia* ng Pampanga, nabigyan din ng puwesto ni Aguinaldo si Salvador sa Malolos bilang koronel ng Hukbong Mapanghimagsik—sa kabila ng pagiging kakaiba ng lideratong mayroon ito bilang pinunong mistiko. Malinaw kay Salvador na ang pakikiisa niya kay Aguinaldo ay para sa "ikasusulong ng ating linalayon" at buhat pa noong "una't una pa sa magandang hangad ng nagtatanggol [mula] sa kaalipinan ng bayan,"[105] kaya't ipinakikiusap na:

> …ipangako lamang ng Gobierno at Kag[alanggalang] na Presidente na ang lahat ng aking kawal at mga kapatid (sa Santa Iglesia) ay magtatamo ng katahimikan na hindi gagambalain kailan ma't hindi gagawa ng laban sa mga kautusan upang kun sila'y kailanganin sa alin mang araw… ay mangagsisisunod na maluag sa loob.[106]

Tiniyak ni Salvador kay Aguinaldo ang lubos niyang pagsuporta sa administrasyon nito. Bagaman matanda nang ilang taon, "ama" ang turing ni Salvador kay Aguinaldo, sapagkat ito ang nasa awtoridad.[107] Ipinaabot din ni Salvador kay Aguinaldo na bagaman mangmang siya at ang mga kasama sa Santa Iglesia ay tratuhin pa rin sila nang may dangal

---

104 Alejandrino, *The Price ,* 134-5.
105 NLP, "Kasaysayan," 9.
106 *Ibid*., 8.
107 *Ibid*., 10.

at nang hindi pinaiikot ang isip. Nabanggit niya ito sa kaniyang paghahayag ng pagkadismaya sa inasal ni Buencamino na tila sinasamantala ang kahinaan ng isip ng Santa Iglesia upang may maipansabak lamang laban sa mga Amerikano. May "Señor" pa di umanong nalalaman si Buencamino sa tabi ng pangalan ni Salvador, na lalong ikinapanlumo ni Salvador dahil tila ginagamit lamang sila dahil may pangangailangan—samakatuwid, inuuto.[108]

Ngunit sa ulat ni Salvador kay Aguinaldo noong 14 Enero 1899 sa Malolos, napasabi na lamang siya sa pangulo na "nadudurog ang aquing pusô at wala naman akong magawá… nitong ako'y nadedestino na sa Malolos" dahil sa "sunod sunod ang pagdating nang mga babaye at bata na may taglay na manga kadaingan ayon sa mga agraviong guinagaua sa kanila."[109] Patunay ito na patuloy na nakita ng masa si Salvador bilang kakampi, lalo pa't nasa Malolos siya kasama ni Aguinaldo. Ang popularidad ni Salvador sa masa ay ipinaliwanag niya sa ulat kay Aguinaldo: "uala akong pinuhunan sa kanila kundi ang magandang pakikisama at matamis na pangungusap lamang."[110] Kutob tuloy ni Salvador: hindi kaya pinersonal di umano ng mga Pampangong pinuno ang kaniyang papel sa paghihimagsik na sa una pa lamang, bagaman Tagalog siya, ay siyang "unang nakapagtipon ng maraming kapampañgan na itinulong buhat sa una pang panghihima[g]sik." At kung magkaganoon man, "ang Tagalog, Yloco, Pangasinan at

[108] *Ibid*., 9.

[109] *Ibid*., 7.

[110] *Ibid*., 7-8.

Visaya kaya ay iba pa ang pagka-Pilipino sa mañga Kapampañgan" upang makatulong sa pagpapabilis ng pagbagsak ng mga Espanyol sa teritoryong Kapampangan o Pampango?[111]

Ayon sa ulat ni Modesto Joaquin, tauhan ni Hizon, sa San Fernando noong 19 Agosto 1898, hindi, di umano, nagustuhan ng umiiral na kapangyarihan sa Pampanga ang paniniwala ng Santa Iglesia kay Rey Gavino (Cortes).[112] Patay na noon pang Pebrero 1898 si Cortes ngunit pinangangambahan pa rin na mabuhay ang "partido Gabinista." Kung babalikan ang insidente sa Tabuyoc noong Enero 1888, binuwag ng pamahalaang Espanyol ang Gabinista dahil sa pagiging separatista nito (i.e. nagdeklara ng sariling hari sa Pampanga ang mga miyembro). Sa ilalim pa man din ng pamamayani ng Pamahalaang Panghimagsikan, nangyari ang mga pagdakip, paggapos, pagtortyur, at pagkulong sa sinumang sumapi sa Santa Iglesia.[113]

Ayon pa kay Salvador, masama ang tingin sa kaniya, at sa Santa Iglesia, ng mga may katungkulan sa Pampanga. "Animong pamunoan ako ng tulisan" at kung "may mangyari sa boong Kapampañganan na anomang gulo… ay wala nang ibang p[inag]bibintangan kundi ang aking mañga kawal, na animo'y ang grupo ko'y grupo ng tulisan," banggit ni Salvador.[114] Ibinahagi ni Salvador kay Aguinaldo na naiinsulto siya sa tuwing tinatawag na tulisan ang Santa Iglesia. Magpapabaril na lamang, di umano, siya

---

[111] *Ibid*., 10.

[112] NLP, "Report of Modesto Joaquin, San Fernando, 19 August 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Package No. 61, Enclosure No. 126, Reel No. 251, 304.

[113] NLP, "Kasaysayan," 3.

[114] *Ibid*., 5.

"huag po lamang madingig na ang grupo ko'y grupo ng Tulisan," banggit pa niya kay Aguinaldo.[115]

Pinag-initan din sa Pampanga ang paraan ng pananampalataya ng Santa Iglesia:

> Marami pang lubhá ang nangyayari sa mañga kapatid na napapasok sa aking grupo na hindi matahimik sa kanilang hanap buhay palibhasa'y pinagtatakot, pinipilit na sirain ang pananampalataya, binabaualan sa pagdadasal at iba't iba pang devociong ginagauá. Kun ang tawo kaya'y mawalan nang pananampalataya, paano ang pagcasulong niya sa anomang magaling na linalayon? Kun ang tawo ko'y ualang ginagauá kundi ang mag dasal lamang at hindi tumatayó sa labanan ay hindi ko ñga daramdamin ang sila'y makainipan.[116]

Pahaging ni Salvador, "marami at malalaqui ang nagnanasang maglubog sa akin sa provincia ng Kapampanganan… palibhasa'y nasa kanila ang dunong at yaman, at sa akin ang kamangmañgan at karalitaán."[117] Sa kabila ng pagsuporta ni Salvador at ng Santa Iglesia kay Hizon sa pagkubkob sa San Fernando noong Hunyo 1898, pinalitaw pa ng mga dating tao ni Hizon—ang "mayayaman" (ayon kay Salvador) na sina Kabigting, Camaya, at Dayrit mula sa uring *principalia* ng Arayat, Guagua, at San Fernando—na lumipat sa poder ni Mascardo na kalaban ng pamahalaan ang Santa Iglesia. "Ibig nilang mag oficial yata," panunuya ni Salvador.[118] Dagdag pa niya:

> Bakit kayá kung ibig nilang mag oficial ay hindi sila muha ng ibang tawong walang compromiso, ó kundili kayá at wala na silang makuhá, ay tumulong sila

---

[115] *Ibid*., 7.

[116] *Ibid*., 6.

[117] *Ibid*., 7, 8.

[118] *Ibid*., 3.

> sa ibang paraán sa ika lalayá ng ating guiliw na Filipinas, gaya baga ng sila'y gumugol ng salapi sa anomang kailangan ng Gobierno, yamang sila'y mayayaman at huag nilang ligaliguin ang manga mahirap na nananahimik?

Ang mga taong "malalaqui," "mayayaman," at "dating secreta pa sa mga Kastila"[119] na ito sa Pampanga, wika ni Salvador, ay umabot na sa puntong "inuupa ang sa aki'y pag[papa]patay" at "baka sakaling sa mga kadedestinuhan namin ay mapalaran nilang mapatay ako."[120] Ang sundalo niya, halimbawa, na si Comandante Vicente Dayrit ay "pinagsabihan at inodiokan" ni Koronel (Juan) Dayrit, tauhan ni Mascardo, na "ako'y patayin at siya'y bibigyán nang kuarta." Ikinulong ng Hukbong Panghimagsikan sa San Fernando si Vicente Dayrit, bagaman nakatakas, at nasabihan agad si Salvador na siya'y ipapapatay. Nakakatanggap na ng pambabanta sa buhay si Salvador, ngunit itong kay Vicente Dayrit ang dahilan upang tuluyan na niyang lisanin ang Pampanga.[121]

Ang pagdulog ni Salvador kay Aguinaldo ay patunay na nananalig pa rin siya sa magagawa nito upang matiyak ang kaligtasan ng mga pinagkakautangan niya ng loob—ang mga "sundalo at kapatid" niya sa Santa Iglesia—na dumamay, naniwala, at sumama sa kaniya.

Hindi naman kasimpalad ni Salvador ang sinapit ng kaniyang mga opisyal sa Santa Iglesia na sina Gregorio Ordoñez, isang kapitan, Alipio Magat, isang tenyente, Luis

---

[119] *Ibid*., 8.

[120] *Ibid*., 8.

[121] *Ibid*., 4-5.

Vergara, isang kalihim, at dalawa pang sundalo, na di umano'y ipinapatay mismo ni Hizon nang "hindi liniming na maigui ang ibinuhat sa kanila."[122] Ikinasama ni Salvador ng loob ang hindi man lang pagsangguni ni Hizon sa kaso ng kaniyang mga tao. Banggit pa ni Salvador, nagtungo siya sa Cavite upang idulog ang kaso ngunit hindi siya pinansin. Ikinagulat pa, di umano, ni Salvador na "naguing Coronel pa ang nagpapatay," isang indikasyong ng panahon na nangyari ang pagpatay noong Agosto 1898, panahon kung kailan kinasuhan si Hizon sa Bacoor at pinawalang bisa rin kalaunan at hinirang pang koronel ng Hukbong Panghimagsikan.

Ngunit ang lalong nakakaintriga sa lahat ng paratang ni Salvador na pagpatay sa kaniyang mga kasama sa Santa Iglesia ay ang kaso ni Guillermo González ng Apalit. Itong si Gonzalez, na dating hepe ng Voluntarios de Apalit, ang nagpasimula ng paglaban ng mga Pampango sa mga Espanyol noong 19 Pebrero 1898. Kasama ni González, na ipinapatay sa Apalit, ang isa pang Santa Iglesia na nagngangalang Juan Manlapaz. Tulad ng inakusa kay Salvador ng mga uring *principalia* sa Apalit noong Pebrero 1898, "nañgag aabuso" di umano sina González at Manlapaz. Ginapos muna sila, isinakay sa kasko, initsa sa Ilog Pampanga, at nang lumitaw ay saka binaril. "Pinagkaisahan ñg mañga pinuno" ng Apalit na patayin at "guinawa nila ang sariling kapangyarihan at sinentenciahan agad," paratang ni Salvador. Ang mga kilalang pinuno ng Pamahalaang Panghimagsikan sa panahong iyon sa Apalit ay sina Buencamino, bayaw niyang si Joaquin Arnedo, at si Dr. Joaquin Gonzalez, kinatawan ng buong Pampanga sa Kongresong Panghimagsikan sa Barasoain—lahat ay mga uring *principalia*. Gayunpaman, may itinuro si Salvador na

[122] *Ibid*., 1.

*verdugo* ng Apalit: isang nagngangalang Ysidoro Lugui, isang panday, kilalang lasenggo at tiktik ng Pamahalaang Espanyol na naging opisyal pa ng Pamahalaang Panghimagsikan. Sa Tulaoc, Apalit, binaril ni Lugui ang dalawang sundalo ng Santa Iglesia na nagngangalang Macario Manalastas at Quintin Cunanan, hatinggabi ng unang linggo ng Enero 1899.[123] Ito ring Lugui na ito ang umaresto sa mag-asawang Ygnacio at Maria Cortes ng Apalit—maaaring kamag-anak ni Gavino Cortes—matapos ang insidente sa Tulaoc. Dinala ang mag-asawa sa San Fernando at doo'y binantaan sila ni Mascardo na mag-ingat kay Salvador, na noo'y nasa Malolos at naglilingkod kay Aguinaldo, dahil masama di umanong tao iyon.[124]

Liban sa insidente ng tila pagpurga sa mga Santa Iglesia, iniulat din ni Salvador kay Aguinaldo ang panghihiya sa kaniyang mga kasama sa publiko. Sa Apalit muli, pinalakad, di umano, sa kabayanan ang kababaihang kasapi ng Santa Iglesia habang sinasambit ang mga katagang "huag ninyó kaming pamamarisan."[125]

Isa pang akusasyon ni Salvador kay Hizon ay ang pangangamkam sa sinasakang lupa ng mga kasapi ng Santa Iglesia doon sa Floridablanca dahil lamang hindi sila nakapag-abot ng tong o ambag na salapi sa Himagsikan.[126]

---

[123] *Ibid*., 1-2.

[124] *Ibid*., 3.

[125] *Ibid*., 2.

[126] *Ibid*., 1.

Naniniwala si Salvador na pinaiikot ng mga nakapaligid kay Mascardo ang ulo nito kung bakit masama ang tingin nito sa kaniya at sa Santa Iglesia. "Ysang araw," ayon kay Salvador, "pinagbilinan ako ni G$^{ral.}$ Mascardo na ilista ang lahat kong mañga tawo at bibiguian niya ng Fuerza." Ngunit laking gulat ni Salvador na ginamit pala ang listahan na iyon upang tugisin ang mga Santa Iglesia. Nadamay ang mga ito sa pagdidiin kay Salvador na nagtatatag ng isang bagong partido na banta di umano sa pamahalaan. May isang walang petsang dokumento sa Philippine Revolutionary Records na katatagpuan ng mga pangalan ng mga Pampango na hinuli dahil lamang miyembro sila ng Santa Iglesia. Kapansin-pansin na ang mga ito ay mga tao sa mga bayan na aktibo ang Santa Iglesia, mula 1887:[127]

| **Ngalan at Appelidos** | **Edad** | **Estado** | **Bayan** | **Barrio** |
|---|---|---|---|---|
| 1. Lorenzo Bansali | 35 | Casado | Macabebe | San Juan |
| 2. Benito Bansali | 27 | Soltero | Macabebe | San Juan |
| 3. Francisco Lacsamana | 26 | Soltero | Macabebe | San Juan |
| 4. Pedro Sicat | 49 | Casado | Macabebe | San Juan |
| 5. Florentino Pañgilinan | 23 | Soltero | Macabebe | San Juan |
| 6. Toranino Pajardo | 18 | Soltero | San Simon | San Pablo |
| 7. Manuel Gatsalian | 18 | Soltero | San Simon | San Pablo |
| 8. Cirilo Suñga | 25 | Soltero | San Simon | San Pablo |
| 9. Torerico Yabut | 18 | Soltero | San Simon | San Pablo |
| 10. Ambrocio Palillo (Panlillo?) | 34 | Casado | San Simon | San Pablo |
| 11. Domingo delos Santos | 29 | Casado | Minalin | Sta. Maria |
| 12. Proceso Medina | 25 | Soltero | Minalin | Sta. Maria |
| 13. Venacio Baluyut | 28 | Soltero | Minalin | Sta. Maria |
| 14. Juan Sichon | 34 | Soltero | Minalin | Sta. Maria |
| 15. Faustino Yambao | 17 | Soltero | Minalin | Sta. Maria |
| 16. Ambrocio Canlas | 35 | Casado | Sto. Tomas | San Matias |
| 17. Tomas David | 41 | Casado | Sto. Tomas | San Matias |
| 18. Basilio Tungol | 26 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 19. Eustaquio David | 19 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 20. Mariano Pañgilinan | 40 | Casado | Sto. Tomas | San Matias |
| 21. Raymundo Liñgat | 23 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 22. Juan Zapata | 20 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 23. Jasinto Canlas | 20 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 24. Lucas Gomez | 18 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |

[127] NLP, "Lista ñg mañga taong hinuhuli na napapasoc sa Grupo ñg Sta. Yglesia." *Philippine Revolutionary Records*, Package No. 301, Enclosure No. 70, Reel No. 546.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 25. Severino Guivara | 19 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 26. Tomas Yco | 20 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 27. Juan Yco | 18 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 28. Juan Trinidad | 29 | Casado | Sto. Tomas | San Matias |
| 29. Guillermo Manaloto | 21 | Soltero | Sto. Tomas | San Matias |
| 30. Esteban Cabigting | 17 | Soltero | Arayat | Polintang |
| 31. Baltasar Saclao | 40 | Casado | Apalit | San Vicente |
| 32. Mariano Gambua | 40 | Casado | Sta. Ana | Sta. Maria |
| 33. Maximo Garcia | 35 | Casado | San Luis | San Nicolas |
| 34. Juan Caú | 54 | Casado | San Luis | San Nicolas |
| 35. Valentin Caú | 23 | Soltero | San Luis | San Nicolas |
| 36. Efipania Torres | 38 | Soltera | San Simon | San Ysidro |
| 37. Cristina Bundoc | 29 | Viuda | San Simon | San Ysidro |
| 38. Josefa Olegario, Maestra | | Soltera | De Apalit y radicadas en Sta. Ana | |
| 39. Vicenta Dueñas | | Soltera | | |
| 40. Ysidra Dueñas | | Soltera | | |
| 41. Fabiana | | Soltera | | |
| 42. Kapitan Vicente Dairit | 36 | Casado | Santo Tomas | San Matias |
| 43. Teniente Juan Gamboa | 38 | Casado | Sta. Ana | Sta. Maria |

Kung susuriin ang listahan, hindi lamang mga pangkaraniwang Pampango ang miyembro ng Santa Iglesia. Ilan sa mga ito ay mga guro at opisyal ng pamahalaang lokal. Mayorya sa kanila ay bahagi ng klase sa lipunang Pampango na tinukoy ni Hizon bilang "*clase media*" at "*plebeya*" na dapat pamunuan ng oligarkiya ng mga "*una entidad respectable"* at may "*influencia moral*."

Nilinaw din ni Salvador na wala siyang personal na tampo kay Mascardo:

> Si Gral. Mascardo ng bagobago pa sa San Fernando ay nakikita ang lubos na sa akin ay paglingap; datapua't nang matakpan na ang mata ng kaniyang katowiran, palibhasa'y lagui siyang nakakausap ng mga naglulubog sa akin, ngayon ay nahahalata kong wala na siyang pagkakatiwala sa akin. Kaya naman hindi ko siya binibiguiyang sisi, pagkat hindi nga niya kasalanan ang siya'y madaig ng mga nagbabalita ng aking kasamaan…[128]

[128] NLP, "Kasaysayan," 7.

Gayunpaman, tuluyang kumalas ang hukbo ng Santa Iglesia sa poder ng Hukbong Panghimagsikan noong 14 Enero 1899, sang-ayon sa akta na nilagdaan sa Baliuag.[129] Sinaksihan ito ng mga opisyal ng Hukbong Panghimagsikan sa Bulacan tulad ni Tenyente Koronal Melecio Cárlos at ng kinatawan ni Aguinaldo na si Gregorio Ramos. Sang-ayon sa akta,

> Si G. Felipe Salvador at kaniyang mga Oficiales at tropa, bagama't sila'y umalis, ay hindi sila tumatalikod sa ating Gobierno at bagkus nilang pinapagtitibay ang kanilang pangangayupapâ sa kapangyarihan niya at ng K$^{gg}$ na Presidente G. Emilio Aguinaldo at Famy.[130]

## Pampanga tungo sa Pagsilang ng Isang Republika

Noong 23 Enero 1899, pinasinayaan ang Republica Filipina sa bisa ng konstitusyon na binalangkas kasama ng mga Pampango. Ito ang tumuldok sa adhikain ng Himagsikang Pilipino na magsariling ganap at siyang nagbigay ng legal na anyo sa pambansang komunidad.

Ang hamon ngayon sa mga Pampango at sa mga Pilipino ay kung paano ito paninindigan at ipaglalaban mula sa nakaambang bagong banta sa pambansang komunidad: ang Digmaang Pilipino-Amerikano.

---

[129] *Ibid*., 11.

[130] *Ibid*.

## IKAPITONG KABANATA

## KONKLUSYON

Ang karanasan ng Pampanga noong Himagsikang Pilipino nang 1896-1899 ay bantayog ng narating ng Himagsikan sa isang lalawigan: mapagpunyagi sa simula ngunit walang pagbabago sa naghaharing uri, na nabigyan pa nang mas malalapad na papel, kasabay ng paglalim ng hinanakit ng mga maralita't magsasaka.

Ayon sa Amerikanong Thomasite at historyador na si Luther Parker, "mga Pampango ang pinakamahirap masakop, ngunit nang masakop nama'y sila ang pinakamatapat sa lahat ng katutubo at nanatili iyon sa loob ng tatlong daan at tatlumpung taong pananakop ng mga Espanyol" ("*the Pampangans being the most difficult to conquer, but having been conquered became the most loyal of all the tribes and remained so during the three hundred thirty years of Spanish domination*").[1] Binigyan diin sa winikang ito ni Parker ang balintunang papel ng mga Pampango ng Macabebe na sa simula ay banta sa pananakop ng mga Espanyol sa Luzon noong 1571 at sa huli ay naging tagapagtanggol ng interes ng mga Espanyol noong 1898. Dalawa ito sa kabalintunaan sa kasaysayan ng Pilipinas na magandang sulatin, ngunit sa historikal na paraan at hindi romantikal.

---

[1] UPDML, "Some Notes on Pampanga by Luther Parker," *Luther Parker Collection*, Box No. 2, Folder No. 43, Document No. 248, 4.

Ang paglikha ng mga Pampango ng pangalan bilang matatapat na sundalo, mula nang tanggapin sila sa hukbong Espanyol noong 1603, ay isang kolektibong pagkilala sa lahat ng mga Pampango at buong etnisidad ng Kapampangan; at hindi dapat mamonopolya ng Macabebe, dahil lamang nailugar ang naturang bayan sa magkabilang dulo ng tatlong siglong kasaysayan ng pananakop ng mga Espanyol, bilang mga mandirigma laban sa mga naturang kolonisador at tagapagtanggol ng interes ng mga ito kalaunan. Walang batayang historikal ang malaganap na romatisismo na bayarang sundalo (mersenaryo) at may nagpapatuloy na tradisyon ng pagsusundalo sa bayan ng Macabebe. Walang tala na nagsasabi na Macabebe ang naghandog ng pinakamaraming Pampangong sundalo sa hukbong Espanyol upang sawatahin ang pag-aalsa ng mga Tsino noong 1603, maging noong sinakop ng mga Briton ang Maynila at ilang parte ng Bulacan mula 1762 hanggang 1764. Wala ring nakita ang pag-aaral na ito na talang historikal na makapagsasabi sa bilang ng mga sundalong naiprodyus ng Macabebe para sa iba pang operasyon at ekspedisyong militar ng Espanya sa Asya-Pasipiko na kinasangkutan ng mga Pampango, tulad ng pagbabantay sa mga tanggulang Espanyol sa Ternate at sa Formosa, o sa pagsakop at Kristiyanisasyon ng Marianas.

Kung mayroon mang nagpapatuloy (*consistent*) na tradisyong militar ang Macabebe, iyon ay nagsimula *hindi* noong 1571 kundi nang dahil na rin sa mga pangyayari noong Himagsikang Pilipino nang 1896-1899: mula sa pag-usbong ng mga Voluntarios de Macabebe, na ang mga kasapi ay pawang may utang na loob sa pamilyang Blanco (na may personal na galit kay Aguinaldo), at ng Macabebe Scouts na bunsod naman ng opresyong dinanas ng mga taga-Macabebe sa ilalim ng mga opisyal ni Aguinaldo. Ayon sa isang

artikulo sa magasing Espanyol na *Mar y Tierra* noong 16 Hunyo 1900 sa Barcelona, itinaya ng mga taga-Macabebe ang kanilang pangalan at dangal nang dahil sa "pagiging matapat nila" kung kaya't tungkulin ng isang mabuting Espanyol na sulatin ang isang kasaysayan nang may simpatya at pagkilala sa alaala ng abang mga taga-Macabebe:

> El pueblo de Macabebe puede asegurarse que ha sido victima de su fidelidad, escribiendo en el libro de la historia una página que todo buen español debe grabar tanto en su corazón como en su memoria.[2]
>
> (Ang pagiging biktima ng mga taga-Macabebe ng kanilang pagiging matapat ay tiyak na isang tala sa pahina ng aklat pangkasaysayan na dapat itimo ng isang mabuting Espanyol sa kaniyang puso at alaala.)

Samantala, ang pagiging maimpluwensiya ni Salvador—na isang Bulakenyong Tagalog—sa mga masang Pampangong Kapampangan, at ang pagkilala sa Pampanga sa awtoridad ng Caviteñong Tagalog na si Mascardo ay nagpapawalang saysay sa mga sapantahang ipinakalat ng mga Amerikano na may alitan sa pagitan ng mga etnisidad ng mga Kapampangan at Tagalog. Saksi ang tatlong siglong kasaysayan ng Kapampangan sa ilalim ng mga Espanyol upang kumpirmahin ang mga naglipanang sulating iyon ng mga Amerikano.

Minamahalaga ng pag-aaral na ito ang papel ng kasaysayang lokal upang buwagin ang mga mito at miskonsepsyon tungkol sa mga Pampango at sa papel nila noong Himagsikang Pilipino nang 1896-1899, na mababasa sa iba't ibang mga sulatin at mga diskurso sa pambansang lebel. May mga detalye sa mga lokal na batis ng kasaysayan ng

[2] "Los Macabebes en Barcelona," *Mar y Tierra*, 16 Hunyo 1900, 318.

Pampanga na nangangailangan lamang ng balangkas at matiyagang pagsusuri upang maihanay sa mga awtoritatibong mga batis.

SA KABILA NG PAGIGING unang katutubo na nagdeklara ng pakikidigma sa pagdating ng mga Espanyol sa Luzon, instrumental ang mga Pampango sa pagkakaroon ng hugis, anyo, at sukat ng tinatawag nating Pilipinas, bunga nang mahigit tatlong siglong proseso ng pananakop, paggalugad, at pagpapalawak ng mga Espanyol sa Asya-Pasipiko. Limitado ang bilang ng mga Espanyol upang panatiliin ang teritoryo ng Pilipinas, kaya't kinasangkapan ang mga katutubo ng Pilipinas upang ilayo ang teritoryo mula sa anumang banta ng pananakop ng ibang kapangyarihan at mga pirata na nakapaligid dito; gayundin, mula sa pagkawatawak-watak dulot naman ng pag-aalsa ng mga pangkat katutubo at buyo ng mga banyagang kapangyarihan. Kapalit ng ilang daang taong paglilingkod sa hari ng Espanya, pinaborang sakop (*favored subjects*) ang mga Pampango ng mga Espanyol at hindi kaila na malaki ang dagok nito sa kanilang pagharap sa kapalaran na hindi na nila mapigilan: ang kumawala sa Espanya at tumindig mag-isa, kasama ng mga pamayanang kultural, sa teritoryo na tinawag na Pilipinas. Nariyan ang marubdob nilang pagyakap sa Kristiyanismo na katumbas ng marubdob na pagsunod sa mga *among* at *apu*—prayle man sila, paring sekular, o mga mistiko; at ang malapad na papel ng mga Pampangong uring *principalia* sa larangan ng ekonomiya at politikang lokal, dahilan upang umunlad sila sa buhay at ang mga anak nila ay makarating ng Europa, silang nagpasimula ng diwa ng liberalismo sa Pilipinas.

Pansining katangian ng mga Pampango, noong Himagsikan, ang mataas nilang pagkilala sa mga prayle. Noong proklamasyon ng kalayaan ng Pilipinas sa Mexico (1 Hunyo 1898), binigyan pa ng papel ni Hizon ang prayleng kinamumuhian niya na nagpahirap sa kanila, si Padre Tarrero, na basbasan ang watawat ng Pilipinas. Kapansin-pansin din ang hindi pagtugon ng mga sundalo ni Hizon na taga-Mexico at taga-Arayat sa utos niyang barilin ang prayle dahil sa pagtanggi nito na basbasan ang watawat ng Pilipinas. Ebidensiya rin maging ang pagseguro ni Lansangan ng Santa Ana na ligtas na makakarating kay Hizon sa Mexico ang kura nilang prayle na si Padre Martinez. Hindi lang ito limitado sa mga manghihimagsik. Binalaan mismo ni Don Juan Blanco si Monet na makakalaban nito ang mga taga-Macabebe kung patatalsikin ang mga prayleng nagkubli sa kumbento ng Macabebe at ipalit ay ang mga sundalong Espanyol. Kung tutuusin, simula pa noong ika-16 na siglo, tinitingnan na ng mga Pampango ang mga prayle bilang kakampi at tagapagtanggol, matapos nilang mawalan ng mga tinitingalang lider katutubo na tatayo't maninindigan sa kanila mula nang matalo sila sa Labanan sa Bangkusay. Salik ito sa pagbuhay ng mga Pampango sa *kesabian* (kasabihan) magpahanggang ngayon na "*aku ing pari, aku ing ari*"[3] ('ako ang pari, ako ang hari') at *"ya ing pari, ya ing ari*"[4] ('siya ang pari, siya ang hari').

Sa panahon na kinailangan ng pamahalaan ang mga Pampango upang labanan ang mga Tsino, Olandes, at Briton, at nang mag-alsa ang mga Pampango sa ilalim ni Maniago,

[3] Romeo C. Cabusao, *Candaba: Balayan ning Leguan* (San Fernando, Pampanga: Romeo C. Cabusao, 2003), 6.

[4] Lord Francis Musni, "Ya Ing Pari, Ya Ing Ari: Why Kapampangans Pamper their Priests." *Singsing* 3:1 (2004), 39-40.

ginamit ng mga opisyal na Espanyol ang karisma ng mga prayle sa mga Pampango. Puna ni Duc D'Alencon sa lipunang Pampango nang dumalaw siya roon noong 1870: "itinuturing na hari" ang pari sa Pampanga sapagkat mula sa *gobernadorcillo* hanggang sa pinakadukhang mamamayan ang lahat ay nagbibigay galang sa kaniya.[5] Ayon naman sa Espanyol na opisyal na si Juan Alvarez Guerra, "mga panginoong piyudal" ang mga prayle na bagaman walang posisyon ay namumuno.[6]

Hindi lamang limitado sa mga prayle ang paggalang ng mga Pampango sa isang banal o pastol espiritwal. Popular ang kapatirang relihiyoso na Santa Iglesia sa mga ordinaryong Pampango, partikular sa mga maralita at magsasaka dahil sa mga praktikal nitong pananaw kapwa sa kabanalan at sa pagpuno sa materyal, mental, pisikal, at espiritwal na pangangailangan ng isang mortal. Kung tutuusin, naging alternatibong sekta na ng Kristiyanismo ang Santa Iglesia—kung hindi man relihiyon—maging ang pinagmulan nitong kapatiran na Gabinista. Ang pagiging banta kapwa sa simbahan (dahil sa mga hindi tanggap na katuruan at ritwal) at sa pamahalaan (dahil may kinikilala silang hari) ang dahilan kung bakit pinag-initan sa Pampanga noong Himagsikan ang mga Gabinista at Santa Iglesia na humantong sa madugong pagtugis sa kanila noong 24 Disyembre 1896—ang unang operasyong militar sa lalawigan noong Himagsikan. Gaano man kapayapa ang Gabinista at Santa Iglesia sa mga katuruan nito, marami pa rin ang sumunod sa dikta ni Salvador na labanan ang mga Espanyol noong 19 Pebrero 1898 dahil

[5] Duc D' Alençon, *Luzon and Mindanao* (Manila: National Historical Institute, 1870/1986), 18.
[6] Juan Alvarez Guerra, *The Origins and Causes of the Philippine Revolution*; translated by Teresita Alcántara y Antonio Diliman (Lungsod ng Quezon: University of the Philippines and Toyota Foundation, 1899/2002), 15.

sa sukdulang kaapihan na dinaranas nila, tulad ng pagbitay sa kanilang tagapagtatag na si Cortes at ang pagpapahuli mismo kay Salvador. Pinakinabangan lamang ng Santa Iglesia ang likas na karapatan ng tao na sumamba o manampalataya ng malaya, na isang pananaw na pilit sinalubong ng paninirang puri, manipulasyon, at dahas ng hirarkiya ng simbahang Katoliko sa Pilipinas. Ngunit kahit taglay ng Himagsikan ang kalayaan sa pagsamba, hindi pa rin tanggap ng lipunang Pampango ang Santa Iglesia, lalo na ng mga nagpatakbo sa lalawigan matapos baklasin ang kapangyarihang Espanyol, epektibo noong 28 Hunyo 1898. Dinanas ng Santa Iglesia ang pagpurga, hanggang sa nauwi pa ito sa opisyal na pagkalas ng kapatiran sa Hukbong Panghimagsikan noong 14 Enero 1899 sa Baliuag, kulang-kulang ilang linggo lamang bago isilang ang *Republica Filipina* sa Malolos, bagaman nangako si Salvador na mananatiling nakasuporta sa liderato ni Aguinaldo. Tulad ng mga Santa Iglesia na nilait-lait bilang mga baliw, mangmang, at kulto, dinanas din iyon ng ibang sekta ng Kristiyanismo sa Pampanga (e.g., Iglesia ni Cristo, Aglipay, Protestante) pagdating ng ika-20 siglo—ang panahon kung kailan pinalaganap ng mga Amerikano ang kalayaan sa pagsamba sa ilalim ng diwa ng demokrasya.

Ang paglubog, partikular ni Salvador, sa lebel ng mga Pampangong maralita’t api ay lumilitaw na epektibo, kumpara sa masoneriya, propaganda, at Katipunan. Sa isang *principal* tulad ni Salvador, ang ituring ang sarili na “mangmang” at “dukha” ay isang katapangan sa panahon na ang nananaig ay oligarkiya ng matatalino, may pustura, at may salapi. Subok na matagumpay ang istilo ni Salvador na pagtayo sa karaingan ng mga maralitang Pampango upang makalikom ng pagkilala at pagsunod sa nilalayon. Pagbabagong panlipunan man ang ikinampanya, tila hindi nakasabay ang mga maralita sa

isinulong ng mga Pampangong mason, miyembro ng Liga, at Katipunero dahil sila-sila lang mga intelektuwal ang nagkakaintidihan.

Nawala man ang mga Espanyol at natapos man ang paghihimagsik, hindi pa rin nagbago ang pananalig ng Santa Iglesia kay Salvador hanggang sa panahon ng mga Amerikano. Ang mga propesiya ni Salvador ay nakatulong nang malaki sa paglaban sa mga Amerikano, dahil inudyok niya ang mga maralita't aping Pampango na labanan ang mga Amerikano, militar, at uring *principalia*. Sa propesiya ni Salvador, kung mawawala ang mga banyaga at ang mga nasa kapangyarihan, kaya't mapapasakamay ng mga maralita ang mga lupain at materyal na bagay; lalamunin naman ng pambihirang baha o apoy ang 'di manampalataya sa Santa Iglesia; at matapos linisin ang Pilipinas mula sa mga kaaway, uulanin nang ginto at hiyas ang mga mananampalataya.[7] Kalaunan, ipinangako ni Salvador na magkakaroon ang kaniyang mga tagasunod ng sariling pamahalaan.[8] Pinanggalingan din ng *upaya* (Kapampangan ng 'kapangyarihan') ng mga tagasunod ng Santa Iglesia si Salvador. Sa pagpapatotoo ng Korte Suprema sa sentensya sa kaniya noong 12 Pebrero 1912:

> That the defendant was at Mount Arayat while his band was at Malolos is not controlling factor under all the circumstances of this case. Although absent from many of the raids, including this one, nevertheless his genius had obtained the men, had organized them, had laid the plans and directed the attacks. *Although miles away, his spirit and personality animated his men and were incarnated in the battle cry of "Viva Felipe Salvador," "Viva Apong*

[7] U.S. Bureau of Insular Affairs, War Department, *Seventh Annual Report, 1906: Part 2*, 226.

[8] U.S. Bureau of Insular Affairs, War Department, *Fifth Annual Report, 1904, Part 3*, 64.

> *Ipi." Although absent, their faith in him filled with an exultant courage*; for was he not to them always, "Felipe, Salvador del Mundo?"[9] (Akin ang diin)

Isa pang maaaring tingnang perspektiba sa impluwensiya ni Salvador sa mga masang Pampango ay ang paniniwala na kaya nilang puksain ang kasamaan na nasa katauhan ng mga Espanyol, Amerikano at mga kapanalig nila, tulad ng pagpuksa nila sa mga masasamang espiritu. Ayon kay Ileto, nang dahil sa pagbibigay mukha ng kasaysayan sa panahon ng kilusang propaganda o repormista na pinangunahan ng mga *principal* (na tinawag niyang *ilustrado*), naisantabi ng "kumbensyonal na kasaysayan ng Pilipinas" ang kasabayang panahon ng kilusang iyon: ang paglitaw ng mga samahang relihiyoso tulad ng Gabinista at Santa Iglesia.[10] Sa kaso ng historyograpiya ng Himagsikan sa Pampanga, kailangang maunawaan ang paglitaw ng Gabinista at Santa Iglesia dahil sa tatlong mahahalagang bagay: una, sila ang unang nakaengkuwentro ng mga Espanyol sa lalawigan noong simula ng Himagsikang 1896; ikalawa, sila ang unang nagmobilisa sa mga ordinaryong mamamayan na labanan ang mga Espanyol noong Pebrero 1898; at ikatlo, sila ang may nagpatuloy na pakikibaka sa mga awtoridad mula 1898 hanggang 1912. Noong 14 Enero 1899, iginiit ni Salvador kay Aguinaldo na siya ang nagmobilisa sa mga Pampango na lumaban sa mga Espanyol.[11]

---

[9] The United States v. Felipe Salvador (alias Apong Ipi), G.R. No. L-6705, (27 February 1912) (Supreme Court en banc).

[10] Reynaldo C. Ileto, *Critical Questions on Nationalism: A Historian's View* (Maynila: De La Salle University, 1986), 11.

[11] NLP, "Kasaysayan ng mga Ipinagdamdam at Karaingan ng Comandante Felipe Salvador na Ipinagsakdal sa Mahinahong Pasia ng Kgg. Na Presidente ng G. R." *Philippine Revolutionary Records*, SD 1284, Box 43, 9.

SA IBANG LALAWIGAN na naghimagsik, kung hindi mga produkto ng mga paaralan sa Maynila ay mga nag-aral sa Europa ang nagnais sa repormang politikal at panlipunan sa ilalim ng pamahalaang Espanyol. Ipinagmamalaki ng Pampanga ang dami ng mga liberal nito, marami sa kanila ang hinuli, binilanggo, ipinatapon, at binitay bago at nang matuklasan ang Katipunan, dahilan kung bakit walang malaking pagkilos sa Pampanga noong simula ng Himagsikang 1896. Sa kaso ng mga liberal ng Pampanga na sina Blanco, Buencamino, Galura, Soto, at Fajardo, nakaligtas sila sa pagpurga ng mga Espanyol, sa pamamagitan ng pagsisilbi bilang mga sundalo at kapitan ng mga *volutario* na ipinansabak laban sa mga manghihimagsik. Kritikal naman ang pagkatatag ng mga *voluntario* dahil sa sila ang sinanay at inarmasan ng mga Espanyol upang lumaban. Mahahati sa dalawang yugto ang kanilang pagbaliktad mula sa hukbong Espanyol: ang pag-aalsa ng Voluntarios de Apalit kasama ang Santa Iglesia noong 19 at 22 Pebrero 1898 sa Apalit at Macabebe na siyang unang pag-aalsa ng mga Pampango laban sa mga Espanyol noong Himagsikan; at ang pagsuporta ng lahat ng mga *voluntario* sa Pampanga, liban sa Voluntarios de Macabebe, sa panawagan ni Hizon na suportahan ang paghihimagsik laban sa mga Espanyol. Kailangan namang unawain ang sitwasyon ng Voluntarios de Macabebe dahil mga Espanyol ang kanilang mga kapitan at nakahalo sila sa mga regular na pangkat ng mga sundalong Espanyol sa Bataan at Pampanga, kaya't mahirap para sa kanila ang bumaliktad nang basta-basta—hindi tulad ng Voluntarios de Bacolor na nakahanap ng kakamping mga manghihimagsik sa sa Bacolor at sumama sa pag-atake sa Casa Tribunal sa naturang bayan. Salik pa rito ang pagmamatigas ng organisador ng Voluntarios de Macabebe na si Blanco na huwag sumuko sa kapatid niyang mason-na-naging-manghihimasik na si Hizon. Ito'y

sa kabila ng negosasyon na isuko na nito ang Macabebe at ang mga Espanyol, lalo na ang pamilya ng Gobernador-Heneral. Maaari ring isipin na pinangambahan ng mga sundalo ng Voluntarios de Macabebe na aktibo sa labas ng Macabebe ang paggawa ng anumang ikagagalit ni Blanco—na kilala sa Macabebe bilang mabangis na tao—sapagkat maaari nitong balikan ang kanilang mga mahal sa buhay, bilang nasa Macabebe lamang si Blanco sa mga panahong naghihimagsik na ang mga Pampango (lalo pa't salik sa pagdami ng miyembro ng Voluntarios de Macabebe ay ang utang na loob nila sa pamilyang Blanco). Nang makatakas ang mga Espanyol sa Macabebe kasama ang Voluntarios de Macabebe, nanahimik ang bayan at tinanggap lamang ng mga tagarito ang poot at galit ng mga manghihimagsik dahil sa kasiraang ginawa sa kanilang bayan ng pamilyang Blanco.

KRITIKAL SA PAGKILOS ng mga Pampango noong Himagsikan ang isang lider na mangunguna sa kanila. Sa dalawang yugto ng paghihimagsik sa Pampanga (i.e., 19 at 22 Pebrero, at 1 Hunyo 1898), lumitaw ang dalawang klase ng pinuno: isang establesyado nang lider maralita at magsasaka sa katauhan ni Salvador, at isang baguhan sa paghihimagsik na walang malaking tagasunod ngunit malakas ang loob sa katauhan ni Hizon. Bago ang 1898, inani ni Salvador ang paggalang at pananalig sa kaniya ng mga tagasunod sa Santa Iglesia. Samantalang si Hizon, Pebrero 1898 lamang nagtrabaho para bumuo ng puwersang lalaban sa mga Espanyol sa mga bayan-bayan ng Pampanga. Pambihira ang bilang ng hukbo ni Hizon kumpara sa 2,500 katao na tagasunod ni Salvador noong 1896: hanggang sa sumapit ang araw ng pag-atake sa Macabebe noong 25 Hunyo 1898—600 sundalo; 200 pa rito ay kaniya pang pinadala sa Tarlac. Batay sa mga huling

dokumentadong sensus, bago ang Himagsikan, mayroong 207,916 residente ang Pampanga noong 1876 at 223,902 naman noong 1887.[12] Sa diperensiya ng 11 taon, lumaki ang populasyon ng Pampanga ng 15,986 o 7.14%. Kung ikokonsidera ang mga epidemya ng kolera, lindol, at bagyo, bago ang Himagsikan, malamang na umabot ng kulang-kulang 240,000 ang populasyon ng Pampanga pagdating ng 1898. Wala namang makabuluhang pagkilos ang mga Pampango bago ang Hunyo 1898, kaya't masasabing may sapat silang bilang upang labanan ang tinatayang 1,000 puwersa ni Monet sa San Fernando. Isyu sa Pampanga noong Himagsikan kung paano mapapakilos ang populasyon nito. Nakita ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na salik na nakaapekto sa mabagal na mobilisasyon sa mga Pampango tungo sa Himagsikan:

- **Kawalan ng simpatya sa adhikaing lumaya at magsarili.** Galing din sa uring *principalia* ang mga Pampangong liberal na kinayamutan ng mga Espanyol bago ang Himagsikan—ang pinakamalaking bilang sa lahat ng probinsya ayon sa ulat ng mga Espanyol. Hindi patok sa mga liberal na ito ng Pampanga ang idea na humiwalay sa Espanya. Patunay dito ang [1] walang balangay ang Katipunan sa Pampanga, [2] walang naghimagsik na mga Pampango sa ilalim ni Bonifacio o ni Aguinaldo bago ang 1 Hunyo 1898, at [3] kung hindi nanahimik, sinuportahan ng mga liberal ang pagsawata sa Himagsikan, tulad ng magkapatid na Blanco, Buencamino, Galura, at Soto

[12] U.S. Bureau of the Census, *Census of the Philippine Islands, 1903* (Washington: Government Printing Office, 1905), 20.

- **Kawalan ng aktibong manghihimagsik sa Pampanga.** May ilang Pampangong liberal pa rin ang sumama sa Himagsikan, ngunit nanatiling aktibo sa labas ng Pampanga. Nariyan si Tolentino na kasakasama nina Bonifacio bago sumiklab ang Himagsikan noong 1896 at naging aktibo sa Maynila. Isa pa ay si (Jose) Alejandrino. Bagaman sinabi niyang naging miyembro siya ng Katipunan, minaliit niya ang Himagsikan. Kalaunan, tumungo siya ng Cavite at sumama rin sa Himagsikan, *ngunit* hindi niya dinanas humawak ng armas. Nasa Hong Kong lamang siya hanggang sa sumapit muli ang malawakang pagbangon sa Himagsikan noong 1898—bigo sa misyon na iniatang sa kaniya nina Aguinaldo at Bonifacio na magpuslit ng pulbura galing Hong Kong at Hapon.

- **Deportasyon ng mga potensiyal na lider sa Pampanga.** Totoo ito sa kaso nina Hizon, Bañueloes, at (Mariano) Alejandrino, na siyang nagpakita ng lakas nang loob na simulan ang paghihimagsik sa Pampanga. Sa pag-unlad ng Himagsikan sa lalawigan, isa pang deportado ang nanguna sa pagsuporta sa Gobierno Revolucionario, si Hilario.

- **Takot na magsakripisyo.** Ayon kay Hizon, mahalaga ang suporta ng mga ordinaryong Pampango, lalo na yaong mga binabaliwala, upang masimulan ang Himagsikan. Nanalig siya sa mga *principal* sapagkat sila lang ang nakikita niyang maaaring magpakilos sa mga Pampango. Ngunit nakita niya ang pagiging mapaniguro (*playing safe*) ng mga *principal* sa kung magtatagumpay ba ang kaniyang paglaban sa mga Espanyol. Salik na nakita niya ang laki ng puwersa ng

Comandancia General de las Provincias del Centro y Norte de Luzon sa San Fernando. Samakatuwid, pipiliin ng mga Pampangong *ilustrado* ang *status quo* kaysa sa ibingit sa kapahamakan ang kanilang sarili at ang interes sa negosyo.

Nakita ng pag-aaral na ito ang tatlong daynamiks ng pagsiklab ng Himagsikan ng Pampanga noong 1898:

- **Aral ni Hizon ang sining ng pagkondisyon ng sindak at takot sa Pampanga.** Kapuri-puri ang ipinakitang halimbawa ni Hizon upang pamarisan ng mga Pampango. Nagsimula ang Pampanga na walang-wala sa armas. Kulang man sa suporta ng mga inaasahang *principal*, noong 1 Hunyo 1898, isinugal nina Hizon at ng 200 puwersa niya sa Mexico ang kanilang buhay upang iproklama ang kalayaan ng Pilipinas. Batid ni Hizon ang panganib dahil katabi lamang ng Mexico ang San Fernando, kung saan naroroon ang tinatayang 2,000 puwersa ni Monet—kulang-kulang anim na kilometro lamang ang pagitan sa isa't isa. Walang paggalaw sa San Fernando na nangyari sa araw na iyon. Naging *litmus paper* naman ng ibang mga bayan noong araw na iyon ang insidenteng iyon sa Mexico, kung sasama sila sa Himagsikan. Sa katunayan, napansin na ng mga Espanyol noong 1571 na tinitingala ng mga Pampango ang matatapang, mapangahas, at walang takot na lider. Nang mawala ang lider ng mga Pampango sa Bangkusay, tumiklop ang mga Pampango at naging sunod-sunuran. Napansin din ng mga Espanyol noong 1604 ang potensyal ng Pampango na maging banta sa sinumang nasa kapangyarihan kung magkakaroon lamang sila ng isang pinuno na susundin. Napansin din ng mga

Espanyol noong 1660 na watak-watak pa rin ang mga lider ng Pampanga, at madali ang mga itong masilaw sa papuri at titulo. Napakinabangan ng mga Espanyol ang tapang, angas, at yabang ng mga Pampango dahil alam nila ang kahinaan ng mga katutubong ito. Ngunit kaiba si Hizon; tiningala siya ng mga bayan sa Pampanga at hindi nagpadala sa paninindak at mga inaalok ng mga Espanyol.

- **Presyur na makaalis ang mga Espanyol sa Pampanga.** Isang kabaliwan ang ginawa ni Hizon kung tutuusin. Nagkataon lang na patong-patong na ang problema ni Monet kaya't hindi na niya ipinasalakay ang Mexico. Naging panggising din kay Monet ang ginawa ni Hizon sa Mexico dahil nag-alsa na rin ang iba pang bayan sa Pampanga kalaunan. Maaaring sabihin na dahil nasindak ni Hizon si Monet, sinamantala ni Hizon ang pagkakataon na lumikha ng impresyon na kailangan siyang katakutan ng mga Espanyol. Resulta nito, nakipagnegosasyon si Monet kay Hizon at inalukan nang kung ano-ano, na hindi naman pinansin ni Hizon.

- **Pagiging matimbang ng pagiging Pilipino.** Matapos ang ipinakitang halimbawa ng mga Voluntarios de Apalit noong 19 Pebrero 1898, bumaliktad din ang mga *voluntario* sa iba't ibang bayan ng Pampanga nang maging malaganap na ang balita na nagsibangon na ang mga bayan ng Pampanga laban sa Espanya noong 1 Hunyo 1898. Sa halip na gampanin ang tungkulin nila sa Espanya, naging mas matimbang ang dugo. Naging paborable kay Hizon ang pagbaliktad ng mga *voluntario* dahil sila ang may armas. Samantala, pinagbigyan ng mga Pampango ang Voluntarios de Macabebe na bumaliktad mula sa mga Espanyol, ngunit matigas ang pinuno nilang si E. Blanco, na mas inuna ang sariling *amor propio* kaysa sa kapakanan ng

Macabebe at ng mga nakatira roon. Katwiran ni Blanco, walang sinuman ang maaaring kumwestiyon sa kaniyang pagka-Pilipino dahil lamang sa hindi siya pabor sa Himagsikan. Gayunpaman, walang nakitang ebidensiya ang pag-aaral na ito na impluwensiyado ng ideolohiya ng Katipunan o ng bagong pamunuan ng Himagsikan ang pagbaliktad ng mga Pampangong *voluntario*.

ANG MGA NAPANSIN ng pag-aaral sa itaas ay pawang tugon ng mga *principal* at ng mga nasasakupan nila sa paghina ng kapangyarihang Espanyol sa Pampanga. May mga tuluyang sumuporta kay Hizon, habang may nanatili pa ring tagasuporta ng mga Espanyol. Pinatunayan ng mga pangyayari sa Pampanga noong 1898 na may mga maralita at magsasakang hindi alintana kung Pampango o Tagalog ang maging pinuno nila, basta't may maibibigay itong pag-asa ng pag-angat ng kanilang buhay. Gayundin sa mga *principalia*: tinanggap at sinurporatahan nila si Mascardo at ang liderato ni Aguinaldo sa buong Pilipinas dahil naibibigay nila ang seguridad at kaayusan na kailangan nila para maisulong ang kanilang interes sa negosyo at sa mga pag-aari nila. Nang sumiklab ang Digmaang Pilipino-Amerikano, kabikabila na ang paglaganap ng krimen sa Pampanga. Hanggang sa maidikit na ng mga *principalia* ang kriminalidad sa mga aktibong sundalo ng Republika at mga miyembro ng Santa Iglesia. Kung kaya't ganoon na lamang ang pagsuporta nila sa mga Amerikano na kanilang nakitang magpapanumbalik nang kaayusan at seguridad sa Pampanga. Sa panahon na ito nasukat ang paninindigan ng mga manghihimagsik na Pampango: ang manghihimagsik ng Bacolor na si Joven ay piniling magsilbi sa ilalim ng mga Amerikano bilang Gobernador ng Pampanga. Habang ang mga

manghihimagsik tulad ni Hizon ay ipinatapon sa Guam dahil ayaw nitong manumpa ng katapatan sa mga Amerikano. Ikinulong naman ang mga manghihimagsik ng Bacolor na sina Alimurung at Soto. Sumuko naman si Galura at Alejandrino. Matapos makipaglaro sa politika ng Republika, iniwan ni Buencamino si Aguinaldo at nanumpa ng katapatan sa mga Amerikano.

Ang pag-*adjust* sa petsa ng simula ng paghihimagsik sa Pampanga ay pagkilala sa naging papel ng mga maralita—gaano man ito hindi katanggap ng mga naunang nagsulat dahil ikinahihiya nila at sa halip, mga politiko, liberal, mga ideal na lider na mailelebel kina Aguinaldo, Gregorio del Pilar, atbpa. ang nais pagpakuan ng timon ng pakikisangkot ng mga Pampango sa pagbubuo ng pambansang komunidad.

Sa mga manghihimagsik na piniling manumpa ng katapatan sa Estados Unidos, binagong bihis nila ang pag-alaala ng mga Pampango sa kanilang partisipasyon sa paghihimagsik. Si Pabalan, na itinuring na unang dramatistang Pampango, ay lumikha ng dula batay sa paggapi ng mga Pampango sa mga Espanyol sa kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan na kinasangkutan niya doon sa Bacolor noong 3-4 Hunyo 1898. Pinagamatan iyong *Apat Ya Ing Junio* (Ikaapat ng Hunyo).[13] Ang popularidad ng dulang iyon ni Pabalan ay maaaring nakaapekto sa memorya ng mga Pampango na sa araw na iyon lamang nagsimula ang Himagsikan sa Pampanga. May negatibong alaala naman ang mga Pampango kina Galura at Soto—ang mga haligi ng panitikang Kapampangan—dahil nagpasangkapan sila sa mga Espanyol. Hindi tuloy maiwasang isipin na ang pagpaksa nila

[13] Rosalina Icban-Castro, *Literature of the Pampangos* (Maynila: University of the East Press, 1981), 414.

ng nasyonalismo sa kanilang mga ambag sa panitikan at dulaang Kapampangan ay kanilang pantabing sa minsan nilang pagiging *voluntario*. Nariyan, halimbawa, ang maikling kuwento ni Soto na *Ing Pasionara* ("Isang Bulaklak," unang lumabas sa pahayagang bilingwal sa Pampanga na *Ing Emangabiran* at *El Impacial* noong 1907) na tungkol sa martir ng Porac na si Capitan Carlos Patricio. Ayon sa kuwento'y nakita ang bangkay ng Capitan, tangan-tangan sa kanang kamay ang isang bulaklak na kaloob sa kaniya ng sinisintang si Leonor.[14] Nakiambag naman si Galura sa pagsulong ng diwang makabansa sa Pampanga dahil isinalin niya sa wikang Kapampangan ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Gayundin si Tolentino, na naging kontrobersyal sa Maynila dahil sa kaniyang *Kahapon, Ngayon at Bukas*. Mayroon din itong bersyong Kapampangan, ang *Napun, Ngeni at Bukas*.

MAGANDANG PAKINGGAN NA magdudulot ang Himagsikan nang pagbabago at, sa mga salita mismo ni Mabini, nang pagbabangong puri. Ngunit kung susuriin ang palakad ng Pamahalaang Panghimagsikan sa Pampanga, politika at kawalang pagtanggap sa pagkakaiba sa kultura, pananampalataya, at paniniwala ang namayani. Sa kabila ng pagpigil ng pamahalaan sa anumang anyo ng pagmamalabis, kapwa sa mga Espanyol o Pilipino, naiulat pa rin ang paghihiganti at panggigipit sa mga kalaban sa paniniwala, at sa mga lumaban sa umiiral na sistemang panlipunan (na mga *principal* at *intelegencia* ang dapat mamayani).

---

[14] Juan Crisostomo Soto, *Lidia* (Maynila: Imprenta de Santos at Bernal, 1907), 40-3.

Kaya't nang mamatay sa Guam si Hizon noong 1901 at nang bitayin si Salvador sa Bilibid sa pamamagitan ng pagbigti noong 15 Abril 1912,[15] nawalan ng lider ang mga ordinaryong Pampango. Itong-ito rin ang senaryo noong 3 Hunyo 1571: nang mamatay ang kapitan ng mga Muslim na taga-Macabebe sa Labanan sa Bangkusay, nagpulasan sa iba't ibang direksyon ang mga mandirigma nito. Sa mga ulat ng mga Espanyol, kaduwagan ang tingin nila sa pagpulasang iyon. Ngunit kung pakakasuriin ang reaksyon ng mga mandirigma sa pagkapaslang sa kapitan ng Macabebe, tila *magnetite* sila na nagkalat nang mawala ang isang batobalani na nagbibigkis sa kanila bilang isa. *Samakatuwid* natanggalan sila ng lakas, tapang, at dangal. Sa malaong ulat ni Gob. Hen. Francisco de Sande noong 1577, napansin niya na napasuko nila ang mga katutubong nanlaban dahil "nawalan na sila ng pinuno na kanilang titingalain."[16]

SINASALUNGAT NAMAN NG pag-aaral na ito ang tradisyunal na kasaysayan ng Pampanga na nagsimula ang Himagsikan noon lamang 3 Hunyo 1898 sa Bacolor. Maaaring sabihin iyon ang unang pagkakataon na sumabak sa armadong paglaban ang mga Pampango sa mga Espanyol noong Himagsikan, ngunit mas mahalaga pa rin na kilalanin ang 1 Hunyo 1898 bilang petsa ng pagsisimula ng Himagsikan sa Pampanga. Ang petsang iyon ang siyang nagpalakas ng loob sa mga Pampango na kaya na nilang iwan ang matagal nilang sinuportahang mga Espanyol para sa pagbubuo ng bansa.

---

[15] "Felipe Salvador, Pagbitay sa Kanya." *Taliba*, 15 Abril 1912, sinipi sa Santos, *Ang Tatlong*, 24.

[16] Francisco de Sande, 1577," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4, 106.

Kaugnay ng pagsisimula di umano ng Himagsikan noong 3 Hunyo 1898 ay ang pag-etsapuwera kay Hizon sa kasaysayan. Maging ang kaniyang panunungkulan bilang gobernador ng Pampanga ay hindi kinikilala ng Pamahalaang Panlalawigan ng Pampanga. Wala siya sa listahan ng mga naging gobernador ng Pampanga at sa mga pintang larawan ng mga gobernador na nakasabit sa Kapitolyo, ngunit si Mascardo na hindi naman naging gobernador ay naroon. Si Mascardo ay Kumandante ng Hukbong Pilipino sa Pampanga. Ang kaniyang gobernador ay si Hilario.

Sinasalungat din ng pag-aaral na ito ang malaganap na idea na may *triumvirate*, di umano, ang pamumuno sa himagsikan sa Pampanga: si Hilario ("*chief architect*"), si Hizon ("*organizer*"), at si Aurelio Tolentino ("*coordinator*").[17] Bahagi rin ng pagsalungat ang labis-labis na pagbibigay atensiyon kay Hilario bilang "utak" ng himagsikan sa Pampanga. Ayon kay Rafaelita Hilario-Soriano, apo ni Hilario, "*Tiburcio Hilario stands out as the brains of the revolutionary movement in Pampanga*" ('nangibabaw si Tiburcio Hilario bilang utak ng kilusang panghimagsikan sa Pampanga'). Nakakapagtaka rin na hindi nabanggit ni Rafaelita ang isyu ng kaniyang lolo at ni Hizon. Nakakagulat din na naisingit pa si Tolentino sa kasaysayan ng Pampanga, gayong wala naman siyang dokumentadong ambag sa Himagsikan sa Pampanga—liban sa siya'y ipinanganak sa Guagua mula sa mga Tagalog na magulang galing Tondo.

[17] Eduardo Lachica, *The Huks: Philippine Agrarian Society in Revolt* (Maynila: Solidaridad Pub. House, 1971), 75.

Marahil nakita ng historyador na si Mariano Henson na walang dapat ikapuri sa pagsasawalang-kibo ng mga Pampango sa Himagsikan, mula 1896 hanggang 1898, kaya't wala pang kalahating pahina ang tungkol sa Himagsikan sa lalawigan sa kaniyang aklat hinggil sa kasaysayan ng Pampanga. Hindi ito dapat ikahiya sapagkat tulad ng ibang probinsya, umuunlad ang idea ng pagkabansa. Gayundin, kabilang si Henson sa mga historyador na nagpakalat na taksil at bayaran ang mga taga-Macabebe. Sa pag-aaral na ito, makikita ang pinanggagalingan ni Lucio Turla y Flores, isa sa mga bayani ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig mula Lubao, na ipinagtanggol ang mga taga-Macabebe mula sa pagturing na taksil, di umano, sila sa bayan:

> How can they be traitors if they did not owe loyalty to Aguinaldo? Aguinaldo himself admitted they were not his own men and did not know them. *A traitor is one who owes you loyalty to begin with and then betrays you. So there is no treachery involved there*... [Akin ang diin][18]

Ganoon din ang katwiran ni Renato "Katoks" Tayag, bantog na mamamahayag na Pampango, na hayagang kinuwestiyon ang panghuhusga ng historyador na si Teodoro Agoncillo sa mga taga-Macabebe bilang taksil at mga Aztec:

> As to calling them betrayers, this I think is unfair to the Macabebes… *Betrayers are people on whom trust has been placed by a person to whom they must then be loyal*. Segovia, Tal Placido, Bato, Cadhit and Segismundo (all were not Kapampangans) were or had been members of the Filipino army and owed loyalty to their commander-in-chief. But the Macabebes did not owe Aguinaldo loyalty… [Akin ang diin][19]

---

[18] Lucio F. Turla, "How Can they Be Traitors if They Did Not Owe Loyalty to Aguinaldo?" *Singsing* 1:4 (2003), 15.

[19] Tayag, *Recollections*, 166.

Hindi man saklaw ang panahon, naungkat ng pag-aaral na ito na gayong mahigpit na ipinagbawal ni Mabini noong 10 Abril 1899 ang alinmang anyo ng kalupitan sa mga taga-Pampanga, Tarlac, Nueva Ecija, at Pangasinan,[20] binaliwala ito sa Macabebe. Nagpatuloy ang pagmamalupit sa nasabing bayan, na natuldukan noong 29 Abril 1899 nang 300 taga-Macabebe[21] ang sinunog ng buhay kasama ng Simbahan ng Macabebe.[22] Nagmakaawa si Domingo Suñga, punongbayan ng Macabebe, para sa buhay ng mga susunuging kababayan niya.[23] Buhay pa sa kamalayan ng mga taga-Macabebe noong mga taong 1950—ang panahon kung kailan sinulat ang *Historical Data Paper*—ang malagim na petsang iyon ng 29 Abril 1899: isang "Heneral Kalintog" ang nagpasunog ng Simbahan ng Macabebe.[24] Imposibleng si Heneral Kalentong iyon (o si Hen. Vicente Leyba) ng Mandaluyong sapagkat napatay sa isang engkuwentro ang heneral sa San Rafael, Bulacan noong Nobyembre 1897.[25] Ang pinakamalapit na may pakana sa pagsunog sa Simbahan ng Macabebe ay walang iba kundi ang itinalaga ni Aguinaldo na kumandante ng Hukbong Pilipino sa Macabebe: si Koronel Agapito Bonzon o mas kilala bilang si Coronel Yntong.[26]

---

[20] Apolinario Mabini, *The Philippine Revolution* (Maynila: National Historical Commission 1969), tomo 2, 157.

[21] John Elderkin, Chester S. Lord, at Charles W. Price, mga pat., *Speeches at the Lotos Club* (New York: Lotos Club, 1911), 78.

[22] Viray, pat., "Historical and Cultural Life," 7; UPDML, "Entry from Fr. Juan Guevarra, Parish Priest of Macabebe, 13 November 1909." *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 55. Document No. 317.

[23] Sa komentaryo ni Alfonso Leyson, Jr., apo ni Eugenio Blanco na pinuno ng Voluntarios de Macabebe, noong 12 Marso 2007 sa website na electronic Kabalen (eK): "My father told me that when the Katipuneros invaded Macabebe, they took all the men inside the church and lined it with bamboos to burn them all. The Sunga's begged the insurrectos to spare the men and just burn the church."

[24] Viray, pat., "Historical and Cultural Life of Macabebe," 6.

[25] National Library of the Philippines (NLP), "Service Record of Domingo San Juan." *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 58, Folder No. 974.

[26] NLP, "Col. Agapito Bonzon, the Chief of Macabebe, to Gen. Ysidoro Torres, Macabebe, 28 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 159, Folder No. 93-4, 3.

Maaaring sa tagal ng panahon nagkaroon ng tinatawag na *word contraction* o pagsasama ng mga salita upang maging isa: ang Coronel Yntong, na kung bibigkasin sa Kapampangan ay maaaring naging "Kalunel Intung" ay na-*contract* bilang "Kalintog," at napagkamalan na lamang siyang "Heneral."

Lubos na kinapoot ng mga taga-Macabebe ang pagsunog na iyon, ayon kay Frederick Funston, ang pinuno ng misyon upang dakpin si Aguinaldo sa Palanan, Isabela noong 1901, kasama ang 80 sundalo mula sa Macabebe. Sa talumpati niya sa Lotos Club sa New York noong 8 Marso 1902, ipinaliwanag ni Funston sa mga Amerikano kung bakit naging kakampi nila ang mga taga-Macabebe: nais maghiganti ng mga taga-Macabebe sa pagsunog nang buhay sa 300 kababayan nila sa loob ng simbahan.[27] Ang *teniente* (ngayo'y katumbas ng *vice mayor*) naman noon ni Sunga na si Engracio Alfonzo ay nag-ulat kay Hen. J. Franklin Bell sa San Fernado ng mga pang-aabuso ng puwersa nina Aguinaldo, Luna, at Mascardo noong 20 Hunyo 1899.[28]

Isang araw matapos sunugin ang Macabebe, nagulat ang mga Amerikano—na nasa kabilang bayan lamang ng Macabebe na Calumpit—nang may grupo ng kalalakihan sa pamumuno ng isang Teniente Pedro Esela ang nagboluntaryong aatakihin nila si Luna sa Pampanga.[29] Nais maghiganti ng mga taga-Macabebe sa lahat ng pang-aabuso ng puwersa

---

[27] John Elderkin, Chester S. Lord, at Charles W. Price, mga pat., *Speeches at the Lotos Club* (New York: Lotos Club, 1911), 78.

[28] NLP, "Report of Engracio Alfonzo, Macabebe, 29 June 1899." *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 556, Package 400, Enclosure 427.

[29] *The Military Surgeon: Journal of the Association of Military Surgeons of the United States* 61 (1927), 325.

ni Aguinaldo sa bayan. Sa halip na makuha ang loob nila, lumayo pa nang husto ang kanilang loob sa mga Pilipinong nagsulong ng diwa ng pambansang komunidad.

**Rekomendasyon ng Pag-aaral**

Maiksi ang kulang-kulang isang taon—mula 1 Hunyo 1898 hanggang 23 Enero 1899—upang maisulat kung gaano kagagap ng mga Pampango ang diwa ng pambansang komunidad. Rekomendasyon ng pag-aaral na ito na dugtungan ang pagsusulat hanggang Digmaang Pilipino-Amerikano sa Pampanga dahil ang yugtong iyon sa kasaysayan ng bansa ang masasabing unang seryosong laban ng mga Pampango para sa pambansang komunidad. Ang nangyari sa Bacolor noong 3-4 Hunyo 1898, sa San Fernando hanggang Minalin noong 14-15 Hunyo 1898, at sa Macabebe noong 26-28 Hunyo 1898 ay pagpresyur na lamang ng mga Pampango sa mga Espanyol, dahil alam nilang mahina na ang mga ito.

Inererekomeda rin ng pag-aaral na ito ay ang dokumentasyon sa nagpapatuloy pa rin na katutubong paniniwala sa Pampanga na makikita sa paligid ng Pinak ng Candaba—ang balwarte ng mga Gabinista at Santa Iglesia—at sa sinasabi ng mga *manulu* ng Pampanga na mga misteryosong tao (o *kultu*) sa San Luis at Sta. Ana na tinatawag na *Gabinista*. Itong mga Gabinista na *kultu* ay naniniwala sa diyos na *Apung Gabu*.

Ang susunod na detalye ay hindi ko na isinama sa kabanata kung saan aking tinalakay ang *kultu* ng Gabinista: sinasabing si Apung Gabu ay ang katawang-tao ni Apung Sinukuan, ang panginoon ng Bundok Arayat. Mayroon ding watawat na may tatlong kulay ang mga *kultu* ng Gabinista: luntian, dilaw, at pula. Sa Apalit, palasak na kulay ang mga ito tuwing pistang bayan para kay Apung Iru (San Pedro). Nagkainteres si Pangilinan sa mga naturang kulay kaya't isinusulong niya ito bilang tradisyonal na kulay ng mga Pampango.

Hindi kaya ang Apung Gabu na tinutukoy ng *kultu* ng *Gabinista* ay si Gavino Cortes, na itinuring ding "Dios Gavino" at "San Gavino" noong ika-19 na siglo sa Pampanga at siyang tagapagtatag ng kapatirang Gabinista na pinagmulan ng Santa Iglesia? Kung ganoon man, hindi nalalayo ang *kultu* ng Gabinista sa mga espiritista sa mga bundok ng Timog Katagalugan na sinasabing direktang inapo ng kilusang Colorum noong Digmaang Pilipino-Amerikano, habang ang kilusang Colorum ay ipinapalagay na nag-ugat pa sa Cofradia de San Jose ni Hermano Puli noong 1841.[30]

Hindi naman nalutas ng pag-aaral na ito kung kailan ginamit ng Santa Iglesia ang Bundok Arayat bilang banal na templo nila. Ang mga nakakatakot na kuwento na bumabalot sa bundok marahil ang dahilan kung bakit mula 1888 hanggang 1899, nasa kapatagan at pinak ng Pampanga sa Apalit, San Luis, at San Simon lamang ang Santa Iglesia at ang sinundan nitong Gabinista. Maaaring salik sa pag-akyat nila sa Arayat ang

---

[30] Constantino, *Identity...*, ibid; John N. Schumacher, S.J. "Syncretism in Philippine Catholicism Its Historical Causes." *Philippine Studies* 32:3 (1984): 272/251-272.

pagpurga sa kanila ng mga awtoridad sa mga bayan-bayan ng Pampanga sa ilalim ng mga manghihimagsik at sunod sa ilalim ng mga Amerikano.

Larawan si Suku ng klase ng pagsunod at pagkilala ng mga Pampango sa awtoridad na makikita sa ibig sabihin ng salitang *cumurul* (salitang ugat: *curul*) o ang tawag sa matapang at di-matinag na mandirigma na kinailangang umatras; patunay, na sa kabila ng katapangan, kabangisan, at kataasang loob, kailangang tanggapin na may nakahihigit sa tapang, husay, at awtoridad; at ang kasabihang Pampango na hindi sa lahat ng pagkakataon napupuntirya ng isang matalim na espada ang dapat nitong tamaan ("*del acero, que siendo muy penetrante, no entró en esta ocasión*").[31] Ngunit larawan din ng klase ng kikilalaning awtoridad ng mga Pampango ang isa pang ibig sabihin ng *suku* sa wikang Kapampangan: awtoridad na kayang ipakita sa mga Pampango ang 'walang hanggan' at 'walang katapusan' na kapangyarihan.

Kaugnay naman ng mungkahing aralin ang anggulong *kultu* ng mga Gabinista at Santa Iglesia ay ang mungkahi pa ng pag-aaral na ito na gamitin ang metodolong sosyolohikal. Masyadong malakas ang paniniwala sa Pampanga tungkol sa *kultu*. Katumbas ito ng pagkatakot ng mga taga-Visayas sa mga mambabarang at aswang, ang kaibahan nga lang ay tao ang mga *kultu*. Sa Macabebe, marami ang pinagbabawalang magpagabi sa daan; naglalagay ng asin sa pintuan at bintana, sa paniwalang pangontra ito sa mga *kultu*; at inoorasyunan 'di umano ang mga tsinelas na matyempuhan ng mga *kultu* sa labas ng bahay para pagbuksan sila ng pintuan ng may-ari nito at saka papaslangin. Ang

[31] Bergaño, *Vocabulario*, 85.

nagpapatuloy na paniniwalang ito ng mga Kapampangan sa *kultu* ay maaaring nag-ugat pa sa kabikabilang pagsalakay ng Santa Iglesia sa Gitnang Luzon noong panahon ng mga Amerikano at sa biglang pagsulpot sa kanayunan ng mga miyembro nito para humingi ng makakain at magsasagawa ng kakaibang ritwal at indoktrinasyon.[32]

Iminumungkahi rin ng pag-aaral na ito na sikaping pag-ugnayin ang kawalan ng katarungang panlipunan noong panahon ng mga Espanyol na tinugunan ng Santa Iglesia at ang kilusang agraryo sa Pampanga noong ika-20 siglo.[33] Sa katunayan, napansin din ni Brian Fegan ang katangian ng sosyalismo na mayroon sa Gitnang Luzon, partikular sa Pampanga:

> Peasant members held syncretic folk-Marxist ideas, adapted through- the earlier idiom of folk-Catholic ideas.[34]
>
> (Ang mga miyembrong magsasaka ay may pinagsamang katutubong Marxismo na pananaw, na nakuha nila mula sa nakagawian na nila na pananaw-katutubong-Katolisismo.)

Kung sisiyasatin naman ang paglitaw sa kasaysayan nina Cortes, Salvador, at Taruc, kabutihang loob at kabutihan ng mga magsasaka at maralita ang kanilang isinulong, *bagaman* sa ibang paraan: mapapansing ang unang dalawa ay naghandog ng karunungang mistikal at supernatural; habang si Taruc ay naghandog ng kamulatang sosyal at politikal

---

[32] Basahin ang sariling pahayag ni Salvador na sinulat niya sa Bilibid noong 2 Agosto 1910 sa Santos, *Ang Tatlong Tulisan*, 11-21.

[33] *The United States vs. Lapus, et al.*, G.R. No. 1222, 21 Enero 1905.

[34] Brian Fegan, "The Social History of a Central Luzon Barrio," sa *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations*, pinamatnugutan nina Alfred W. McCoy at Ed. C. De Jesus (Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982), 107.

at ikinahiya ang pagdawit sa kaniya sa mga paniniwalang mistikal. Kapansinpansin na mahalaga sa mga nanatiling naniniwala kay Salvador ang bayan ng San Luis. Sa bayang iyon aktibo ang Santa Iglesia noong Himagsikang Pilipino at iyon din ang bayang sinilangan ng reinkarnasyon ni Salvador (binitay noong 1912) na si Taruc (isinilang noong 1913). Sa kabila ng malawakang kamulatan ng mga Pampango, bunga ng edukasyong pampubliko na bumangga sa mga pamahiin at paniniwalang supernatural,[35] nagkaroon sila ng kabatiran at pakikisangkot sa politika, katwiran, karapatan, kalayaan, katarungang panlipunan, ekonomiya, at kalusugan.[36] May mga talang lokal sa HDP na ginigipit ng mga "maykaya" at "Kastilaloy na panginong maylupa" ("*wealthy and Spanish-cultured landlords*")—samakatuwid, mga uring *principalia*—ang mga nais magbukas ng paaralan sa mga nayon; tulad ng panggigipit sa Municipal Administrator ng San Fernando na si Patricio Mendoza sa Baliti, San Fernando noong 1904. Naging *nucleo* ng kaligaligan ang Baliti dahil sa 25-75 porsyentuhan sa pagitan ng kasamak (*tenant*) at ng panginoong maylupa sa aning tubo o asukal. Isama pa rito ang kawalan ng karapatan ng kasamak na ibenta ang kaniyang porsyento at paggamit sa kalabaw nito, pangangamuhan, ang mapaniil na *takalanan* (sa isang kabang bigas na hihiramin ay tatlong kaban ang balik sa amo at hindi maaaring humiram sa iba ang magsasaka kundi sa amo lamang nito), sapilitang paggawa ng walang bayad sa bahay ng amo, kawalan ng karapatang pumili ng ihahalal liban sa ididikta ng amo, at pagpapalayas sa kasamak sa lupain ng amo anumang oras.[37] Noong 1923, isang nagngangalang Wenceslao Dimatulac ang nanguna sa *strike* ng mga

---

[35] Cf. NLP, "Minalin HDP," 89.

[36] Cf. NLP, "San Fernando HDP," 30; "Minalin HDP," 20; "San Simon HDP," 13.

[37] NLP, "San Fernando HDP," 30.

kapwa magsasaka. Nang dahil sa ingay na ginawa nila, nabigyan sila nang bonus at pulot ng kabayo (*molasses*), nagabayan sila sa kakumplikaduhan ng sistema ng buwis, nabunyag sa publiko ang mapaniil na pautang, at naging 50-50 na ang porsyentuhan. Mula sa halimbawa ng Baliti, lumaganap ang idea ng pagsasama ng mga magsasaka upang kondenahin ang pang-aabuso ng mga uring *principalia*. Nag-usbungan din ang mga samahang pangmagsasaka sa Pampanga tulad ng Tanggulang Pambansa, Partido Sosyalista ng Pilipinas, Anac Pawas, at Tanggulang Katipunan Pambansa. Naging símbolo ang pagpapatunog ng tambuli upang organisahin ang mga magsasaka, na siya namang kinatakutang tunog ng mga uring *principalia*.[38] Sa San Jose, San Fernando nagsimula ang sosyalismo sa Pampanga dahil iyon ang nayon ni Pedro "Don Perico" Abad Santos,[39] ang sumunod kay Salvador sa pagiging karismatiko sa mga maralita't magsasaka at tumayong lider ng mga ito. Ang kaibahan nga lamang nina Salvador at Abad Santos ay ang anyo at paraan ng pagbuhay sa loob ng mga magsasaka sa paraang rasyunal at politikal. Kabalintunaan nga lamang: si Abad Santos ay dating *aide de camp* ni Hizon, ang matador ng Santa Iglesia. Nakita naman ng mga naniniwala pa rin kay Salvador sa *protégé* ni Don Perico na si Taruc na natupad ang propesiya na muling mabubuhay si Salvador. Sa nayon ng San Roque, sa bayan pa rin ni Taruc na San Luis—na kilalang nayon na balwarte ng Santa Iglesia—marami ang sumuporta kay Abas Santos at sa iba pang lider magsasaka, tulad ni Vicente Almazar ng Baliuag. Sa ilalim nina Abad Santos at Almazar, nagkalakas ng loob ang mga magsasaka ng San Roque na kondenahin ang singil sa patubig ng mamumuhunang taga-Baliuag na si Damaso Rustia. Sumama rin ang mga magsasaka ng

[38] NLP, "San Fernando HDP," 9.

[39] NLP, "San Fernando HDP," 40.

San Roque hanggang Malolos upang magprotesta para sa karapatan sa patubig.[40] Bukod pa sa anggulong reinkarnasyon, nagkaroon din ang mga Pampango ng *Pasyon ding Talapagobra* na bersyon ng mga sosyalista sa buhay ni Hesukristo at sinasabing inaawit nila tuwing Mahal na Araw. Naging isyu rin ang relihiyon nang magsama ang Partido Sosyalista ng Pilipinas ng mga Pampango at Partido Komunista ng Pilipinas na karamihan ay mga Tagalog ang miyembro. Ang mga ito ang sinasabi ni Fegan na *syncretic folk-Marxist ideas* sa Pampanga.

Ang pagtakbo ng masa at aping Pampango sa isang relihiyosong kapatiran tulad ng Gabinista at Santa Iglesia ay patunay na popular pa rin ang pormula ng pananakop ng mga Espanyol sa mga Pampango gamit ang relihiyon. Mula nang sakupin ng mga Espanyol ang Pampanga noong 1571, walang natakbuhan ang mga Pampango dahil sa kawalan ng lider na tatayo para sa kanila kundi ang "Diyos at ang katarungan," ayon sa kronologong Espanyol na si Padre Herrera. Naging pagkakataon naman iyon para sa mga misyonero na maging tanglaw ng pag-asa at kakampi ng mga aping katutubo, lalo pa't maging sila ay hindi nakaligtas sa pagmamaltrato ng mga opisyal at sundalong Espanyol. Ito naman ang nagbunsod sa hari ng Espanya na ipagkatiwala sa mga pari ang pangangasiwa sa aspektong politikal ng kolonya.[41] Ngunit sa paglitaw ng sosyalismo sa Pampanga, mas naakit na ang mga Pampangong maralita at magsasaka sa mas politikal na oryentasyon ng pagdulog sa katarungang panlipunan. Matapos mamatay si Salvador, may lumitaw pang mga

---

[40] NLP, "San Luis HDP," 29.

[41] Rojas, "Letter to Felipe II," 272-3.

karismatikong relihiyosong lider tulad ni Pedro “Apung Iru” Danganan ng Guagua, ngunit mas relihiyoso ang kaniyang tuon kaysa sa sosyo-politikal.

Nang mawala ang Santa Iglesia, ang mga Huk naman ang sunod na namundok sa Arayat. May isang *kantang ukbu* ang Huk sa wikang Kapampangan na ang tema ay tungkol sa paghahanap sa dating pinagkutaan ng mga naunang mandirigma upang doo’y muling itirik ang kuta nila. Pinamagatan itong *Indung Balayan* (*Inang Bayan*):

| **Indung Balayan** | **Inang Bayan** |
|---|---|
| Págnasan kung tuki ka | Ninanasa kong sumama ka |
| Batiawan te itang Bunduk ning Alaya | Nang matunghay natin Bundok ng Arayat |
| Kareta king batu manukluanan kata | Sa batuhan nito’y mamayanan tayo |
| Pa’intunan te itang kwebang | At hanapin din natin ang yungib |
| Sintungan da ring mangatwang minuna | Na pinagkutaan ng mga nauna sa’tin |
| A mengayangu na biye | Ngayo’y mga nagsipagyao na |
| Balen king uli ra | Ang bayang ‘to’y dahil sa kanila |
| Silwak dang daya keti kaparangan | Hinandog nilang dugo doon sa kaparangan |
| Ing puyat at danup gewa rang puunan | Ang puyat at gutom kanilang naging puhunan |
| “E bala ing mate” | “Di bale nang mamatay” |
| Ngarang miyagnanagnan | Sambit nilang sabay-sabay |
| “Tumula ka sana | “Lumigaya ka lang sana |
| O Indung Balayan.” | O aming Inang Bayan.” |

Mula sa idea ng pagiging sakop (*colonized*), natutunan din kalaunan ng mga Pampango na makibagay sa ibang mga katutubong sakop, yakap ang idea na "tahanan" nila ang Pilipinas. Sa malambing na paglalarawan ni Apolinario Mabini sa "Ang Tunay na Sampung Utos ng Dios" ("El Verdadero Decalogo" sa bersyong Espanyol), ang Pilipinas ay isang "bayan ó Inang bayan" na kailangang ibigin ng

> …ca-icalua ng Dios at ng iyong puri at higuit sa iyong sarili, sa pagca't siya ang nacaisa-isang Paraisong pinaglaguian sa iyo ng Dios sa buhay na itó; bugtong na pasunod sa iyong lahi; nacaisa-isang mamamana mo sa iyong mga pinagnuno; at siya lamang pagasa ng iyong inanac: dahil sa caniya'y humahauac ca ng buhay, pagibig at pagaari; natatamo mo ang caguihauahan, capurihan at ang Dios.[42]

---

[42] Apolinario Mabini, *Panukala sa Pagkakaná nang República nang Pilipinas* (Kavite: Pamunoang Tagapagbangong-puri, 1898), 14; cf. NLP, "Panukala sa Pagkakaná nang República nang Pilipinas ni Apolinario Mabini." *Philippine Revolutionary Papers*, Folder 40, Document No. 5.

# BIBLIOGRAPIYA

## Archivo General Militar de Madrid (AGMM)


“Asuntos Generales: Voluntarios: Macabebe.” *Servicio Historico Nacional-Voluntarios Pampanga*, 2º 10, 6-9.

“Asuntos Generales: Voluntarios Pampª, sobre la incorporación de los mismos a la C. G. del Centro de Luzon, 15 Mayo 1897.” *Servicio Historico Nacional-Voluntarios Pampanga*, 2º 10, 2.

“Diego de los Rios confirming to the Governor-General and to the Military Chief the mobilization of Pampango volunteers, San Fernando, 21 January 1897.” *Servicio Historico Nacional-Voluntarios Pampanga*, 2º 10, 4-5.

Jacinto, Emilio. “¡¡¡Gomez, Burgos, Zamora!!! 30 Abril 1896.” *Filipinas-Katipunan*, Caja 5677, leg.9.1.

“Telegrama, 5 Nov$^{\underline{e}}$ 1897.” *Servicio Historico Nacional-Voluntarios Pampanga*, 2º 10, 32-3, 35-7.

“Voluntarios Mobilizados Pampanga 1897-1898.” *Servicio Historico Nacional-Voluntarios Pampanga*, 2º 10, 3.


## Archivo de la Provincia Agustiniana de Filipinas (APAF)


“Testamento de D. Agustin Cubacub, principal del pueblo de Lubao, 19 de Agosto 1600.” Carpeta 48, Folio 1-3.


## Archivo General de Indias (AGI)


“Petición de merced y exención de tributo de Pedro de Mújica, 20 May 1649.” Filipinas, 43, N. 52.

“Petición de Villatoro sobre premiar a indios pampangos.” *Filipinas*, 28, N. 104.


## Archivo Histórico Nacional (AHN)


“Expediente de establecimiento de un colegio de Primaria y Latinidad en Bacolor, 1861-1868.” *Ultramar (1863-1899),* No. 472.

"Ynforme sobre los sucesos de Apálit el 19 de Febrero de 1898." *Ultramar*, Legajo 5356.

**Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University**

Angeles, Jose David. "The Story of My Life, 1975."

**Minalin Museum and Library**

Flores, Ambrosio. "The Battle of Sta. Catalina." Walang petsa, ca. 1950.

**National Archives of the Philippines (NAP)**

"Copia de las informaciones secretas de abril á agosto de 1896." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-6, Document No. 33.

"Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 17 de Marso 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-8, Documento no. 18.

"Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 28 de Abril 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-8, Documento No. 70.

"Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 26 de Mayo 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Documento No. 94.

"Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 29 de Mayo 1897." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Documento No. 63.

"Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 30 de Mayo 1897." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-7, Documento No. 64.

"Copias oficiales para el Archivo del Cuerpo de Vigilancia de Manila, y procedentes de dicho Archivo, de la correspondencia reservada del Inspector Jefe del referido Cuerpo

al Señor Gobernador Civil de Manila, relativo á la insurrección de las islas, Manila, 9 de Junio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-8, Documento No. 99.

"Don Antonio de Muniain's Manuscrito, Manila 22 de Julio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-21, Informe No. 72.

"Don Cecilio Martinez Alava's Manuscrito, Manila, 16 de Julio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-43, Informe No. 8.

"Don Jose Ma. Garcia y Araulio's manuscritos, Manila, 6 de Junio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Informe No. 26.

"Don Jose Ma. Garcia y Araulio's manuscritos, Manila, 13 de Junio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Informe No. 31.

"Don Juan Gomez' manuscrito, Manila, 4 de Junio 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-48, Informes No. 20.

"Don Juan Gomez' Manuscrito, Manila, July 2, 1898," *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-48, Informe No. 34.

"Don Manuel Garcia's manuscrito, Manila, 15 de Marso 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-16, Informe No. 34.

"Escritorio de convenio formalizada por todos los descendientes del Abolengo infiel Gatbondoc sobre partición de tierras, ante el Alcalde de segunda Elección Don Francisco de Legaspi del pueblo de Hagonoy, Partido de Bulacan en 1805," *Varias Provincias-Bulacan, 1806-1899.*

"Intelligence Report of Agente Tito David." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 1.

"Intelligence Report of Agente Tito David, 31 January 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 31.

"Intelligence Report of Agente Tito David regarding a Ponciano Punsalan from San Fernando, Pampanga." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 36.

"Intelligence report of Agente Tito David relating that Haring Gavino... is already in prison in San Fernando, Pampanga... 28 February 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 40, 1/1-4.

"Intelligence report of Agente Tito David relating that the recent uprisings in Calumpit, Apalit and Macabebe were caused by the abuses of the soldiers... 26 February 1898." *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito B-20, Informe No. 39, 1-2.

“Intelligence report of Inspector Manuel Garcia regarding the breakdown of order in the town of Malabon, also on the sentencing to death of a Rey Gavino, who was responsible for recent incidents in Apalit, Pampanga, 4 February 1898.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito B-16, Informe No. 21, 1-2.

“Intelligence report of Inspector Manuel Garcia regarding the apparent expression of delight of Pampangos over the execution of Gavino... 5 March 1898.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito B-16, Informe No. 30.

“Masoneria Pampanga.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito A-4, Información Secreta No. 19.

“Memoria de la Provincia de la Pampanga referente al año de 1890 que eleca el Gobernador que suscribe al Excmo. Sr. Gobernador General de Filipinas con arreglo a lo que preceptua la R. O. de 5 de Marzo de 1886.” *Memoria Pampanga,* folio 114.

“Noticia de los individuos afilados a la Masoneria en la provincia de Pampanga.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito A-10, Documento No. 2.

“Pampanga - Si acaso esta provincial donde más se halla la masoneria, pues tiene adaptos en casi todos.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila*, Manuscrito A-10, Documento No. 3.

“Parte original interesantisimo por sus detalles, dado por el Inspector Manuel Garcia sobre la llegada del General Monet en Manila.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito A-1-(9), Legajo No. 9, Documento No. 308.

“Relación de los individuos indultados presos en Manila por Excmo. Señor Gobernador General de estas islas.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito A-1-(4), Legajo No. 4, Documento No. 157.

“Relación nominal de los individuos que se ballaban presos en la cárcel pública de Manila por delitos politicos y que han sido presentados en el dia de hoy por haber sido indultados por el Excmo. Señor Capitán General de estas islas.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito A-1-(4), Legajo No. 4, Documento No. 156.

“Relación de los rematados políticos que fueron embarcados, con destino al gobierno de Barcelona para sufrir sus condenas.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito A-1-(4), Legajo No. 4, Documento No. 151.

“Report of Inspector Jefé Federico Moreno relaying various intelligence…, Manila, 6 November 1897.” *Cuerpo de Vigilancia de Manila,* Manuscrito A-7, Documento No. 137.

**National Historical Commission of the Philippines**

**Serafin D. Quiason Resource Center**

“Angeles Historical Data Papers (HDP).” *Report on the Historical Data of the Town of Angeles*.

“Apalit HDP.” *Report on the Historical Data of the Town of Angeles*.

“Arayat HDP.” *Report on the Historical Data of the Town of Angeles*.

“Bacolor HDP.” *Report on the Historical Data of the Town of Angeles*.

“Floridablanca HDP.” *Report on the Historical Data of the Town of Angeles*.

“Guagua HDP.” *Report on the Historical Data of the Town of Angeles*.

“Mabalacat HDP.” *History and Cultural Life of the Municipality of Mabalacat, Province of Pampanga*.

“Macabebe HDP.” *History and Cultural Life of the Municipality of Mabalacat, Province of Pampanga*.

“Magalang HDP.” *History and Cultural Life of the Municipality of Mabalacat, Province of Pampanga*.

**National Library of the Philippines (NLP)**

“A circular ordering the municipal heads of Pampanga to arrest all the people of Macabebe they could see in their locality, San Fernando, June 16, 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, No. 159, Folder No. 97, 98, 99, 100, 101, 102.

“Abiso ni Isidoro Torres kay Maximino Hizon hinggil sa pagiging hepe niya ng operasyon sa Macabebe, 25 Hunyo 1898.” *Philippine Revolutionary Papers*, Reel No. 159, Folder No. 50-53, Folio No. 39-42.

“Acta, Bacoor, 6 Agosto 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, SD82.6, 1-8.

“Acta levantada por los oficiales de la columna del general Monet, después de caer prisioneros de las fuerzas insurrectas, pueblo de Hagonoy, á 1.$^{0}$ de Julio del [18]98, Don Domingo Bernades.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 11, Folder No. 113, No. 6.

“Articles of capitulation for the Spanish forces commanded by Gen. Ricardo Monet prepared by Gen. Maximino Hizon and channeled through Col. Eugenio Blanco, San Fernando, 25 June 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3.

"Certification of Gen. Maximino Hizon handed down by Jose Bañuelos and Candido Hizon to Emilio Aguinaldo, Mexico, 6 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 2.

"Comunicacion del General Gregorio del Pilar dirigida al Sr. Emilio Aguinaldo acusaudo recibo del circular y dando cuenta de su cumplimiento y participando el Adelanto de las operaciones militares en su jurisdiccion, Bulakan, 4 de Junio 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 11, Folder No. 113, Doc. No. 5.

"Francisco Makabulos Soliman's communication to Maximino Hizon requesting the Kapampangan armed forces to remain further in Tarlac until reinforcement from Cavite arrived, Victoria, June 24, 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reell No. 159, Package 43, Folio 31.

"Gen. Francisco Makabulos Soliman's letter to Gen. Maximino thanking him for the reinforcement he sent to Tarlac, Victoria, June 26, 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Package 55, Folio 46.

"Hagonoy HDP." *Historical Data Papers*, Reel No. 12.

"Hojas de servicio de Maximino Hizon, primer jefe del ejercito liberator Filipino de la Pampanga, 11 de Julio 1898." *Philippine Revolutionary Records*. Reel No. 159, Package 107, Folio 78-88, 1.

"Isidoro Torres to Maximino Hizon regarding the attack of Macabebe and San Fernando." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Folder No. 50, Folio No. 39.

"Isidoro Torres to Maximino Hizon regarding the defense line." *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 159, Folder No. 66, Folio No. 58.

"Jose Bañuelos' official report of the revolution in Pampanga, Kawit, Cavite, 12 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3.

"Kasaysayan ng mga Ipinagdadamdam at kadaingan ng Comandante Felipe Salvador na Ipinagsasakdal sa mahinahong pasia ng Kag. Na Presidente ng G. R." *Philippine Revolutionary Records*, SD 1284.1.

"Letter of certification by Maximino Hizon and Modesto Joaquin, Mexico, 6 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3.

"Letter of Don Joaquin Cordero to Don Eugenio Blanco, San Fernando, 25 June 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3.

“Letter of Gen. Francisco Makabulos to Gen. Maximino Hizon about the Kapampangan operations in Tarlac, Victoria, June 26, 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Package 55, No. 46.

“Letter of Lt. Col. Vicente Kabigting, Jefe del Segunda Zonia of Kapampangan Revolutionary Company, to Gen. Maximino Hizon regarding the march of the Spanish cazadores and voluntarios from Tarlac, Tarlac towards Pampanga, Arayat, June 28, 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Package 62, No. 54.

“Lt. Tomas Taguntonʼs narrative of his life as a prisoner of the Spaniards.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 31, Folder No. 517.

“Ginoong mga Voluntario.” Philippine Revolutionary Records, SD 974.1, 1-3.

“Masantol HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“Minalin HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“Pagtanggap ni Isidoro Torres sa tugon ni Maximino Hizon na kilalanin siya na hepe ng operasyon sa Macabebe, 22 Hunyo 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No.159, Folder No. 33, Folio No. 18.

“Panukala sa Pagkakaná nang Repúblika nang Pilipinas ni Apolinario Mabini.” *Philippine Revolutionary Papers*, Folder 40, Document No. 5.

“Report of Engracio Alfonzo, Macabebe, 29 June 1899.” *Philippine Revolutionary Records*, Roll No. 556, Package 400, Enclosure 427.

“Reproduction of Gen. Ricardo Monetʼs letter to Gen. Maximino Hizon, San Fernando, June 8, 1898.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, Fol. No. 7, Doc. No. 3.

“San Fernando HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“San Luis HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“San Simon HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“Santa Ana HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“Santa Rita HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“Santo Tomas HDP.” *Historical Data Papers*, Reel No. 52.

“Sr D. Maximino Hizon, Coronel Jefe del Cuarto Militar de Bacoor - del Juzgado Especial de Ynstrucción.” *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 159, Folder No. 97, Doc. No. 103.

"Talumpati na isinaysay nang Presidente M. Emilio Aguinaldo at Famy sa Cavite Viejo nḡ 3 nḡ Agosto nḡ 1898." *Philippine Revolutionary Records*, Reel No. 5, LR 22.

"Ulat ni Agapito Bonzon kay Isidoro Torres, Macabebe, 28 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Records*. Reel No. 159, Folder No. 93-94, Folio 4.

"Ulat ni Isidoro Torres kay Emilio Aguinaldo hinggil sa negosasyon ni Maximino Hizon kay Eugenio Blanco, Kalumpit, 19 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Papers*, Reel No. 11, Folder No. 13, Document No. 4, Folio 6.

"Ulat ni Jose Bañuelos sa lagay ng Himagsikan sa Pampanga, 12 Hunyo 1898. *Philippine Revolutionary Records*. Reel No. 5, Folder No. 7, Document No. 3.

"Ulat ni Maximino Hizon kay Emilio Aguinaldo hinggil sa takbo ng Himagsikan sa Pampanga, Mexico, 6 Hunyo 1898." *Philippine Revolutionary Records*. Reel No. 5, Folder No. 7, Doc. 7.

**Pribadong Koleksiyon**

Aguilar, Jose Romero. "Rendicion de Marianas Capitulacion de Manila viaje Agaña-Cavite-Manila-Agaña. 20 de Junio-17 de Septiembre de 1898." Manuskrito na nasa pag-iingat ng apo niyang si Federico Romero Galán, Madrid.

Augustín, Basilio. "Memorias: General D. Basilio Augustín Dávila, 1898." Manuskritong nakasinop sa apo sa tuhod niyang si Aurora de Bas, Madrid.

Valmonte, Felix. "Papa Felix History of Our Clan's Origen." Mula sa di pa nailalathalang kasaysayan ng pamilyang Valmonte na nasa koleksiyon ni Felixandrei Valmonte, apo ni Pantaleon Valmonte, ca. 1960.

**University of the Philippines Diliman Main Library**

"A. Serrano's History of Betis 1740-1903." *Luther Parker Collection*, Document No. 286, Folder No. 49, Box No. 2.

"Apuntes Historicos del Pueblo de Candaba." *Luther Parker Collection* Document No. 293, Folder No. 50, Box No. 3.

"Cristino F. Lagman's Documentos Historicos de Minalin, 1911." *Luther Parker Collection*, Document No. 341, Folder No. 60, Box No. 3.

"Curiosísimo Documentos Inéditos: Testamento de D. Fernando Malang Balagtas, uno de los regulos de Filipinas del tiempo de la conquista." *Luther Parker Collection*, Box No. 7, Folder No. 186, Document No. 643.

"Datos historicos de este municipio de Mexico, Provincia de la Pampanga, Islas Filipinas." *Luther Parker Collection*, Doc. No. 337, Folder No. 59, Box No. 3.

"Datos historicos del municipio de Candaba de la provincia de la Pampanga islas Filipinas, precedidos de unas copias que: Relatan hechos autenticos que versan sobre el origen de muchos pueblos de Luzon y genealogia de los principes Malayos de antes de la dominacion Espanola, Septiembre 29, 1911." *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 50, Document No. 292.

"Datos Historicos sobre el pueblo de San Fernando, cabecera da [sic] la Pampanga, I. F." *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 62, Doc. No. 344.

"F. Mananquil's San Luis, Pampanga: List of Captains 1762-1909 and History of the Town 1761-18[9]9 by." *Luther Parker Collection*, Document No. 347, Folder No. 63, Box No. 3.

"Foundation documents of Bacolor Trade School." *Luther Parker Collection*, Box No. 2, Fol. No. 48, Doc. No. 282.

"Legalization of claims of Don Nicolas Fernandez, Doña Maria Sumang [Arceo] y Balagtas, and Don Jacinto Sablan Lapira (in Spanish), Binondo, 16 de Diciembre 1851." *Luther Parker Collection*, Box No. 7, Folder No. 186, Document No. 640.

"List of graduates and pupils of the Bacolor School of Arts and Trades, formerly 'El Colegio de Santa Tereza de Jesus', for the period 1861-1869" by Luther Parker. *Luther Parker Collection*, Box No. 2, Folder No. 48, Doc No. 866.

"Lugay's History of Bacolor, 1909." *Luther Parker Collection*, Document No. 283, Folder No. 48, Box No. 2.

"Luther Parker's Some Notes in Pampanga (ca. 1911)." *Luther Parker Collection*, Document No. 248, Folder No. 43, Box No. 2.

"Miscelanea Folk-Lorica [por] Isabelo de los Reyes." *Luther Parker Collection*, Box No. 7, Folder No. 186, Document No. 643.

"Notes on History of Bacolor by Luther Parker." *Luther Parker Collection*, Document No. 860, Folder No. 239, Box No. 10.

"Parker's Note: Tiburcio Hilario commanded the statue of Anda to be destroyed." *Luther Parker Collection*, Document No. 860, Folder No. 239, Box No. 10.

"Punu's History of Bacolor, 1746-1908." *Luther Parker Collection*, Box No. 3, Folder No. 48, Document No. 285.

"Serrano's History of Betis 1740-1903." *Luther Parker Collection*, Document No. 286, Folder No. 49, Box No. 2.

"Some Notes on Pampanga by Luther Parker," *Luther Parker Collection*, Box No. 2, Folder No. 43, Document No. 248.

**Supreme Court of the Philippines**

The United States v. Felipe Salvador (alias Apong Ipi), G.R. No. L-6705, (27 February 1905)

**Lathalang Primaryang Batis**

Acuña, Pedro Bravo de. "Letters from Pedro de Acuna to Felipe III, 1605," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 14.

Aguinaldo, Emilio at Vicente Albano Pacis. *A Second Look at America*. New York: R. Speller, 1957.

_____. *Mga Gunita ng Himagsikan*. Maynila: National Centennial Commission; Cavite: Cavite Historical Society, 1964/1998.

_____. *Mga Gunita ng Himagsikan*. Lungsod ng Baguio: Cristina Aguinaldo Suntay, 1964.

_____. *True Version of the Philippine Revolution*. Maynila: National Historical Institute, 1899/2002.

Alejandrino, Jose. *The Price of Freedom (La Senda del Sacrificio): Episodes and Anecdotes of Our Struggles for Freedom*, salin sa Ingles ni Jose M. Alejandrino. Maynila: José Alejandrino, 1949.

Alonso, Carlos Garcia. *Defensa del General Monet: Ex Comandante General del Centro de Luzón ante el Consejo de Guerra de Oficiales Generales celebrado del 10 de Febrero de 1900*. Madrid: Establecimiento Tipográfico de T. Minuesa de los Ríos, 1900.

Alvarez, Santiago V. *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a General*, salin ni Carolina S. Malay. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1992.

Anónima. *Proyecto para Establecer Un Instituto de Instrucción Primaria en Provincia Pampanga*. Manila: Establecimiento Tipográfico de los Amigos del País, 1861.

Artienda, Diego de. “Relation of the Werstern Islands called Filipinas, ca. 1573,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

Argensola, Bartolomé Leonardo de. “Conqvista de las islas Malvcas, 1609” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 16.

Artigas y Cuerva, Manuel. *El Municipio Filipino: Compilacion de Cuanto se ha Prescripto, e Historia Municipal de Filipinas desde los Primeros tiempos de la Dominacion Española*, segunda edición. Maynila: Establecimiento Tipo-Litografico de Ramirez y Compañía, 1894.

“Bando Importante.” “Del Centro de Luzon.” *Diario de Manila*, 18 Hunyo 1897.

Bautista, Ambrosio Rianzares. “Acta dela proclamacion de independencia del pueblo Filipino, 12 Hunio 1898,” sa *The Laws of the First Philippine Republic (The Laws of Malolos) 1898-1899*, pat. Sulpicio Guevara. Maynila: National Historical Commission, 1972.

Bautista, Antonio S. *Ang Malulos sa Dahon ng Kasaysayan*. Gerona, Tarlac: Jose P. Santos, 1936.

Bellessort, André. “A Week in the Philippines: In November 1897 (Conclusion).” *The Living Age*, 27 May 1899, 562-74.

Bergaño, Diego. *Vocabulario de la Lengua Pampanga en Romance*. Maynila: Imprente de Ramirez y Giraudier, 1732/1860.

Blanco, Ramon. *Memoria que al Senado dirige el General Blanco acerca de los Últimos Sucesos Ocurridos en la Isla de Luzon*. Madrid: Estamecimiento Tipográfico de “El Liberal,” 1897.

Borres y Romero, Javier. *The Philippine Insurrection: The Four Truths*. Lungsod ng Quezon: Toyota Foundation and University of the Philippines Press, 1897/2002.

Bustillo, Lorenzo. “News of the exemplary life and solid virtues of the very humble Brother Felipe Sonsong, donado of our Society of Jesus in these Marianas Islands, where he died with the reputation of a saint on Friday, 21 January of this year of 16[86] at 75 years of age,” sa John N. Schumacher, *Felipe Sonsong of Macabebe, Pampanga: 17th-Century Filipino Jesuit missionary to the Marianas*. Lungsod ng Angeles: Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, 2009.

Buzeta, Manuel at Felipe Bravo. *Diccionario Georgrafico-Estadistico-Historico de las Islas Filipinas*. Madrid: Imprenta de Jose C. de la Peña, 1851, Tomo 2.

Calderón, Felipe G. *Mis Memorias sobre la Revolución Filipina: Segunda Etapa (1898 á 1901)*. Maynila: Imp. de El Renacimiento, 1907.

Camagay, Ma. Luisa T. trans. *French Consular Dispatches on the Philippine Revolution*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Diliman, 1997.

Careri, Giovanni Francesco Gemelli. *Voyage du Tour du Monde, Tome Cinquieme des Isles Philippines*. Paris: Etienne Ganeau, 1727.

_____. "A Voyage Round the World," sa *Collection of Voyages and Travels*. London: Awnsham and John Churchill, 1704, Tomo 4.

Chirino, Pedro. "Relacion de las Islas Filipinas, 1604," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 12.

Colegio de Abogados de Madrid. *Boletín de la Revista general de legislación y jurisprudencia, Tomo XXI, Segundo Semestre de 1864*. Madrid: Imprenta de la Revista de Legislación, 1864.

"College of San José," sa *The Philippine Islands,* pat. Blair and Robertson, Tomo 45.

"Conquest of the Island of Luzón, Manila, 20 April 1572," sa *The Philippine Islands 1493-1898* pinamatnugutan nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson (Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company, 1903-1909), Tomo 3.
26.

Coronel, Fernando de los Rios. "Memorial, y Relacion para sv Magestad, 1621," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 19.

Corcuera, Sebastian Hurtado de. "Hospitals and Hospital Contributions, Manila, July-August 1636," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 26.

_____. "Reduction of Expenses: Corcuera to Felipe IV, Manila, June 30, 1636," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 26.

Coronel, Fernando de los Rios. "Reforms Needed in the Philippines, 1619-1620," sa Blair at Robertson, *The Philippine Islands*, Tomo 18.

Consejo de las Indias. "The Terrenate Expedition, 5 and 15 August 1606," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 14.

Davalos, Melchor. "Letter to Felipe II, Manila, 3 July 1584," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 6.

De los Santos, Domingo. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Maynila: Imprenta Nueva de D. Jose Maria Dayot, 1794/1835.

Dela Vega, Juan Manuel. “Expedition to the Province of Tuy, 3 July 1609,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 14.

Del Castillo y Jimenez, Jose M. *El Katipunan o el Filibusterismo en Filipinas*. Madrid: Imprenta del Asilo de huerfanos del S. C. de Jesus, 1897.

Delgado, Juan Jose. *Historia General, Sacro-profana, Política y Natural de las Islas del Islas del Poniente*. Maynila: Imp. de El Eco de Filipinas de D. Juan Atayde, 1892, Tomo I.

Delmas, Emilio Revertér. *Filipinas por España: Narración Episódica de la Rebelión en el Archipiélago Filipino*. Barcelona: Centro Editorial de Alberto Martín, 1897, Tomo 2.

Del-Pan, Jose Felipe. “Una Vista al P. Juan de Capas y as sus Aetas en 185…” *Revista de Filipinas* 1:1 (1875),

De los Reyes, Isabelo. *El Folk-lore Filipino*. Maynila: Imprenta de Sta. Cruz, 1889, dalawang tomo.

_____. *La Religión Antigua de los Filipinos*. Maynila: Imprenta de El Renacimiento, 1909.

“Description of the Philippinas Islands, Manila, 1618,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 18.

Devins, John Bancroft. *An Observer in the Philippines or Life in Our New Possessions*. New York: American Tract Society, 1905.

Diaz, Casimiro. “Conquistas de las Islas Filipinas—Libro Tercero de la Segunda Parte.” *Revista Agustiniana* 6:61 (5 Nobyembre 1886), 117-128

_____. “Conquistas de las Islas Philipinas, 1718,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 38.

Duc D’ Alençon. *Luzon and Mindanao*. Maynila: National Historical Institute, 1870/1986.

“Early Franciscan Missions, 1649/1895,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 35.

“El Consejo de Guerra de Hoy,” *La Voz*, 20 Enero 1897.

“Expeditions to Borneo, Jolo, and Mindanao,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4.

F. y S., I. E. *The Capture of Manila: The Glorious History of August Thirteenth, 1898*. Lungsod ng Quezon: Toyota Foundation and University of the Philippines Press, 1928/2002.

Fayol, Joseph. "Affairs in the Filipinas, 1644-47," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 35.

Fergusson, A. W. "Report of the Executive Secretary, Manila, September 1, 1906," sa *Seventh Annual Report of the Philippine Commission 1906, Part 1* ng BIA, USWD. Washington: Government Printing Office, 1907.

Foreman, John. *The Philippine Islands*, Second Edition, Revised and Enlarged. London: Sampson Low, Mauston & Co., Ltd., 1899.

_____. *The Philippine Islands*. New York: C. Scribner's Sons, 1906.

Ganzon, Guadalupe Fores at Luis A. Mañeru, trans. *La Solidaridad*. Manila: Fundación Santiago, 1996, Tomo I, II, III, VII.

Gonzalez, Andres. "The Camacho Ecclesiastical Controversy, 1697–1700," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 42.

Grau y Monfalcón, Juan. "Grau y Monfalcón's Informatory Memorial of 1637," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 27.

_____. "Military Services of Filipinos, 13 June 1636," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 25.

*Guía Oficial de Filipinas 1892*. Maynila: Tipo-Litografia de Chofre y Comp.[a], 1892.

Guerra, Juan Alvarez. *The Origins and Causes of the Philippine Revolution*; translated by Teresita Alcántara y Antonio. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines and Toyota Foundation, 1899/2002.

Herrera, Diego de. "Augustinian Memoranda: Memoranda of the religious of the islands of the West in regard to the matters to be discussed with his Majesty or his royal Council of the Yndias, c. 1573," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 34.

Herrero y Sampedro, Ulpiano. *Nuestra Prison en Poder de los Revolucionarios Filipinos*. Maynila: Imprenta del Colegio de Sto. Tomas, 1900.

"Instructions to Gomez Perez Dasmarinas, August 9, 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 7

Isern, Damian. *Del Desastre Nacional y sus Causas*. Madrid: Imprenta de la viuda de M. Minuesa de los Ríos, 1899.

Laarhoven, Ruurdje. “Carel van der Hagen: A Dutch Soldier in the East, 1699-1705: An Account of What Passed at Sea, in Dutch India, Manila, and their Escape from the Spaniards in a Banca to Japan, 1698-1705.” *Philippine Quarterly of Culture and Society,* 15:1/2 (Marso/Hunyo 1987), 27-142.

Laktaw, Pedro S. “El Folk-Lore Pampango,” sa *El Folk-lore Filipino,* pinamatnugutan ni Isabelo de los Reyes. Maynila: Imprenta de Santa Cruz, 1890, Tomo II.

Lavezaris, Guido de, et al. “Reply to Fray Rada’s Opinion, 1574,” sa *The Philippine Islands,* pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

_____. “Affairs in the Philippine Islands after the Death of Legazpi, Manila, 29 June 1573,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

_____. “Two Letters to Felipe II, Manila, 17 and 30 July 1574,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

Ledesma, Juan de. “Letter to Felipe II from Various Officials, Manila, 24 June 1586,” sa *The Philippine Islands,* pat. Blair at Robertson, Tomo 6.

Legazpi, Miguel Lopez de. “Copia de carta que el general miguel lópez de legazpi scrive al virrey de la nueva spaña, fecha en la ciudad de manila a XI de agosto de 1572,” sa *Historia de la Provincia Agustiniana del Smo. Nombre de Jesus de Filipinas*, pinamatnugutan ni Isacio Rodriguez. Oroquieta: Arnoldus Press, 1978, Tomo 14.

_____. “Letter to Felipe II, 25 July 1570” sa *The Philippine Islands,* pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

_____. “Relation of the Filipinas Islands and of the Character and Condition of Their Inhabitants, Cebu, ca. 1569,” sa *The Philippine Islands,* pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

_____. “Relation of the Voyage to the Philippine Islands, 1565,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 2.

Le Roy, James A. *The Americans in the Philippines*. Boston at New York: Houghton Mifflin Company, 1914, Tomo I.

“Letters from Felipe III to Fajardo, Madrid, 19 Disyembre 1618,” sa *The Philippine Islands,* pat. Blair at Robertson, Tomo 18.

“Letter from Francisco Tello to Felipe II, Manila, June 17, 1598,” sa *The Philippine Islands,* pat. Blair at Robertson, Tomo 10.

"Letter from Pedro de Acuña, Manila, December 18, 1603," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 12.

Loarca, Miguel de. "Relacion de las Yslas Filipinas, Arevalo, June, 1582." Sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 5, 102.

López, T. Aparicio "La Persecución Religiosa y la Orden de San Agustín en la Independencia de Filipinas." *Estudio Agustiniano*, 8 (1973).

"Los Macabebes en Barcelona." *Mar y Tierra*, 16 Hunyo 1900, 318.

Maldonado, Bernardino. "Letter from Bernardino Maldonado to Felipe III," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 34.

Mabini, Apolinario. *La Revolucion Filipina*. Maynila: Bureau of Printing, 1931, Tomo 2.

_____. *Panukala sa Pagkakaná nang Repúblika nang Pilipinas*. Kavite: Pamunoang Tagapagbangong-puri, 1898.

_____. *The Philippine Revolution*. Maynila: National Historical Commission, tomo 2, 1969.

Mas, Sinibaldo de. *Informe Sobre el Estado de las Islas Filipinas*. Madrid: Imprenta Sancho, 1843, Tomo 1.

Medina, Juan de. *Historia de los Sucesos de la Orden de N. Gran P. S. Agustín de estas Islas Filipinas*. Maynila: Tipo-Litografia de Chofre y Comp., 1630/1893, Tomo I.

Medina, Juan de. "History of the Augustinian Order in the Filipinas Islands, 1630," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 23.

Mendoza, Juan González de. "Dell' historia della China, descritta nella lingua spagnola, 1590," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo, 85.

Ministerio de Marina. *Correspondencia Oficial Referente á las Operaciones Navales durante la Guerra con los Estados Unidos en 1898*. Madrid: Imprenta de Ministerio de Marina, 1899.

Montero y Vidal, José. *Historia General de Filipinas desde el Descubrimiento de Dichas Islas hasta Nuestras Días*. Madrid: Est. Tip. de la Viuda é Hijos de Tello, 1895, Tomo 3.

Monteverde y Sedano, Federico de. *Campaña de Filipinas; La División Lachambre, 1897*. Madrid: Libreria de Hernando y Compania, 1898.

Morga, Antonio de. *Sucesos de las Islas Filipinas*, anotada por Jose Rizal. Paris: Libreria de Garnier Hermanos, 1609/1890.

Noceda, Ivan de at Pedro de San Lvcar. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Maynila: Imprenta de la Compañía de Iesvs, 1754.

Núñez, Severo Gómez. *La Guerra Hispano-Americana: Puerto-Rico y Filipinas*. Madrid: Imp. del Cuerpo de Artillería, 1902.

Oficina de Bibliotecas Públicas. *Epistolario de Marcelo H. del Pilar*. Maynila: Imprenta del Gobierno, 1958, Tomo I at II.

"Ordinances Enacted by the Audiencia of Manila," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 11.

Paterno, Pedro A. *The Pact of Biyak-na-Bato and Ninay*. Maynila: National Historical Institute, 2004.

Pellicena y López, Joaquin. *La Verdad Sobre Filipinas*. Maynila: Tipografia Amigos del Pais, 1900.

Perez, Elviro. *Catálogo bio-bibliográfico de los religiosos agustinos de la provincia del santisimo nombre de Jesus de las Islas Filipinas*. Maynila: Establecimiento Tipográfico del Colegio de Santo Tomás, 1901.

Perez, Lorenzo A. "Un Códice Desconocido, Relativo a las Islas Filipinas." *Erudición Ibero-Ultramarina*, 4:15-16 (1933), sinipi sa "Doubting A Hero's Name: Tarik Soliman and the Question of Paterno's Historia" ni Jose Victor Z. Torres. *Alaya*, 2:1 (2004), 76.

Plasencia, Juan de. "Customs of the Tagalogs, 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 7.

_____. "Instructionss Regarding the Customs which the Natives of Pampanga Formerly Observed in their Lawsuits, 24 October 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 16.

Prada, José Rodríguez de. "Memorias de un Prisonero." *La Ciudad de Dios*, 54 (1901).

"Primary Instruction," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 46.

Ponce, Mariano. "Folk-Lore Bulaqueño," sa *El Folk-lore Filipino*, pinamatnugutan ni Isabelo de los Reyes. Maynila: Imprenta de Santa Cruz, 1890, Tomo II.

Pons y Torres, Salvador. *El Clero Secular Filipino: Apuntes Bibliográficos y Biográficos*. Maynila: Imprenta la Democracia, 1900.

Primo de Rivera y Sobremonte, Fernando. *Memoria Dirigida al Senado*. Madrid: Imprenta y Litografía del Depósito de la Guerra, 1898.

Rada, Martin de. "Opinion on Tribute from the Indian, Manila, 21 June 1574," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

Real y Supremo Consejo de las Indias. *Recopilacion de Leyes de los Reinos de las Indias*. Madrid, Viuda de D. Joaquín Ibarra, 1791, Tomo I.

"Relación de los Pueblos Puestos en Cabeza de Su Majestad, 9 Enero 1574." *Filipinas*, 29, No. 14, Archivo General de Indias.

"Relation of the Voyage to Luzon, 1570," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

"Remitido." *El Heraldo de la Revolucion*, 8 Disyembre 1898, 169-71.

Ría-Baja, Carlos. *El Desastre Filipino: Memorias de un Prisionero*. Barcelona: Tipografia la Academica, de Serra Hermanos y Russell, 1899.

Ricarte Vivora, Artemio. *Himagsikan nang manga Pilipino Laban sa Kastila*. Yokohama: Karihan Café, 1927.

Riquel, Hernando. "Act of Taking Possession of Luzon, 1570," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo III.

_____, et al. "News from the Western Islands, July 1573," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

_____. "Las Nuevas Quescriven de las Yslas del Poniente, 1573," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 3.

Rizal, Jose. *Cartas entre Rizal sus Colegas de la Propaganda*. Maynila: Comision Nacional del Centenario de Jose Rizal, 1961, Tomo II, Libro Tercero, Primer at Segunda Parte.

_____. *Reminiscences and Travels of José Rizal*. Maynila: José Rizal National Centennial Commission, 1961.

Rojas, Pedro de. "Letter to Felipe II, Manila, Manila, 30 June 1586," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 6.

Roxas, Felix. *The World of Felix Roxas: Anecdotes and Reminiscences of a Manila Newspaper Columnist, 1926-36*. Maynila: Filipiniana Book Guild, 1970.

"Royal College of San Felipe," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 45, 174-5.

"Royal Decree Regulating the Foundation of Monasteries, Aranjuez, 13 May 1579," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4, 142.

Salamanca, Juan Cerezo de. "Letters to Felipe IV," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 24.

Salazar, Domingo de. " Affairs in the Philippinas Islands," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 5.

San Agustin, Gaspar de. *Conquistas de las Islas Filipinas*. Maynila: San Agustin Museum, 1698/1998.

_____. "Letter from Fray Gaspar de San Agustin to a friend in España who asked him as to the nature and characteristics [genio] of the Indian natives of these Philipinas Islands, Manila, June 8, 1720." sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 40.

_____. "Letter on the Filipinos, 1720," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair and Robertson, Tomo 40.

San Antonio, Juan Francisco de. "The Native Peoples and their Customs, 1738," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 40.

San Buenaventura, Pedro de. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Pila, Laguna: Thomas Pinpin y Domingo Loag, 1613.

San Francisco de Assis, Pedro de. "Historia General de los Religiosos Descalzos de San Agustín, 1756," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 41.

San Pedro, Joaquín Rodríguez. *Legislación Ultramarina: Concordada y Anotada, Suplemento Primero, Tomo Undécimo*. Madrid: Imprenta de Manuel Minuesa, 1868.

Sande, Francisco de. "Letter to Felipe II, 29 July 1578," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4.

_____. "Letter to Felipe II, 30 May 1579," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4.

_____. "Relation and Description of Phelipinas Islands, Manila, 8 June 1577," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4.

_____. "Relation of the Filipinas Islands, 7 June 1576," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 4.

Sanjulian, Fermin. “Mga Gunita ng Isang Paring Bihag sa Bulakan, 1898,” salin sa Filipino mula sa Espanyol ni Jaime B. Veneracion, sa Mary Jane B. Rodriguez, pat. *Kongreso ng Malolos*. Malolos, Bulacan: Samahang Pangkasaysayan ng Bulacan, Inc., 1898.

Santiago, Luciano P. R. *The Hidden Light: The First Filipino Priests*. Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1987.

Santos, Rufino. “The Philippine Revolution in Pampanga: A letter of Rufino Santos, OSA, 1899, translated from Spanish by Policarpio Hernandez, OSA.” *Alaya*, 3 (Nobyembre 2004).

Sastron, Manuel. *La Insurrección en Filipinas y Guerra Hispano-Americana en el Archipiélago*. Madrid: Imprenta de la Sucesora de M. Minuesa de los Ríos, 1919.

Sonnichsen, Albert. *Ten Months a Captive among Filipinos*. New York: C. Scribner’s Sons, 1901.

Soto, Juan Crisostomo. *Lidia*. Maynila: Imprenta de Santos at Bernal, 1907.

Souza, George Bryan at Jeffrey S. Turley, mga pat. *The Boxer Codex: Transcription and Translation of an Illustrated Late Sixteenth-Century Spanish Manuscript Concerning the Geography, Ethnography and History of The Pacific, South-East Asia and East Asia*. Leiden: Koninklijke Brill, 2016.

“Spanish Governor’s Filipino Emissary Defects to Aguinaldo,” sa Documentary Sources of Philippine History, pat. Gregorio Zaide. Maynila: National Book Store, Inc., 1990, Tomo 9.

“Sucesos de Filipinas.” *El Siglo Futuro*, 11 April 1898, 4.

Superior Tribunal de Filipinas. *Colección de Autos Acordados de la Real Audiencia Chancilleria de Filipinas*. Maynila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1861, Tomo II.

Tayag, Renato. *Recollections & Disgressions* (Maynila: Philnabank Club, 1985).

Taylor, John R. M. *The Philippine Insurrection against the United States*. Pasay: Eugenio Lopez Foundation, 1971, Tomo 1, 3.

“The Council of 1771,” sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 50.

“The Fall of Manila: Excerpts from a Jesuit Diary, 21 April 1898 to 7 February 1899.” *Philippine Studies*, 37:2 (1989).

*The Military Surgeon: Journal of the Association of Military Surgeons of the United States* 61 (1927).

Trigo, Felipe. *The Philippine Campaign (Impressions of a Soldier): General Blanco and the Insurrection*, saling Ingles ni Edgardo M. Tiamson. Lungsod ng Quezon: Toyota Foundation at University of the Philippines Press, 1897/2002.

Togores Sánchez, Luis E. "El Asedio de Manila (Mayo-Agosto 1898). 'Diario de los sucesos ocurridos durante la guerra de España con los Estados Unidos, 1898.'" *Revista de Indias*, 58:213 (1998).

Togores y Saravia, Jose Roca de. *Blockade and Siege of Manila in 1898*. Maynila: National Historical Institute, 1908/2003.

Tomás y Valiente, Francisco. *Fondos de Ultramar (1835-1903)*. Madrid: Boletín Oficial del Estado, 1994.

Toral, Juan at José Toral. *El Sitio de Manila (1898): Memorias de un Voluntario*. Maynila: Imprenta Litografia Partier, 1898

Trigo, Felipe. *La Campaña Filipina: El General Blanco y la Insurrección: Impressions de un Soldado*. Madrid: Libreria de Fernando Fe, 1897.

Turla, Lucio F. "How Can they Be Traitors if They Did Not Owe Loyalty to Aguinaldo?" *Singsing*, 1:4 (2003), 15.

U.S. Adjutant-General's Office-Military Information Division. *Notes and Tables on Organization and Establishement of the Spanish Army in the Peninsula and Colonies*. Washington: Government Printing Office, 1898.

U.S. Bureau of Insular Affairs, War Department, *Fifth Annual Report of the Philippine Commission, 1904, Part 3*. Washington: Government Printing Office, 1905.

_____, War Department. *Seventh Annual Report of the Philippine Commission 1906*. Washington: Government Printing Office, 1907, Part 2.

U.S. Bureau of the Census. *Census of the Philippine Islands, 1903*. Washington: US Bureau of the Census, 1905, Tomo 4.

_____. *Census of the Philippine Islands, 1903*. Washington, DC: United States Bureau of the Census, 1905, Tomo I

U.S. Congress. *Affairs in the Philippine Islands: Hearings before the Committee on the Philippine of the United States Senate 57th Congress, 1st Regular Session, Jan. 31-June 28, 1902 – April 10, 1902*. Washington: Goverment Printing Office, 1902, Tomo 3.

U.S. Senate, *Message from the President of the United States 1901 A.D./The Senate Document and Romanism*. Washington, D.C.: U.S. Senate, 1901.

Vera, Santiago de, et al. "Letter from the Audiencia of Manila to Felipe II, Manila, 26 June 1586," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 6.

_____. "Conspiracy against the Spaniards, 1589," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 7.

_____. "Memorial to the Council: Memorandum of the various points presented by the General Junta of Manila to the Council, so that in regard to each the most advisable reform may be instituted, 1586," sa *The Philippine Islands*, pat. Blair at Robertson, Tomo 6.

Worcester, Dean Conant. *The Philippines Past and Present*. New York: The Macmillan Company, 1914.

**Iba pang lathalain**

Agoncillo, Teodoro. *The History of the Filipino People*, eight edition. Lungsod ng Quezon: Garotech Publishing, 1990.

Aguas, Juan S. *Juan Crisostomo Soto and Pampangan Drama*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines, 1963.

Alfonso, Ian Christopher B. "Revisiting the Provenance of the Very Strange 1589 Last Will and Testament of Don Fernando Malang Balagtas," *Historical Bulletin* 50 (Enero-Disyembre 2016), 31-61.

_____. "Revisiting the Sources of the Founding of an Early Spanish Town: The Case of Calumpit, Bulacan." *Journal of Philippine Local History and Heritage*, 1:1 (Pebrero 2015), 79-125.

_____. *The Nameless Hero: Revisiting the Sources on the First Filipino Leader to Die for Freedom*. Lungsod ng Angeles: Holy Angel University Press, 2016.

Alzona, Encarnacion. *Galicano Apacible: Profile of a Filipino Patriot*. Manila: National Historical Institute, 1971.

American Heritage, pat. *Spanish Word Histories and Mysteries: English Words that Come from Spanish*. Boston: Houghton Mifflin Company, 2007.

Andaya, Barbara Watson. "The Political Development between the Sixteenth and Eighteenth Centuries," in *The Cambridge History of Southeast Asia, Volume 1, Part 2* na pinamatnugutan ni Nicholas Tarling. Cambridge: Press Syndicate of the University of Cambridge, 1999.

Anonima. *Reglamento para la Organizacion, Régimen y Servicio de la Guardia Civil de las Islas Filipinas*. Maynila: Imprenta Amigos del Pais, 1880.

Artigas y Cuerva, Manuel. *Historia de Filipinas para uso de los Alumnos del Instituto Burgos y de Otros Colegios Particulares*. Maynila: Imprenta "La Pilarica," 1916.

_____. *La Civilización Filipina*. Maynila: Imprenta Sevilla, 1912.

_____. *Los Sucesos de 1872: Reseña Historica Bio-Bibliografica*. Maynila: Imprenta de la Vanguardia, 1911.

Ayuntamiento de Manila. *Catálogo de los objetos presentados en la Exposición Regional de Filipinas, inaugurada en Manila el día 23 de enero de 1895*. Maynila: Manila, Tipo-Lit. de Chofré, 1896.

Bascara, Cornelio R. *A History of Bataan, 1587-1900: Scanning Its Geographic, Social, Political and Economic Terrain*. Maynila: UST Publishing House, 2010.

Bernad, Miguel A. *The Christianization of the Philippines: Problem and Perspectives*. Manila: The Filipiniana Book Guild, 1972.

Beyer, H. Otley. *Early History of Philippine Relations with Foreign Countries, Especially China*. Manila: National Printing, 1948

Cabusao, Romeo C. *Candaba: Balayan ning Leguan*. San Fernando, Pampanga: Romeo C. Cabusao, 2003.

Calairo, Emmanuel Franco. *Mga Anak ng Tangway sa Rebolusyong Pilipino*. Lungsod ng Kabite: Pamahalaang Lungsod ng Kabite, 1996.

Carlson, Keith Thor. "Born Again of the People: Luis Taruc and Peasant Ideology in Philippine Revolutionary Politics." *Histoire Sociale* 41:82 (Nobyembre 2008), 417-58.

Castro, Alex R. "Simon Flores." *Singsing* 2:3 (2003), 41.

Catacutan, Vicente B. *The Pisamban of Apung Iru: A Pedagogical Church*. Apalit, Pampanga: ASCCOM Alipan ning Ginu Community, 2012.

"Colonel Jose de los Reyes Retires After 29 Years of Service." *Khaki and Red*, 10:10 (Oktubre 1930), 4.

Cruikshank, Bruce. "The Historical Data Papers as a Source of Filipiniana." *Bulletin of American Historical Collection* 1:2 (1973), 14-23.

David, Manuel H. pat., *Pampanga Directory*. Maynila: Jesus J. Santos, 1933, Tomo 1.

De los Santos, Epifanio. *The Revolutionists*. Maynila: National Historical Instutute, 1973.

Dizon, Daniel H. “The Execution of Román Payumu.” *Singsing*, 3:1 (2004), 47.

Dizon, Lino L. *Francisco Makabulos Soliman: A Biographical Study of a Local Revolutionary Hero*. Tarlac, Tarlac: Center for Tarlaqueño Studies, Tarlac State University, 1994.

_____. *An Epistle of a Friar-Prisoner, 1898-1900*. Lungsod ng Angeles: Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, 2002.

_____. “Los Alemanes and Other Early Religious Protest Movements in Tarlac Province, 1891-1905.” *Alaya*, 5 (2007-2008).

_____. “Relaciones de Baculud: Bacolor as the Center of Philippine History 1762-1764.” *Singsing*, 2:2 (2004), 8.

_____. “Toponymy and Historical Archaeology in Upper Pampanga (Tarlac-Pampanga border, Central Luzon, Philippines), 1593-1898.” *Alaya*, 7 (2007-2008).

Escobés, Susana Cuartero. *La Masonería Española en Filipinas*. España: Ediciones Idea, 2006, Tomo 1.

Fegan, Brian. “Brian Fegan, “The Social History of a Central Luzon Barrio,” sa *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations*, pinamatnugutan nina Alfred W. McCoy at Ed. C. De Jesus. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1982.

Forbes, William Cameron. *The Philippine Islands*. Boston: Houghton Mifflin, 1928, Tomo 1.

Flake, Dennis Edward. *Loyal Macabebes: How the Americans Used the Macabebe Scouts in the Annexation of the Philippines*. Lungsod ng Angeles: Holy Angel University Press, 2009.

Francisco, Martin. *Mahabe Pagotan: Kasaysayan, Kalinangan at Lipunan ng mga Dumagat sa Bahaging Bulacan ng Sierra Madre*. Malolos, Bulacan: Bahay-saliksikan ng Bulacan, 2012.

Funston, Frederick. *Memoris of Two Wars: Cuban and Philippine Experiences*. Nebraska: University of Nebraska, 1911/2009.

Gabriel, Nancy Kimuel. “Ang Tundo ni Bonifacio, Si Bonifacio sa Tundo.” *Saliksik E-Journal*, 3:2 (2014).

Gealogo, Francis A. "Freedom as a Process, Condition, and Value," sa Maria Serena I. Diokno, pat., *A Sense of Nation: The Birthright of Rizal, Bonifacio, and Mabini*. Maynila: National Historical Commission of the Philippines 2016.

Gooch, Anthony. *Diminutive, Augmentative, and Pejorative Suffixes in Modern Spanish: A Guide to their Use and Meaning*. Oxford: Pergamon Press, 1967.

Guerrero, Milagros C. *Luzon at War: Contradictions in Philippine Society, 1898-1902*. Lungsod ng Mandaluyong: Anvil Publishing, Inc., 2015.

Henson, Mariano A. *A Brief History of the Town of Angeles in the Province of Pampanga, Philippines: From Its Foundation in 1796 A.D. to the Present 1947-1948*. San Fernando, Pampanga: Ing Katiwala, 1948.

_____. *The Province of Pampanga and Its Towns (A.D. 1300-1955)*. Angeles, Pampanga: Mariano A. Henson, 1955.

Hilario-Lacson, Evangelina. *Kapampangan Writing: A Selected Compendium and Critique*. Maynila: National Historical Institute, 1984.

Hilario-Soriano, Rafaelita. *A Shaft of Light*. S.l.: Rafaelita Hilario-Soriano, 1996.

_____. *Gen. Mariano Llanera: Nueva Ecija and the Pampango Nation's Greatest Contribution to the Philippine Revolution*. s.l: Rafaelita Hilario Soriano, 1999.

_____. *The Pampangos*. Lungsod ng Quezon: Kayumanggi Press, 1999.

Icban-Castro, Rosalina. *Literature of the Pampangos*. Maynila: University of the East Press, 1981.

Ileto, Reynaldo C. *Critical Questions on Nationalism: A Historian's View*. Maynila: De La Salle University, 1986.

_____. *Pasyon and the Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1979.

Joaquin, Nick. *Manila, My Manila: A History for the Young*. Maynila: City Government of Manila, 1990.

Jose, Regalado Trota. *Simbahan: Church Art in Colonial Philippines, 1565-1898*. Makati: Ayala Museum, 1991.

Kalaw, Teodoro M. *An Acceptable Holocaust*: *Life and Death of a Boy-General*. Maynila: National Historical Institute, 1992.

_____. *La Masoneria Filipina: Su Origen, Desarrollo y Vicisitudes hasta la Época Presente*. Maynila: Bureau of Printing, 1920.

_____. *The Philippine Revolution*. Maynila: Manila Book Co., 1925.

Komisyon sa Wikang Filipino, *Atlas ng mga Wika ng Filipinas*. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 2017.

Larkin, John A. "Pampanga Views the Revolution," sa *The Philippine Revolution and Beyond*, pinamatnugutan ni Elmer A. Ordoñez. Maynila: Philippine Centennial Commission; National Commission for Culture and the Arts, 1998, Tomo II.

_____. *The Pampangans: Colonial Society in a Philippine Province*. Berkeley, Los Angeles, London: University of California Press, 1972.

_____. "The Place of Local History in Philippine Historiography." *Journal of Southeast Asian History* 8:2 (Setyembre 1967), 306-17.

Lachica, Eduardo. *The Huks: Philippine Agrarian Society in Revolt*. Maynila: Solidaridad Pub. House, 1971.

Laya, Jaime C. *Letras Y Figuras: Business in Culture, Culture in Business*. Mandaluyong: Anvil Publishing, 2001.

Linn, Brian McAllister. "The US Army and Nation Building and Pacification in the Philippines," sa *Armed Diplomacy: Two Centuries of American Campaigning* ng US Army Training and Doctrine Command and Combat Studies Institute. Fort Leavenworth, Kansas: Combat Studies Institute Press, 2003.

Lopez, Mellie Leandicho. *A Handbook of Philippine Folklore*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2006,

Malcolm, George A. *The Commonwealth of the Philippines*. New York: D. Appleton-Century Com., Inc., 1939.

Mangahas, Fe, Ma. Bernadette Abrera, at Carlos Tatel. "Paglinang ng Kabihasnan at Bayan," sa *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang Pilipino*, pinamatnugutan nina Jaime B. Veneracion at Ferdinand C. Llanes. Maynila: National Historical Commission of the Philippines; Lungsod ng Quezon: ADHIKA ng Pilipinas, Inc., 2012.

Marcilla y Martín, Cipriano. *Estudio de los Antiguos Alfabetos Filipinos*. Malabon: Tipo-litografia del Asilo de Huérfanos, 1895.

Marcos, Ferdinand. *Tadhana: The History of the Filipino People*. S.l.: Ferdinand Marcos, 1976, Tomo 2, Unang Parte.

Martinez, Bernardo. *Apuntes Históricos de la Provincia Agustiniana del Santisimo Nombre de Jesús de Filipinas*. Madrid: Imp. del Asilo de Huérfanos del Sagrado Corazon de Jesús, 1909.

Mascaraque, Belén Pozuelo. "Los Estados Unidos, Alemania y el desmantelamiento colonial español en el Pacifico: El caso de las Marianas." *Anales de Historia Contemporánea* 14 (1998), 158.

Mas, Sinibaldo de. *Informe sobre el Estado de las Islas Filipinas en 1842*. Madrid : s.n., 1843, Tomo 1.

May, Glenn Anthony. *Battle for Batangas: A Philippine Revolution at War*. Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1993.

Mendoza, Erlita P. "Revisiting the Historical Data Papers (HDP) on Microfilm as Source of Kapampangan History." *Alaya: Kapampangan Research Journal* 1 (October 2003),

Mendoza, Martha. *The Grammaticalization of the Spanish Diminiutive Metaphorical Projections of Size*. Berkeley: University of California, 1998.

Mercene, Floro L. *Manila Men in the New World: Filipino Migration to Mexico and the Americas from the Sixteenth Century*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2007.

Mojares, Resil B. "Reiventing the Revolution: Sergio Osmeña and Post-Revolutionary Intellectuals in the Philippines." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 24:3/4 (Setyembre/Disyembre 1996), 269-86.

Molina, Antonio M. *The Philippines through the Centuries*. Maynila: UST Cooperartives, 1961, Tomo 1 at 2.

Mulder, Niels. "The Ideology of Philippine National Community." *Philippine Studies* 46:4 (Ika-4 na Kwarter 1998), 477-91.

Musni, Lord Francis. "Ya Ing Pari, Ya Ing Ari: Why Kapampangans Pamper their Priests." *Singsing* 3:1 (2004), 39-40.

Myrick, Conrad. "The History of Manila from the Spanish Conquest to 1700." *Historical Bulletin* 15:1-4 (1971).

National Historical Commission of the Philippines. *Reframing the Cádiz Constitution in Philippine History*. Maynila: National Historical Commission of the Philippines, 2013.

National Historical Institute. *Filipinos in History*. Maynila: National Historical Institute, 1988, Tomo 1; 1990, Tomo 2; 1996, Tomo 5.

Ocampo, Nilo. *Katutubo, Muslim, Kristyano: Palawan, 1621-1901*. Kolonya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1985.

Orejas, Tonette. Macabebe Stigma: The Fight to Remove 'Dugong Aso' Tag." *Philippine Daily Inquirer*, 10 Hunyo 2014.

Orosa, Sixto Y. *Jose Rizal: A Collection of what People Have Said and Written about the Filipino National Hero*. Maynila: Manor Press, 1956.

Palma, Rafael. *The Pride of the Malay Race: A Biography of José Rizal*. New York: Prentice-Hall, 1949.

Parker, Luther. "Gats and the Lakans." *Philippine Magazine*, Enero 1931, 504.

Patanñe, E. P. *The Philippines in the 6th to 16th Centuries*. Lungsod Quezon: LSA Press, 1996.

Peter Hanelt Institute of Plant Genetics and Crop Plant Research, pat. *Mansfeld's Encyclopedia of Agricultural and Horticultural Crops*. Germany: Springer, 2001, Tomo 1.

Pier, Arthur Stanwood. *American Apostles to the Philippines*. Maynila: The Philippine Club, 1950.

Pí y Margall, Francisco at Francisco Pí y Arsuaga. *Historia de España en el Siglo XIX: Sucesos Políticos, Económicos, Sociales y Artísicos*. Barcelona: Miguel Seguí, 1902, Tomo 7.

Quattrocchi, Umberto. *CRC World Dictionary of Plant Names*. Florida: CRC Press LLC, 2000, Tomo 3.

Quirino, Carlos. *Filipinos at War*. Maynila: Vera-Reyes, 1981.

_____. "Surprise Party: Aguinaldo's Wily Mount Puray Stategem Gives the Sinking Revolutionary Hopes a Boost," sa *Filipino Heritage: The Making of a Nation*, pat. Alfredo Roces. Maynila: Lahing Pilipino Publishing, Inc., 1978, Tomo 8.

_____. *Who's Who in Philippine History*. Makati: Tahanan Books, 1995.

Quisumbing, Eduardo A. *Medicinal Plants of the Philippines*. Lungsod ng Quezon: Katha Publishing Company, 1978.

Regala, Joel. *In the Blood: Tracing the Kapampangan Lineage of Andres Bonifacio*. Lungsod ng Angeles: Holy Angel University Press, 2014.

Rivas Fabal, José Enrique. *Historia de la Infantería de Marina Española*. Madrid: Editorial Naval, 1970.

St. Clair, Francis (W. Brecknock-Watson). *The Katipunan: Or, The Rise and Fall of the Filipino Commune*. Manila: Tipos "Amigos del Pais," 1902.

Sanchez, Phoebe Zoe Maria U. "Ang Pagtataksil ng mga Carcaranon sa Rebolusyon." *Daluyan* 9:1-4 (2000), 357-8.

Santiago, Luciano P. R. *Laying the Foundations: Kapampangan Pioneers in the Philippine Church 1592-2001*. Lungsod ng Angeles: The Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, 2002

_____. *The Hidden Light: The First Filipino Priests*. Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1987.

_____. "The Struggles of the Native Clergy in Pampanga (1771-77)." *Philippine Studies*, 33:2 (1985).

Santos, Edilberto V. "Ancient Kapampangan Theology," *Singsing* 4:2 (2005), 49-50.

Santos, Jose P. *Ang Tatlong Napabantog na "Tulisan" sa Pilipinas—Si Tangkad..—Si Apong Ipe.—Bayani P Tulisan Si Macario Sakay?* Gerona, Tarlac: Jose P. Santos, 1936.

Sawyer, Frederic. *The Inhabitants of the Philippines*. New York: Charles Scribner's Sons, 1900.

Schouten, M. J. C. "Nineteenth-Century Ethnography in West Timor and the Wider World: The Case of J. G. F. Riedel." *Journal of Asian History*, 48 (2014), 205-25.

Schult, Volker."Revolution and War in Mindoro, 1898-1903." *Philippine Studies* 41:1 (Unang Kwarter 1993), 76-90.

Schumacher, John N. *Father Jose Burgos: A Documentary History*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1999.

_____. "Foreword," sa *The Philippine Revolution in the Bicol Region*, ni Elias M. Ataviado, Tomo I. Lungsod ng Quezon: New Day Publishing, 1998.

_____. "Recent Perspectives on the Revolution." *Philippine Studies* 30:4 (1982), 445-92.

_____. "Syncretism in Philippine Catholicism Its Historical Causes." *Philippine Studies* 32:3 (1984): 251-272.

_____. *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1991.

_____. *The Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement 1850-1903*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1981.

Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Lungsod ng Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1994.

_____. "The Mediterranean Connection." *Philippine Studies*, 37:2 (1989).

_____. *The Union Obrera Democratica: First Filipino Labor Union*. Lungsod ng Quezon: New Day Publishers, 1992.

See, Teresita Ang. *Jose Ignacio Paua: Chinese General in the Philippine Revolution*. Maynila: Kaisa para sa Kaunlaran, Inc., 1988.

Sexton, William Thaddeus. *Soldiers in the Sun: An Adventure in Imperialism*. Harrisburg, Pennsylvania: The Military Service Pub., Co., 1939.

Stevens, John. *A New Dictionary Spanish and English and English and Spanish*. London: J. Darby, 1726.

Tan, Samuel K. *The Muslim South and Beyond*. Lungsod ng Quezon: University of the Philippines Press, 2010.

Tantingco, Robby. "The Magical, Mystical Suku of Mount Arayat," *Singsing* 5:1 (2008), 18-19.

Tantoco, Regulus P. "Kasumpaan: Tradisyong Oral tungo sa Pagbubuo ng Diwang Pilipino." *Adhika* 1 (1999).

Taruc, Luis. *Born of the People*. New York: International Pub., 1953.

Tayag, Renato D. *Recollection & Digressions*. s.l.: Philnabank Club, 1985.

"Telegrama Oficial: La familia de Augustín-Monet sitiado." *La Época*, Tuesday, 5 Hulyo 1898.

Tolentino, Aurelio. *Kasulatang Gintu: Bie na ning Lahing Malaya ketang Minunang Panaun*. Maynila: Imprenta Y Litografia de Juan Fajardo, 1914.

Torres, Jose Victor Z. "Doubting A Hero's Name: Tarik Soliman and the Question of Paterno's Historia." *Alaya*, 2:1 (2004), 76.

"Un Monumento a Don Simon de Anda y Salazar." *El Oriente*, 5 Marso 1876, 5.

Veneracion, Jaime B. *Espanya: Kasaysayan, Kalinangan at mga Gunita ng Paglalakbay*. Malolos, Bulacan: Bahay-saliksikan ng Bulakan, Bulacan State University, 2003.

_____. *Kasaysayan ng Bulakan*. Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, 1986.

Villarroel, Fidel. *José Rizal and the University of Santo Tomas*. Maynila: University of Santo Tomas, 1984.

Lino L. Dizon, "Notes on the Kapampangan Revolutionary Movement." *Singsing* 6:1 (2012), 98.

Walsh, William Shepard. *Handy-book of Literary Curiosities*. Philadelphia: J. B. Lippincott Company, 1893.

Zaide, Gregorio. *The Pageant of Philippine History: Political, Economic, and Socio-Cultural*. Maynila: Philippine Education Company, 1979, Tomo 1.

Zaide, Sonia. *The Philippines: A Unique Nation*. Lungsod Quezon: All-Nations Publishing Co., Inc., 1999.

Zafra, Nicolas. "Background of the Spanish Occupation of Manila, 1571," *Historical Bulletin*, 15:1-4 (1971).

_____. "Background of the Spanish Occupation of Manila, 1571." *Philippine Historical Review*, 4:1 (1971).

_____. "Matanda, Soliman, Lakandula: How Legazpi Won the Important Kingdoms on the Pasig", sa *Filipino Heritage: The Making of a Nation*, pinamatnugutan ni Alfredo R. Roces. S.l.: Lahing Kayumanggi Publishing, Inc., 1977, Tomo 4.

_____. *The Colonization of the Philippines and the Beginnings of the Spanish City of Manila*. Maynila; National Historical Institute, 1974.

Zuñiga, Joaquin Martinez de. *Historia de las Islas Philipinas*. Sampaloc, Maynila: Pedro Argüelles de la Concepcion Religioso Francisco, 1803.

_____. *An Historical View of the Philippine Islands*, Unang Parte, saling Ingles ni John Maver. Londres: J. Asperne, 1814.

**Di Pa Nailalathala**

Dizon, Lino L. "Nascent Philippine Studies in the Life and Labor of Jose Felipe Del-Pan (1821-1891)." Disertasyon: Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2008.

Espiritu-Pineda, Filipinas. “United States Military Rule Over Pampanga Province, Republic of the Philippines During the Period 1898-1901.” Tisis Masterado: Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1956.

Pelorina, Renato. “Ang Pagbabalik-tanaw sa mga Macabebe sa Panahon ng Pananakop ng mga Amerikano (1898-1908): Isang Historiograpikal na Pagsusuri.” Tisis Masterado, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2005.

Tomacruz, Jose S. “The Life and Memoirs of Pio Valenzuela.” Tisis Masterado sa Kasaysayan, Far Eastern University, 1957.



View publication stats